

INTRODUKSIYON SA PAGSASALIN

Mga Panimulang Babasahin Hinggil sa Teorya
at Praktika ng Pagsasalin

Introduksiyon sa
PAGSASALIN

Mga Panimulang Babasahin Hinggil sa Teorya
at Praktika ng Pagsasalin

VIRGILIO S. ALMARIO
EDITOR



Pambansang Komisyon
para sa Kultura at mga Sining



Komisyon sa Wikang Filipino

Aklat ng Bayan
Metro Manila
2015

Introduksiyon sa Pagsasalin

Karapatang-sipi © 2015

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Ang disenyo ng aklat at pabalat ay likha ni Alvin J. Encarnacion

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Watson Building, JP Laurel, San Miguel, Maynila 1005

Tel. 02-733-7260 • 02-736-2525

Email: komfil.gov@gmail.com • Website: www.kwf.gov.ph

sa tulong ng grant mula sa



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING

633 General Luna Street, Intramuros, Maynila 1002

Tel. 527-2192 to 97 • Fax: 527-2191 to 94

Email: info@ncca.gov.ph • Website: www.ncca.gov.ph

The National Commission for Culture and the Arts (NCCA) is the overall coordination and policymaking government body that systematizes and streamlines national efforts in promoting culture and the arts. The NCCA promotes cultural and artistic development; conserves and promotes the nation's historical and cultural heritages; ensures the widest dissemination of artistic and cultural products among the greatest number across the country; preserves and integrates traditional culture and its various expressions as dynamic part of the national cultural mainstream; and ensures that standards of excellence are pursued in programs and activities. The NCCA administers the National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).

NILALAMAN

PAUNANG SALITA

ix	Ang Pagsasalin at Pagpapaunlad sa Wikang Pambansa <i>VIRGILIO S. ALMARIO</i>
-----------	--

SIPAT KANLURAN

1	Hinggil sa Pagsasalin <i>JOHN DRYDEN / Hango ni VIRGILIO S. ALMARIO</i>
13	Hinggil sa Wika at mga Salit <i>ARTHUR SCHOPENHAUER / Salin ni FIDEL RILLO</i>
19	Hinggil sa Iba't Ibang Pamamaraan ng Pagsasalin <i>FRIEDRICH SCHLEIERMACHER / Salin ni ROBERTO T. AÑONUEVO</i>
33	Mga Pagsasalin <i>JOHANN WOLFGANG VON GOETHE / Salin ni REBECCA T. AÑONUEVO</i>
37	Ang Tungkulin ng Tagasalin <i>WALTER BENJAMIN / Salin ni MICHAEL M. COROZA</i>

45

Hinggil sa mga Aspektong
Lingguwistiko ng Pagsasalin

ROMAN JAKOBSON / Salin ni MICHAEL M. COROZA

SIPAT FILIPINO

59

Sulyap sa Kasaysayan ng
Pagsasalin sa Filipinas

VIRGILIO S. ALMARIO

73

Pagsasalin ay Di Biro

VIRGILIO S. ALMARIO

83

Pagsasalin bilang Pananakop

VIRGILIO S. ALMARIO

105

Ang Pagsasalin bilang
Pagsasánay at Kasanayán

MICHAEL M. COROZA

123

Pagsasalin ng Kaalamang Panteknolohiya

TEO T. ANTONIO

129

Ang Hámon ng Pagsasalin ng
mga Teknikal na Sulatin

MARIO I. MICLAT, PHD

167

Muling-Tula bilang Hámon
sa Pagsasalin ng Tula

VIRGILIO S. ALMARIO

175

Ang Pitóng “Halik” ni Hudas

JERRY C. RESPETO

193

Mga Hámon sa Pagsasalin sa
Nanyang Piaoliuji ni Bai Ren

JOAQUIN SY

203

Migrasyon at Pagsasalin: Pagsasa-lingles
ng Apat na Tulang Migrante sa Filipino

ROMULO P. BAQUIRAN JR.

219

Ang Pagsasalin bilang Muling-Pagtatanim

VIRGILIO S. ALMARIO

Paunang Salita

ANG PAGSASALIN AT PAGPAPAUNLAD SA WIKANG PAMBANSA

VIRGILIO S. ALMARIO

Nabása ko kamakailan* ang ganitong balita:

Hiniling nitong Lunes ng Sulpicio Lines Inc. sa Regional Trial Court ng Maynila ang pagpapatigil sa imbestigasyong ginagawa ng Board of Marine Inquiry (BMI).

Nanghihingi ang Sulpicio Lines Inc. ng temporary restraining order dahil wala diumanong legal authority ang BMI para imbestigahan ang aksidente na kung saan tumaob ang MV Princess of the Stars.

Nag-file rin ng isang civil case ang Sulpicio laban sa BMI para sa mga pinsalang naidulot nito diumano sa korporasyon.

* Ang unang bersiyon ng sanaysay na ito ay talumpating binigkas ko para sa kumperensiya sa pagsasalang teknikal ng SANGFIL, Pulungang Recto, UP, 17 Hulyo 2008.

Mahihiwatigang isang salin ito ng orihinal na balita sa wikang Ingles. At maliban sa hindi ko nagugustuhang gamit ng “na kung saan” sa ikalawang pangungusap at tinatamad na “nag-file” sa ikatlong pangungusap ay maayos naman ang salin. Ngunit pansinin ang tila kawalan ng kakayahang isalin ang ilang teknikal na salita. Halimbawa, ano nga ba ang opisyal na salin ng “Regional Trial Court” at “Board of Marine Inquiry”? Isang mahalagang gawain ito na dapat isagawa ng alinmang sentro sa pagpapalaganap ng wikang Filipino.

Ngunit ang higit na kapansin-pansin ay ang pananatili ng ilang katawagang panghukuman: “temporary restraining order,” “legal authority,” “civil case,” at kahit ang “file.” Kung medyo nagtiyaga pa ang reporter na nagsalin, puwede naman sanang ipalit sa “nag-file” ang “**nagsumite**” o ng mas Tinagalog na “**naghain**,” “**nagdulong**,” “**nagpasok**.” Puwedeng ipalit sa “civil case” at “legal authority” ang pa-Español na “**kasong sibil**” at “**legal na awtoridad**.”

Sa hulíng naturang hakbangin, pinairal ang paniwalang higit na popular ang ipinapalit na salitang Español sa isinasáling salitang Ingles. Mas matagal na kasing ginagamit ang “**kasó**,” “**sibil**,” at “**awtoridad**” kaysa “case,” “civil,” at “authority.” Kahit ang “legal” na may iisang anyo sa Ingles at Español ay mas kilalá ng sambayanan sa bigkas nitóng Español (“**legál**” mabilis) kaysa bigkas nitóng Ingles (“ligal” malumay).

Ngunit paano isasalin ang “temporary restraining order”? “Utos sa pansamantalang pagpigil”? Mawawala ang popular nang “TRO” na mula sa inisyals ng orihinal na prase sa Ingles. (Paano nga ba ito isinalin ni Hukom Cesar Peralejo?) O dapat manatili na lámang muna ang orihinal sa Ingles? Isang pansamantalang remedyo ito na iminumungkahi kahit ng kasalukuyang patnubay sa ortograpiya (tingnan sa tuntunin 4.6) ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Pansamantalang remedyo ito at kailangan upang maipagpatuloy ang paggamit, lalo na sa pagtuturo at pagsulat, ng mga bagong hiram na salita. Pansamantalang remedyo sapagkat naniniwala pa rin ako na darating ang araw na may lilitaw at mapagkakasunduang salin ang ganitong hiram na salita, bukod sa maaaring ipailalim sa reispeling kapag hindi na isinalin.

Sa kabilâng dako, ipinahahayag ng reporter sa kaniyang ginawang pagsasalin ng balita ang kaniyang personal na paniwalang hindi na kailangang isalin ang naturang mga salitâng teknikal sa Ingles. At ang kaniyang personal na paniwala ay sasang-ayunan ng maraming ibang reporter, editor, at titser na edukado ngayon sa Ingles. Sa hanay ng kasalukuyang produkto ng ating edukasyong bilingguwal, tatanggapin nating naiintindihan na ng madla ang “civil case” at “legal authority.” At dahil wala naman táyong magagamit na survey kung gaano kalaki at gaano kalalim ang lumaganap nang bokabularyong Ingles ng sambayanang Filipino ay mahirap nating salungatin ang naturang opinyon. Magkagayon man, malaki pa rin ang aking hinala na hindi bahagi ng ating naisaloob nang bokabularyong Ingles ang “temporary restraining order.”

Ang totoo, malaki ang aking hinala na ang paggamit ng tinatawag na “salitang higit na ginagamit ng masa” ay idinadaan naman sa wido o personal na hilig. Walang siyentipikong batayan. Noong kabataan ko at mapasáma sa inorganisang pangkat ng tagasalin sa hanay ng mga aktibista, isang mahabàng diskusyon namin kung alin ang higit na dapat gamitin sa “**ngunit**,” “**subalit**,” “**datapwat**,” at “**pero**.” Natitiyak kong wala nang gumagamit ngayon ng “**datapwat**” [kundi ako lámang, sa ilang sinasadyang pagkakataón] at bihira nang lumabas sa ating bibig ang “**subalit**.” Gayunman, alin ang mas gamitín sa “**ngunit**” at “**pero**”? Mayorya sa amin ang nagsabing ngunit na popular ang “**pero**.” Sa kabilâ nitó, hindi kailanman ginamit sa aming mga salin ng sinulat nina Lenin, Marx, Mao Tsetung, at Amado Guerrero ang “**pero**.”

Bakit?

Sapagkat nanaig pa rin ang kuro na may kaibhan ang wikang pasulát sa wikang pasalita. Hindi laging angkop at dapat panaigin ang tuntuning “higit na gamitín” (mabilis ang bigkas) sa pagpili ng salita sa gawaing pasulát. May mga pagkakataóng naghahanap ng ibang tuntunin. Wika nga ng isa sa amin, kung ang pinakagamitín ang susundin ay hindi “**pero**” kundi “**but**” ang dapat naming isulat sa pagsasalin. Higit nga namang mabilis ngayong ginagamit ang Ingles na “**but**” ng mga estudyante at silá ang target namin noong mambabasá.

[Ano nga kayâ't "but" ang aming ginamit sa pagsasalin? Na siguradong magdudulot naman ng isang bagong problema sa amin. Isusulat kayâ namin ito sa orihinal o isasa-Filipino? "But" o "bat"?]

Ano kayâ ang itsura ni Mao Tsetung kapag nagsalita na may **"pero"** at **"but"**? Dahil naniniwala kaming pormal na pormal ang wika ng aming nais isaling mga akda ay ginamit namin ang **"ngunit"** at paminsan-minsan ang **"subalit."**

Problema ito ng pag-aagawan sa ating dila't diwa ng katutubong wika natin at ng dalawang itinuro sa atin na banyagang wika. Ang Tagalog/Bisaya/Ilokano versus Español/Ingles. Kung minsan, Español versus Ingles. At malimit kong makaengkuwentro ang ganitong problema hanggang ngayon. Kamakailan, iniharap sa akin ang kaso ng **"kagawaran," "departamento,"** o **"department."** Ang sagot ko, ikayayaman ng Filipino kung gagamitin lahat ang tatlo, at siya namang nangyayari sa larangang pasalita. Ngunit, at ito ang aking malaking ngunit: Kapag kailangang magpalaganap ng istandard na salin ng mga pangalan ng opisina ay tiyak na hindi maganda ang **"department."** Higit ko ring papanigan ang paggamit ng **"kagawaran"** kaysa **"departamento"** bagaman natitiyak kong hindi ako kakampihan ng 90% sa mga kapuwa guro ko sa Unibersidad ng Pilipinas. Paiiralin nilá ang kanilang sariling hilig para sa hiram na salita. Hindi nilá mauunawaan ang idea ng elegansiya, at lalong hindi nilá didinggin ang tuntunin ng pagpapairal sa katutubo kapag mayroon naman. Sasabihin niláng purista kasi ako. Ngunit bakit nga ba inimbento pa noon ang **"kagawaran"** kung hindi kailangan?

Gampaning Pambansa

Dapat mapansin sa aking nagdaang talakay ang aking layuning ipakita ang mahigpit na ugnayan ng pagsasalin at ng pagpapaunlad sa Wikang Pambansa. Higit ko ring iniisip ang misyon at pangarap na ihakbang ang wikang Filipino paakyat sa antas ng kultibasyon (modernisasyon o intelektuwalisasyon, kung ito ang nais gamítin). Napakasalimuot na tungkulin ito. Nangangailangan ng karampatang pagpaplanong wika upang higit na mapabilis ang kultibasyon at maiwasan ang pasuling-

suling at walang direksiyong pagsasagawa. Ang totoo, ito sana ang dapat pinaglaanan ng higit na panahon at pondo ng mga alagad ng wika at ng mga ahensiya at kagawarang pangwika sa loob at labas ng unibersidad. Kung hindi nabagahe ang Filipino sa estandardisasyon nitóng nakaraang apat na dekada ay nakapagtuon na sana ng angkop na mga proyekto para paigtingin at ganap na harapin ang kultibasyon.

Upang makamit ng Filipino ang karangalan at totoong istatus na **Wika ng Karunungan**.

Sa kasalukuyan, totoong malaganap na sa buong bansa ang Filipino. Walang pasubali na isa na itong lingua franca para sa lahat ng pangkating etniko (o nasyon) sa buong kapuluan sa mga gawaing pasalita. Subalit kailangan pa itong magbigkis sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng isang estandardisadong paraan ng pagsulat. Mula dito bibilis ang pagtanggap sa Filipino bílang wikang opisyal at wika ng edukasyon at samantalang nagaganap ang kultibasyon nitó bílang Wika ng Karunungan. Ang ibig kong sabihin, magaganap ang kultibasyon ng Filipino kapag at hábang lumalaganap ito bílang wika ng pagtuturo sa iba't ibang disiplinang pang-edukasyon at bílang wika ng batas, negosyo, at pamahalaan sa mga dominyo ng kapangyarihan sa ating lipunan. Magiging isang tunay na Wika ng Karunungan ito sa panahong ginagamit ito sa pagtuklas at paglikha ng karunungan. Sa ganitong paraan ay magiging wika naman ito ng kaunlaran.

Ang binanggit kong tila yugto-yugto at kailangang pagpapayabong sa katangian ng Filipino bílang wikang pambansa ang wala sa radar ng pagpaplanong pambansa. Hindi ito mababása sa alinmang medyo matagalang plano (medium term plan) ng NEDA. Lalo namang wala ito sa kukote ng kahit sinong lider politiko. Napakakitid ng naging pagpangitain sa Wikang Pambansa mula pa sa panahon ni Pangulong Quezon. At marahil, ang isang sanhi ng makitid na pagtingin sa Wikang Pambansa ay nása naging panimulang pagpapahalaga sa isang wikang pambansa.

Bakit ba kailangan ang isang wikang pambansa? Mula na rin sa katwiran ni Quezon, bílang isang pambigkis sa sambayanang may iba't ibang unang wika. Pahayag nga ng islogan noon: “Isang

Bansa, Isang Diwa, Isang Wika.” Isang sangkap ito sa paghubog ng nasyonalismo. At nauubos ang panahon natin hanggang ngayon sa pagpapatotoo na isang kailangang sangkap ng diwang makabayan ang wikang pambansa. Isa namang kapani-paniwalang simulain ito para sa maraming bansang lumaya mula sa kuko ng kolonyalismo. Ngunit naging kumunoy ito ng wikang Filipino. Tulad din ng pangyayaring ang nasyonalismo ay waring hindi nagiging birtud para sa higit na makabuluhang layuning pampolitika at pangkabuhayan pagkatapos ng Himagsikang 1896. Noon pang panahon ni Pangulong Garcia iwinagayway ang islogang “Filipino Muna” (Filipino First) bílang opisyal na patakaran sa ekonomiyang pambansa. Ano ang nangyari? Hanggang islogan lang. At sa kabilâ ito ng puspusang tangkilik ng pamahalaang nais magkamit ng higit na kasarinlang pangkabuhayan. Ngunit hindi ito naisalin sa kaukulang direktiba at programa ng edukasyon at reoryentasyon ng taumbayan tungo sa katuparan ng “Filipino Muna.” Paano sa gayon magtatagumpay ang isang programang “Filipino Muna” sa wikang pambansa?

Subalit ang higit kong nais ipanukala ay ang pagbago sa ating bisyon ng wikang pambansa. Hindi ito pambigkis lámang. Kung mababalangkas ang isang mahusay at malawakang plano para sa kultibasyon ng wikang Filipino, katulad ng naihaka ko, magiging wika din ito ng pambansang kaunlaran. Bibigyan nitó ng bagong kakayahan ang mga edukadong Filipino upang mag-isip para sa sarili at para sa sariling bayan at gamítin ang pag-iisip upang maging higit na malikhain, saanmang larang at kurso silá napunta, at magdulot ng kaunlarang angkop sa pangangailangan ng sambayanang Filipino.

Saan pumapasok ang pagsasalin?

Isang realidad na dapat malinawan sa gitna at lahat ng ito ay ang napakalaking papel ng pagsasalin. Nakasandig ngayon ang mga edukadong Filipino sa Español at Ingles—lalo na sa Ingles—bílang wika ng edukasyon. Ang totoo, may mga edukado ding higit na nasánay sa Chinese o Japanese, o kahit sa German at French. Mula sa ganitong katunayan, malinaw na isang unang hakbang sa kultibasyon ng Filipino ang pagsasalin mula sa mga nabanggit na wikang pandaigdig. Ang karunungan nilalamán ng mga naturang wikang pandaigdig

ay kailangang maisalin sa wikang Filipino—maging mga libro at sanggunian, mga polyeto at artikulo sa mga magasin at jornal, mga paksa sa mga simposyum at talakayang akademiko, balita at usapin sa radyo’t telebisyon at internet, atbpang kaparaanan. Sa wakas ng gampaning ito, may isang aklatan ng mga libro’t reperensiyang nakalimbag sa Filipino at maaaring pumasok doon at magsaliksik ang sinuman hinggil sa anumang paksang nais niyang pag-aralan.

Hindi ito magaganap ngayon. Hindi ito magaganap kailanman at hanggang hindi ito isinaalang-alang ng gobyerno bílang isang mahalagang bahagi ng edukasyong pambansa at ng buong planong pangkaunlaran ng Filipinas. Hindi naman ito magaganap kahit sa loob ng isang siglo pang darating, gaya ng prediksiyon ni Dr. Bonifacio Sibayan, kung pababayaang ang lahat sa ebolusyon. Sinayang na natin ang halos isang siglo sa kawalan ng direksiyon at sa mapagpaubayang paghihintay sa ngalan ng ebolusyon at kusang pagbabago ng wika. Sa yugtong ito, kailangan na ang isang mahigpit na pambansang planong wika at kailangang maging malaking bahagi nitó ang isang **pambansang adyenda sa pagsasalin**.

Ano ang nilalaman ng isang pambansang adyenda sa pagsasalin? Marami. Ngunit maaari kong ihanay ang dalawang malaking pangkat ng priyoridad.

Una, ang **propesyonalisasyon ng pagsasalin**. Nangangahulugan ito ng pagsasanay sa isang hukbo ng mga tagasalin sa buong bansa, ng pagbibigay ng kaukulang lisensiya sa karapat-dapat, at ng pagkilála sa pagsasalin bílang isang kagálang-gálang at kapaki-pakinabang na propesyon. Ngayon pa lámang ay dapat buksan ang mga palihan para sa mga batayang kasanayan sa pagsasalin. Kung ipatutupad ito sa paaralan, maaaring ibigay ito bílang isang asignatura sa antas sekundarya kaugnay ng pagsasanay sa pagsulat. Kailangang himukin din ang mga unibersidad na lumahok sa gawain at magbukás ng kursong batsilyer at gradwado sa pagsasalin, o kahit paano’y gawing bahagi ito ng pagsasanay sa mga magiging guro.

Sasabihin ng iba, nagbukás na ng kursong pagsasalin sa ilang unibersidad. Namatay ang mga naturang kurso dahil kulang sa

estudyante. Subalit walang pagsusuri kung bakit walang estudyante. Bakâ walang mahusay na propesor? Bakâ hindi maayos ang programa? Bakâ kulang sa promosyon [na kailangang gawin bílang pagtangkilik sa alinmang bagong kurso]? Hinggil sa hulíng nabanggit, isang magandang promosyon ngayon kung sakali kapag kumalat ang balita na interesado ang gobyernong isúlong ito. Ang ibig sabihin, magkakaroon ng interes sa pagsasalin ang mga kabataan kung tatangkilikin ng pamahalaan at magkakaroon ng mga opisyal na pahayag hinggil sa nakikitang kabuluhan ng pagsasalin sa pagbabagong panlipunan. Ang mga gradweyt ng palihan at kurso sa pagsasalin ay magdadaan sa isang pambansang test upang maging lisensiyado. Maghihirap silá, ngunit dahil alam niláng kikita silá at maaaring mabúhay sa pamamagitan ng kanilang propesyon.

Ang kabuluhang ito ay tumingkad pa dahil sa K-12. Bahagi ng naturang programa ng DepEd ang tinatawag na MTB-MLE o ang paggamit ng sariling wika bílang wika ng pagtuturo sa mga unang baitang ng elementarya. Nakahanda ba ang mga guro sa tungkuling ito? Ang higit na mahalaga, may mga materyales ba na nakasulat sa mga sariling wika na angkop gamitin sa K-3? Malaking bahagi ng tungkulin sa K-3 ngayon ay paglikha ng materyales na kontekstuwalisado at nakasulat sa isa sa mga katutubong wika. Kung walang orihinal, kahit paano’y dapat may salin ng isang angkop na teksto tungo sa Sebwano, Ilokano, Ibanag, Mëranaw, atbpang wika. Nasaan ang mga tagasalin?

Bahagi ng institusyonalisasyon ng larang na ito ang pagtatatag ng isang maaaring tawaging **Kawanihan sa Salin** upang siyang mangasiwa sa mabubuong adyenda sa pagsasalin. [Ito ang pinalaking Sangay sa Salin ngayon sa KWF.] Matitipon sa kawanihan ang mga propesyonal na tagasalin sa iba’t ibang wika na ginagamit sa bansa. Maaaring ito rin ang mangasiwa sa pambansang pagsusulit para sa propesyonal na tagasalin. Magsisilbi itong tagasalin ng mga opisyal na dokumento ng gobyerno, lalo na sa loob ng panahong umiiral pa ang Ingles bílang isa mga opisyal na wika ng pamahalaan, bukod sa maglilingkod sa pangangailangan ng DepEd para sa mga wikang katutubong ginagamit na panturo. Manganganak ito ng mga kaukulang sangay sa mga opisina at lathalaang may negosyo sa pagsasalin ng mga akdang banyaga

at pagluluwas ng mga akdang Filipino na isinalin sa ibang wikang internasyonal.

Ikalawa, ang pagtukoy sa mga tekstong isasalin. Dahil sa mga kagipitan sa pondo at ibang bagay, kailangang ihanay ang mga target isalin at unahin ang dapat unahin. Isang malaking tungkulin ang **sistematikong pamimili ng isasalin** sa panig ng mga babalangkang sa pambansang adyenda sa pagsasalin. Mahalagang patnubay muna sa pamimili ang isang pambansang planong wika. Itatakda ng plano kung alin sa mga pangunahing direksiyon sa pagsasalin ang higit na nararapat unahin para sa higit na mabisà at makatwirang pagbuo ng aklatan ng karunungan sa wikang Filipino. Isasaalang-alang din dito ang nakalaang pondo, ang kapasidad ng mga tagasalin, ang tunay na pangangailangan sa isang takdang panahon; sa halip na tulad ngayong higit na umiiral ang personal na hilig at interes ng isang tagasalin o ng isang pinunò ng pangkat na nagkaroon ng atas at proyekto para magsalin.

Pambansang Plano sa Isasalin

Kaugnay ng panukalang pagpapalano at sistematikong paghahanay ng mga isasalin, dapat mabilisang unghatin ang kasaysayan ng pagsasalin sa Filipinas. Sa nakasulat na ulat, unang nalathalang akdang nakasalin ang *Doctrina Christiana* (1593) at naging sagisag ito ng misyon at direksiyon ng pagsasalin sa ilalim ng mga Espanyol. Naging masigasig ang mga misyonero sa pagsasalin ng mga akdang Kristiyano tungo sa mga nasákop na wikang katutubo. Kahit ang lansakang adaptasyon ng metriko romanse upang maging mga awit, korido, at komedya nitóng unang hati ng ika-19 siglo ay nagabayan ng mithiing ipaglingkod sa Simbahang Katolika. Sa pamumulaklak ng diwaing makabayan at kontra-koloniyalista, maituturing na unang ganap na simbolo nitó ang pagsasalin ni Marcelo H. del Pilar sa sanaysay na *Amor Patrio* ni Rizal noong 1882. May naging bagong direksiyon ang pagsasalin—naging makabayan—at nagpatuloy ang tungkuling ito sa pagsasalin hanggang panahon ng Americano. Ngunit samantalang nananaig ang kapangyarihang Americano ay mauukol ang pagsasalin sa kung ano ang

hilig at nais ng mga tagasalin at ng mga pangunahing editor at pabliser. Sapagkat sanay sa Español ang karamihan, may mga nagsalin ng akdang Europeo batay sa bersiyong Español hanggang bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Gayunman, paggradweyt ng mga edukado sa Ingles ay lumitaw din sa panahong ito ang mga salin ng akdang nakasulat sa Ingles.

Ang kawalan ng plano hinggil sa dapat isalin ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Bahagi ng kairalang ito ang pangyayaring higit na naukol sa akdang pampanitikan ang itinuturing na makabuluhang pagsasalin. Totoo, may nagsasalin ng mga polyetong teknolohiko ngunit sa dahilang “trabaho lang” o “negosyo kasi.” Walang-walang layuning isawikang katutubo ang banyagang agham at teknolohiya. Nagbibigay halimbawa ng gantimpala ang National Book Development Board para sa natatanging saling pampanitikan ngunit walang katumbas na gantimpala sa pagtatangkang magsalin ng mga batayang haka at dalumat sa pisika o kemistri. Ni walang nagpapatotoo at sumusuri kung maayos ang ilang librong salin hinggil sa computer o paghahalaman.

Ang kasalukuyang antas at tuon ng pagsasalin ay produkto ng pagsasalin alinsunod sa personal na hilig ng tagasalin o layunin ng nagpapasalin. Dahil malimit na manunulat din ang tagasalin, paborito niyang tula, katha, o dulang banyaga ang kaniyang inuunang isalin. Bihira ang tulad ni Hukom Cesar Peralejo na halos ginugol ang buong búhay sa pagsasalin ng mga importanteng kodigo sa batas. Ngunit muli, anong uri ng pagsusuri o pagpapahalaga ang naisagawa na sa mga salin sa batas ni Hukom Peralejo? Ni wala pa akong natunghayang patotoo ng isang abogado na ginamit niya ang salin ni Hukom Peralejo sa pagsulat ng apidabit o pagtuturo ng batas at napatunayan niyang epektibo ito. Samantala, nangyayari na may isang akdang pampanitikan na naging paborito ng dalawang tagasaling manunulat at kayâ may dalawa nang nagpapaligsahang salin. Halos lahat ng importanteng dula ni Shakespeare ay may salin na. Hindi ko pa nababâsa, ngunit may narinig akong ulat na dalawa na ang salin o halaw ng napakahabang nobelang Don Quixote. Samantala, wala pang salin ang teorya ng ebolusyon ni Darwin o ang hakang republika ni Plato. Sa maikling salita, kailangang may timbang na pagpapahalaga sa pagsasaling

pampanitikan at pagsasaling teknikal ang isang pambansang adyenda sa pagsasalin.

Isang mabigat na aspekto ng pagsasalin ang wika at paraan ng pagsasalin. Paano isasagawa ang pagsasalin? Kung tutuusin, ito ang puso ng buong gampanin. Pagkatapos ng lahat, dito masusúkat ang tagumpay ng buong programa. Kung masamá ang isinagawang pagsasalin, maaaring hindi ito pakinabangan ng target na mambabasa.

Natatandaan kong isang malaking isyu noon sa isang seminar ang isyu ng gagamiting bersiyon ng orihinal. Maaari kasing ang isang akda ay magkaroon ng iba't ibang bersiyon at edisyon. Sa gayon, kailangang tiyakin ng tagasalin na ang hawak niyang orihinal ay ang pinakapinagtitiwalaang bersiyon. Ngunit higit pa dito ang isyung pinroblema sa naturang seminar. Sapagkat marami sa mga akdang napipiling isalin ay nakasulat sa iba't ibang wika, kailangan bang magsalin lagi mula sa orihinal na wika ng isinasalin? Ang sagot siyempre ng seminar ay dapat magsalin gamit ang akdang nakasulat sa orihinal na wika ng awtor. Sa programang binuo mula sa seminar ay tumukoy ng ilang akdang pampanitikan sa iba-ibang wika at humirang ng ilang tagasalin na kilalang nagsasalin sa naturang mga wika. Natatandaan kong ipinasalin ang dakilang mga nobelang Cien Año de Soledad ni Gabriel Garcia Marquez at Anna Karenina ni Leo Tostoy at ibinigay ang mga ito sa dalawang propesor na nagtuturo ng Español at Russian.

Ano ang nangyari sa proyekto? Walang nalalathala hanggang ngayon. Natapos ang pagsasalin mulang Español ngunit hindi nakapasá ang kalidad ng salin nang ipasuri sa isang editor. Wika sa akin ng editor, marunong sa Español ang propesor ngunit mahinà sa Filipino. Sa kabilang dako, mukhang marunong lámang ng Russian ang isa pang nahirang na masalin ngunit hindi talaga mahilig magsalin. At sa pamamagitan lámang ng dalawang sampol na ito ay maaaring sabihin na lubhang idealistiko ang pamantayan ng naturang seminar para sa kasalukuyan. Bukod sa kulang sa kasanayan ang iilang tagasalin natin ay hindi timbang ang kakayahang magsalin sa mulaang wika (na di-Ingles) at sa tunguhang wika (Filipino). Marami sa tagasalin sa banyagang wika sa ngayon ay nahahasa lámang sa pagsasalin ng mga sertipiko, diploma, at ibang maikling dokumento na kailangan ng mga

banyagang embahada sa Filipinas. Marami sa maaaring pagtiwalaang tagasalin ngayon ay higit na eksperto lámang sa wikang Ingles.

Anupa't kaugnay ng leksiyong ito hinggil sa pagsasalin mula sa wikang orihinal ng mga banyagang akda, marahil isang pansamantalang tuntunin ang magsalin muna mula sa Ingles. Gamitin ang ibang banyagang wika, kung sakaling may maalam ng mga ito, bílang pansuhay na sanggunian. Sa ganitong paraan, ang isang malawakang adyenda sa pagsasalin ay hindi dapat magparangalan tungo sa isang pangmatagalan at perpektong mga salin. Kailangang nakabukás ang adyenda sa malaking posibilidad ng mga bago at rebisadong edisyon. Ang higit na dapat mahalagahin sa produktong unang salin ay ang naging kapasidad nitóng maglipat sa Filipino ng karunungan (konsepto, kasanayan, impormasyon, atbp) mula sa orihinal na banyagang akda.

Samantala, kailangang iplano din ang ugnayang pampagsasalin ng Filipino at ng mga wikang katutubo ng Filipinas. Halimbawa, isang praktikal na tuntuning unahin ang pagsasalin ng mga teksto mula sa mga katutubong wika tungo sa Filipino. Upang matipon ang lahat sa Filipino bílang wika ng karunungan. Maaapektuhan ng tuntuning ito ang kasalukuyang praktika na isalin ang panitikang-bayan mula sa mga katutubong wika tungo sa Ingles. [Isang indikasyon ito ng kawalang malasakit ng edukasyong gradwado na gamitin ang Filipino bílang wika sa saliksik.] Gayunman, hindi dapat pigilin ang mga inisyatiba na magsalin mula at tungo sa mga wikang katutubo. Kailangan ding isagawa ang pagsasalin, kung may pondo at may maaaring magsalin, mula sa Filipino tungo sa mga wikang katutubo.

Kasunod ng ganitong paglilinaw ang paglalatag ng mga tuntunin hinggil sa aktuwal na pagsasalin. Halimbawa, ano ang modelong anyo ng wika na dapat gamítin sa ordinaryong tekstong isinasalin? Ang problemang ito ay malimit nang mapag-usapan noon pang dekada 70 dahil sa lumitaw na mga modelong anyo ng nakasulat na Filipino kapag may mga hiram na salita. May namuong nagpapaligsahang modelong anyo ng Filipino: (1) ang modelong nagsisikap lumikha at humanap ng pantumbas sa banyagang salita; (2) ang modelong tahasang hinihiram at ginagamit ang orihinal na anyo ng banyagang salita; at (3) ang modelong ipinaílalim sa palabaybayang Filipino ang banyagang salita.

Alinman sa tatlong modelo ay maaaring magamit sa pagsasalin. Ang ibig kong sabihin, may birtud ang bawat isa at kayâ magandang gamitin sa angkop na pagkakataón. Subalit hindi ganito ang nangyari noong dekada 70. Nagkani-kaniyang hilig ang mga pangkating pangwika. May mga manunulat na Tagalista ang higit na nakahilig sa unang modelo. Sapagkat madalíng gamitin, higit na paborito ng mga tabloyd [katulad ng halimbawa kong balita sa unahan] at manunulat ng komersiyals sa TV at bilbord ang ikalawang modelo. Naging popular naman noon ang bansag na “U.P. Filipino” sa mga guro na makiling sa reispeling ng mga hiram na salita sa Ingles. May naiwan ding magagandang produktong pangwika ang mga naturang pangkat. Ngunit inuntol nang matagal ng kanilang pagpapaligsahan [at pag-aaway] ang pabuo sa isang nagkakaisang adyenda sa pagsasalin. Ang totoo at marahil ay higit na kapaki-pakinabang sanang natalakay ay kung paano at kailan nararapat gamitin ang alinman sa tatlong modelo.

Gabay sa Pagsasalin

Mahalaga samakatwid na balikan at isaloob ang mga simulain sa likod ng bawat tuntunin ng gabay sa pagsasalin na pinalaganap noong 1994. May apat na panukalang hakbang ang proseso ng pagsasalin, alinsunod sa gabay:

1. Pagtutumbas: (a) mula sa Tagalog/Filipino, (b) mula sa ibang wikang katutubo
2. Paghiram sa Español
3. Paghiram sa Ingles: (a) pananatili ng baybay, (b) pagbago ng baybay
4. Paglikha

Nais kong bigyan ng mabilisan at maikling komentaryo ang naturang mga hakbang.

Maliwanag sa naturang gabay na unang-unang hakbang ang paghahanap ng katapat na salita mula sa Filipino. Ipinapanukala nitó na dalubhasa sa wikang Filipino ang tagasalin. Kayâ hindi maaaring maging mahusay na tagasalin ang dalubhasa lámang sa Ingles o Español

at wikang kolokyal lámang ang alam sa Filipino. Tulad ng reporter sa balita hinggil sa Sulpicio Lines, tatamarin siyang magsalin at magiging balbon dahil sa maraming hiram sa Ingles ang salin. Idadagdag ko pang gabay ang pagsasaliksik sa mga sawikain at idyomatikong pahayag upang higit na maging mabisà ang pagtutumbas.

Sa kabilâng dako, isang magandang dagdag na proseso sa pagtutumbas ang paghahanap ng katapat na salita mula sa ibang mga wikang katutubo ng Filipinas. Wala ito sa mga tuntunin noon. Nása likod nitó ang pagbibigay ng wastong pagpapahalaga sa ibang katutubong wika ng bansa bílang pintungan ng Wikang Pambansa. Maraming dalumat at danas ang ibang katutubong wika na wala ang Tagalog. Sa halip manghiram agad sa banyagang wika, higit na kapaki-pakinabang ang paghahanap ng katapat sa mga kapatid na wika ng Tagalog. Sa ganito, natuklasan ang kabuluhan ng **“ilahas”** mula Ilonggo para sa wild ng Biyolohiya, ang **“rabaw”** ng Ilokano para sa surface ng Pisika, gayundin ang **“bíhud”** mula sa Binisaya at Bikol para sa fish roe ng Marine Science. Pinalalawak ng gawaing ito ang ating pananaw na pambansa at makabansa.

Historikal naman ang simulain sa paghiram muna mulang Español bago manghiram mula sa Ingles. Libo-libo nang salitang Español ang nása bokabularyo ng mga pangunahing katutubong wika ng Filipinas at patuloy na nanghihiram ang Filipino hanggang ngayon. Kamakailan, kailangan kong hiramin ang **“atabál”** upang idagdag sa ating katawagan ng mga instrumentong pangmusika. Nabása ko rin sa Pambansang Museo ang **“akwarela,” “sining grapiko,” “diskurso ng kasarinlan,” “abstraksiyon,” “estilong neo-gotiko,”** at napakaraming termino sa pagpipinta. Palagay ko, marami pang papasok na termino mula sa Español kapag naging puspusan ang pagsasalang teknikal. Ingatan lámang na hindi nating paramihin ang **“aspeto,” “imahe,” “pesante,” “kontemporaryo,”** at iba pang tinatawag kong salitang siyokoy.

Hindi natin maiiwasan ang ikatlong hakbang at paghiram mula sa Ingles. Ito ang realidad sa ating kasalukuyang búhay. Lansakan at halos tila ikalawang kalikasán na ng ating mga edukado ang pagkikisà ng Ingles sa kanilang pangungusap. Hindi katatá-taká na ikatákot ng

ilang guro ang lubhang pag-iral ng Taglish. Subalit nagdudulot din ito ng problema sa pasulát na pahayag dahil malimit na malayò ang anyo ng salitang Ingles sa bigkas nitó. (Ito ang isang katwiran sa pagkiling sa Español bilang hiramang wika.) Kayâ may pagunita ang hakbang na ito hinggil sa pagpapanatili o pagbago sa baybay ng hiram mula sa Ingles. Naglabas nitóng 2013 ang KWF ng Ortograpiyang Pambansa at may binagong gabay sa ispeleng na maaaring makatulong sa mga tagasalin. Ang naturang gabay ay produkto ng ilang ulit na forum ng mga guro, editor, at manunulat, bukod sa hinalaw ang mga makabuluhan at nagdaan nang patnubay ng KWF at ibang pangkating pangwika. Kaugnay ng panukalang paraan ng paggamit sa bagong alpabeto, may mga praktikal na gabay kung kailan pananatilihin o kung kailan babaguhin ang ispeleng ng salita mula sa Ingles.

Ang pang-apat na hakbang ang tíla nakakalimutan ngayon ng akademya bagaman patuloy at mabisang ginagamit sa lansangan at sa búhay pang-araw-araw. Aktibong-aktibo ngayon sa gawaing ito ang mga bakla (dabaf, bading, shuding, atbp). Napakahalaga ng prosesong ito tungo sa malikhaing pagpapaunlad sa wika. Upang hindi táyo lubhang sumandig sa panghihiram. May mga importanteng dalumat pampolitika, gaya ng **“laya/kalayaan”** at **“katarungan”** ang bunga ng ganitong malikhaing gawain. Ginagawa ito ngayon sa Ingles sa pagngangalan ng mga bagong imbensiyon at produkto ng saliksik. Samantala, maaari nitóng ilapit sa unawa ng karaniwang tao ang isang banyagang dalumat kung maigagawa ito ng neolohismong umaalinsunod sa katutubong paglikha ng salita. Ganito ang bighani ng mabilis na popularidad ng **“balikbayan”** at **“dagdag-bawas.”**

Bago ko iwan ang paksang ito, nais kong pansinin ang malimit na pangangarap ng mga tagasalin hinggil sa permanenteng tumbasan. Kaugnay ito ng tinatawag na “depinitibong salin.” Matagal nang sinabi ni Walter Benjamin na “nalalambungan ang katotohanan” sa pagsasalin. Ang ibig sabihin, walang ganap at panghabang-panahong salin. Sa halip, ang pagsasalin ay dapat ituring na isang nakabitin at maaaring magbagong trabaho, isang pansamantalang muling-paglikha o reproduksiyon ng orihinal. Ang pagtutumbas na isagawa natin ngayon sa isang terminolohiyang teknikal ay maaaring magbago búkas.

Noong 2007 ay sinalubong ako ng ganitong problema. Inusisa ako ni Atty. Andrea Pasion-Flores, executive director noon ng National Book Development Board (NBDB), kung sino ang naglapat ng saling **“karapatang-ari”** para sa “copyright.” Para sa kaniya, hindi angkop ang naturang pagtutumbas. Ayaw niyang ipagamit sa mga dokumento ng NBDB. Kailangang ipaliwanag ko sa kaniya na maaaring hindi angkop ang salin ngunit matagal na itong ginagamit. Sa gunita ko, bago pa ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay may gumamit na ng **“karapatang-ari.”** Subalit maaaring bunga rin ito ng hindi pa maliwanag noong pag-unawa sa konsepto ng “copyright.” Waring higit na nakaukol ang **“karapatang-ari”** sa higit na malaking konsepto ng “intellectual property right.” Sa ngayon, ayon kay Atty Pasion-Flores, higit nga namang angkop ang **“karapatang-sipi”** para itumbas sa “copyright.” Minsan ko nang ginamit ang **“karapatang-sipi”** ngunit wala pa akong nakikitang kakampi. Gayunman, naniniwala ako sa pag-uusisang tulad ng kay Atty Pasion-Flores, sapagkat kailangan iyon upang higit na kuminis at maging episyente ang pagsasalang teknikal.

Nitóng 2008 ay narinig ko namang iniuulat ni Bernadette Sembrano ang hiling ng LRT na bumili ng mga bagong tren. Kailangan daw ito upang mapalitan ang mga lumang tren at upang higit na mapaglingkuran ang mga mananakay. **“Mananakay”?** Ilang beses ko na itong narinig at palagay ko’y iniuso ni Elena Bautista, dáting tagapangulo ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board. Ito ang likha niyang katapat ng hiram na **“komyuter”**(commuter). Mas mainam bang idagdag sa ating bokabularyo ang likhang **“mananakay”?** O dapat na táyong masiyahan sa hiram na **“komyuter”?**

Malinaw din sa aking mga binanggit na halimbawa na ang pagsasalin ay isang gawaing pang-araw-araw. Hindi ito gawain lámang ng mga ekspertong tagasalin at para sa pormal na trabaho ng pagsasalin ng mga aklat. Nápapasok ang kahit sino sa pagsasalin kapag may nagtanong ng isang salita na hindi nitó maintindihan. Halimbawa’y ang isang ama na biglang tinanong ng anak kung bakit may tinatawag na “bawal na gamot.” Kailangang isalin ng ama ang “bawal na gamot” sa wikang maintindihan ng anak. Dahil naman sa mabilis na pagbabago ng kaligirang panlipunan, lalo na dahil sa dagsa ng modernong teknolohiya, may nadadagdag na hiram na kaalaman

sa ating bokabularyo at kailangan nating tandaan sa pamamagitan ng orihinal nitóng pangalan o sa pamamagitan ng isang likhang katumbas. Sa alinmang paraan, nagsasagawa táyo ng pagsasalin.

Hindi rin ito nangangahulugang lagi ng paghahanap ng wastong katumbas. Hindi mawawala ang tradisyonal at normatibong pagtingin sa pagsasalin, lalo na sa mga tagasaling hinubog sa pamantayan ng “katapatan” na ginamit noon sa pagsasalin ng Bibliya at mga klasik na Griego at Romano. Subalit higit kaysa nakamihasnang tagisan ng dalawang wika ang pagsasalin. Nagaganap ito sa loob ng pagtatagpo ng mga tradisyon, kasaysayan, atbpang sangkap na nakatimo sa wika at panitikan ng isinasalin at sa wika at panitikan ng pinagsasalinan. Kayâ bukod sa kadalubhasaan sa mga wikang ginagamit sa pagsasalin, kailangan ng tagasalin na maalam sa buong lawak ng araling pangkultura. Hindi rin isang walang-damdaming teknisyan ang tagasalin. Sa halip, isa siyang tao na may sariling karanasan, hilig, at mga layunin sa isip na umaapekto sa kaniyang bawat pasiya, mula sa isinagawa niyang pagpili sa isang akdang isasalin at hanggang sa paghubog ng pangungusap at pagtatalaga ng salita sa wikang pinagsasalinan. Sa madalíng salita, isang masalimuot na gawain ng muling paglikha mismo ang pagsasalin.

Pagsasalin Bílang Disiplina

Ang aklat na ito ay isang panimulang hakbang upang ipakilála ang pagsasalin bílang isang bukod na disiplina. Nakalatag dito ang naganap na paghubog sa konsepto ng pagsasalin sa Kanluran (Lahat ng mga isinaling teorya’t pag-aaral sa bahaging “Sipat Kanluran.”) at sa pamamagitan ng mga siping sanaysay ay itinatanghal ang naging kasaysayan ng pagsasalin hábang nagbabago ang pagtingin sa gawaing ito bílang isang agham at sining. Sa kabilâng dako, itinatanghal din ang sa aklat na ito ang naging kasaysayan ng pagsasalin sa Filipinas (Lahat ng mga orihinal na akda ng ilang tagasaling Filipino hinggil sa kani-kanilang pananaw at karanasan sa pagsasalin na nása bahaging “Sipat Filipino.”), mula sa isang gawaing hatid ng kolonyalismo hanggang sa mga kasalukuyang praktika na mahahalatang umaagapay sa pangdaigdigang transpormasyon ng disiplinang ito.

Tulad ng naipaliwanag ko na, kailangang malaman ng sinumang nais maging tagasalin ang mga kondisyon at suliraning humuhubog sa isang akda—ang mga ideolohiko, lingguwistiko, at sosyokultural na sangkap na nagsisilang sa kahit isang maikling sulatin—gayundin ang mga posibleng katulad na puwersang aapekto sa kaniya sa pagsasalin ng naturang akda. Makabuluhan ngunit hindi sapat ang itinuro ni Eugene A. Nida at siyang karaniwang sanggunian ng mga nag-aral ng pagsasalin nitóng nakaraang siglo sa Filipinas. Simplistiko namang malimit ang nagiging aplikasyon ng mga hakang pagsasalin batay sa lingguwistika, at kayâ malimit pang higit na produktibo ang tinatawag na wido kaysa mekanikal at arál na paglalapat ng dalawang wika.

Sa kabilâ ng kababanggit na opinyon, idinidiin pa rin sa aklat na ito ang pag-aaral sa pagsasalin bílang proseso at produkto ng kritikal na paglilimi. Nakaaantala ang pangangarap ng “permanenteng tumbasan.” Ngunit hindi nangangahulugang maaari nating madaliin ang ating gawain ngayon at pabayaang hinaharap upang magwasto. Napakahalaga pa rin ang malinaw na paglilimi sa isinasalin bago gampanan ang pagsasalin. Kaakibat nitó ang higit sa karaniwang kakayahang gumamit ng ating wika. Isang malaking responsabilidad ang pagsasalin. Mga responsableng tagasalin lámang ang makagagarantiya ng pag-iwas ng “pagtataksil” sa orihinal.

Ang mga sanaysay na tinipon at isinalin sa bahaging “Sipat Kanluran” ay may layuning itanghal ang development ng teorya ng pagsasalin mula sa mahigpit na pamantayan ng “katapatan” sa panahon ni Dryden hanggang sa higit na masalimuot na saligang teoritiko ng pagsasalin sa pananaw nina W. Benjamin at R. Jakobson. Marami pang ibang teoriko na kailangang ilahok sa koleksiyon at dapat din siláng maisalin upang higit na luminaw ang lahat. Ngunit trabaho na iyon ng ibang higit na masaklaw napagtitipon ng mga babasahín sa disiplinaryang ito. Sa ngayon, maaaaring ituring na isang personal kong pagpili ang mga sanaysay na nása aklat na ito at nais kong pasalamatana sina Fidel Rillo, Roberto T. Añonuevo, Rebecca T. Añonuevo, at Michael Coroza sa kanilang pagsasalin sa mga napili kong batayang babasahín mulang Kanluran.

Malaking bahagi ng mga sanaysay sa aklat na ito ang sinulat mismo ng mga masipag ngayong tagasalin sa Filipinas. Nagbubuhat

sa kanilang sariling karanasan ang kanilang mga haka at halimbawang suliranin. [Sinikap ng editor na tipunin ang mga halimbawang tagasalin sa iba't ibang uri ng teksto. Gayunman, tulad ng naisalaysay na, higit na hinggil sa pagsasalang pampanitikan ang kanilang karanasan, kayâ marahil, ang panimulang sanaysay lámang na ito ang higit na nakatuon sa halimbawang pagasalang teknikal.] Kapag tinitigan ang kanilang paglalahad, nakatanghal ang kailangang sigasig at tiyaga anumang uri ng teksto ang isinasalin. Nakatutuwa ring masilip na ipinapahayag ng ating mga tagasalin sa pamamagitan ng kanilang aktuwal na paraan ng pagsasalin ang iba-ibang pamamaraan at pananaw na ipinapatnubay sa pagsasalang Kanluranin. Kailangang sundan pa ito ng mga dagdag na babasahín at sanggunian ng tagasalin. Kailangan din ang teksbuk na maaaring gamitin sa pahakbang-hakbang na pagtuturo ng pagsasalin sa mga palihan at asignaturang pampaaralan.

Hindi sapat ang introduksiyon sa pamamagitan ng aklat na ito. Marami pang kailangang ihanda para ganap at mabilisang mapatnubayan ang mga tagasalin. Halimbawa, may mga espesyal na pangangailangan ang minimithi nating diin sa pagsasalang teknikal. Sa ngayon ay karaniwang hindi eksperto sa isinasaling aklat sa agham o teknolohiya ang mga papasok na tagasalin. Napakahalaga sa gayon para sa kanila ang patnubay na diksiyonaryo. Kung hindi man makakapal at espesyal na diksiyonaryo sa kasaysayan at mga susing-salita sa bawat larang ng karunungan, kailangan ang maagap na pagbuo ng mga bilingguwal na talasalitaan.

Noon pang 1991 ay naipanukala ko na ang pagtatakda ng teknikal na kahulugan kahit sa karaniwan nating ginagamit na mga salita. Upang maiangat ang mga ordinaryong salita tungo sa pagiging katumbas ng mga tiyak at teknikal na konsepto. Halimbawa, ginagamit nating magsisingkahulugan at kayâ nagkakapalitan ang “katulad,” “kapara,” “kapis,” “kagaya,” “kamukha,” “kawangis,” “kawangki,” “kahambing,” atbp. [Bakâ marami pa akong nakalimutang ilista.] Ngunit kung nagtuturo ka ng tayutay sa panitikan, alin sa mga ito ang metaphor? Alin ang simile? Kahit sa Ingles ay tila magkahawig ang dalawa ngunit may malaking kaibhan sa isa't isa bílang kasangkapang pampanitikan. Hindi naman nagkakaisa sa pagpili ng mga katumbas ang ating mga teksbuk at libro sa kritisismo. Sa gayon, nagpanukala ako na gamitin

ang “**paghahambing**” katumbas ng comparison, “**pagtutulad**” para sa metaphor, “**pagwawangis**” para sa simile, “**pagwawangki**” para sa analogy. Pinalawak ko pa ito sa mga kaugnay na salita, gaya ng “**pagtutumbas**” para sa equivalence/correspondence at “**tumbasan**” para sa equation; “**panggagaya**” para sa imitation at “**panggagagad**” para sa parody. Maaari pa ring gamitin ang katulad, kahambing, at kawangis sa pangkaraniwang pakahulugan ng mga ito ngunit hindi maaaring pagpalit-palitin ang gamit bílang mga tiyak na pangalan ng tayutay.

Ang panukala ko ngayon ay gumawa ng listahan ng mga salitang ginagamit na pantumbas sa mga isinasaling salitang teknikal. [Halimbawa, ang mungkahi kong “utos sa pansamantalang pagpigil” para sa temporary restraining order ay dapat maging simula para sa isang listahan ng mga pagsasalin sa wika ng batas.] Upang muling magamit ang mga ito kailanman at muling nakaharap ang mga naturang banyagang salita. Ang listahan ay maaaring pagsimulan ng isang bokabularyong bilingguwal sa isang larang o disiplina at bukod sa mabilisang masasangguni ay magpapairal ng konsistensi sa pagsasaling teknikal.

Huwag din nating idahilan ang sinasabing “atrasadong bokabularyo” ng wikang Filipino para iwasan ang mabibigat na pagsasaling teknikal. Mga kaaway lámang ng Wikang Pambansa ang nagkakalat ng ganiyang mapangmaliit na saloobin laban sa Filipino. Dili kayâ, dulot lámang ito ng malubhang pagkasungyaw o ng inferiority complex natin bílang dáting kolonya. Lubha táyong nasisindak sa karikitan ng Ingles at sa kapangyarihan ng teknolohiya’t agham sa Ingles. Walang hindi maaaring isalin sa ating wika. Kung hindi maihanap ng katumbas, hiramín. O lumikha ng katumbas. Kasinghusay o kasintaas lámang ng alam natin ang ating wika. Kung mataas ang alam natin sa agham at teknolohiya, mataas din ang magiging paraan ng pagsasalin natin, at nagiging malusog at aktibong kasangkapan ang ating pagsasalin sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

Binagong edisyon

Jakarta

19 Marso 2015

SIPAT KANLURAN

HINGGIL SA PAGSASALIN*

JOHN DRYDEN

Lahat ng pagsasalin, sa tingin ko, ay maaaring ipaloob sa tatlong pangalang sumusunod.

Una, ang metapraxe, o ang pag-uulit sa isang awtor nang salita sa salita, at linya sa linya, mula sa isang wika tungo sa isa pa. Ganito, o malapit sa ganitong paraan, ang Art of Poetry ni Horace na isinalin ni Ben Johnson. Ang ikalawaang paraan ay ang parapraxe, o pagsasalin nang may pagluluwag. Dito ang awtor ay laging nása pananaw ng tagasalin, upang hindi kailanman mawala, ngunit ang kaniyang mga salita ay hindi estriktong sinusunod na katulad sa kaniyang ibig sabihin; at ito man ay inaaming ipinaliliwanag, ngunit hindi binabago. Ganoon ang pagsasalin ni Mr. Waller sa Ikaapat na Aeneid ni Virgil. Ang ikatlong paraan ay ang imitasyon, at dito ang tagasalin (kung hindi pa niya naiwawala ang gayong pangalan ngayon) ay nanghahawakan sa kalayaan, hindi lámang para lumihis sa mga salita at ibig sabihin, kundi maging para talikdan kapuwa ang mga ito kung makita niyang hinihingi

* Binubuo ito ng mga hango mula sa mahabàng introduksiyon ni John Dryden sa kaniyang salin ng Epistles (1680) ni Ovid. Ang huling tatlong talata ay hango mula sa kaniyang sanaysay na "The Life of Lucian."

ng pagkakataón; at gumagamit lámang ng mga pangkalahatang pahiwatig mula sa orihinal, para lumikha ng paghahati sa ginagawa, alinsunod sa ikinasisiya niya. Ganoon ang ginawa ni Mr. Cowley sa pagsasalin ng dalawang Oda ni Pindar, at ng isa ni Horace tungo sa Ingles.

Hinggil sa una sa mga paraang ito, nagbigay ng ganitong babala para sa atin ang ating gurong si Horace:

Nec verbum verbo curabis reddere, fidus
Interpres...

Nor word for word too faithfully translate;

Katulad ng ekselenteng pagka-Ingles ni Earl of Roscommon. Ang lubhang katapatan ay totoong lubhang masalita: ang ganoong katapatan ay nabubúhay mula sa pamahiin, bulág at sobrang masigasig . . .

. . . Halos imposibleng magsalin nang berbal, at nang mahusay, sa paraang magkasabay; sapagkat ang Latin (isang napakahigpit at masalimuot na wika) ay malimit na ipinahahayag ito sa isang salita, na dahil sa barbaridad o sa kakitiran ng modernong mga dila ay hindi maaaring makapagdulot nang hihigit. Malimit din na ang laro sa salita ay nakabálot sa isang uri ng pahayag na nawawala sa Ingles . . .

Laban sa Literal na Salin

. . . Sa maikling salita, ang mangongopyang berbal ay naliligid ng napakarami at sabay-sabay na kahirapan, kayâ hindi niya kailanman maililigtas ang sarili sa mga ito. Kailangan din niyang isaalang-alang ang iniisip ng kaniyang awtor kasabay ng kaniyang sariling salita, at humanap ng katumbas sa bawat isa sa ibang wika; at bukod dito, kailangan din niyang ipiit ang sarili sa loob ng súkat at sa pang-aalipin ng tugma. Katulad ito ng pagsasayaw sa lubid nang may kadena ang mga paa . . .

. . . Ang pagsasaalang-alang sa mga kahirapang ito sa tila alipin at literal na pagsasalin ay nagtulak nang hindi pa nagtatagal sa ating dalawang bantog na talino, sina Sir John Denham at Mr. Cowley, upang lumikha ng isa pang daan para ulitin ang mga awtor sa ating dila, at tinawag ito ng ikalawa sa kanila na imitasyon. Sapagkat magkaibigan silá, ipinalalagay kong nagpapalitan silá ng kanilang mga iniisip hinggil sa paksang ito, at sa gayon ang mga katwiran nilá hinggil dito ay hindi nagkakalayô, bagaman ang pagsasagawa ng isa ay higit na matimpi. May palagay akong ang imitasyon sa isang awtor, batay sa kanilang paliwanag, ay isang gampanin ng isang kasalukuyang makata upang sumulat na katulad ng isang nauna kaysa kaniya sa katulad na paksa; ang ibig sabihin, hindi para isalin ang mga salita ng nauna, o mapiit sa kaniyang kahulugan, kundi para itanghal siya bilang isang padron, at para sumulat sa paraang sa palagay niya ay gagawin ng naturang awtor kung nabúhay siya sa ating panahon at sa ating bayan. Gayunman, hindi ako mangangahas magsabi na sinuman sa kanilang dalawa ay tumupad sa ganitong malayang paraan ng pagtrato sa mga awtor (gaya ng tawag dito ni Mr. Cowley) hanggang sa ipinahihintulot ng aking ginawang depinisyon; dahil sa Pindaric Odes, ang mga kaugalian at mga seremonya ng sinaunang Grecia ay nakapreserba pa. Subalit hindi ko alam kung anong panlilinlang ang maaaring mangyari mula sa halimbawa ng gayong inobasyon, kapag ginaya ang gayong pangahas na proyekto ng mga manunulat na hindi maitatapat ang kakayahan sa kaniya. Ang pagdagdag at magbawas alinsunod sa ating kasiyahan, na siya diumanong sinunod niya, ay maaari lámang ipahintulot sa gaya ni Mr. Cowley at muli sa kaniya lámang salin ng Pindar; sapagkat siya lámang nag-iisa ang may kakayahang ibigay ang nararapat kay Pindar, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kaniya ng higit na mainam kaysa kaniyang sarili kailanman at ayaw niyang tupdin ang mga nais ng awtor. Kilála sa pangkalahatan si Pindar na isang madilim na manunulat upang magnais makipag-ugnay (Ang ibig kong sabihin, alinsunod sa ating kakayahang umunawa), waring laging lilipad para maglahò sa paningin, at iniwan ang kaniyang mambabasá sa isang iglap. Ang isang makatang ilahas at mahirap pangasiwaan ay hindi maaaring isalin nang literal; ang henyong niya ay lubhang malakas para magtiis ng tanikala, at mala-Samson iwawaksi niya ito. Ang isang henyong lubhang matayog at walang-takda na tulad ni Mr. Cowley

ang kailangan upang mapagsalita si Pindar sa Ingles, at maaari itong isagawa sa paraang imitasyon at wala nang iba...Upang ipahayag nang higit na makatarungan, ang imitasyon ng isang awtor ay pinakamainam na paraan para sa isang tagasalin upang itanghal ang kaniyang sarili, subalit ito naman ang pinakamalaking pagkakasála na maaaring gawin sa alaala at reputasyon ng patay. Si Sir John Denham (na nagpapayo ng higit na kalayaan kaysa isinagawa niya mismo) ay nagbigay ng mga katwiran para sa kaniyang inobasyon sa kaniyang nakalulugod na Preface bago ang salin sa Ikalawang Aeneid: “Ang Pagtula ay isang napakadulas na espiritu, na, kapag ibinuhos mula sa isang wika tungo sa ikalawa ay lubos na naglalaho; at, kapag hindi dinagdagan ng isang bagong espiritu sa pagbubuhos, walang matitira kundi isang caput mortuum.” Inaamin kong ang argumentong ito ay tamang-tama laban sa isang pagsasalang literal; ngunit sino ba ang nagtatanggol sa ganoong pagsasalin? Ang imitasyon at ang berbal na bersiyon, palagay ko, ay ang dalawang dulo na kapuwa dapat iwasan; at sa gayon, kapag aking ipinanukala ang kalagitnaan sa pagitan ng dalawa, makikita kung hanggang saan magagamit ang kaniyang argumento.

Dalubhasa sa Dalawang Wika

Walang sinumang may kakayahang magsalin ng tula, na, bukod sa isang henyo sa naturang sining ay hindi dalubhasa kapuwa sa wika ng kaniyang awtor at sa kaniyang sarili. Hindi rin kailangang maunawaan lámang natin ang wika ng makata kundi maging ang kaniyang natatanging takbo ng isip at paraan ng pagpapahayag, na mga katangiang ikinabubukod at sa ganoong paraan ay ikinaiiba niya sa lahat ng ibang manunulat. Kapag isinaalang-alang natin ito, kailangang isaloob natin na ibagay ang ating henyo sa kaniya, na idulot ang takbo ng kaniyang isip alinsunod sa kaniyang takbo ng isip, at kung ipahihintulot ng ating dila, o kung hindi man, bahagyang ibahin ngunit hindi ang kasuotan, at lalo nang hindi iibahin o sisirain ang sustansiya. Ang nakakatulad na pag-iingat ay dapat gawin sa higit na panlabas na palamuti, sa mga salita. Kapag lumitaw ang mga ito (na manaka-naka lang) na literal na malamyos, isang malaking pinsala sa awtor na baguhin ang mga ito. Subalit dahil ang bawat wika ay tigib sa mga sarili niláng kaangkinan, na ang maganda sa isa ay malimit na

barbaro, at higit pa, walang kahulugan kung minsan sa ibang wika, hindi makatwiran na bigyan ng hanggahan ang tagasalin sa loob ng makitid na saklaw na mga salita ng awtor: sapat nang pumili siya ng ilang pahayag na hindi lumilihis sa kahulugan . . . Ipinakakahulugan ko sa ganito na ang espiritu ng isang awtor ay maaaring mabigyan ng bagong dugo ngunit hindi naglalahò. At sa gayon, maliwanag na ang katwirang ibinigay ni Sir John Denham ay maaari lámang tupdin sa larangan ng pahayag. Sapagkat ang kaisipan, kung totoong isasalin ito, ay hindi dapat maglahò sa ibang wika. Gayunman, ang mga salita na napili para ipahayag ang kaisipan para sa ating pang-unawa (na mga imahen at palamuti ng naturang kaisipan) ay maaaring hindi angkop, kayâ mistulang isang hindi kasiya-siyang damit, at sumisira sa taal nitóng kariktan. May kalayaan, samakatwid, na ipinahihintulot para sa pahayag; hindi kailangang mapiit ang mga salita at mga taludtod sa higpit ng kanilang mga orihinal. Ngunit ang kahulugan ng isang awtor, sa pangkalahatan, ay dapat na sagrado at hindi nasasalungat. Kung ang sagimsim ni Ovid ay masagana, katangian niyang maging gayon; at kung higpitan ko, hindi na siya si Ovid. Maaaring isagot na mainam para sa kaniya na maputulan ng mga di-kailangang sanga; ngunit ipipilit ko pa rin, walang gayong karapatan ang tagasalin. Kapag kinopya ng pintor ang búhay, ipinalalagay kong wala siyang pribilehiyong baguhin ang mga katangian at mga guhit sa dahilang higit na gaganda ang kaniyang larawan. Marahil, ang mukha ng iguhit niya ay magiging higit na eksakto kung ang mga mata o ang ilong ay nabago, subalit trabaho pa rin niyang makamukha ito ng orihinal. Maaari lámang magkaproblema sa dalawang kaso; kung ang kaisipan ay lubhang napakawalang-kuwenta o napakasinungaling. Ngunit iisa lámang ang sagot sa naturang dalawang kaso: na kung gayon ay hindi dapat isalin ang mga ito.

Dagdag-Bawas

Sa nakaraang kalahating taon ay binagabag ako ng karamdaman (katulad ng maaari kong itawag dito) sa pagsasalin. Ang atake nitóng sipon sa prosa, na siyang laging malaking parusa sa akin, ay naubos sa History of the League; ang lagnat ay inakala kong higit kong ikinapapalagay sa pagbago-bago ng matinding sumpong at hindi ko

hininala na ang sintomas ay maaaksaya sa dalawa o tatlong Pastorals ni Theocritus, at sa kasindaming Odes ni Horace. Ngunit dahil natuklasan ko o kahit paano’y iniisip kong natuklasan ang isang higit na kasiyahan sa kanila kaysa mga ordinaryo kong produksiyon, ginanyak ko ang sarili na muling balikan ang aking lumang pakikipagkilala kina Lucretius at Virgil, at kaagad nagtuon sa ilang bahagi nila na lubhang tumalab sa akin nang basahin. Ito ang aking mga natural na simbuyo sa naturang gawain. Ngunit may isang motibong aksidental na ganap at malakas, at patawarin ako ng Diyos sa tao na nagdulot nitó sa akin. Ito ang Essays on Translated Verse ng aking Lord Roscommon, na lubha kong ikinabalísa hanggang sikapin kong timbangin kung makakáya kong sumunod sa kaniyang mga tuntunin, at upang isagawa ang kaniyang mga haka. Sapagkat marami sa mga batas sa pagtula ang, tulad ng isang mistulang demostrasyon sa matematika ay napakatiyak sa diyagrama, ngunit bumabagsak sa operasyong mekaniko. Palagay ko naman ay tinupad ko sa pangkalahatan ang kaniyang mga instruksiyon . . . Ngunit sa kabila ng lahat, dapat kong tanggapin na malimit akong lumalagpas sa aking komisyon; sapagkat kapuwa ako gumawa ng pagdadagdag at paglikwad, at kung minsan ay buong katapangan pang gumagawa ng gayong eksposisyon hinggil sa aking mga awtor, sa paraang hindi mapatatawad ng sinumang komentarihang Dutch. Marahil, sa naturang mga taludtod ay naisip kong nakatuklas ako ng isang kagandahang hindi pa natutuklasan ng mga dalubhasa, iyong kagandahan na walang makatatagpo kundi isang makata lámang. Doon naman sa mga sitwasyong inalis ko ang ilan niláng pahayag, at pinaikli, maaaring isinaalang-alang ko na may maganda sa Griego o Latin na hindi lilitaw na marikit sa Ingles; at doon sa mga pinalaki ko, hinahangad kong ang mga huwad na kritiko ay hindi laging isaisip na sa aking lahat ang mga kaisipang iyon, kundi mga lihim ito ng makata o makatarungang ituring na maaaring magmula sa kaniya; o kahit paano, kung kapuwa mabigo ang aking mga ipinasasaalang-alang, na ang akin ay isang pirasong katugma ng kaniya, at na kung nabubúhay siya, at isang Ingles, ang mga iyon ay posibleng sa gayong paraan niya sulatin.

Itanghal ang Awtor

Pagkatapos ng lahat, dapat palitawin ng tagasalin ang kaniyang awtor na kaakit-akit hanggang makakáya niya, hangga’t napapanatili niya ang

kaniyang karakter at naitatanghal niya itong hindi di-katulad nitó. Ang pagsasalin ay tila isang pagguhit alinsunod sa búhay; at sa bagay na ito, magkakasundo ang lahat na may tila dobleng uri ng pagkakatulad—ang mahusay na pagkakatulad at ang pangit . . . Hindi ko maaatim, nang hindi naririmarim, na tumingin sa masamâng kopya ng isang ekselenteng orihinal; at hindi ko mapagtitiyagaang pagmasdan ang Virgil, Homer, at ilan pa na mga kagandahang pinagsisikapan ko habang-búhay na gayahin ay lapastanganin, kung maaari kong sabihin sa kanila nang harapan, ng mga palpak na interpreter . . . (A)ng isang mahusay na makata sa isang bobong pagsasalin ay mistulang ang katad sa kaniyang katawang buháy. Maraming maalam sa Griego at Latin, ngunit mangmang sa kanilang sariling wika. Ang mga katangian at linamnam ng Ingles ay nakikilála lámang ng ilan; imposible kahit para sa isang matalino na maunawaan at magamit ang mga ito kung walang katulong na isang edukasyong liberal, mahabàng panahon ng pagbabasá, at pagnguya sa ilang mahusay na awtor na mayroon táyo, sapat na kaalaman sa mga tao at asal, kalayaan sa ugali at pakikipag-usap sa pinakamainam na pangkat ng dalawang kasarian; at, sa maikling salita, nang hindi tinatangal ang kalawang na kumapit sa kaniya samantalang nagtatatag ng pundasyon ng karunungan. Kayâ napakahirap maunawaan ang kadalisayan ng Ingles, at matanto nang mapanuri hindi lámang ang mainam sa masamâng manunulat, at ang isang wastong estilo sa bulok, kundi maging ang makilatis kung ano ang dalisay sa isang mainam na awtor at maibukod ito sa kung ano ang masamâ at bulok sa kaniya . . . Kayâ lumilitaw na kailangang ang isang tao ay maging isang mainam na kritiko sa kaniyang sariling wika bago siya magtangkang magsalin mula sa isang wikang banyaga. Hindi rin sapat na nakakáya niyang maging hukom ng mga salita at estilo, kundi kailangang maging panginoon din siya ng mga ito. Kailangang ganap niyang nauunawaan ang wika ng kaniyang awtor, at may absolutong kapangyarihan sa kaniyang sariling wika. Sa gayon, upang maging isang mahusay na tagasalin, kailangan niyang maging isang mahusay na makata. Hindi rin sapat na naibibigay niya ang kahulugan ng kaniyang awtor sa mainam na Ingles, sa matulaing mga pahayag, at sa magandang himig. Sapagkat kahit napakahirap tupdin ang mga ito, may natitira pang higit na mahirap na tungkulin, at isang lihim ito na iilang tagasalin ang nakapagliming mabuti. Naipahiwatig ko na ito sa ilang salita; at ito ang pagpapanatili sa karakter ng isang awtor, sa

ikinatatangi niya sa maraming iba, at sa kung anuman iyong naglilitaw sa kaniya bilang isang indibidwal na makatang ninanais mong isalin . . .

Problema ng Modernong Wika

. . . Matagal ko noong naisaalang-alang na ang paraan para masiyahan ang pinakamahusay na hukom ay hindi ang pagsasalin nang literal sa isang makata, at higit kaysa kaninuman si Virgil. Sapagkat, ang naiibang kagandahan niya ay nasa kaniyang pagpili ng mga salita. Naititiwalag ako sa bagay na ito dahil sa makitid na saklaw ng ating tulang heroiko—maliban kung gagamit lámang ako ng mga iisahing pantig—at dahil sa nakabaradong mga katinig, na siyang hilahil ng ating sariling wika.

. . . Ang landas kong tinahak ay hindi lubhang makitid na gaya ng metapraxe, at hindi rin lubhang maluwag na gaya ng parapraxe. May ilang bagay din akong kinaligtaan at may pagkakataóng nagdagdag ng sarili ko. Gayunman, ang mga nakaligtaan, umaasa ako, ay bunga ng mga pagkakataón at iyong hindi magdudulot ng lamyos sa Ingles; at ang mga dagdag, umaasa rin ako, ay madalîng makakatas mula sa kahulugan si Virgil. Ang mga ito ay maaaring ituring (kahit paano ay ganito ang medyo mayabang kong palagay) na hindi nakatarak sa kaniya kundi umuusbong mula sa kaniya. Pinag-aralan niya ang pagtitipid nang higit kaysa sinumang makata, ngunit sadyang may gagap siya sa wika kayâ napakalaki ang maaaring matutuhan sa kahit napakaliit na espasyo. Táyo, at ang lahat ng modernong wika, ay higit na maraming mga pantukoy at panghalip, bukod sa mga senyas para sa pamanahon at mga kaso, at iba pang barbaridad na pinagsandigan ng ating pangungusap bunga ng mga kahinaan ng ating mga ninuno. Isinandig ng mga Romano ang kanila sa mga Griego; at ang mga Griego, alam natin, ay nagtiyaga sa loob ng mga dantaon sa kanilang wika, bago nilá ito nailuklok sa trono ng perpeksiyon. Itinakwil nilá ang mga senyas na katulad ng sa atin, tinagpas ang lahat ng mga pantukoy na hindi kailangan, ipinauunawa sa isang salita ang naipapahayag lámang natin sa dalawa: ang isang dahilan kung bakit hindi natin káyang magsulat nang kasing-ikli ng nagagawa nilá.

Ang kakulangang ito ay matatagpuan sa lahat ng modernong wika; at dahil lámang dito ay napupuwersa táyong gumamit ng higit na mga salita kaysa kailangan ng mga sinauna. Subalit dahil naobserbahan kong nagsisikap si Virgil na maging maikli, ngunit elegante, higit kong hinabol ang kahusayan at kinalimutan ang katipiran. Sapagkat hayan siyang tila ambergris—isang mahalimuyak na pabango ngunit napakadikit at maningning kayâ kailangan itong buksan sa pamamagitan ng isang mahinàng samyo ng musk o civet—o ang kaniyang lamukot ay hindi mapalilitaw sa ibang wika.

Sa kabuuan, ipinalalagay kong wasto na manimbang sa pagitan ng dalawang dulo ng parapraxe at ng pagsasalang literal; maging laging nakadikit sa aking awtor hangga't maaari, nang hindi naiwawaglit ang kaniyang mga biyaya, na ang pinakamalinaw sa lahat ay ang kagandahan ng kaniyang salita; at ang mga salitang iyon, kailangan kong idagdag, ay laging mapaglaro. At sapagkat kailangang mabihag ang gayong elegansiya sa ating wika, sinikap kong itimo ito sa sarili; ngunit malaking bahagi ng mga ito ang kailangang mawaglit, dahil maaari lámang magningning ang mga ito sa kanilang sariling wika. Ganoon kalaki ang pagkakaiba ng mga wika, o ganoon kabigat ang kakulangan ko sa pagpili ng mga salita. Gayunman, ipinagmamalaki kong sabihin, at umaasa akong batay sa katwirang katulad ng tagasalang French, na, pagkatapos pag-aralan ang lahat ng materyales ng bathalang awtor na ito, napagsikapan kong pagsalitin si Virgil sa Ingles na siya niyang sasalitin kung ipinanganak siya sa England at sa ating panahon.

Muling-Pagbúhay sa Luma

. . . Halos matatapos ko na si Chaucer nang kailangan kong sumagot sa ilang pagtutol kaugnay ng isang kasalukuyang trabaho. Narinig ko na ilang tao ang hindi nasiyahan dahil isinalin ko ang mga salaysay niya sa modernong Ingles, dahil may palagay siláng hindi karapat-dapat si Chaucer sa aking paghihirap, at dahil sa tingin nila ay isang tuyot, makalumang talino si Chauce kayâ hindi mahalagang buháying muli. Malimit kong marinig ang nasirang Earl of Leicester na si Mr. Cowley mismo ay may ganoong opinyon; na nang basáhin si Chaucer dahil sa

kahilingin ng aking Earl ay nagdeklara na hindi niya ito magustuhan. Hindi ako mangangahas ibangga ang aking opinyon laban sa hatol ng isang dakilang awtor; ngunit ipinalalagay kong makatarungan lámang na pabayaang ang publiko ang magpasiya . . . Si Chaucer, inaamin ko, ay isang magaspang na diyamante, at kailangan munang bulihin para kuminang. Hindi ko rin itinatatwa na dahil nabúhay siya sa unang panahon ng pagtula ay walang nagkakaisang katangian ang kaniyang pagsulat. May mga pagkakataón na inihalalò niya ang mga walangkuwentang bagay sa mga mahalagang sandali. May mga pagkakataón din, bagaman hindi madalas, na sumasabog siyang tila si Ovid, at hindi malaman kung kailan hihinto. Ngunit may mga higit na dakilang talino kay Chaucer na ang kahinaan ay ang sobrang talinghaga . . . Hindi kailangang isulat ng awtor ang lahat ng káya niya; manapa, yaon lámang kailangan niyang isulat. Dahil naobserbahan ko ang ganitong pag-uulit kay Chaucer (gaya ng pangyayaring isang magaang na bagay para sa isang ordinaryong tao na makita ang kahinaan ng isang higit na dakila), hindi ko ipinugal ang sarili sa isang pagsasalang literal. Iniwaglit ko madalas ang sa hatol ko ay hindi kailangan, o walang sapat na dignidad na makahanay ng ibang nakahihigit na kaisipan. Nanghihimasok din ako sa ilang pagkakataón, at idinadagdag ang sarili ko sa mga lugar na palagay ko’y nagkulang ang aking awtor, at hindi gaanong nabigyan ng tunay na kinang ang kaniyang kaisipan . . . At mas lumakas ang loob ko sa gawaing nabanggit, sapagkat (kung ipahihintulot na masabi ko ito sa sarili) nakita kong may kaluluwa akong katugma ng kaniya, bukod sa magkaagapay ang aming hilig. Maaari itong gawin sa akin ng ibang makata, sa ibang panahon, kung mabúhay nang gayong katagal ang aking sinulat upang maging karapat-dapat sa pagwawasto. Nangangailangan din kung minsan na ibalik ang kahulugan ni Chaucer, na nawaglit o nawasak dahil sa mga pagkakamali sa imprenta . . .

Subalit may ibang mga hukom na nagpapalagay na hindi ko dapat isinalin si Chaucer sa Ingles, mula sa ibang medyo salungat na haka: may ipinapalagay siláng nararapat na pagsamba sa kaniyang lumang wika, at kayâ kulang na lámang ay paglapastangan o sakrilehiyo ang baguhin ito. May dagdag pa siláng opinyon na may kung anong maganda sa kaniyang kahulugan ang magdurusa sa tulad ng ginawa kong pagsasalin, na lumilitaw sa kanilang higit na nabibiyayaan sa luma nitóng kasuotan. May ganitong opinyon ang isang ekseleto

tao na binanggit ko na, si nasirang Earl of Leicester, na nagpapahalaga kay Chaucer sa paraang kasalungat ng paghamak ni Mr. Cowley sa kaniya . . . Gayunman, hindi nakumbinsi ang katwiran ko ng mga argumento ng nasirang Earl laban ginawa ko . . .

Kapag ang isang sinaunang salita ay nararapat muling buháyin dahil sa tunog at halaga nitó, mayroon akong makatwirang pagsamba para sa antigwedad para ibalik ito. Ang anumang idagdag pa ay pamahiin. Ang mga salita ay hindi mohon, napakasagrado para hindi kailanman ilipat. Ang mga kaugalian ay nagbabago, at kahit ang mga batas ay tahimik na sinusugan kapag ang katwirang ginamit sa pagbuo ng mga ito ay wala nang bisà. Hinggil sa ibang bahagi ng argumento—na ang kaniyang mga kaisipan ay nawawalan ng orihinal kagandahan dahil sa inobasyong dulot ng bagong salita—hindi lámang ang kagandahan ng mga ito kundi maging ang kabuuan ang nawawala kapag hindi na naiintindihan ang mga ito, at siyang tunay na nangyayari ngayon. Sumasang-ayon ako na may nawawala sa lahat ng pagsasalin; ngunit nananatili ang kahulugan, na kung sakali ay nawawala din, o kahit paano ay napipilay, kapag hindi na ito halos mawatasan kundi ng iilan. Ilan lámang ba ang nakababása kay Chaucer at naiintindihan siyang ganap? At kung hindi ganap, maliit ang pakinabang kung gayon, at walang nagaganap na kasiyahan. Hindi para sa iilang kaibigan nating matandang Saxons ang ginawa kong paghihirap sa kaniya. Pabayaang iwasan nilá ang aking bersiyon; wala siláng gamit sa ginawa ko. Ginawa ko iyon para sa kanilang nakauunawa ng kahulugan at pagtula kapag ang pagtula at ang kahulugan ay ginamitan ng mga salitang naiintindihan nilá. Dadagdagan ko pa, na ang mga kagandahang naiwaglit ko sa ilang pagkakataón ay naibigay ko naman sa iba na hindi nalasap ang mga iyon sa orihinal . . .

Ang Huwarang Tagasalin

Ang kalipikasyon ng isang tagasaling nararapat basáhin ay kailangang isang ganap na paggagap sa wika ng isinasalin niya at sa wikang pinagsasalinan niya. Gayunman, kung ipahihintulot ang kahinaan sa isa sa dalawa, ito ay sa orihinal; sapagkat kung sapat lámang ang gagap niya sa wika ng kaniyang awtor upang magagap ang kahulugan

nitó, napakaposible para sa kaniya na ipahayag ang gayong kahulugan sa pinakamagandang paraan sa kaniyang sariling wika kung ganap na nakapailalim ito sa kaniyang kapangyarihan. Ngunit kung wala ang hulí, hindi niya kailanman maaabot ang kapaki-pakinabang at ang kalugod-lugod—ang kailangang mga birtud upang ang pagbabasá ay hindi maging pagdurusa at malaking pagod.

Totoo na maraming dakilang kagandahan na umaasa sa diksiyon sa bawat wika at nawawaglit ito sa bersiyon ng isang tao na hindi sanay sa orihinal na wika ng awtor. Ngunit sa kabilâng dako, una, imposibleng msunod ang lahat ng mga munting palamuti ng pahayag sa alinmang dalawang wika; at kayâ kung may ganap na paggagap siya sa kahulugan at espiritu ng kaniyang awtor, at may isang estilo at kalugod-lugod na pagpapahayag sa kaniyang sariling wika, madalî niyang mapapalitan ang lahat ng naiwaglit niyang bunga ng kaniyang depekto.

Ang isang tagasalin na makasusulat sa paraang may puwersa o espiritu ng isang orihinal ay hindi dapat kailanman magpalumagak sa mga salita ng kaniyang awtor. Kailangang lubusan niyang hawak ang sarili at ganap na nauunawaan ang henyo at kahulugan ng kaniyang awtor, ang kalikasán ng paksa, at ang mga pangangailangan ng sining o paksang tinatalakay. At sa gayong paraan ay maipapahayag niya ang sarili nang may katarungan, at nang may higit na sigla, na waring isinulat niya ang isang orihinal. Samantala, siyang kinokopya ang bawat salita ay nagwawaglit ng lahat ng espiritu dahil sa kaniyang mabagal at mabusising pagsasalin.

(Salin ni Virgilio S. Almario)

HINGGIL SA WIKA AT MGA SALITA*

ARTHUR SCHOPENHAUER

Higit sa lahat, ang salita ang walang tugot na sangkap ng sangkatauhan. Minsang maayos na mahubog ng isang makata sa pinakaangkop na mga salita ang kaniyang pinakamabilis tumalilis na damdamin, patuloy itong mabubuhay sa pamamagitan ng mga salitang ito sa loob ng libo-libong taón at muli't muling yayabong sa bawat maselang mambabasá...

Walang angkop na katumbas sa isa pang wika ang bawat salita sa isang wika. Kayâ't hindi lahat ng dalumat o konsepto na naipahahayag sa pamamagitan ng mga salita sa isang wika ay katulad na katulad ng mga dalumat na naipahahayag ng mga salita sa isa pang wika.

Kung minsan, walang taglay na salita ang isang wika para sa isang dalumat kahit pa umiiral ito sa karamihan, marahil pa nga'y sa lahat, ng wika: ang isang tila nakayayanig na halimbawa ay ang kawalan ng katumbas na salitang Frances sa salitang “tumayô.” Sa kabilâng dako, mayroon namang umiiral na salita sa isang wika

* Mula sa “Uber Sprache und Worte,” na nása Parerga und Paralipomena (1800)

lámang para sa ilang konsepto na pagkaraa’y inaampon na lamang ng ibang wika ... Kung minsan, isang banyagang wika ang nagpapasok ng konseptong may bahagyang pagbabago na walang katumbas na salita sa ating wika. Gagamitin naman ang banyagang salitang ito ng sinumang minamahalaga ang tahas na paglalahad ng kaisipan at hindi papatulan ang mga kahol ng mga pedantikong purista sa wika. Sa lahat ng pagkakataóng hindi ganap na matumbasan ng isang salita ang isang katulad na konsepto sa isang wika, naghahain ng ilang singkahulugan ang diksiyonaryo. Matutudla ng mga ito ang kahulugan ng konsepto ngunit hindi ang pinakagitnang palibot nitó. Itinuturo ng mga ito ang mga direksiyon ng kahulugang nagtatakda sa mga hanggangang kinikilusan ng konsepto... Ang ibinubunga nitó ay ang hindi maiiwasang dungis sa lahat ng pagsasalin. Bibihirang mangyari na ang isang natatangi, tahas, at makabuluhang pangungusap ay mailipat mula sa isang wika tungo sa isa pa upang makalikha ito ng ganap na katulad na bisà sa bagong wika. Kahit sa larang ng prosa, ang pinakawalang-dungis halos na salin ay pinakamahusay na maiuugnay lámang sa orihinal sa paraang katulad ng paglalapat sa isang piyesang pangmusika sa iba’t ibang antas ng mga nota. Alam ng mga nása larang ng musika ang ibig sabihin niyan. Mangyayari lámang na ang bawat salin ay manatiling patay at ang estilo nitó’y lumabas na pilít, matigas, at hindi natural, o humulagpos ito sa mga gapos ng pagtalima sa wika, at sa gayon ay masiyahan sa akalang a-peu-pres o “humigit-kumulang,” na hindi naman totoo. Ang isang aklatan ng mga salin ay kawangis ng isang galeriya ng mga reproduksiyon ng mga likhang sining. Tingnan ang mga pagkasalin sa mga sinaunang manunulat: halatang-halatang panakip-butás lámang ang mga ito tulad ng giniling na ugat ng atsikorya na ipinanghahalili sa kape. Hindi maisasalin ang mga tula; maaari lámang baguhin ang pagkakasalansan sa mga ito, at iyan ay laging magiging alanganin.

Kayâ naman kapag nag-aaral táyong matuto ng isang wika, ang ating pangunahing suliranin ay nása pag-unawa sa bawat konseptong may katumbas na salita sa wikang banyaga, ngunit walang ganap na katumbas sa ating sariling wika—na sabihin pa’y madalas na nangyayari. Kayâ’t kapag natututo ng isang wikang banyaga, kinakailangang maiguhit sa isipan ng sinuman ang ilang bagong larang ng mga konsepto na dati-rating wala roon. Sa malao’t madali’y hindi

lámang natututuhan ninuman ang mga salita ngunit naaangkin din ang mga konsepto. Lalong totoo ito sa mga nais matuto ng mga wikang klasikal, dahil ang mga paraan ng pagpapahayag ng mga sinaunang tao sa mga sarili ay may malaking pagkakaiba sa paraang alam natin at higit pa sa mga pagkakaiba sa isa't isa ng mga makabagong wika. Kitang-kita ito sa pagsasalin tungo sa Latin: kailangang gumamit ng mga pagpapahayag na ganap na kaiba sa orihinal. Ang totoo'y kailangang ganap na itindig at muling hubugin ang mga ideang ililipat sa Latin; kailangang lusawin ang idea sa mga pinakasaligang bahagi nitó at pagkaraa'y bubuuing muli sa bagong wika. Sa pamamagitan ng ganitong proseso lámang nakikinabang nang malaki ang isipan mula sa pagkatuto ng mga sinaunang wika. Maaarok lámang ng sinuman ang diwa ng wikang nais matutuhan pagkaraang magagap nang wasto ang mga konseptong itinatakda ng wikang ito sa pamamagitan ng mga indibidwal na salita, at kapag taglay na niya ang kakayahang kagyat na iugnay ang bawat salita sa katumbas nitong konsepto sa wikang banyaga. Hindi natin magagagap ang diwa ng wikang banyaga kung isasalin muna natin ang bawat salita nitó sa ating inang wika at pagkaraa'y iuugnay ito sa katalik na konsepto sa wikang iyon—na hindi laging tumutugon sa mga konsepto ng pinagmulang wika—at ganoon din naman sa mga ganap na pangungusap. Kapag nagagap nang wasto ng sinuman ang diwa ng wikang banyaga, nakahakbang na rin siya nang malaki tungo sa pag-unawa sa bansang nagsasalita sa wikang iyon dahil tulad din naman ng kaugnayan ng estilo sa kaisipan ng indibidwal ay gayundin ang wika sa kaisipan ng bansa. Ang ganap na kadalubhasaan sa panibagong wika ay nagaganap lámang kapag ang sinuman ay may kakayahan nang magsalin tungo sa ibang wika hindi ng mga aklat kundi ng sarili, upang kaagad nang makipagtalastasan sa wikang iyan nang hindi nawawala ang sariling indibidwalidad, at sa gayon ay ikasiya ng mga dayuhan gayundin ng mga kababayan.

Hindi madalíng maging bihasa sa isang wikang banyaga ang mga taóng may hanggahan ang kakayahang pangkaisipan. Natututuhan naman nilá ang mga salita; gayunman, lagi lámang niláng ginagamit ang mga salitang may humigit-kumulang na katumbas sa inang wika, at pinananatili niláng yaon lámang mga pagpapahayag at pangungusap na natatangi sa inang wika. Wala siláng kakayahang kamtin ang “diwa” ng wikang banyaga. Maipaliliwanag ito sa dahilang hindi nagmumula

sa sariling sangkap ang kanilang pag-iisip, at manapa’y hiniram ang kalakhan sa kanilang sinusong wika na ang mga kasalukuyang parirala at pagpapahayag ay inihahalili nilá sa sariling kaisipan. Kayâ naman gumagamit lámang silá ng mga gasgas na padron ng pagsasalita (mga gasgas na parirala, phrases banales) sa kanilang sariling wika na padaskol niláng pinagsasáma-sáma kayâ’t maiisip na lang na napakababaw ng kanilang pag-unawa sa kahulugan ng kanilang sinasabi at gaano kaikli ang nararating ng kanilang pag-iisip lampas sa payak na paggamit ng mga salita, kayâ’t hindi na ito hihigit pa sa walang kamuwangang panggagagad ng isang loro. Sa kabilâng dako, ang orihinalidad ng pagpapahayag ng isang tao at ang kaangkupan ng indibidwal na pormulasyong ginagamit niya ay di-matatawarang indikasyon ng napakataas na kaisipan.

Mula sa mga ito, nagiging malinaw na ang ang mga bagong konsepto ay nalilikha sa proseso ng pagkatuto ng isang wikang banyaga upang magbigay-kahulugan sa mga bagong palatandaan. Dagdag pa rito, lumilina na ang mga konseptong sáma-sámang bumubuo sa higit na malaki at malabõng konsepto, dahil isang salita lámang ang umiiral para rito, ay madadalisa sa kanilang mga pagkakaiba at ang mga ugnayang hindi dating batid ay matutuklasan sa pamamagitan ng talinghaga o metapora na likás sa wikang iyon. Kung gayon, tumataas ang walang hanggang bilang ng mga bahagyang kaibhan, pagkakawangki, pagkakaiba, at ugnayan ng mga bagay sa antas ng kamalayan bilang bunga ng pagkatuto ng bagong wika, kayâ’t nakabubuo sa isipan ng maraming pespektiba ng lahat ng penomeno. Pinatutunayan nitó na ang tao ay nag-iisip nang magkaiba sa bawat wika, na ang ating isipan ay nababago at muling nakukulayan sa pamamagitan ng pagkatuto sa bawat wikang banyaga, at ang kakayahang magsalita sa maraming wika o poliglotismo, maliban sa kagyat nitõng pakinabang, ay tuwirang paraan ng pagtuturo sa isipan sa pamamagitan ng pagwawasto at pagdalisa sa ating mga pandamá sa pamamagitan ng mga lumilitaw na pagkakaiba at pagdalisa sa mga konsepto. Kasabay nitó, higit na hinuhubog ng poliglotismo ang pag-iisip dahil sa pamamagitan ng pagkatuto ng maraming wika, patuloy na inihihwalay ng konsepto ang sarili mula sa wika. Nagaganap ito sa higit na mataas na antas sa usapin ng mga klasikal kaysa sa makabagong wika dahil higit na kaiba ang mga ito sa ating mga wika. Hindi nag-

iiwan ng sapat na puwang ang pagkakaibang ito para sa tapatang paglilipat ng salita ngunit nagtatakdang buong-buong lusawin natin ang ating mga kaisipan at muling hubugin ang mga ito sa kakaibang anyo. O (kung pahihintulutan akong magpasok ng pagtutulad mula sa kemistri), samantalang ang pagsasalin ng isang makabagong wika tungo sa isa pang makabagong wika ay nangangailangan lámang ng pagbabaklas ng pangungusap na isasalin sa mga litaw na bahagi nitó at ang muling pagbubuo sa mga ito, ang pagsasalin tungo sa Latin ay kadalasang humihingi ng pagkakalas ng pangungusap hanggang sa pinakadalisay at pinakasaligang mga bahagi (ang dalisay na laman ng kaisipan) at mula rito’y ang muling pagbubuo sa ganap na kakaibang mga anyo. Kayâ’t kadalasang nangyayari na ang mga pangngalan sa teksto ng isang wika ay naililipat lámang bilang pandiwa sa isa pang wika, o sa kataliwas na daloy nitó, at maraming iba pang halimbawa. Ganitong proseso rin ang nagaganap kapag isinasalin natin ang mga klasikal na wika sa makabagong wika. Kayâ nga’t sa pamamagitan ng mga ganoong pagsasalin, naihahayag ang maaaring maging pagitan ng mga ugnayan natin sa mga klasikal na manunulat...

(Salin ni Fidel Rillo)

HINGGIL SA IBA'T IBANG PAMAMARAAN NG PAGSASALIN*

FRIEDRICH SCHLEIERMACHER

Hinaharap natin ang katotohanan na ang pagsasalita ay isinasalin sa sari-saring anyo mula sa isang wika tungo sa ibang wika. Sa isang panig, nagkakaroon ng kakakayahan ang mga tao na sa simula't sapul ay magkakabukod nang malalayò sa isa't isa para makipag-ugnayan o marahil ay iangkop sa isang wika ang mga produkto ng ibang wikang naglahò na nang kung ilang siglo. Sa kabilâng panig, hindi na táyo kailangang lumampas pa sa hanggahan ng isang wika upang matunghayan ang parehong katotohanan. Dahil ang magkakaibang pantribung diyalekto ng isang nasyon at ang iba't ibang kabaguhan ng parehong wika o diyalekto sa iba't ibang siglo—sa mahigpit na pakahulugan ng salita—ay malimit mangailangan ng kompletong pagsasalin. Kahit ang magkakapanahon na hindi ibinukod ng mga diyalekto ngunit nagmula sa magkakaibang panlipunang uri na kakaunti ang pagkakataón na magtagpo at lubhang magkalayò ang kani-kanilang pinag-aralan ay malimit makipag-usap o makipagtalastasan sa isa't isa

* Binasa ni Friedrich Schleiermacher ang tratadong “Methoden des Übersetzens” noong 24 Hunyo 1813, sa Royal Academy of Sciences sa Berlin. Muling inilathala sa Friedrich Schleiermachers sämtliche Werke, Dritte Abtheilung: Zur Philosophie, tomo 2 (Berlin: Reimer, 1938), pp. 207-45.

sa pamamagitan ng parehong proseso ng pagsasalin. Hindi ba táyo malimit mapilitan, sa kabilâ ng lahat, na isalin para sa kabatiran natin ang mga salita ng ibang tao na taliwas sa ating pananalita, ngunit sa naiibang temperamento at pag-iisip? Dahil kung nadaramâ natin na sa ating pagsasalita’y magtataglay ng ganap na ibang pakahulugan ang parehong salita, o higit na malakas dito o doon ay mahinâ kompara sa kaniya, at gagamit táyo ng naiibang salita at parirala kung ibig nating ihayag sa ating pamamaraan ang parehong mga bagay na ibig niyang sabihin, kung gayon tila bang, hábang ipinapakahulugan natin ang pakiramdam na ito nang matalik sa ating sarili, at hábang ito’y nagiging kaisipan sa atin, ay nagsasalin táyo. Pana-panahong kailangan nating isalin ang ating mga salita, kung kailan nais natin muling angkinin yaon. At ang kasanayang ito ay isinasagawa hindi lámang para sa layuning muling-itanim sa banyagang lupain kung ano ang nalikha ng wika sa mga lárang ng iskolarsip at retorikong sining, na magpapalawak sa panginorin ng kapangyarihan ng isip, bagkus ito rin ay isinasagawa sa mga transaksyong pangkalakalan ng mga indibidwal ng iba’t ibang nasyon, at sa mga palítang diplomatiko ng mga independiyenteng gobyerno, at doon ang bawat isa’y nasanay magsalita sa sariling wika nitó tungo sa iba pa upang matiyak ang mahigpit na igwalidad nang hindi ginagamit ang patáy na wika.

Hindi naman ibig nating ilahok sa ating talakay ngayon ang lahat ng maaaring pumaloob sa malawak na hanggahan nitóng paksa. Ang pangangailangang magsalin kahit sa loob ng sariling wika at diyalekto—na higit-kumulang ay pansamantala’t pandamdaming pangangailangan—ay napakabigat sa ngayon sa magiging epekto nitó upang mangailangan ng alinmang patnubay nang bukod sa mga emosyon; kung maghahayag ng mga panuntunan hinggil dito, ang mga ito’y magiging panuntunan lámang na lilikha ng pulos moral na gawi para sa tao upang manatiling bukâs ang kaniyang isip sa mga bagay na hindi gaanong magkakaugnay. Kung isasantabi natin ito at haharapin ang mga pagsasalin mula sa banyagang wika tungo sa ating wika, maitatangi din natin ang dalawang magkaibang lárang—na hindi ganap na namumukod, dahil ito ang bihirang mangyari, bagkus ang magkahiwalay na hanggahan na nagsasalimbay—dagdag pa, ang mga lárang ay may matingkad na pagkakaiba-iba kung isasaalang-alang ang pangwakas nitóng layunin. Ang trabaho ng interpreter ay nâsa daigdig

ng negosyo at ang tunay na tagasalin ay nása mga lárang ng iskolarsip at sining. Sinumang nakakikita na arbitraryo ang mga pakahulugang ito—kung isasaalang-alang na ang pagpapakahulugan ay karaniwang nauunawaan na katumbas ng pabigkas na paglilipat, at ang pagsasalin ay ang muling pagtanim ng mga limbag na akda—ay patatawarin ako sa paggamit niyon, yamang tumutugon silá nang may kahusayan sa mga kasalukuyang pangangailangan at dahil ang dalawang pakahulugan ay hindi ganap na naglahò sa isa't isa. Angkop para sa larang ng iskolarsip at sining ang pagsusulat dahil ang pagsusulat ay naitatadhana ang pagkapermanente ng mga akda. Walang saysay ang isalin ang pang-iskolar at pansining na akda nang pabigkas, gaya ng tila imposible ito. Para sa mga transaksiyong pangalakal, sa kabilâng dako, ang pagsusulat ang tanging kasangkapang mekanikal. Sa kasong ito, ang palítang pabigkas ang pinakaangkop, at ang pasulat na pagpapakahulugan ay dapat karaniwang isaalang-alang lámang sa transkrip ng pabigkas na pagpapakahulugan. . . .

Ang gawain ng pagsasalin ay radikal na kakaiba kaysa pagpapahulugan lámang. Saan man ang isang salita ay hindi ganap na nakatali sa mga halatang bagay o sa mga panlabas na katotohanan (na ipinapalagay lámang na inihahayag nitó), saan man nag-iisip ang tagapagsalita na higit-kumulang na malaya at kung gayon ay ibig ihayag ang kaniyang sarili, siya ay nakatindig sa malabòng ugnayan sa wika; at ang kaniyang pananalita ay tumpak na mauunawaan hangga't ang ugnayang ito ay mauunawaan nang tumpak. Bawat tao, sa isang panig, ay nása kapangyarihan ng wika na sinasalita niya; siya at ang buong pag-iisip niya ay produkto nitó. Hindi siya makapag-iisip, nang may ganap na pagkatiyak, ng anumang bagay na nakahimlay nang labas sa mga hangganan ng wika. Ang anyo ng kaniyang mga konsepto, ang paraan at kasangkapan ng pag-uugnay sa mga ito, ay nakabalangkas sa kaniya sa pamamagitan ng wika na kinamulatan at itinuro sa kaniya; ang talino at haraya ay nakabigkis dito. Sa kabilâng dako, ang bawat tao na may malayang pag-iisip at biglaan kung mag-isip ay nakabubuo rin ng kaniyang wika. Dahil paano, kundi sa pamamagitan nitóng mga impluwensiya, magaganap ito at lalago mula sa pangunang hilaw na estado tungo sa perpektong pagkakabuo sa iskolarsip at sining? Sa ganitong diwa, samakatwid, ang buháy na kapangyarihan

ng tao na lumikha ng bagong mga anyo sa nahuhutok na materyal ng wika, na tanging nag-ugat sa pansamantalang layuning maipahayag ang kamalayang lumilipas; ang ganitong mga anyo, gayunman, ay nananatiling pabago-bago ngayon sa wika at ginagamit ng iba para patuloy na lumaganap. Masasabi pa na tanging sa hanggahan na káyang impluwensiyahan ng tao ang wika ay nauukol siyang pakinggan nang lampas sa kaniyang kalapit na kaligiran.

Sa bisà ng pangangailangan, maglalahò pagdaka ang bawat usalin, kung, sa pamamagitan ng sanlibong tinig, ito ay malimit mapararami sa parehong paraan; tanging sa gayong pagbigkas na lumilikha ng bagong simbuho sa búhay ng wika mismo ito makakáya at maaaring magtagal. Sa ganitong dahilan, ang bawat malaya at mataas na diskurso ay hangad na sagapin sa dalawang paraan: sa isang panig, mula sa diwa ng wika na ang taglay na mga elemento nitó'y lumikha rito, isang wika na binigkis at ipinakahulugan ng naturang diwa at malinaw na inisip ng tagapagsalita; sa kabilâng dako, mula sa mga damdamin ng tagapagsalita, na gaya ng kaniyang kilos, ay malilikha lámang at maipapaliwanag ng kaniyang kalikasán. Bawat diskurso na may ganitong uri ay mauunawaan lámang, sa matayog sa diwa ng salita, kapag ang kapuwa mga aspekto ay sinagap nang magkasabay sa kanilang tunay na ugnayan sa bawat isa, upang mabatid kung alin sa dalawa ang nangingibabaw sa kabuuan o sa mga indibidwal na bahagi. Ang inusal na salita ay mauunawaan bilang kilos ng tagapagsalita kung ito ay madaramá, at kasabay nitó, kung kailan at kung paano ang kapangyarihan ng wika ay nakapamamayani sa kaniya, na ang mga kaisipan ay tumawid sa pararayos, sa sandali at paraang ang gumagalàng haraya ay nabihag sa mga anyo nitó. Ang pananalita ay produkto ng wika, at sa pagbigkas ng diwa nitó ay mauuwaan lámang, kung halimbawa, ang mambabasá ay nadaramáng tanging ang Griego ang nakapag-iisip at nakapagsasalita sa ganitong paraan; na ang isang wikang ito ay makakikilos ay makagaganap sa isipan ng tao sa ganitong paraan; na tanging ang tao na ito ang nakapag-iisip at nakapagsasalita ng Griego sa gayong paraan, na tanging siya lamang ang makaaarok at makahuhubog ng wika sa gayong paraan, na tanging sa paraang ito mababatid ang kaniyang umiiral na pag-aari ng yaman ng wika: ang alistong diwa para sa metro at euponiya, ang kakayahang mag-isip at lumikha na tanging nagmula lámang sa kaniya. Kung napakahirap ang

pag-unawa sa parehong wika, at ipinapalagay ang tiyak at malalim na pagpasok sa diwa ng wika at tungo sa pag-arok sa diwa ng wika at sa mga katangian ng gawi ng manunulat, ano pa kayâ kung hindi dahil sa abanseng pinaunlad na sining kapag kaugnay nitó ang mga produkto ng banyaga at malayòng wika!

Sinuman ang nakapagtamo nitóng sining ng pag-unawa, sa pamamagitan ng napakasinop na pagtrato sa wika, sa pamamagitan ng eksaktong kaalaman sa buong kasaysayan ng búhay ng isang nasyon, at sa pamamagitan ng napakahigpit na interpretasyon ng indibidwal na akda at ng mga awtor nitó—siya at tanging siya lámang—ang makapagnanasàng magbukás sa kaniyang mga kamasa at kapanahon ng parehong pagkakaunawa sa mga obra maestra ng sining at iskolarsip. Gayunman, kailangang lumitaw ang mga pagdududa kapag lumapit nang lumapit siya sa gawain, kapag nais niyang ipakahulugan ang sariling mga layunin nang higit na malinaw, at magsimulang tasahin ang kaniyang mga pamamaraan. Dapat ba niyang pagtagpuin ang dalawang tao na magkabukod sa isa't isa—bilang kapuwa tao, na ganap na mangmang sa wika ng awtor, at ang awtor mismo—papaloob sa kalapit na ugnayan gaya ng sa awtor at mambabasá? O kahit na ibig niyang ihayag lámang sa kaniyang mga mambabasá ang parehong ugnayan at ang parehong kaluguran na kaniyang kinasisiyahan, na tanda ng mga bakás ng mabigat na trabaho at pinaalab ng diwa ng pagkabanyaga, paano niyang matatamo ang lahat ng ito sa mga pamamaraang taglay niya? Kung ang kaniyang mga mambabasá ay ipinapalagay na nakauunawa, dapat niláng maarok ang diwa ng wika na taal sa manunulat, at dapat niláng makita ang kakaibang paraan ng pag-iisip at pagdamá.

Nalalatatad ang iba pang balakid kapag isinaalang-alang ng tagasalin ang kaniyang kaugnayan sa wika na ginagamit niya sa pagsusulat at ang kaugnayan ng kaniyang salin sa iba pang akda. Kapag ibinukod natin ang mga kahanga-hangang maestro na nagagawang iisa ang ilang wika, o ang natutuhang wika ay higit pa sa natural kaysa kanilang inang wika (na para sa kung sino, gaya ng nabanggit kanina, ay hindi maisasalin ninuman), ang lahat ng tao, gaano man katatas magbasá sa wikang banyaga, ay nananatili ang pakiramdam ng pagiging

pagkabanyaga. Ano ang dapat gawin ng tagasalin para maihatid ang pakiramdam ng pagkabanyaga sa panig ng mga mambabasá, silá na pinaghahainan ng salin sa kanilang inang wika?

Sasabihing ang sagot sa ganitong palaisipan ay matatagpuan noong unang panahon, at ang palaisipan ay malimit malutas nang sapat, dahil hábang sinusunod ng salin ang mga parirala ng orihinal ay lalong nagiging himig banyaga ito sa panig ng mambabasá. Maaaring totoo ito, at madalíng pagtawanan sa pangkalahatan. Ngunit kung hindi nais ninuman na matamo ang ganitong kasiyahan nang madalí, kung hindi nais ninuman na itápon ang pinakadalubhasa at ang pinakamasaklap na saling-paslit sa parehong paliguan, dapat tanggapin niyang ang mahalagang kahingian sa ganitong metodo ng pagsasalin ay ang niloloob tungo sa wika na hindi lámang mababaw, bagkus hinahayaan táyong mabatid na hindi pa ito ganap na lumago nang malaya, at sa halip ay nakayukod tungo sa pagkakahawig sa banyaga. Dapat tanggapin ninuman na upang magawa ang ganitong bagay nang mahusay at nang may pagtitimpi, nang walang desbentaha sa sariling wika at sa sarili, ay marahil ang pinakamahirap na dapat igpawan ng tagasalin. Ang pagtatangka ay tila pinakanamumukod na anyo ng pagkapahiya sa isang manunulat, na hindi naman masamâng manunulat, at pasakit na itinutuon niya sa sarili. Sino ang hindi magnanais na ang kaniyang katutubong wika ay lumitaw sa pinakanakaaakit nitóng karikitan, na káya ng bawat uri ng panitikan? Sino ang nais ipakita ang sarili sa hindi gaanong karikit na anyo at magaslaw o matigas, at gulantangin ang mambabasá hangga't maaari upang mapanatiling maláy siya sa kaniyang ginagawa? Sino ang papayag na turingang hangal dahil sa mahigpit na pagsunod sa banyagang wika tulad ng mapahihintulutan ng kaniyang wika, at hindi sisihin, gaya ng mga magulang na ipinaubaya ang kanilang mga anak sa mga akrobat, dahil sa paghutok sa kaniyang inang wika sa banyaga at di-likás na paraan imbes na isagawa ito nang mahusay sa gimnastiks ng kaniyang sariling wika? Sino, sa wakas, ang nais ngitian nang may awa ng pinakamagagalíng na eksperto at maestro, na nagpapahiwatig na hindi nilá maunawaan ang kaniyang mahirap at mapagmadalíng Aleman kung hindi ito suportado ng kanilang nalalaman sa Griego at Latin!

Ito ang mga sakripisyo na dapat gawin ng bawat tagasalin; ito ang mga panganib na ibinubukás niya sa sarili, kung hindi niya susundan ang pinakapinong linya sa pagsisikap na mapanatiling banyaga ang tono ng wika, ang mga panganib na hindi matatakasang nang ganap yamang ang bawat isa’y itinatakda ang hangganan nitó nang bahagyang magkakaiba sa iba’t ibang paraan. Dagdag pa, kung isasaalang-alang niya ang di-maiiwasang impluwensiya ng ugali, kailangan niyang mabahala na may bagong gagapang papasók sa kaniyang malaya at orihinal na produksiyon sa pamamagitan ng pagsasalin, at ang kaniyang banayad na diwa para sa kabutihan ng wika ay maaaring pumurok na. At kung iisipin niya ang malawak na hukbo ng mga manggagaya, at ng katamlayan at medyokridad na namamayani sa madlang nagsusulat ng panitikan, magugulat tiyak siya na mabatid na siya ang responsable sa gayong kaluwagan at kawalang-batas, sa labis na kagaslwan at katigasan, sa labis na korupsiyon ng wika; dahil tanging ang halos lahat ng pinakamahuhusay at pinakamasaklap ay hindi magsisikap na makamit ang palsong bentaha mula sa kaniyang mga pagsisikap.

Malimit marinig ang mga reklamo na ang gayong salin ay sadyang mapaminsala sa kadalisan ng wika at sa madulas, patuloy nitóng panloob na paglago. Kahit nais nating ibukod ang mga ito nang pansamantala, pinalulubag natin ang sarili na ang bentaha ay hindi maaaring itabi sa gayong desbentaha, at dahil ang bawat mabuti ay nagtataglay ng kung anong masamâ, ang karunungan ay binubuo sa pagtatamo hangga’t maaari ng naunang binanggit at pagtatanggal nang kaunti hangga’t maaari sa hulíng binanggit, ito ay matitiyak mula sa mahirap na tungkuling katawanin kung ano ang banyaga sa katutubong wika. . . .

Ito ang mga balakid na humaharang sa landas ng ganitong metodo ng pagsasalin at ang mga imperpeksiyon na mahalagang kaugnay nitó. Ngunit, ipagpalagay nang umiiral ito, dapat pa ring kilalanin na ang gawaing naturan, at ang merito nitó ay hindi maitatatwa. Nakasalalay ito sa dalawang kondisyon: na ang pagkaunawa sa mga banyagang akda ay maging tanyag at inaasam na sitwasyon, at ang kung anong

fleksibilidad ay dapat iugnay sa katutubong wika. Kapag nakamit ang nasabing mga kondisyon, ang uri ng pagsasalang ito ay nagiging likás na penomenon; yamang naiimpluwensiyahan nitó ang kabuuang ebolusyong teknikal at taglay ang tiyak na halaga, lumilikha rin ito ng tiyak na kaluguran.

Ngunit ang dapat banggitin ukol sa kasalungat na metodo, na hindi nangangailangan ng paghihirap at pagsisikap mula sa mambabasá nitó, na nais manawagan sa banyagang awtor para kagyat na lumitaw at ipakita ang akda na waring isinulat ng awtor sa orihinal sa wika ng mambabasá? Hindi malimit inihahayag ang kahingiang ito, gaya sa kung sino na ang tunay na tagasalin ay dapat gampanan at gaya sa isang higit na mataas at halos perpekto kompara sa naunang binanggit; isinagawa ang mga indibdiwal na pagsisikap, at marahil obra maestra, na lahat ay naglalayong matamo ang nasabing mithi. Tasahin natin ngayon ang gayong bagay, at tingnan kung hindi marahil ito angkop sa metodong ito, na hanggang ngayon lámang tiyak na ginamit hindi gaanong madalas, ay magagamit nang higit na malimit at mapapalitan ang isa, na kaduda-dudang kalikasán at hindi mabisa sa maraming paraan.

Makikita natin agad na ang wika ng tagasalin ay lubos na walang dapat ikatakot mula sa ganitong metodo. Ang una niyang dapat na panuto ay huwag tanggapin ang anumang bagay—hinggil sa ugnayang umiiral sa panig ng kaniyang akda at ng banyagang wika—na hindi rin mapahihintulutan sa akdang orihinal ng parehong uri sa kaniyang katutubong wika. Gaya ng iba pa, siya ay may tungkuling umangkop sa parehong mahigpit na pagsasaalang-alang sa kadalisayan at kaganapan ng wika, na sikaping matamo ang parehong rikit at pagkalikás ng estilo, na dahil doon ay pinuri ang manunulat sa orihinal na wika. Tiyak din, na kung nais nating ipamalas sa ating mga kababayan nang malinaw kung ano ang ibig sabihin ng manunulat doon sa kaniyang wika, makabubuo táyo nang wala nang hihigit pang pormula kaysa ipakilála siyang nagsasalita sa paraang inisip nating magsasalita siya sa ating wika; ang ganitong pagdulog ay higit na angkop kung ang antas ng pag-unlad sa kaniyang wika ay may ilang pagkakahawig sa antas ng ating wikang

kasalukuyang naabot nito. Maiisip natin sa ibang paraan kung paanong si Tacitus ay magsasalita kung siya ay Aleman, o makapagpapahayag nang matalas, kung paanong ang isang Aleman ay nagsasalita sa ating wika gaya ng pagsasalita ni Tacitus sa kaniyang wika; at masayá siya na nakaiisip kung paanong napagsasalita niya si Tacitus! Ngunit maganap man ito ngayon, na hayaang itong Alemang Tacitus na sabihin ang parehong mga bagay na sinabi ng Romanong Tacitus sa wikang Latin ay bukod na tanong na hindi madalîng sagutin nang pasang-ayon. Dahil ganap na naiibang usapin ang pag-unawa nang tumpak sa impluwensiya na ginawa ng tao sa kaniyang wika at kung paanong kinatawan ito, at muli’y ibang usapin ang paghula kung paanong lilitaw ang kaniyang diwain at ang kanilang kaisipan at pagpapahayag ay kung noong una pa man ay nasánay na siyang mag-isip at magpahayag sa ibang wika!

Sinuman ang sumang-ayon na ang kaisipan at ang mga pagpapahayag nitó ay may parehong panloob at mahalagang kalidad—at ang buong sining ng pag-unawa sa diskurso (at kung gayon lahat din ng salin) ay batay sa gayong paniniwala—ang nasabi bang tao ay maibubukod ang tao mula sa kaniyang katutubong wika at maniwalang siya, o kahit ang kaniyang magkakatanikalang kaisipan, ay maaaring mapag-isa at maging pareho sa dalawang wika? At kung ang mga kaisipan ay magkakaiba sa ilang paraan, ang tao ba na ito ay maipapalagay na madedestrungka ang diskurso hanggang sa pinakaubod nitó, ibukod ang bahagi ng wika na iniaambag nitó at sa prosesong kemikal, gaya noon, ay pag-ugnayin ang mga ubod na bahagi nang may esensiya at kapangyarihan ng ibang wika? Malinaw na upang malutas ang ganitong problema, kinakailangang tanggalin nang ganap mula sa akdang sinulat ng tao ang lahat, kahit sa pinakamalayòng paraan, ang epekto ng anumang winika niya at narinig sa kaniyang inang wika mulang pagkabatà. Pagkaraan nitó, kailangang ipakain sa lastag at kakatwang uri ng pag-iisip ng tao—hábang ito ay itinutuon sa tiyak na subjek—ang anumang maaaring maging epekto ng lahat ng winika niya at narinig sa banyagang wika, mulang simula ng kaniyang búhay, o mula sa kaniyang pagkakatanto sa wika, hanggang makáya niyang makapag-isip sa orihinal at makasulat sa wikang ito. Ito ay magiging posible sa araw na ang mga organikong produkto ay matagumpay na mailalangkap sa mga pamamaraan ng

artipisyal na prosesong kemikal. Totoong ang layunin ng pagsasalin sa gayong paraan gaya sa awtor na sumulat nang orihinal sa wika ng pagsasalin ay hindi lámang mabibigong matamo ngunit wala ring saysay at hungkag sa panig nitó. Dahil sinumang nakakikilála sa malikhaing kapangyarihan ng wika, gaya ng isa sa mga katangian ng nasyon, ay dapat tanggapin na sa bawat dakilang awtor, ang kaniyang buong karunungan, at ang posibilidad na maipahayag ito ay nabubuo sa, at sa pamamagitan ng, wika, na waring panlabas na nakadikit sa kaniya. Gaya ng madalíng maipagpapalit ang isang koponan ng kabayo, sinuman ay makapamimilì rin kung paano gagamitin ang ibang wika para sa kaniyang kaisipan; ngunit bawat manunulat ay makalilikha ng orihinal na akda sa pamamagitan ng kaniyang inang wika, at samakatwid ang tanong ay hindi maipupukol kung paanong susulatin niya ang kaniyang mga akda sa ibang wika. . . .

Kung hanggang saan mailalapat ang ganitong metodo ay limitado—totoong sa larang ng pagsasalin ay halos katumbas ito ng zero—ay pinakamabuting masagap kapag isinaalang-alang ang mga di-maigpawang hirap na pawang haharapin nitó sa mga indibidwal na sangay ng sining at iskolarsip. Dapat ding sabihin na kahit sa pag-araw-araw na paggamit ay mayroon lámang ilang salita sa isang wika na ang bawat salita ay magagamit sa lahat ng pangyayari na ang iba ay ginamit at malimit lumikha sa parehong kontekto ng parehong epekto; higit na makatotohanan ito sa lahat ng konsepto (na higit na nagtataglay ng nilalamang pilosopiko), at higit na makatotohanan sa buong larang ng pilosopiya. Dito at higit sa kung saan man, ang bawat wika—sa kabilâ ng magkakaibang pananaw na ginagamit nang magkakasabay at matagumpay—ay nagtataglay sa loob nitó ng sistema ng mga konsepto, na dahil nagdirikit ang mga ito, nag-uugnayan, at nagpupunô sa bawat isa sa parehong wika, ay isang kabuuan na ang mga indibidwal na bahagi, gayunman, ay hindi katumbas ng alinmang sistema ng ibang mga wika, at marahil ay hindi maibubukod ang Diyos, ang pangunahing pangngalan at pandiwa. Dahil kahit ang unibersal, bagaman nakalugar nang labas sa espero ng tiyak ng katangian ng gawi, ay nananatiling nasisinagan at nakukulayan ng wika.

Ang karunungan ng bawat isa ay dapat mabatid sa ganitong sistema ng wika. Bawat isa’y humuhugot kung ano ang naroroon. Bawat isa ay tumutulong na maipaliwanag kung ano ang wala pa roon ngunit umiiral nang di-nakikita. Tanging sa paraang ito mabubúhay ang karunungan ng indibidwal at mapapamahalaan ang pag-iral, na mailalangkap niya nang ganap sa kaniyang wika. Kung, samakatwid, ang tagasalin ng pilosopikong manunulat ay nagbantulot na baliin ang wika ng pagsasalin, hangga’t magagawa nitó, tungo sa orihinal na wika, upang magdulot ng diwain ng sistema ng mga konsepto na nabuo dito, at kung magagawa niyang ang kaniyang manunulat ay magsalita na para bang orihinal niyang nabuo ang mga kaisipan at pananalita sa ibang wika, ano ang magagawa niya sa pangyayaring may pagkakaiba-iba ng mga elemento sa kapuwa wika, maliban sa gumawa ng parafrasis, na gayunman, hindi nitó makakamit ang layunin, dahil ang parafrásis ay hindi magiging at hindi kailanman makakahawig ng isang bagay na orihinal na nilikha sa wika ng awtor—o pagbanyuhayin ang buong karunungan at natutuhan ng kaniyang awtor patungo sa sistemang konseptuwal ng wika ng tagasalin, at sa gayong paraan ay baguhin ang lahat ng indibidwal na bahagi? Sa gayong pangyayari, hindi masasabi ng tagasalin kung paanong ang pinakailahas na kapritso ay mapapanatiling nása hanggahan. Kailangang sabihin natin na ang tao na may kaunting paggálang sa mga pilosopikong gawain at pag-unlad ay hindi makapagsisimulang makilahok sa gayong kaluwag na laro.

Patawarin nawa ni Plato ang talakay mulang pilosopo hanggang manunulat ng komedyang. Ang uring ito, kung isasaalang-alang ang wika, ang pinakamalapit sa larang ng usapang panlipunan. Ang buong representasyon ay nabubúhay sa moral ng panahon at ng sambayanan, na sa panig nitó’y malinaw at ganap na masasalamin sa wika. Ang pagkamabini at pagkalikás ang pangunahing birtud nitó, at iyan ang dahilan kung bakit napakabigat ang balakid sa pagsasalin alinsunod sa metodong nabanggit sa itaas. Dahil anumang aproksimasyon sa banyagang wika ay nakasisira sa mga birtud ng presentasyon. Ngayon, kung ang salin ay nais na hayaan ang awtor ng dula na magsalita na para bang orihinal niyang isinulat ang dula sa wika ng salin, maraming bagay ang hahadlang para makapagsalita siya, dahil hindi katutubo ang mga ito sa mga tao nitó at kung gayon ay walang sagisag sa kanilang wika.

Sa ganitong pangyayari, ang tagasalin ay maaaring ganap na putulin ang ilang bahagi at wasakin ang anyo at kapangyarihan ng kabuuan, o dapat siyang maglagay ng kung anong bagay na pamalit sa mga lugar nito. Sa larang na ito, ang pormulang matapat na sinusunod ay gumagawi sa panggagaya, o sa nakaririmarim na halata at nakalilitóng halò ng salin at panggagaya na nagpapabalik-balik sa mambabasá na gaya ng bola sa panig ng kaniyang daigdig at ng banyagang daigdig, sa panig ng imbensiyon at bait ng awtor at ng tagasalin, na pawang hindi niya mapagdudukalan ng kasiyahan, bagkus makapagpapahilo at makayayamot sa kaniya. Sa kabilâng dako, ang tagasalang sumasandig sa iba pang metodo ay walang insentibo para isakatuparan ang gayong mga arbitraryong pagbabago, yamang ang kaniyang mambabasá ay dapat laging isaisip na ang awtor ay nabúhay sa ibang daigdig at sumulat sa ibang wika. Siya nakabigkis lámang sa mahirap na sining ng pagbibigay ng kamalayan sa banyagang daigdig sa pinakamaikli at pinakaangkop na paraan, at hayaang kuminang sa lahat ng dako ang gaan at pagkalikás ng orihinal [na akda].

Ang dalawang halimbawang ito, na hinugot mula sa magkabilâng panig ng sining at iskolarsip, ay nagpapamalas kung gaano kaliit ang aktuwal na layon ng lahat ng pagsasalin—ang kaluguran sa mga banyagang akda na dalisay hanggang maaari—ay matatamo sa pamamagitan ng metodo na ibig bigyang búhay ang isinaling akda sa kabuuang diwa ng wika na banyaga rito. Dagdag pa, ang bawat wika ay may natatanging ritmo para sa prosa gayundin sa tula, at kung tatanggapin ang palagay na ang awtor ay nakapagsulat sa wika ng tagasalin, dapat siyang pagmukhain sa ritmo ng gayong wika. Sa gayong paraan, ang kaniyang akda ay higit na masisira ang anyo, at ang kabatiran sa kaniyang natatanging estilo, na ibinibigay ng salin, ay lalong magiging limitado.

Totoo, ang kathang ito, na pinagsasalalayan ng teorya ng tagasalin na tinalakay dito, ay lumalampas sa layon ng gayong gawain. Kung sisipatin sa unang punto de bista, ang pagsasalin ay isang pangangailangan ng nasyon na ang maliit na bahagi nitó ay makakukuha ng sapat na kaalaman sa mga banyagang wika, at ang malaking bahagi nitó ay saloobing kaluguran ang mga banyagang

akda. Kung ang hulíng binanggit ay ganap na makasasanib sa nauna, ang ganitong anyo ng pagsasalin ay walang saysay, at walang sinuman marahil ang gagawa pa nitó.

Naiiba sa ikalawang punto de bista, na walang kinalaman sa pangangailangan, bagkus gawa ng pagnanasà at kalaswaan. Ang kaalaman sa mga banyagang wika ay maaaring maging malaganap hangga't maaari, at ang akses sa kanilang pinakamatataas na akda ay maibubukás sa sinumang kompetente, at ang pagsasalin ay mananatiling mapag-uisang gawain, na makapagtitipon sa paligid nitó ng mga sabik na tagapakinig kung may mangangakong kakatawanin sa atin ang akda ni Cicero o Plato sa parehong paraan na ang mga táong ito ay magsusulat nang tahasan sa Aleman ngayon. At kung may kung sinumang gagawin ito hindi lámang sa kaniyang sariling katutubong wika, bagkus kahit sa ibang wika, na banyaga, siya ang magiging pinakadakilang maestro sa mahirap at halos imposibleng sining ng pagsasanib ng mga diwa ng mga wika tungo sa isa't isa. Makikita na ito, sa tahas na pananalita, na hindi salin, at ang resulta ay hindi ang pinakatunay na posibleng pagkalugod sa mga akda mismo; ito ay magiging panggagaya hábang lumalaon, at tanging ang tao na nakababatid sa mga manunulat na ito mula sa kung saan ang tunay na kasisiyahan ang gayong artefakto o likhang-sining. At ang aktuwal na layon lámang, sa partikular, ay ilarawan ang kahawig na ugnayan ng ilang pagpapahayag at kombinasyon, at ilang tiyak na tampok sa iba't ibang wika, at sa pangkalahatan, ay pagningningin ang wika na may katangian ng diwa ng banyagang maestro, ngunit lubos na nakabukod at malayò sa kaniyang sariling wika. . . .

Saan táyo tutungo mula rito? Dapat ba nating ibahagi ang pananaw na ito at sundin itong payo? Malinaw na nagsalin nang kaunti sa gayong diwa ang mga sinauna, at karamihan sa mga modernong tao, na nanghinà ang loob sa hirap ng tunay na pagsasalin, ang kontento na sa panggagaya o parafasis. Sino ang makapagsasabing alinmang bagay ay naisalin sa Frances mula sa klasiko o Alemanicong wika? Ngunit ibig man nating mga Aleman na makinig sa ganitong payo, hindi natin ito susundin. Ang panloob na pangangailangan, na ang kakatwang misyon ng ating nasyon ay napaihayag nang malinaw, ay

nagtulak sa marami sa atin na magsalin; hindi na táyo makauurong pa, at dapat na magpatuloy. Gaya ng ating lupaing palusog nang palusog, at ng ating klimang higit na nakaaakit at banayad matapos ang muling pagtatanim sa mga banyagang halaman, ang ating nadaramá sa ating wika, na hindi natin ginagamit nang madalas dahil sa ating Nordicong katamaran, ay yayabong at makapagpapaunlad ng sariling perpektong kapangyarihan sa pamamagitan ng samot-saring pakikipag-ugnayan sa banyaga. Gayundin, ang ating nasyon ay tila nakatadhana, dahil sa paggálang nitó sa mga bagay na banyaga, at dahil sa pagkiling nitó tungo sa pakikipagkasundo, upang maisakatuparan ang lahat ng yaman ng banyagang sining at iskolarsip, sa piling ng sarili nitóng taglay, sa wika nitó, upang mapagbigkis ang mga ito na maging dakilang pakasaysayang buo, gaya noon, na maitatago nang ligtas sa sentro at puso ng Europa; upang ngayon, sa tulong ng ating wika, ikalulugod ng bawat isa, nang dalisay at ganap hangga't maaari para sa banyaga, ang hatid ng iba-ibang panahon. Tila ito ang totoong pakasaysayang layunin ng pagsasalin sa malawakang eskala, na ngayon ay katutubo na sa atin. . . .

(Salin ni Roberto T. Añonuevo)

MGA PASASALIN*

JOHANN WOLFGANG VON GOETHE

May tatlong uri ng pagsasalin. Ang una’y nagpapakilála sa atin sa ibang lupain ayon sa ating sariling wika; isang payak na prosang salin ang pinakainam sa layuning ito. Ang prosa sa kaniyang sarili at ukol sa sarili ay nagsisilbing pinakamabuting introduksiyon: ganap na pinawawalang-bisà nitó ang mga pormal na katangian ng sining ng tula at pinaliliit ang kahit pa pinakamasugid na alon ng bugso ng talinhaga tungo sa panatag na tubig. Ang payak na prosang salin ay gumugulat sa atin ng dayuhang ningning sa gitna ng pambansa’t pantahanang sensibilidad; sa pang-araw-araw nating pamumuhay, at hábang di natin namamalayan ang nangyayari sa atin—sa pagbibigay ng higit na dakilang asta sa ating búhay—totoong sa pangkalahatan ay itinataas táyo. Ang mga salin ni Luther sa Bibliya ay may ganitong epekto sa bawat pagbabasá.

Malaki sana ang matatamasa, halimbawa, kung nailatag ang Nibelungen sa mainam, solidong prosa sa simula pa lámang, sakâ binansagan bilang panitikang popular. Pagkuwa’y makapangungusap

* Mula sa “Übersetzungen,” *Noten und Abhandlungen zum bessern Verständnis des westötlichen Divens* (Stuttgart, 1819).

pa rin nang buong kapangyarihan sa atin ang brutal, madilim, mataimtim, at malayòng diwa ng kagitingan. Kung ito man ay magagawa o nararapat gawin ngayon din, ay pinakamabuting pagpapasiyahan ng mga nilaláng na masigasig na nag-alay ng kanilang sarili sa pag-aaral ng mga bagay na sinauna.

Ang ikalawa'y panahon nang ang tagasalin ay nagsisikap na mangibang-lupain, doon sa sitwasyong hindi pamilyar sa kaniya, ngunit ang totoo'y inaangkin lámang ang di-kilálang idea at muling inihahain iyon na parang sa kaniya. Nais kong tawaging parodistiko ang panahong iyon, sa dalisay na kahulugan ng salita. Ginagamit ng mga Frances ang estilong ito sa pagsasalin ng mga poetikong akda: ang mga salin ni Delille ay nagbibigay ng daan-daang halimbawa. Sa parehong paraan na iniaakma ng mga Frances ang mga hiram na salita sa kanilang sariling pagbigkas, iniaakma rin nilá ang mga damdamin, kaisipan, kahit pa mga bagay; para sa bawat prutas na inangkat, nararapat na may kapalit na pinatubo sa kanilang sariling lupa.

Ganitong uri ang mga salin ni Wieland; siya man ay may sariling natatanging pagkaunawa at panlasa, na iniaakma niya sa lumang panahon at ibang mga bansa hangga't makabubuti ito sa turing niya. Itong kamangha-manghang nilaláng ay maituturing na tagapagsalin ng kaniyang panahon; lubhang malaki ang kaniyang impluwensiya, kung kayâ't anuman ang makabighani sa kaniya, gaano man niya ito isinaloob at ipinása sa kaniyang mga kapanahon, tinatanggap nila iyon nang may kaluguran at kasiyahan.

Pagkat hindi taáo maaaring magtagal alinman sa perpekto o di-perpektong estado, at sa halip, ay kailangang dumaan sa magkakasunod na pagbabago, naranasan natin ang ikatlong panahon ng pagsasalin, na siyang hulí at pinakamataas na uri sa tatlo. Sa gayong mga panahon, ang layon ng pagsasalin ay maisakatuparan ang perpektong identidad sa orihinal, kung kayâ't hindi nagiging panghalili ang isa sa isa, kundi magkatuwang silá.

Pinakamalaking pagtutol ang naranasan ng uring ito lalo na noong maaga pa lámang, pagkat napakatalik ng pag-ugnay ng tagasalin sa orihinal, kung kayâ't naisuko niya, mas o menos, ang katangian

ng kaniyang pinagmulang bansa, kayâ't nalilikha ang ikatlong uri ng teksto, na lilingang panlasa ng madla.

Noong una'y hindi agad natuwa ang publiko kay Voss (na hindi ganap na mapahahalagahan), hanggang unti-unti ay nasanay ang tainga ng publiko dito sa bagong uri ng pagsasalin at naging komportable dito. Ngayon ang sinumang sumusukat sa naabot ng nangyari, ang sari-saring kadalubhasaan na ipinakita ng mga Aleman, ang mga bentaha sa tugma at sukat na naihain sa masigla't mahusay na baguhan, kung paanong sina Ariosto at Tasso, Shakespeare at Calderon ay naipaabot sa atin nang makalawa o makatlong ulit bilang mga dayuhan mulang Aleman, ay makaaasa na ang kasaysayang pampanitikan ay bukás-kamay na kikilalanin ang unang pumili ng ganitong daan sa kabilâ ng marami at iba-ibang mga hadlang.

Sa malaking bahagi, ang mga akda ni von Hammer ay nagpapakita ng hawig na pagturing sa mga obra maestra ng silangan; ipinanunukala niyang sikapin ng salin na maging malapit sa panlabas na anyo ng orihinal. Anupa't mapatutunayang lalong kapani-paniwala ang mga pahayag sa salin ni Findusi kung inilathala ng aming kaibigan mismo, kung ikompara doon sa mga muling isinulat ng isang nag-aakma na may mga halimbawang mababása sa Fungruben. Ang ganitong paraan ng pagsira sa makata, ay sa aming kuro, ang pinakamalungkot na pagkakamali na magagawa ng isang masikhay at mahusay na tagasalin.

Ngunit dahil sa ang bawat panitikan ng tatlong panahong ito ay lumalabas na inuulit at binabaligtad ang kanilang sarili, samantalang káya rin namang makipagsabayan sa isa't isa, ang prosang salin ng Shahnama at ang mga akda ni Nizami ay maaasahan pa rin. May silbi iyon sa mabilisang pagbabasá, na magbubukás sa pinakaubod ng kahulugan ng akda: maaari táyong masiyahan sa makasaysayan, sa maalamat, sa malulubhang isyung moral, at unti-unti'y magiging pamilyar táyo sa mga paninindigan at paraan ng pag-iisip, hanggang maramdaman natin sa wakas ang matalik na ugnayan sa kanila.

Isipin ninyo na lámang ang walang pasubaling papuri na ibinigay nating mga Aleman sa isang salin ng Sakuntala, na ang tagumpay ay maikakabit natin sa payak niyong prosa, na pinaglahuan ng tula.

Ngayon ang tamang oras para sa bagong pagsasalin ng ikatlong uri na may kinalaman sa iba't ibang diyalekto, ritmo, sukat, at mga sawikaing gasgas na nása orihinal, ngunit babaguhin din ang tula sa lahat ng katangian niyon para sa atin. Pagkat ang manuskrito nitóng walang kamatayang akda ay matatagpuan sa Paris, ang isang Aleman na nakatira doon ay maaaring kumita ng walang kamatayang pasasalamat dahil sa pagsasagawa ng gayong akda.

Gayon din, ang tagasalin sa Ingles ng Tagapagbalita ng Diyos (Messenger of Gods) ay karapat-dapat tumanggap ng parangal, dahil ang una naming pagkatagpo sa ganitong uri ng akda ay laging lubhang mahalagang okasyon sa aming búhay. Ngunit ang kaniyang pagsasalin ay tunay na nababagay sa pangalawang panahon; gamit ang muling pagpapahayag at dagdag na mga salita, pinatatalas ng salin ang Hilagang tainga at mga pandamá gamit ang pentametro iambiko. Tinatanaw ko ng utang na may pasasalamat ang ating Kosegarten sa pagsasalin ng ilang linya mula sa pinanggalíngang wika, na totoong may ibang ibinibigay na impresyon sa kabuuan. Malaya rin ang pagpapasiya ng Ingles, na naglipat ng mga palatandaan, na madalíng nakikilála at kinokondena ng matalisik, makasining na mata.

Ang dahilan din ng pagtawag namin sa ikatlong panahon bilang pangwakas ay maipapaliwanag nang maikli. Ang salin na nagtatangkang makilála ang sarili kaugnay ng orihinal, sa sukdukan ay napapalapit sa interlineal na bersiyon at nakatutulong sa pag-unawa natin sa orihinal. Inaakay táyo, oo, dahil nauudyukan iyon, pabalik sa pinanggalíngang teksto: ang bílog, na nása paglalapit ng di-pamilyar at pamilyar, ang nalalaman at ang di-nalalaman na kumikilos nang matapat, ay ganap na sa wakas.

(Salin ni Rebecca T. Añonuevo)

ANG TUNGKULIN NG TAGASALIN*

WALTER BENJAMIN

Hindi kapaki-pakinabang ang pagsasaalang-alang sa sumasaksing madla sa pag-unawa sa isang likhang sining o isang anyong sining. Hindi lámang lihis ang pag-uugnay ng sining sa isang tiyak na publiko o mga kinatawan nitó, mapanganib din sa anumang diskusyong teoretiko tungkol sa sining kahit ang paniniwala sa isang “uliran” sapagkat ipinagpapalagay lámang sa gayon ang pag-iral at kalikasán ng tao. Ipinagpapalagay rin ng sining ang kalikasán ng katawan at espiritu ng tao, ngunit walang likhang sining ang nagpapalagay sa kaniyang pagsasaalang-alang. Walang tulâng sadyang para sa nagbabasá, walang larawang sadyang para sa tumutunghay, walang simponiyang sadyang para sa nakikinig.

Para ba sa mambabasáng hindi nakauunawa ng orihinal ang isang salin? Sapat na marahil ito upang ipaliwanag ang nagkakaibang

* Orihinal na nalathala noong 1923 bilang “Die Aufgabe des Übersetzters” sa Baudelaire: *Tableaux parisiens*. Heidelberg. Muling nalathala sa *Schriften*, ed. Theodor Adorno et al., 1:40-54 (Frankfurt: Suhrkamp Verlag, 1955). Ibinatay ang saling ito sa mga sumusunod: “The Translator’s Task” na salin ni Steven Rendall, nalathala sa *The Translation Studies Reader* 3rd Edition, Lawrence Venuti, ed. (London at New York: Routledge, 2012).

kalagayan ng orihinal at salin sa lárang ng sining. Gayundin, mukhang ito lámang ang maikakatwiran sa muling pagsasabi ng “iyon at iyon din.” Ano, kung gayon, ang sinasabi ng isang akdang matulain? Ano ang ipinababatid nitó? Napakaliit para sa isang nakauunawa. Walang halaga maging ang mensahe o ang impormasyon. Gayunman, ang isang salin na naglaláyong magpabatid ay walang maipababatid kundi isang mensahe—ibig sabihin, walang kabuluhan. At ito rin ang tatak ng isang masamâng salin. Subalit ano ba ang nása isang akdang matulain—at umaamin maging ang masasamâng tagasalin na mahalaga ito—bukod sa mensahe?

Hindi ba't ang malaganap na kinikilalang di-maarok, ang lihim, ang “matulain”? Maitatawid lamang kayâ ito ng tagasalin kung nangyaring isa rin siyang makata? Humahantong ito, kung tutuusin, sa isa pang palatandaan ng masamâng salin, na mabibigyang-depinisyon bilang di-wastong paglilipat ng di-mahalagang nilalaman. At hindi táyo makalalampas dito hangga't para sa mambabasá ang salin. Gayunman, kung sadyang para sa mambabasá ang salin, mangangahulugang para sa mambabasá rin ang orihinal. Kung hindi para sa mambabasá ang orihinal, anong pag-unawa sa salin ang maidudulot ng ganitong relasyon sa atin?

Isang anyo ang pagsasalin. Upang maunawaan ito sa gayong paraan, kailangang balikan natin ang orihinal. Sapagkat dito nakasalalay ang prinsipyo ng pagsasalin, natatakdaan (determinado) ng pagkanaisasalin ng orihinal. Maraming maiisip sa tanonghinggil sa pagkanaisasalin ng isang akda. Maaaring ganito: makatatagpo kayâ ito, sa kalahatan ng mga mambabasá, ng angkop na tagasalin? O, sa lalong tumpak na paraan: nása mismong kalikasán ba nitó ang maisalin, kung kayâ, alinsunod sa kahulugan ng ganitong anyo, nag-aanyaya ring maisalin? Kung pakaiisipin, problematikong sagot lámang ang maibibigay sa una at di-mapasusubalian naman ang sa ikalawa. Mababaw na pag-iisip lámang ang magtatatwa sa malayang kahulugan ng ikalawang tanong at magdedeklara na iisa lámang ang kahulugan ng dalawang tanong. Kataliwas nitó, dapat linawin na may mga konseptong pang-ugnayan na napananatili ang angkop at pinakamainam na kahulugan kapag sa umpisa pa lámang ay hindi eksklusibong iniuugnay sa mga tao. Kayâ nga nakapangungusap pa táyo

ng tungkol sa isang di-malilimutang búhay o sandali kahit nakalimutan na ito ng sangkatauhan. Kung hinihingi ng kalikasán ng gayong búhay o sandali na huwag malimutan, hindi magiging malí ang panaguring ito; magiging isang kahingian lámang ito na hindi natutupad ng mga tao at kaalinsabay nitó, walang alinlangan, isang pagtukoy rin sa pook na ang kahingiang ito ay natutupad, nangangahulugan, pagtukoy sa isang dalumat sa isip ng Diyos. Alinsunod dito, kailangang maisaalang-alang ang pagkanaisasalin ng mga estrukturang lingguwistiko bagaman di-naisasalin para sa mga tao. At hindi ba magiging di-naisasalin ang mga ito, sa isang tiyak na paraan, kapag nilapatan ng isang mahigpit na konsepto ng pagsasalin? —Kung gayon, dapat nating itanong kung hinihingi ba ang salin ng ilang estrukturang lingguwistiko sapagkat may kinalaman dito ang proposisyong ito: Kung isang anyo ang pagsasalin, dapat maging esensiya ng ilang mga akda ang pagkanaisasalin.

Esensiyal na katangian ng ilang akda ang pagkanaisasalin— hindi ito nangangahulugang kalikasán ng mga ito ang maisalin, ngunit may kahulugang likás na nakapaloob sa mga orihinal na teksto ang nahahayag sa pagkanaisasalin ng mga ito. Malinaw na ang anumang salin, gaano man kainam, ay hindi magkakahalaga ng kahit ano sa orihinal. Gayunman, ito ang may pinakamatalik na koneksiyon sa orihinal sa bisà ng pagkanaisasalin ng orihinal. Ang totoo, lalong matalik ang koneksiyong ito kapag wala na itong halaga sa mismong orihinal. Matatawag itong likás na koneksiyon at, sa lalong tumpak na paraan, esensiyal na koneksiyon. Kung papaanong ang mga ekspresyon (manipestasyon) ng búhay ay matalik na kaugnay ng nilikhang may búhay bagaman walang kinalaman dito, nagmumula sa orihinal ang salin. Ang totoo, hindi mula sa búhay nitó kundi sa “kabilang búhay” o “pagkakapanatili” nitó. Kung sumusunod sa orihinal ang salin, ibinabadya nitó na ang mahahalagang akda, na hindi nakatagpo ng tagasalin sa panahon ng pagkakalikha sa mga ito, ay sumapit sa yugto ng paglawig ng búhay. Dapat tingnan nang may ganap na di-metaporikong obhetibidad ang nosyon ng búhay at paglawig ng búhay sa mga likhang sining. Kahit sa panahon ng makikitid na pangangatwiran, may paniniwalang hindi lámang limitado ang búhay sa organikong realidad ng katawan. Ngunit hindi maaaring mauwi ang lahat sa pagpapalawak ng saklaw nitó sa ilalim ng mahunang setro (paghahari) ng kaluluwa, gaya ng pinangahasang

gawin ni Fechner, o sabihin pang ang búhay ay mabibigyang-katuturan batay sa lalong walang kinalamang mga aspekto ng búhay-hayop tulad ng pagiging sensitibo (pagkamaramdamin) na naglalarawan sa búhay sa pana-panahon. Sa halip, nagiging ganap lámang ang konsepto ng búhay kapag iniuugat ito sa lahat ng may kasaysayan, at hindi tagpuan lámang ng kasaysayan. Sa wakas, ang saklaw ng nabubúhay ay dapat malimitahan sa pamamagitan ng kasaysayan at hindi ng kalikásan, at lalong hindi ng pabago-bago o walang katatagang nosyon ng pagkamaramdamin at kaluluwa. Alinsunod dito, tungkulin ng pilosopo ang unawain ang kabuuan ng likás na búhay batay sa higit na masaklaw na búhay ng kasaysayan. At hindi nga ba lalong madalíng makilála ang paglawig ng búhay ng mga akda kaysa mga nilaláng? Nakatalâ sa mga dakilang likhang sining kung saan nagmumula ang mga ito, kung paano nahubog ang mga ito sa panahon ng alagad ng sining, at ang mga panahon ng batayang walang hanggang paglawig ng búhay sa mga susunod na henerasyon. Kapag nagaganap ang ganitong paglawig ng búhay, tinatawag itong katanyagan. Nalilikha ang mga salin na higit kaysa paglilipat lámang ng mensahe kapag ang akda, sa paglawig ng búhay nitó, ay sumapit sa edad ng katanyagan. Taliwas sa ipinipilit ng masasamâng tagasalin, hindi naglilingkod ang mga sáling ito sa katanyagan ng akda kung paanong sanhi nitó ang kanilang pag-iral. Sa pamamagitan ng mga pagsasalin, nakapagkakamit ang búhay ng orihinal ng palagiang pagpapanibago at ng pinakamasaklaw na pag-unlad.

Bilang pag-unlad ng isang tiyak at iniangat na búhay, natatakdaan ito ng isang espesyal at mataas na pagka-may-nilalayan o pagkapraktiko. Mukhang madalíng makita ang ugnayan sa pagitan ng búhay at pagka-may-nilalayan ngunit lampas sa kakayahan ng isip ang masapul ito, nabubunyang lámang kapag ang layon, na siyang likás na tinutúngo ng lahat ng mga partikular na layon ng búhay, ay hindi na hinahanap sa sarili nitóng kaligiran kundi sa isang higit na mataas. Ang lahat ng mga may-nilalayong aspekto o manipestasyon ng búhay, maging ang pagiging may-nilalayan ng búhay mismo, kung tutuusin, ay may-nilalayan hindi para sa búhay kundi para sa paghahayag ng kalikasán nitó, para sa pagkatawan sa kahulugan nitó. Kayâ nga ang layon ng pagsasalin, sa madalíng salita, ay ang pagpapahayag ng pinakamatatalik na ugnayan o relasyon ng mga wika. Hindi maibubunyang

o maipakikita ng mismong pagsasalin ang matatalik na relasyong ito; gayunman, maaari nitóng katawanin o bigyang-representasyon ang mga nasabing relasyon kung isasakatuparan sa paraang panimula at intensibo. Ang totoo, ang ganitong representasyon gamit ang panimula, ang umpisa ng pagkakalikha nitó, ay maituturing na isang napakaespesyal na paraan ng representasyon na madálang mangyari sa lárang ng di-lingguwistikong búhay sapagkat sa mga analohiya at mga tanda, may mga uri ng pagtukoy ang di-lingguwistikong búhay bukod sa masinsinan, at ito ang realisasyong mapagpauna at mapagpahiwatig. Gayunman, ang ipinalalagay na matalik na ugnayang ito ng mga wika ay isang relasyon ng di-pangkaraniwang pagtatagpo. Nakasalig ito sa katotohanang hindi magkakahidwa ang mga wika sa isa't isa, at gaya ng tanggap na paniniwala at taliwas sa lahat ng mga ugnayang pangkasaysayan, may pagkakaugnay-ugnay ang mga wika sa kanilang ibig sabihin.

Ano't anuman, sa pagtatangkang makapagpaliwanag, sumapit din ang diskusyong ito makaraan ang mga walang saysay na paglihis, sa tradisyonal na teorya ng pagsasalin. Kung patutunayan ang ugnayan ng mga wika gamit ang pagsasalin, paano ito gagawin kung hindi sa pamamagitan ng pagtatawid ng anyo at nilalaman ng orihinal sa pinakamatapat na paraang posible? Sabihin pa, hindi mabibigyang-katuturan ng tradisyonal na teorya ng pagsasalin ang konsepto ng katapatang ito kayâ hindi rin nito masasabi kung ano ang esensiyal sa pagsasalin. Ang totoo, sa kabilâng bandá, ang relasyon ng mga wika sa mga pagsasalin ay higit na malalim at higit na espesipiko kaysa sa mga paimbabaw at di-mabigyang-katuturang pagkakatulad ng dalawang tekstong pampanitikan. Upang magagap ang tunay na relasyon ng orihinal at ng salin, kailangang gumamit táyo ng paraan ng pag-iisip na kung layon ang pag-uusapan ay ganap na analogo sa mga ginagamit ng mapanuring epistemolohiya sa pagpapakita ng imposibilidad ng isang teoryang ukol sa repleksiyon. Kung paanong ipinakikita ng mapanuring epistemolohiya na hindi maaaring magkaroon ng obhetibong karunungan, o maging ang paggigiit ng gayong karunungan, kung nakasalig ang karunungang ito sa mga repleksiyon ng totoo, maipakikita na walang pagsasalin ang posible kung, alinsunod sa sukdulang esensiya nitó, pagsusumikapang makatulad ito ng orihinal. Sapagkat sa patúloy na búhay nitó, na hindi matatawag nang gayon

kung hindi transpormasyon at pagpapanibago ng isang bagay na may búhay, nababago ang orihinal. Maging ang mga salitang may nakamihasan nang kahulugan ay lumalampas din sa kahinugan. Anumang tendensiya sa matulaing wika ng isang awtor sa kaniyang sariling panahon ay maaaring malumà, at may mga likás na tendensiya na maaaring lumitaw na panibago sa akda. Ang dáting tunog na sariwa ay nabibilasa, at ang dáting tunog na kolokyal ay nagiging makalumà. Ang paghanap sa esensiya ng gayong transpormasyon pati na ang katumbas na palagiang transpormasyon ng kahulugan sa subhetibidad ng mga susunod na henerasyon sa halip na sa kaibuturang búhay ng wika at sa mga obra nitó ay—kahit ipahintulot pa ang pinakaatrasadong sikolohismo—ang ipagkamalî ang motibo sa esensiya ng isang bagay; o, sa higit na matinding paraan, isang pagtatatwa ito, bunga ng kahinaan ng pag-iisip, sa isa sa mga pinakamakapangyarihan at pinakakapaki-pakinabang na prosesong pangkasaysayan. Kahit ituring pang coup de grâce ng kaniyang akda ang hulíng hagod ng panulat ng awtor, hindi makasasapat upang mailigtas itong lipás nang teorya ng pagsasalin. Sapagkat kung paanong ang tema at kahulugan ng mga dakilang pampanitikang akda ay nababago sa pagdaan ng mga siglo, nababago rin ang katutubong wika ng tagasalin. Hábang nakapananatili ang matulaing salita sa sarili nitóng wika, maging ang pinakadakilang salin ay nakatak dang umalinsabay sa paglago ng wika nitó at malipol bunga ng pagpapanibago nitó. Lampas sa pagiging walang silbi o baog na pagkakatulad sa pagitan ng dalawang wikang naglahò, ang salin, sa lahat ng anyo, ang siyang inaatasang magtalâ sa paglampas sa kahinugan ng orihinal na wika at sa sakít ng pagluluwal sa sariling wika.

Kung nakikita sa salin ang pagkakaugnay-ugnay ng mga wika, hindi ito nagaganap sa pamamagitan ng malabòng pagkakatulad ng orihinal at kopya. Sapagkat malinaw na hindi sangkot sa pag-uugnay ang pagiging magkatulad. Sa kontekstong ito, konsistent ang nosyon ng ugnayan sa higit na limitadong gamit, hanggang sa magkaparehong paraan, hindi sapat na mabibigyang-katuturan ng pagkakatulad ng pinagmulan, bagaman mananatiling esensiyal ang konsepto ng pinagmulan sa pagbibigay-katuturan sa limitadong gamit. Saan matatagpuan ang pagkakaugnay ng dalawang wika, bukod sa ugnayang pangkasaysayan? Hindi sa pagkakatulad ng mga tekstong

pampanitikan ni sa pagkakatulad ng mga salita. Sa halip, lahat ng nakaiigpaw-sa-kasaysayang ugnayan ng mga wika ay nakasalig sa katotohanang sa bawat isa sa mga ito, bilang kabuuan, may iyon at iyon ding intensiyon; hindi ito makakamit mag-isa ng alinman sa mga ito kundi ng kabuuan ng mga nagtutugma at magkakomplementaryong intensiyon: wikang wagas. Samantalang ang mga partikular na elemento ng magkakaibang wika—salita, pangungusap, estruktura—ay eksklusibo sa isa't isa, kinokompleto ng mga wikang ito ang isa't isa sa pamamagitan ng mga intensiyon. Ito ang isa sa mga batayang batas ng pilosopiya ng wika, at upang ganap na maunawaan ito, kailangang kilalánin ang paraan o modo ng kahulugan sa saklaw ng intensiyon ng ibig sabihin. Ang mga salitang “Brot” at “pain” ay may iisang ibig sabihin ngunit magkaiba ang modo ng kahulugan. Dahil sa modo ng kahulugan, may ibig sabihin ang dalawang salita na iba sa Aleman o sa Frances kayâ't hindi mapagpapalit at ang totoo, nagsisikap na mapalayô sa isa't isa; gayunman, kaugnay ng kanilang obheto o layon, kung titingnan sa paraang absoluto, iisang bagay tinutukoy ng mga ito. Kayâ nga hábang magkahidwa ang mga modo ng kahulugan ng mga salitang ito, kinokompleto ng mga ito ang isa't isa sa dalawang wikang pinagmumulan ng mga ito. At tunay na sa mga ito, ang relasyon ng modo ng intensiyon at ng ibig sabihin ay nagtutumbasan o nakokompleto. Sa indibidwal, di-magkakomplementaryong mga wika, ang nilalayong bagay ay hindi nangyayaring makapag-isa sa relatibong paraan, tulad halimbawa ng mga indibidwal na salita o pangungusap; sa halip, laging sangkot ito sa palagiang transpormasyon hanggang sa lumitaw bilang wikang wagas mula sa armonya o pagtutugma-tugma ng lahat ng modo ng kahulugan. Hanggang hindi gayon, mananatili itong nakatago sa iba-ibang mga wika. Ngunit kung susúlong ang mga wikang ito hanggang sa humantong sa mesiyantikong dulo ng kanilang kasaysayan, sa gayong paraan, pagsasalin ang napagliyab ng eternal na paglawig ng búhay ng mga akda at ng walang hanggang muling pagkakabuhay ng mga wika upang palagiang subukin itong banal na paglago ng mga wika upang matiyak kung gaano kalayò sa rebelasyon ang nakakubling kahulugan sa kanila at kung gaano ito mailalapit sa pagkakabatid ng kalayuang ito.

Walang pagsálang ang pagsasabi nito ay pag-amin na ang lahat ng salin ay panimulang hakbang pa lámang sa pagtanggap

sa pagkabanyaga ng mga wika sa isa't isa. Ang pagtatanggal sa pagkabanyagang ito, na hindi pautay-utay at panimula kundi daglian at pangwakas, ay nananatiling malayò sa pagkatuklas ng sangkatauhan, o sa ano't anuman, hindi tuwirang hinahanap...

(Salin ni Michael M. Coroza)

HINGGIL SA MGA ASPEKTONG LINGGUWISTIKO NG PAGSASALIN*

ROMAN JAKOBSON

Ayon kay Bertrand Russell, “walang sinumang makauunawa sa salitang “cheese” nang walang di-lingguwistikong pagkabatid sa *cheese*.”¹ Gayunman, kung susundan natin ang batayang prinsipyo ni Russell at iuukol ang ating “pagdiriin sa mga aspektong lingguwistiko ng mga tradisyonal na problemang pilosopiko,” mapipilitan táyong ipahayag na walang makauunawa sa salitang “cheese” nang walang pagkabatid sa kahulugang nakatalaga sa salitang ito sa kodigong leksiko ng Ingles. Mauunawaan ang salitang “cheese” ng sinumang kinatawan ng isang kulinaryong kultura na walang keso kung maláy siya na sa wikang Ingles ay “pagkaing gawa sa iprinosesong curd (gatas na namuo)” ang ibig sabihin nitó, at kung may kaalamang lingguwistiko siya sa “curd” kahit paano. Hindi tayo kailanman uminom ng ambrosia

* Orihinal na nalathala sa *On Translation* ni Reuben Brower, ed. (Cambridge, Mass.: Harvard University Press, 1959), pp. 232-39. Ibinatay ang salin sa bersiyong nalathala sa Lawrence Venuti, ed. *The Translation Studies Reader*. 3rd ed. (London at New York: Routledge, 2012), pp. 123-131.

Salita ang bagay na pinag-uusapan, o nagpapahiwatig ba ito ng isang kahulugan tulad ng paghahandog, pagbebenta, pagbabawal, o pagmumurá? (Totoong pagmumurá ang maaaring maging kahulugan ng pagtuturo; sa ilang kultura, lalo na sa Africa, isa itong kilos na mapagbabalâ.)

o nectar at isang lingguwistikong pagkakakilála lámang ang mayroon táyo sa “ambrosia,” “nectar,” at “gods”—ang pangalan ng mga mitolohikong gumagamit sa mga ito; gayunman, nauunawaan natin ang mga salitang ito at nalalaman natin kung sa ano-anong konteksto magagamit ang bawat isa.

Ang kahulugan ng mga salitang “cheese,” “apple,” “nectar,” “acquaintance,” “but,” “mere,” at ng anupamang salita o parirala ay tiyak na isang lingguwistiko—o kung gagawing higit na eksakto at higit na limitado—isang katotohanang semiyotiko. Taliwas sa mga nagtatakda ng kahulugan (signatum) hindi sa tanda kundi sa bagay mismo, ang pinakapayak at pinakatunay na argumento ay walang sinuman ang nakaamoy o nakalasang kahulugan ng “cheese” o ng “apple.” Walang signatum na walang signum. Hindi mahihinagap ang kahulugan ng salitang “cheese” sa isang di-lingguwistikong pagkakakilála sa cheddar o camembert nang walang suporta ng kodigong pasalita. Isang hanay ng mga lingguwistikong tanda ang kailangan upang maipakilála ang isang di-pamilyar na salita. Hindi natin malalaman sa pamamagitan ng simpleng pagtuturo (gamit ang daliri) na “cheese” ang pangalan ng isang ispesimen, o ng anumang kahon ng camembert, o ng camembert sa pangkalahatan o ng anumang cheese, anumang produktong gatas, anumang pagkain, anumang pamatid-uhaw, o marahil ng anumang kahon kahit ano pa ang nilalaman nitó. Sa hulí, pinangangalanan lámang ba ng isang

Para sa atin, bilang mga lingguwista at karaniwang gumagamit ng salita, ang kahulugan ng anumang lingguwistikong tanda ay ang salin nitó sa iba pang dagdag o alternatibong tanda, lalo na sa tanda “na lubos itong nalinang” gaya ng mariing pahayag ni Peirce, ang pinakamalalim na tagapag-usisa sa esensiya ng mga tanda.² Ang terminong “bachelor” (binatang walang asawa) ay maaaring gawing higit na espesipikong designasyon, “lalaking di-kasal,” kung higit na mataas na pagtiyak ang kinakailangan. May kinikilála táyong tatlong paraan ng pag-unawa sa isang pasalitang tanda: maaari itong isalin sa ibang tanda sa isang wika, sa ibang wika, o sa isa pang di-pasalitang sistema ng mga simbolo. Magkakaibang kikilalanin ang tatlong uring ito ng pagsasalin:

1. Ang Intralingguwal na pagsasalin o pagpapalit-salita ay isang interpretasyon ng mga pasalitang tanda gamit ang ibang tanda sa isang wika.
2. Ang Interlingguwal na pagsasalin o pagsasalin mismo ay isang interpretasyon ng mga pasalitang tanda gamit ang ibang wika.
3. Ang Intersemyotikong pagsasalin o pagpapalit-anyo ay isang interpretasyon ng mga pasalitang tanda gamit ang mga tanda ng mga sistema ng di-pasalitang tanda.

Ang intralingguwal na pagsasalin ng isang salita ay ginagamitan ng ibang salita—na mahigit-kumulang kasingkahulugan (sinonimo)—o nauwi sa pagpapaligoy-ligoy (sirkunlokusyon). Ngunit ang pagiging sinonimo, bilang isang tuntunin, ay di-ganap na tumbasan: halimbawa, “ang bawat celibate (lalaking may panatang di-makikipagtalik) ay bachelor, ngunit hindi bawat bachelor ay celibate.” Ang isang salita o isang idyomatikong parirala-salita, na isang kodigong yunit na may mataas na antas, ay ganap na mauunawaan lámang gamit ang isang katumbas na kombinasyon ng mga kodigong yunit, i.e., isang mensaheng tumutukoy sa kodigong yunit na ito: “bawat bachelor ay isang lalaking di-kasal, at bawat lalaking di-kasal ay isang bachelor,” o “bawat celibate ay hindi mag-aasawa, at ang bawat nakatakdang di-mag-asawa ay isang celibate.”

Gayundin naman, sa antas ng interlingguwal na pagsasalin, karaniwan nang walang ganap na tumbasan ng mga kodigong yunit, samantalang ang mga mensahe ay maaaring maging sapat na interpretasyon ng mga di-pamilyar na kodigong yunit o mensahe. Ang Ingles na “cheese” ay di-ganap na maiuugnay sa kapareho ng baybay at tunog (heteronomo) nito na “сыр” sa Ruso sapagkat ang cottage cheese (malambot na puting keso) ay isang cheese ngunit hindi isang сыр. Sinasabi ng mga Ruso: *принести сыр и творог* “magdala ng cheese at cottage cheese.” Sa kumbensiyonal na Ruso, ang pagkaing gawa sa iprinosesong gatas na namuo ay tinatawag lámang na сыр kapag ginamitan ng fermentasyon (pagpapaasim).

Gayunman, madalas na ang pagsasalin mula sa isang wika patungo sa ibang wika ay naghahalili ng mga mensahe sa isang wika hindi para sa mga nakahiwalay na kodigong yunit kundi para sa mga kabuuang mensahe sa ibang wika. Isang pag-uulat o di-tuwirang pagsasabi ang ganitong pagsasalin; muling isinasakodigo at ipinahahatid ng tagasalin ang mensaheng tinanggap mula sa ibang pinanggalingan. Kayâ nga may dalawang magkatumbas na mensahe sa dalawang magkaibang kodigo sa pagsasalin.

Tumbâsan sa pagkakaiba ang pundamental na problema sa wika at ang iniinugang usapin sa lingguwistika. Tulad ng sinumang tumatanggap ng mga pasalitang mensahe, gumaganap ang lingguwista bilang interpreter ng mga ito. Walang ispesimeng lingguwistiko ang maaaring iinterpreta ng agham ng wika nang hindi isinasalin muna ang mga tanda nitó sa ibang mga tanda ng iisang sistema o sa mga tanda ng ibang sistema. Sa anumang paghahambing ng dalawang wika, sinusuri ang pagiging naisasalin ng mga ito sa isa't isa; ang malawakang praktika ng interlingguwal na komunikasyon, lalo na ang mga aktibidad ukol sa pagsasalin, ay dapat na laging sumailalim sa palagiang pagsusuri ng agham lingguwistiko. Mahirap pahalagahan nang labis ang mahigpit na pangangailangan sa, at ang teoretiko at praktikal na kabuluhan ng mga diperensiyal na bilingguwal na diksiyonaryong may masinop na pahambing na depinisyon ng lahat ng mga nagtutumbasang yunit sa intensiyon at ekstensiyon ng mga ito. Gayundin, dapat tukuyin ng mga diperensiyal na bilingguwal na gramatika kung ano ang nakapagkakaisa at nakapag-iiba sa dalawang wika sa pagpili at paglilimita ng saklaw ng mga konseptong gramatiko.

Kapuwa masalimuot ang praktika at ang teorya ng pagsasalin, at pana-panahong tinatangkang lutasin ang suliranin sa pamamagitan ng paghahayag sa dogma ng pagkadi-naisasalin. Si G. Bawat-tao, ang likás na lohiko,” sa matingskad na haraya ni B.L. Whorf, ay dapat humantong sa ganitong pangangatwiran: “Magkakaiba ang mga katotohanan sa mga nagsasalita na ang kaligirang pangwika ay nagtatakda ng di-magkatulad na pormulasyon ng mga ito.”³ Sa mga unang taon ng rebolusyong Ruso, may mga panatikong bisyonaryo na naggiit sa mga pahayagang Sovietico ng radikal na rebisyon ng

wikang tradisyonal at, sa partikular na paraan, pagtatanggal ng mga nakalilitong ekspresyon tulad ng “pagsikat ng araw” at “paglubog ng araw.” Ngunit, patuloy nating ginagamit ang mga paglalarawang ito hango kay Ptolemy nang hindi nangangahulugang nagtatakwil sa doktrina ni Copernicus, at madalî nating naililipat ang ating karaniwang usapan tungkol sa pagsikat at paglubog ng araw sa isang larawan ng pag-inog ng daigdig sapagkat naisasalin ang anumang tanda sa isang tanda na lumilitaw ito nang lalong nalinang at eksakto para sa atin.

Ipinahihwatig ng kakayahang magsalita sa isang wika ang kakayahang mangusap tungkol sa wikang ito. Ipinahihintulot ng ganitong operasyong “metalingguwistiko” ang rebisyon at redepinisyon ng ginagamit na bokabularyo. Si Niels Bohr ang nagpakilála sa pagiging komplementaryo ng dalawang antas—obhetong lengguwahe at metalengguwahe: dapat maihayag sa karaniwang wika ang lahat ng malinaw na ebidensiyang eksperimental, “na ang praktikal na gamit ng bawat salita ay nananatiling may relasyong komplementaryo sa mga pagtatakda ng estriktong depinisyon nitó.”⁴

Maipahahayag sa alinmang umiiral na wika ang lahat ng kognitibong danas at ang mga klasipikasyon nitó. Kapag may kakulangan, naiaangkop at napatitindi ang terminolohiya gamit ang mga salitang-hiram o mga saling-hiram, mga neolohismo o semantikong pagbabago, at sa dulo, mga sirkunlokusyon (pagpapaligoy-ligoy). Kayâ naman sa bagong pampanitikang wika ng Northeastern Siberian Chukchees, “rotating nail” (umiikot na pakò) ang “screw” (tornilyo), “hard iron” (matigas na yero) ang “steel” (bakal), “thin iron” (manipis na bakal) ang “tin” (láta), “writing soap” (panulat na sabon) ang “chalk” (tisa), “hammering heart” (bumabayóng puso) ang “watch” (relo). Maging ang animo magkakataliwas na sirkunlokusyon tulad ng “electrical horse-car” (de-koryenteng kabayong-kotse), ang unang pangalang Russian ng walang kabayong kotseng panlansangan, o ng “flying steamship” (jena paragot), ang pantawag sa eroplano sa wikang Koryak, na payak na nagtatakda lámang ng analogong elektriko ng “horse-car” at ng analogong lumilipad na “steamer” at hindi nakahahadlang sa komunikasyon kung paanong walang semantikong sagabal at ligalig sa dobleng oxymoron—“cold beef-and-pork hot dog.”

Hindi magagawang maging imposible ng kakulangan sa kasangkapang gramatiko sa pinagsalinang wika ang literal na salin ng buong konseptuwal na impormasyong nakapaloob sa orihinal. Ang mga tradisyonal na pangatnig na “and” (at), “or” (o) ay nadaragdagan ng “and/or” (at/o) na tinalakay may ilang taon na ang nakararaan sa masisteng aklat na *Federal Prose—How to Write in and/or for Washington* (Prosang Pederal—Kung Paano Magsulat sa at/o para sa Washington).⁵ Sa tatlong pangatnig na ito, ang panghulí lámang ang mayroon sa mga wikang Samoyed.⁶ Sa kabilâ ng mga pagkakaibang ito sa imbentaryo ng mga pangatnig, ang tatlong baryedad ng mga mensahe na tinunghayan sa “federal prose” ay maisasalin nang may pagkakaiba-iba sa tradisyonal na Ingles at sa wikang Samoyed. Prosang federal: 1) John and Peter (Si John at si Peter), 2) John or Peter (Si John o si Peter), 3) John and/or Peter (Si John at/o si Peter) will come (ay darating). Tradisyonal na Ingles: 3) John and Peter or one of them will come (Si John at si Peter o ang isa kanila ay darating). Sa Samoyed: John and/or Peter both will come (Si John at/o si Peter ay kapuwa darating), 2) John and/or Peter, one of them will come (Si John at/o si Peter, isa sa kanila ay darating).

Kapag wala ang isang categoryang gramatiko sa isang wika, maisasalin ang kahulugan nitó sa wikang ito gamit ang pamamaraang leksiko. Ang mga dalawahang anyo gaya ng Lumang Russian na ópara ay naisasalin sa tulong ng pamilang: “two brothers” (dalawang kapatid na lalaki). Lalong mahirap maging tapat sa orihinal kapag nagsalin táyo sa isang wika na may isang tiyak na categoryang gramatiko mula sa isang wika na walang gayong categorya. Kapag isinasalin ang pangungusap na Ingles na “She has brothers” (May mga kapatid na lalaki siya) sa wikang may pag-iiba sa dalawahan at maramihan, mapipilitan táyong pumili sa dalawang pahayag na “She has two brothers” (May dalawang kapatid na lalaki siya) — “She has more than two brothers” (May mahigit sa dalawang kapatid na lalaki siya) o hayaan na lámang nating magpasiya ang tagapakinig at sabihin: “She has either two or more than two brothers” (Maaaring may dalawa o higit pang kapatid na lalaki siya). Muli, sa pagsasalin sa Ingles mula sa isang wika na walang gramatikong pamilang, mapipilitan ang sinumang pumili sa dalawang posibilidad: “brother” (kapatid na lalaki) o “brothers” (mga kapatid na lalaki) o harapán ang tagatanggap ng mensaheng ito ng dalawang

sitwasyong mapamimilian: “She has either one or more than one brother” (Siya ay maaaring may isa o higit sa isang kapatid na lalaki).

Tulad ng mahusay na natunghayan ni Boas, ang padrong gramatiko ng isang wika (taliwas sa kalipunan ng mga leksikon nitò) ang nagtatakda ng mga aspekto ng bawat karanasang dapat maihayag sa isang wika: “Kailangang mamili táyo sa mga aspektong ito, at ang isa o ang isa pa ang dapat piliin.”⁷ Upang maisalin nang wasto ang Ingles na pangungusap na “I hired a worker,” kailangan ng isang Russian ng dagdag na impormasyon—naganap ba o hindi ang kilos na ito, lalaki ba o babae ang manggagawa—sapagkat kailangan niyang mamili ng isa sa pandiwang may kompletibo o sa di-kompletibong aspekto—нанял о нанимал—at sa isa sa pangngalang panlalaki o sa pambabae—работника о работниу. Kapag tinanong ko ang nagsabi ng Ingles na pangungusap kung lalaki ba o babae ang manggagawa, mapararatangang walang kuwenta o kawalang modo ang aking pagtatanong; samantalang sa bersiyong Russian ng pangungusap na ito, isang mahigpit na kahingiang masagot ang aking tanong. Sa kabilâng dako, anuman ang piliing mga gramatikong anyong Russian sa pagsasalin ng siniping mensahe sa Ingles, hindi makatutugon ang salin sa tanong kung “I hired” o “I have hired” ba ang ginawa ko sa manggagawa, o kung siya ba (lalaki o babae man) ay tiyak o di-tiyak na manggagawa (“a” o “the”). Sapagkat hindi magkatulad ang impormasyong hinihingi ng mga padrong gramatiko ng Ingles at Rusisan, humaharap táyo sa ganap na magkakaibang kalipunan ng mga sitwasyong may dalawang pamimilian; samakatwid, isang kawing-kawing ng mga salin ng gayon at gayunding naiibang pangungusap mulang Ingles patungong Russian at bise bersa ang ganap na makapagtatanggal sa orihinal na nilalaman ng nasabing mensahe. Inihahambing ng lingguwistang taga-Geneva na si S. Karcevski ang gayong unti-unting paglalahò sa isang pabilog na serye ng mga di-mainam na transaksiyong pampananalapi. Ngunit, malinaw na kapag higit na mayaman ang konteksto ng isang mensahe, higit na kakaunti ang nawawalang impormasyon.

Esensiyal na nagkakaiba-iba ang mga wika sa dapat ipabatid at sa maaaring ipabatid ng mga ito. Bawat pandiwa sa isang wika ay mahigpit na nagtatakda ng isang kalipunan ng mga tanong na natutugon ng oo o hindi, tulad halimbawa nitò: ang isinalaysay bang pangyayari ay inisip

nang may pagtukoy o wala sa pagkaganap nitó? Ang isinalaysay bang pangyayari ay itinanghal nang nauna o hindi kaysa pagsasalita? Likás na palagiang nakatuon ang atensiyon ng mga katutubong tagapagsalita at tagapakinig sa gayong mga bagay kagaya ng sapilitang hinihingi sa kanilang kodigong pasalita.

Sa paraang kognitibo, hindi gaanong nakabatay ang wika sa padrong gramatiko sapagkat ang depinisyon ng ating karanasan ay nananatiling may komplementaryong relasyon sa mga operasyong metalingguwistiko—hindi lámang tinatanggap kundi tuwirang hinihingi ng kognitibong antas ng wika ang muling pagsasakodigo ng interpretasyon, i.e., pagsasalin. Isang kabalintunaan ang anumang pagpapalagay ukol sa lampas sa salita o di-maisasaling datos na kognitibo. Ngunit sa biro, sa mga panaginip, sa madyik, o sa madaliang sabi, sa tinatawag na pang-araw-araw na pasalitang mitolohiya at sa tula, higit sa lahat, lalong may mataas na kabuluhan ang mga categoryang gramatiko. Sa ganitong mga kondisyon, lalong nagkakabuhol-buhol at kontrobersiyal ang mga tanong tungkol sa pagsasalin.

Maging ang categoryang tulad ng kasariang gramatiko, na laging binabanggit bilang pormal, ay may malaking papel sa mitolohikong pananaw ng isang komunidad ng wika. Sa Russian, hindi maipantutukoy ang pambabae sa lalaki o ang panlalaki sa babae. Apektado ng kasarian ang paraan ng paggamit ng personipikasyon o metapora sa mga pangngalang walang búhay. Nakita sa isang pagsusulit sa Moscow Psychological Institute (1915) na ang mga Russian, na namihasang gamitan ng personipikasyon ang mga araw ng linggo, ay konsistent sa pagtukoy sa Lunes, Martes, at Huwebes bilang lalaki at sa Miyerkoles, Biyernes, at Sabado bilang babae nang hindi namamalayang ang gayong pagbubukod ay bunga ng kasariang panlalaki ng unang tatlong pangalan (Понедельник, торник, четверг) at sa kasariang pambabae ng iba pa (Среда, пятница, суббота). Ang pagiging panlalaki ng Biyernes sa ilang wikang Slavic at pambabae sa iba pa ay masasalamin sa mga katutubong tradisyon ng mga pangkat-pangkat ng tao, na may nagkakaiba-ibang ritwal na pambiyernes. Ang malaganap na pamahiing Russian na ang nalaglag na kutsilyo ay tanda na may darating na lalaking panauhin at ang nalaglag na tenedor ay tanda na babae ang

darating ay idinulot ng kasariang panlalaki ng нож (kutsilyo) at ng kasariang pambabae ng вилка (tenedor) sa wikang Russian. Sa ibang wikang Slavic na lalaki ang “araw” at babae ang “gabi,” itinatanghal ng mga makata ang araw bilang mangingibig ng gabi. Pinagtakhan ng Russian na pintor na si Repin kung bakit ang kasalanan ay iginuguhit bilang babae ng mga pintor na Aleman: hindi niya naisip na ang “kasalanan” sa Aleman ay babae (die Sünde), ngunit lalaki sa Russian (грех). Gayundin, ikinagugulat ng isang batang Russian sa pagbabasa ng mga kuwentong-bayang Aleman na ang Kamatayan, na isang babae (Русо, смерть, fem.), ay inilalarawan bilang isang matandang lalaki (Aleman, der Tod, masc.). Likás sa Russian ang pamagat ng libro ni Boris Pasternak, *My Sister Life*, dahil sa wikang ito, ang “búhay” ay babae—жизнь, ngunit sukat makasiphayo sa makatang Czech na si Josef Hora sa pagtatangkang isalin ang mga tulang ito sapagkat sa wikang Czech, lalaki ang pangngalang ito—život.

Ano ang unang tanong sa panitikang Slavic sa pinakasimula nitó? Ano pa nga ba kundi ang problema ng tagasalin sa pagpapanatili ng mga symbolismong kaugnay ng kasarian, at ang kognitibong kawalang kabuluhan ng problemang ito, ang naging pangunahing paksa ng pinakaunang orihinal na akdang Slavic, ang paunang salita sa salin ng Evangelium, na sinulat sa bungad ng 860 ng tagapagtatag ng panitikan at liturhiyang Slavic, si Constantino ang Pilosopo, at pinapanumbalik at muling binigyang-interpretasyon kamakailan ni A. Vaillant.⁸ “Ang Griego, kapag isinalin sa ibang wika, ay hindi nalilikhang kagaya ng orihinal, at nangyayari ito sa bawat wikang isinasalin,” wika ng apostol na Slavic. “Ang mga pangngalang panlalaki gaya ng ποταμός (ilog) at ὄστρη (bituin) sa Griego ay pambabae sa ibang wika gaya ng рька (ilog) at эвьэда (bituin) sa Slavic.” Ayon sa komentaryo ni Vaillant, ang pagkakaibang ito ay sumisira sa simbolikong pag-uugnay ng ilog sa demonyo at ng bituin sa anghel sa salin sa Slavic ng dalawa sa mga berso ni Mateo (7:25 at 2:9). Ngunit sa matulaing hadlang na ito, tahasang nilabag ni San Constantino ang panuntunan ni Dionisio, ang Areopagita, na nagtuon ng pangunahing pansin sa mga kognitibong halaga (сила разуму) sa halip na sa mismong mga salita.

Sa panulaan, ang mga pasalitang tumbasan ay nagiging makabuluhang prinsipyo ng teksto. Ang mga categoryang sintaktiko

at morpolohiko, mga ugat, mga panlapi, mga ponema at ang mga bumubuo rito (mga tiyak na katangian)—sa madalíng salita, anumang bahagi ng pasalitang kodigo—ay hinaharap, itinatabi, iniuugnay alinsunod sa prinsipyo ng pagkakatulad at pagkakaiba at tinataglay ang kanilang mga awtonomong signipikasyon. Ang ponemikong pagkakatulad ay kinikilála bilang semantikong relasyon. Ang laro ng salita (pun), o kung gagamit ng higit na akademiko at marahil lalong eksaktong terminolohiya—paronomasya, ay nangingibabaw sa sining ng tula, at lubos man o limitado ang panuntunan nitó, ang tula ayon sa katuturan nitó ay di-naisalin. Malikhaing transposisyon lámang ang posible: maaaring intralingguwal na transposisyon—mula sa isang poetikong anyo patungo sa iba, o interlingguwal na transposisyon—mula sa isang wika patungo sa iba, o intersemiyotikong transposisyon—mula sa isang sistema ng mga tanda patungo sa iba, e.g., mula sa pasalitang sining patungo sa musika, sayaw, pelikula, o pagpipinta.

Kung isasalin natin sa Ingles ang tradisyonal na ekspresyong Traduttore, traditore bilang “the translator is a betrayer” (tagasalin, taksil), tatanggalan natin ng halaga ang tugmaang Italyano ng lahat ng kabuluhang paronomastiko nitó. Kayâ ibubunsod táyo ng kognitibong pananaw na palitan ang kasabihang ito ng lalong tiyak na pahayag at tugunin ang mga tanong na ito: tagasalin ng anong mga mensahe? taksil sa anong mga halagahan?

(Salin ni Michael M. Coroza)

Mga Tala

¹ Bertrand Russell, “Logical Positivism,” *Revue Internationale de Philosophie*, IV (1950), 18; cf. p. 3.

² Cf. John Dewey, “Peirce’s Theory of Linguistic Signs, Thought, and Meaning,” *The Journal of Philosophy*, XLIII (1946), 91.

³ Benjamin Lee Whorf, *Language, Thought, and Reality* (Cambridge, Mass., 1956), p. 235.

⁴ Niels Bohr, “On the Notions of Causality and Complementarity,” *Dialectica*, I (1948), 317f.

- ⁵ James R. Masterson at Wendell Brooks Phillips, *Federal Prose* (Chapel Hill, NC, 1948), p. 40f.
- ⁶ Cf. Knut Bergsland, “Finsk-ugrisk og almen sprogvidenskab,” *Norsk Tidsskrift for Sprogvidenskab*, XV (1949), 374f.
- ⁷ Franz Boas, “Language,” *General Anthropology* (Boston, 1938), pp. 132f.
- ⁸ André Vaillant, “Le Préface de l’évangélique vieux-slave,” *Revue des études Slaves*, XXIV (1948), 5f.

SIPAT FILIPINO

SULYAP SA KASAYSAYAN NG PAGSASALIN SA FILIPINAS

VIRGILIO S. ALMARIO

Kasintanda ng limbag na panitikan ng Filipinas ang pagsasalin. Ang unang aklat, ang *Doctrina Christiana* (1593), ay salin ng mga pangunahing dasal at tuntunin ng simbahang Katoliko na kailangan sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa bagong sâkop na kapuluan. Ang layunin ng mga misyonerong Espanyol sa paglilimbag ng naturang libro ay hindi nalalayô sa sinasabi ni Theodore H. Savory na unibersal na gawain ng pagsasalin, “Sa lahat ng panahon at sa lahat ng dako, isinagawa ang mga salin alang-alang sa mga dalisay na layuning utilitaryo at walang ibang nasâ ang tagasalin maliban sa pag-aalis ng hadlang na naghihiwalay, dahil sa pagkakaiba ng mga wika, sa manunulat at sa mambabasa.”

Malaki ang naging tungkulin ng pagsasalin sa paglilipat at palitan ng kultura’t kaalaman sa buong mundo. Kung ang pagkaimbento ng papel ay napakahalaga sa lansakan at matagalang pag-imbak ng matatayog na karunungan at dakilang panitikan, ang pagsasalin naman ang naging mabisang kasangkapan sa pagkakalat at pagtanggap ng mga naturang pamana ng sibilisasyon sa iba’t ibang lugar sa buong

mundo. Pasalita man o pasulat, laging kailangan ang pagsasalin sa anumang pananakop at pagpapairal ng kapangyarihang pampolitika sa ibang nasyon gayundin sa ugnayang pangkomersiyo ng dalawa o mahigit pang bansa.

Kasangkapan ang pagsasalin para ganap na makinabang ang isang bansa o pook sa mga impluwensiyang mula sa isang sentro o sulóng na kultura. Sa Kanluran, halimbawa, sinagap nang husto ng Latin ang mas mayamang kulturang Griego sa pamamagitan ng salin. Pinakamatandang nakaulat na salin ang *Odyssey* sa bersiyong Latin noong 240 B.C. ng isang aliping Griego na si Livius Andronicus. Posibleng hindi si Andronicus ang unang tagasalin; possible pang hindi siya ang unang nagsa-Latin ng epiko ni Homer. Ngunit kinilála halimbawa ni Horace ang kanyang akda at may mga bahagi pang buháy hanggang ngayon dahil sa pagsipi ng ibang manunulat na Romano.

Gumanap ang mga sentrong pagnegosyo noong araw bilang mga lugar na palitan din ng kultura. Unang halimbawa nito ang Alexandria na itinayô sa ngalan ni Alexander ang Dakila noong bandáng 332 B.C. Naging sentro ito ng Hellenismo at karunungan Semitico at nagtampok ng pinakamataas na pag-unlad ng saliksik at agham na Griego. Sinasabing nakapag-impok ito sa aklatan ng 500,000 tomo at dito ginawa ang salitáng Septuagint mula Hebrew tungo sa Griego ng Lumang Tipan.

Noong ikawalo't ikasiyam na dantaon, ang Baghdad naman ang sityo ng pakikinabang sa dakilang pamana ng kulturang Griego. Sinasabing ang pagsulong ng karunungan Arabe ay bunga ng masiglang pagsagap—sa pamamagitan ng salin tungo sa Arabe—sa mga sinulat nina Aristotle, Plato, Galen, Hippocrates, at iba pang tinitingalang Griego.

Kakambal at kabaligtaran ng Baghdad ang naging papel ng Toledo sa palítan ng kulturang Arabe at ng kulturang Europeo. Nang manghina ang karunungan at kapangyarihang Arabe, sumigla naman ang pag-aaral sa Europa. Sa Toledo, Espanya, natipon ang mga iskolar

na nagsalin tungo sa Latin ng mga aklat sa Arabe. Dito nakatutuwang isipin na ang isang akda ni Aristotle ay posibleng isinalin sa Arabe sa Baghdad upang pagkaraan ay muling maisalin naman sa Latin sa Toledo. Sa panahong ito ginawa sa Toledo ni Robert de Retines ang unang salin ng Koran (1141–1143).

Isa pang silbi ng pagsasalin ay may kaugnayan sa pagsúlong ng wika at kamulatang pambansa. Sa kasaysayan, maraming pagkakataon na ang saklaw at antas ng pagsasalin ay palatandaan ng pagsibol ng kamulatang makabansa. Tatak ng mataas na kapasidad ng isang wika ang pagsasalin dito ng mga klasika at ibang iginagálang na akda sa daigdig.

Mga bandang ika-12 siglo nang maging masiglang-masigla ang pagsasalin sa mga wika ng lumitaw na mga bansa sa Europa. Bibliya at akdang panrelihiyon ang unang pokus ng pagsasalin sa panahong ito. Sinasabing maaaring ituring na tagapanguna si King Alfred noon pang ika-10 siglo. na sinundan ng ibang iskolar na Ingles at iba pang pagsasalin sa Italiano at Aleman. Ang unang salin sa Ingles ng Bibliya ay ginawa ni John Wycliffe at unang lumabas noong 1382. Pinakamatingkad namang salin sa German ang ginawa ni Martin Luther nong 1522 at 1534, na sinasabing naging pamantayan sa pagkatatag ng wikang pambansa ng Germany.

Hindi laging mula sa orihinal na wika ng akda ibinabatay ang pagsasalin. Halimbawa, ang Mga Buhay ng Bantog na Romano ni Plutarch ay isinalin sa German noong 1579 ni Jacques Amyot, ang Obispo ng Amyot at may bansag na “prinsipe ng mga tagasalin.” Ang salin ni Amyot ang pinagbatayan ng salin sa Ingles noong 1579 ni Sir Thomas North.

Tinawag ni Savory na “tanikalang-wika” (language chain) ang pangyayaring ito at malimit maganap sa masiglang panahon ng pagsasalin sa Europa. Ibinigay pa niyang ehemplo ang akda ni Thucydides sa Griego, na isinalin sa Latin ni Vallon, na pinagbatayan naman ni Claude de Seyssel ng salin sa French, at ginamit pagkaraan ni Thomas Nicholls sa kanyang salin sa Ingles.

Wika ng Pagbibinyag

Sa unang tingin, waring dalá ng mga misyonerong Español ang sigla ng pagsasalin sa Europa nang dumating silá sa Filipinas. Kayâ mga salin o halaw ang mga unang proyektong lumabas sa limbagan sa panahon ng kolonyalismong Español. Sa kabilâng dako, dapat itong ituring na bunga ng sitwasyon sa kapuluan pagdatíng ng mga kongkistador at ng pinairal na patakarang pangwika noon.

Watak-watak sa iba't ibang pangkating etniko na may kani-kanilang wikang katutubo ang mga Filipino nang sakupin ng España. Hindi naman nagpatupad ng isang sistematikong programa ang mga mananakop para pairalin ang wikang Español. Dahil dito, unang binalikat ng mga misyonerong nadestino sa Filipinas ang pag-aaral ng mga wikang katutubo at ang paglilimbag ng mga aklat na nakasulat sa mga wikang katutubo upang magamit sa paghimok sa mga katutubo na maging binyagan.

Pagkaraan ng Doctrina Christiana, ang iba pang makabuluhang libro hanggang ika-18 siglo ay salin, halaw, o gumagamit ng mga bahaging salin o halaw. Ang unang aklat na may orihinal na mga piraso ng tula ay ang Memorial de la vida cristina en lengua tagala (1605) ni Fray Francisco de San Jose. Ngunit ito'y unang malakihang paliwanag sa Sampung Utos at gumagamit ng mga sipi mula sa Bibliya at mga anekdotang halaw sa panitikang Europeo. Ang unang diksiyonaryo, ang Vocabulario de la lengua tagala (1627) ni Fray Pedro de San Buenaventura ay isang kasangkapan para matuto ng Tagalog ang mga Español.

Tekstong Kristiyano. Isang makabuluhang mohon sa pagsasalin ang Meditaciones cun manga mahala na pagninilay na sadia sa sanctong pag Eexercisios (1645) ni Fray Pedro De Herrera. Bagama't may halaga ito sa kasaysayan ng pagtula sa Tagalog, ang libro ay isang malaking pagsisikap sa pagsasalin. Ang Medicationes ay unang salin sa Tagalog ng mga gawaing espiritwal o Exercitia spiritualia ni San Ignacio de Loyola mula sa Español ni Fray Francisco de Salazar.

Kasunod nito ang unang proyekto ng isang makatang Filipino, ang Manga panalanging pagtatagobilin sa calolova nang tauong naghihingalo (1703) ni Gaspar Aquino de Belen, isang Batanggenyo na nagtrabaho sa imprenta ng mga Heswita. Ang libro ay salin ng Recomendacion del alma (1613) ni Tomas de Villacastin, bagama't tulad ni Herrera ay isinudlong ni Aquino de Belen ang kanyang tulang Mahal na Passion na siyang unang pasyong patula sa Filipinas.

Isa pang pangunahing ambag sa pagsasalin ang Aral na tunay na totoong pagaacay sa tauo, nang manga cabanalang gua nang manga maloyalhating santos na si Barlaam ni Josaphat (1712) na salin ni Fray Antonio de Borja sang-ayon (“na pinalaman sa sulat ni”) sa teksto ni San Juan Damaceno. Ang Barlaam at Josaphat ay isang napakapopular na katha mula sa Kristiyanong Silangan at pinagtatalunan pa ng mga iskolar kung paano ito nagsimula batay sa buhay ni Buddha at nasalin sa wikang Arabe. Pinagtatalunan din kung saang wika sa Europa ito unang nasulat: kung sa Georgian o sa Griego? Sa Griego, isa sa sinasabing bersiyon nitó ang sinulat ni San Juan Damaseno.

Ayon kay Savory, napakalaki ng mambabasá ng Barlaam at Josaphat sa mga wika sa Europa noong bandang 1300 at kayâ inakala na ang katha ay totoo. Anupa't noong 1584, isinâma ni Baronius sina Barlaam at Josaphat sa listahan ng mga Banal na Martir ng Kristiyanismo. Ito, ayon kay Savory, ang isa sa kataka-takang epekto ng pagsasalin sa kasaysayan ng mundo. Batay lámang sa maikling paliwanag na ito ay hindi maipagtataka ang sigasig ng mga misyonero na agad palaganapin sa Filipinas sa pamamagitan ng salin ang naturang istorya.

Ang proyektong Memorial ni de San Jose ang susundan ng iba pang libro ng sermon at platikas sa buong panahon ng kolonyalismo at sa iba pang wikang katutubo. Bukid dito’y may ikakalat ding mga nobena at dasal sa Tagalog at ibang wikang katutubo na tiyakang salin o halaw sa mga modelong Español. Ang isinasalin ay maaari din namang hindi Español ang wika ng orihinal, gaya ng nangyari sa akda ni San Ignacio de Loyola. Isa pang nagdaan sa “tanikalang-wika” ang librong Ang infiernong na bubucsan sa tauong Christiano, at nang houag masoc doon (1713) ni Fray Pablo Clain (Paul Klein). Ayon na rin

sa paunawa ng libro, ang orihinal nitó ay sinulat sa Italiano ng isang Heswita, sakâ isinalin sa Español ng isa ring Heswita. Ang salin sa Español ang ginamit ng Heswitang si Clain sa Tagalog na Ang infernong.

Salin para sa Tanghalan at Aliwan

Bago magtapos ang ika-18 siglo, ang pagsasalin ay magagawi sa mga akdang hindi tuwirang gamit sa simbahan at seminaryo. Nagkaroon din ito ng paksain na bagama't sumasang-ayon sa doktrinang Kristiyano ay nagtataglay ng elementong sekular sa kabuuan. Pangunahin dito ang mga mahabang tulang pasalaysay na awit at korido at ang mga patulang pagtatanghal na komedya. Ang awit at korido ay naging babasahing popular at aliwan sa tahanan. Bagama't karaniwang itinatanghal kapag may pistang panrelihiyon, ang komedya ay may mga kuwento at nilalamang katulad ng awit at korido.

Walang tiyak na saliksik kung alin ang nauna sa komedya at sa awit at korido. Gayunman, malinaw na salin o hango ang mga ito sa panitikang naging popular din sa Español, at sa buong Kristiyanong Europa, noong panahong Midyibal. Ang mga awit at korido ay mula sa mga metrico romance samantalang ang komedya ay may hiram na anyo at balangkas ng pagtatanghal sa comedia de capa y espada. May mga romance rin na naging awit o korido at komedya.

Bukod sa anyo, maaaring uriin ang mga naturang aliwan at pagtatanghal sa dalawang pangkalahatang paksain. Una, ang mga kuwento ng pakikipagsapalaran ng mga prinsipe, kabalyero, at maalamat na tauhan, gaya ng búhay nina Bernardo Carpio, Gonzalo de Cordoba, Doce Pares ng Francia, Siete Infantes de Lara, Aladino, Duke Almansor, at iba pa. Ikalawa, ang mga kuwento ng kabanalan, gaya ng búhay nina Faustino at Matidiana, San Juan de Dios, Doña Marcela, at iba pang martir at santong Kristiyano.

Naging magandang sanayan ang naturang panitikang salin o halaw tungo sa totoong malikhaing pagsulat nitong ika-19 dantaon. Ang Florante at Laura ni Balagtas ay maaaring ituring na tulay at tugatog. Tulay ito tungo kina Rizal at Bonifacio kung ituturing na kompletong

orihinal na akda na gumamit lámang ng saknungang awit. Tugatog ito ng panahon ng imitasyong metrico romance kung isasaalang-alang ang patalastas mismo ni Balagtas sa bungad ng kanyang akda na ito ay hango sa “cuadro historico” ng “Grecia.”

Ang totoo, isang makabuluhang aspekto ng saliksik sa mga nabanggit na limbag na panitikan sa panahon ng Español ay ang pahambing na pag-aaral sa mga ito at sa inaakalang simulaang teksto. Katabi ng orihinal, dapat pang suriin kung hanggang saan ang naganap na pagsasalin o paghalaw at kung gaano kalaki naman ang malikhaing orihinalidad na ibinuhos ng manunulat/tagasaling Filipino. May ganito nang halimbawa ang pagsusuri sa Mahal na Passion upang ipakilala at itanghal ang pagkaawtor ni Aquino de Belen. Higit pang aani ng paggálang ang mga awit at korido o komedyang bilang awtentikong anyong Filipino kapag nalinang ang naturang sistema ng pahambing na pagsusuri.

Tungkol at Para sa Di-Tagalog. Dahil ang Maynila ang napiling sentro ng gobyernong kolonyal ay higit na nabuhos ang mga gawain ng limbagan sa akdang Tagalog. Ang pinakamaagang limbag na akda sa wikang Ilokano, Kapampangan, o Bisaya ay ikalawang hati na ng ika-18 siglo at malamang pang inimpenta sa Maynila. Sumigla lámang ang limbag na akda sa ibang wika nang magkaroon ng impenta sa Bacolor, Cebu, Iloilo, Naga, at Vigan. Hindi kailanman nagkaroon ng impenta sa Samar-Leyte noong panahon ng Español.

Bunga nitó, malaki ang posibilidad na may mga naganap na pagsasalin ng nobena at aklat-dasalan mulang Tagalog tungo sa ibang wika. Ganito ang nangyari sa salin at halaw ng pasyon mula Tagalog tungo sa ibang katutubong wika. Noong 1875, lumabas ang isang nobena ni Fray Francisco Encina na isina-Tagalog ni Melchor Fernandez at isina-Bikol ni Ibo Mella. Ang orihinal na akdang Urbaba at Feliza (1854) ni Modesto de Castro ay nagkaroon ng salin sa Ilokano ni Jacinto Caoile Mariano at nilimbag sa Maynila noong 1866 sakâ isinalin sa Bikol ni Fruto del Prado at nalathala sa Maynila noong 1892.

Bago iwanan ang panahon ng Español ay dapat ding sulyapan ang posibilidad ng salin mula sa katutubong wika ng Filipinas tungo

sa Español. Naganap ito dahil din sa interes ng mga Español na pag-aralan at iulat ang kultura at panitikan ng mga Filipino. Dalawang alamat sa Panay ang nabúhay hanggang ngayon dahil sa muling pagkukuwento sa Español ni Fray Pedro Chirino. Sa makapal na saliksik ni Fray Ignacio Francisco Alzina tungkol sa kalinangang Bisaya (1668) ay binuod niya sa Español ang dalawang mahabang salaysay na patula ng mga Boholano.

Sa *Vocabulario de la lengua tagala* (1754) nina Fray Juan de Noceda at Fray Pedro de Sanlucar ay gumamit ng mga bugtong, salawikain, dalit, tanaga, diona, at iba pang maikling tulang Tagalog para ipaliwanag ang gamit ng ilang lahoc sa diksiyonaryo. Ang halimbawang tula ay sinusundan ng salin dili kaya’y paliwanag sa Espanyol. Sa lahoc na “copcop,” halimbawa, ay ibinigay na gamit ang isang dalit:

Aba aya casampaga,
nang ponay na olila,
cun umambo, I, pagsiap na,
ualang magcopcop na ina.

Pagkaraan, idinugtong ang ganitong pagbuod sa Espanyol: *El pollo o la tortola, que cuando llueve, aunque pie, no tiene madre que la abrigue.*”

Kung minsan nga’y humahango pa sa panitikang klasika ang mga padre para isalin ang kahulugan ng isang tulang Tagalog. Sa lahoc na “dalodalo”—isang langgam na may pakpak—ibinigay bilang bugtong sa maliit na mapagmataas o soberbiyo ang sumusunod:

Caya ipinacataastaas
nang domagongdong ang lagpac.

at sakâ sinundan ng paliwanag sa Latin na sipi diumano kay Claudiano. “*Tolluntur in altum ut lapsu graviore ruant.*”

Salin para sa Bagong Kamulatan

Kung susundin ang himaton ni James A. Leroy totoong pumasok sa “modern era” ang Filipinas noong 1869 at buksan ang Suez Canal.

Bumilis at dumami ang biyahe sa pagitan ng Maynila at España, lumaki ang bilang ng mga Español at Europeo sa Filipinas, lumuwag ang kalakalan at negosyo na nagdulot ng bagong-yaman sa lipunan, at hindi na napigil ng sensura ang pagdagsa ng mga bago at ideang liberal mula sa Europa. Malaki ang posibilidad na ginamit ng mga konserbatibong awtoridad sa pamahalaang kolonyal ang Pag-aalsa sa Cavite noong 1872 para supilin ang mga kabaguhang dulot ng “modern era” sa Filipinas. Ngunit sa halip nitó, ang pagbitay sa tatlong paring martir at pagpapatápon sa mga piling miyembro ng edukado’t mayamang pamilya sa Katagalugan ay naging binhi pa ng lihim na mithiing mareporma ang kalagayang kolonyal sa pamamagitan ng Kilusang Propaganda at sa dulo’y ng tahasang pag-aadhikang makalaya sa pamamagitan ng Katipunan.

Ang pag-unlad at pagsalimuot ng diwang mapagpalaya mula sa panahon ng La Solidaridad ang pangunahing lakas sa pagdaloy ng kasaysayan ng panitikan at kalinangan ng Filipinas hanggang sa kasalukuyan. Kaagapay sa ganitong diwain ang naging takbo ng pagsasalin, o kahit paano’y ng anumang makabuluhang proyekto sa pagsasalin. Ginampanan din ito sa dalawang yugto ng mga tagasalin na may ginamit na dalawa’t magkasunod na wikang banyaga. Ang unang yugto ay Español ang pangunahing kasanayan sa wikang banyaga ng mga tagasalin. Ang ikalawang yugto ay Ingles naman, bunga ng pagtiim ng pananakop na Americano, ang pangunahing kasanayan sa wikang banyaga ng mga manunulat.

May tiyak na balikang direksiyon din ang buong pagkilos sa pagsasalin. Bagama’t higit na marami ang bilang ng salin mula sa wikang banyaga tungo sa katutubong wika ay may lumalakas at malay na proyekto ng salin mula sa katutubong wika tungo sa wikang banyaga.

Modelo si Jose Rizal sa unang direksiyon. Dahil sa malinaw na hangaring magdulot ng bagong babasahin sa kanyang mga pamangkin ay isinalin niya mula sa orihinal na German ang Wilhelm Tell ni Schiller. Limang kuwentong pambatà ng dakilang si Hans Christian Andersen ang kaniya ring isina-Tagalog at ipinadalá sa Filipinas. Tiyakang pinili ni Rizal ang dula ni Schiller dahil sa damdamin nitóng makabayan at sa mensahe ng pagsusuwail laban sa mananakop. Inihandog naman

ni Rizal ang mga kuwento ni Andersen bilang babasahing naiiba sa katon at akdang panrelihiyon sa ilalim ng mga Español.

Layuning Nasyonalista. Isang mahalagang saling pampolitika ang polyetong Ang mga Karampatan ng Tawo (1891-92) na lihim na kumalat sa Maynila. Salin ito ng Declaration of the Rights of Man and of the Citizen na bumubuod sa diwa ng Rebolusyong Frances at sa gayo’y nagpapakilála sa paghiram ng mga Propagandistang Filipino ng ideolohiyang liberal mula sa naturang himagsik sa Francia.

Hindi laging dayuhan ang awtor ng isinasalin sa Tagalog. Ang sanaysay na “Amor Patrio” ni Rizal ay isinalin sa Tagalog na “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” ni Marcelo H. del Pilar at inilathala sa isyung 20 Agosto 1882 ng Diariong Tagalog. Ang naturang lathala at salin ang maituturing na unang nakalimbag na hudyat ng lantad na pagpapahayag ng damdaming makabayan sa kasaysayan ng Filipinas. Hinango naman dito pagkatapos ni Bonifacio ang kanyang tulang “Pag-ibig sa Tinubuang Bayan.” Ang tulang “Mi Ultimo Adios” ni Rizal ay muling itinula sa Tagalog na “Huling Paalam” ni Bonifacio. Sa panahon ng Americano, ang tulang ito ni Rizal ay isasalin din nina Pascual Poblete, Julian Cruz Balmaseda, at Jose Corazon de Jesus upang pagkaraan ay muli pang isalin nina Ildelfonso Santos, Jose Villa Panganiban, C.M. Vega, at Virgilio S. Almario. Isasalin din ito sa ibang wikang katutubo ng Filipinas at sa ibang wika sa daigdig.

Dahil sa kahingiang nasyonalista, ang tekstong Español ng Pambansang Awit na sinulat noong 1899 ni Jose Palma ay isinalin sa Tagalog noong bandang 1940 nina Ildelfonso Santos at J.C. Balmaseda at nilagyan ng pagbabago noong 1956. Ngunit sa panahon ng Americano, nagkaroon ito ng salin sa Ingles ni Camilo Osias at siyang opisyal na ginamit hanggang panahon ng Komonwelt. Kamakailan naman, sa sulsol ng damdaming rehiyonalista ay nagkaroon ito ng salin sa Sebwano at Ilonggo.

Nitóng 1953 ay lumabas ang Tagalog Periodical Literature, listahan ng mga nalathalang akda at pagsusuri sa panahon ng Amerikano hanggang 1941 na isinaayos ni Teodoro A. Agoncillo.

Lumilitaw sa index na ito ang patuloy na paglalathala ng mga akdang panrelihiyon mula sa panahon ng Español. Ngunit may nakagugulat na bilang ng mga saling akdang pampanitikan: 109 na maikling kuwento, 51 tula, 19 na dula, 87 nobela, 2 panitikang-bayan.

Dahil sa idinulot na impluwensiya sa malikhaing pagsulat bago magkadigma ay maituturing na nangunguna sa kabuluhan ang tulad ng Sa Gitna ng Lusak na salin ni Gerardo Chanco ng Camille ni Dumas, Natapos na ang Lahat na halaw ni Narciso Asistio sa Anna Karenina ni Tolstoi, Ang Buhay ay Pag-ibig nina Leonardo A. Dianzon at G. Chanco mula sa Vivir es Amar ni Manuel Ibo Alfaro, Ang Masayang Balo na salin ni Patricio Mariano sa operang La Viuda Alegre, gayundin ang salin at halaw sa mga kuwento nina Balzac, Guy de Maupassant, Edgar Allan Poe, at sa mga tula nina Ruben Dario, Roman Campoamor, Manuel Acuña, Henry Wadsworth Longfellow, Percy Bysche Shelley, at Lord Byron.

May mga pagsisikap ding isa-Tagalog ang mga kapuwa awtor na Filipino sa Español. Nangunguna sa listahan si Rizal. Kasunod ang mga tula nina Jose Palma at Fernando Ma. Guerrero, mga kuwento ni Jose Balmori, at isang dula ni Jose Ma. Rivera.

Mula sa Ingles. Mapapansin naman na pagsapit ng ikatlong dekada ng ika-20 dantaon ay dumarami ang mga salin ng mga akdang banyaga mula sa Ingles. Nangunguna dito sina Longfellow, Ralph Waldo Emerson, Rudyard Kipling, at Arthur Conan Doyle. Ang mga katha nina Maupassant at Tolstoi ay mapaghihinalang binása na sa saling Ingles. Tiyak namang isinalin mula sa Ingles sina Tagore, Selma Lagerlof, at Emperador Matsuhito. Nitó ngang 1940, ang lumabas na salin ni Dionisio San Agustin ng dakilang Don Quixote ay batay na sa saling Ingles.

Tulad sa mga akda sa Español, isinalin din ang mga akda sa Ingles na Filipino ang awtor. Ang unang nobela sa Ingles, ang *A Child of Sorrow* ni Zoilo Galang ay isinalin niya mismo bilang *Anak Dalita*. Noong Hunyo 24, 1930 ay lumabas sa Taliba ang salin ni Pagsilang Rey Isip sa “*Miri-nisa*” ni Jose Garcia Villa. Gayunman, higit na darami ang ganitong trabaho pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa kabilâng dako, hanggang sumiklab ang digma ay walang masigasig na proyekto para isalin ang mga akda sa katutubong wika tungo sa Español o Ingles. Masuwerte pa si Emilio Jacinto sapagkat ang dalawang akda niyang nawawala na ngayon ang orihinal sa Tagalog ay nabubúhay lámang sa salin. Ang kanyang “Pahayag” na lumabas sa unang labas ng Kalayaan ay isinalin sa Español ni Juan Caro y Mora at nalathala sa Archivo del bibliofilo filipino (1895-1905) ni Wenceslao Retana sa pamagat na “Manifiesto.” Ang kanyang “Sa mga Kababayan” ay tila isinalin din sa Español ni Caro y Mora at pinagbatayan ni Leroy ng kaniyang sipi na nakasalin sa Ingles. Hindi sinabi ni Leroy kung nasaan ang Español ni Caro y Mora ngunit ang isang bahagi ng “Sa mga Kababayan” ay nása Ingles at nabubúhay bilang sipi sa loob ng akda ni Leroy na nása hulíng tomo ng Philippine Islands nina Emma Blair at James Robertson.

Wala ring maayos na proyekto para sa pagsasalin tungo sa ibang mga wikang katutubo hanggang sa panahon ng pananakop ng mga Japones. Dito katangi-tangi si Aurelio Tolentino bilang trilingguwal. Bagama;t maalam sa Español, higit niyang nilinang ang pagsasalin ng sariling akda mulang Tagalog tungo sa Kapampangan at vise-versa. Isinalin diumano niya mulang Español ang Conde de Monte Cristo ni Dumas at Quo Vadis ni Sienkiewicz tungo sa Tagalog at Kapampangan. Ang kanyang nobelang Ang Buhok ni Ester ay may bersiyong Ing Buac ning Ester.

Tungo sa Pormalisasyon at Propesjonalisasyon

Sapagkat hindi natutugunan ang tinatawag ni Savory na “layuning utilitaryo,” patuloy na kulang sa organisadong malasakit ang larangan ng pagsasalin hanggang makaraan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Bihira ang lumilintang sa kakayahan at talinong magsalin sapagkat mahirap asahang hanapbuhay. Malimit na ang mga tagasalin ay naitutulak lámang ng likás na hilig o kayâ’y mga manunulat at guro sa wika na nagbabakasakali ng dagdag na kita.

Sa ganitong pangyayari, mahirap asahan ang isang malinaw na programa upang maisalin man lámang halimbawa ang mga piling

panitikan ng iba't ibang katutubong wika tungo sa Filipino o sa Ingles. Wala ding paraan para masuri ang mga salin at matulungan ang mga mahilig magsalin tungo sa pagpapahusay ng kanilang talino.

May dibisyon sa pagsasalin ang Surian ng Wikang Pambansa ngunit sa matagal na panahon ay wala itong malinaw na estratehikong target upang masagot ang napakalaki at iba't ibang pangangailangan sa pagsasalin. Malimit na maukol lámang ang panahon ng mga empleado ng dibisyon sa mga ipinasasalin ng iba't ibang opisina ng pamahalaan. Gayunman, naglabas ang SWP ng Patnubay sa Korespondensiya Opisyal (1977 nirebisa noong 1984, at muli, nitóng 2013), at ilang tomo ng mga salin ng katawagan.

Isang makabuluhang hakbang tungo sa institusyonalisasyon ng pagsasalin ang pagbuo ng isang Kawanihan sa Pagsasalin sa loob ng Partido Komunista ng Pilipinas nitong bungad ng dekada 70. Kinilála ng partido ang malaking papel ng pagsasalin sa edukasyong pangmasa bukod sa malawakang gamit ng wikang Filipino sa lahat ng gawaing pangkomunikasyon. Bunga nitó, lahat ng importanteng dokumento sa propaganda at pagtuturo ay mabilisang ipinasalin mulang Ingles tungo sa Filipino. Kabilang dito ang Lipunan at Rbolusyong Pilipino, Mga Siniping Pangungusap ni Mao Tsetung, Limang Gintong Silahis, at mga tomo ng sinulat ni Mao Tsetung. Bago ideklara ang Batas Militar, may mga kadre nang sinanay sa pagsasalin at nakatalaga sa iba't ibang pangkating legal at ilegal ng partido at halos lahat ng mga babasahíng ilathala, mula sa Ang Bayan hanggang Ang Paksa, ay may salin sa Filipino kapag Ingles ang unang edisyon. May mga organisasyong pangkultura na nagsalin ng mga akdang politikal mula sa ibang bansa, gaya ng Kamao na isang koleksiyon ng mga isinaling tulang nakikibaka mula sa iba't ibang dako ng mundo. Paglipas ng panahon, nagkaroon din ng mga pagsasanay sa pagsasalin tungo sa ibang wika ng Filipinas at may mga lumabas na salin ng awit, tula, o iskit mula sa Metro Manila para magamit sa pagkilos sa ibang rehiyon ng bansa.

Sa ilalim ng Batas Militar, ipinagpatuloy ng mga aktibista sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) ang naturang gawain. Noong Pebrero 4, 1975, isang tanging bilang ng Philippine Collegian ang lumabas na may mga salin ng panitikan ng Ikatlong Daigdig. Sinundan ito ng isang

workshop, ang Panday-Salin, sa loob ng dalawang araw noong 5-6 Abril 1975 para talakayin ang mga problema ng pagsasalin at hasain ang mga kalahok sa pagsasalin ng panitikan sa mga wikang katutubo. Ang Panday-Salin ang unang pambansang workshop sa pagsasalin at nagbunga ito ng isang tanging bilang ng Philippine Collegian noong 14 Agosto 1975 na naglalaman ng mga akda sa Filipino mula sa orihinal na Ilokano, Bikol, Kapampangan, Sebwano, Hiligaynon, at Español.

Sa panahong ito’y may mga pormal nang kurso sa pagsasalin sa UP. Pinahintulutang buksan ang isang subjek sa pagsasalin noong 1970 na nang lumaon ay yumabong tungo sa BA medyor sa Pagsasalin. Pagsapit ng 1988 ay may kursong doktorado na sa pagsasalin ang UP. Nagbukás naman ng BA sa pagsasalin noong 1978 hanggang 1985 ang Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Sa ngayon, may subjek din sa pagsasalin sa Philippine Normal University (PNU) samantalang ibinubukás ito bilang kursong elective para sa di-gradwado at gradwado sa De La Salle University (DLSU).

Noong 15 Abril 1983 ay nabuo ang Pambansang Samahan ng Pagsasaling-wika mula sa isang workshop pangwika na ginanap sa Batac, Ilocos Norte. Ang samahan ang nagdaos ng unang pambansang kumperensiya sa pagsasalin noong Oktubre 1983 sa Hiyas Convention Center, Malolos, Bulacan. Ang samahan din ang nangasiwa sa proyekto ng LEDCO-PNC Consortium para magsalin ng mga akdang bernakular tungo sa Filipino.

Anupa’t may mahahalatang pagtindi ng kamulatan hinggil sa halaga ng pagsasalin kaugnay ng mga nabanggit na pormal na pagsasanay at kapisanan. Sa kabilâng dako, dahil sa unti-unting pananaig ng wikang Filipino sa iba’t ibang larangan at gawain ay higit na lumawak ang paksa’t nilalaman ng mga salin. Malinaw din ngayon ang pagpapahalaga sa pagsasalin ng mga panitikan sa iba’t ibang wika ng Filipinas tungo sa pagbuo at pagpapalakas ng pambansang kamulatan.

ANG PAGSASALIN AY DI BIRO

Ilang Panimulang Haka at Paksa Tungo sa Estandardisadong Wika Sa Pagsasalin

VIRGILIO S. ALMARIO

(1) BAGO ANG LAHAT, magkaisa muna táyo sa pangalan ng ating trabaho. Tinatawag ko itong “pagsasalin” ngunit nakikita kong tinatawag ng iba sa higit na mapaglinaw ngunit mahabang “pagsasalingwika” (dili kaya’y “pagsasaling-wika”). Nagtataka ako sa kanila. Marahil, binuksan nilá ang tesauro ni Panganiban (1972) at nakita nilá sa pahina 869 na lima ang kahulugan ng “salin”: (A) pagbubuhos mula sa isang sisidlan tungo sa iba pa; (B) pagkopya; (C) traduksiyon; (D) pag-endoso ng isang dokumento o komunikasyon mula sa isang opisina tungo sa isa pa; at (E) paglilipat ng isang opisina o tungkulin. Marahil, nakita niláng pangatlo lámang sa listahan ang ating opisyo at may nakasingit pang nota si Panganiban na “salingwika” kayâ minamahalaga nilá ang pagbibigay-diin sa “wika” upang maibukod ang ating larangan sa tubig, lambanog, susi, HIV virus, at iba pang naisasalin.

Ngunit kalabisan, para sa akin, ang gayong paglilinaw. Kahit ang Ingles na translation ay may gayong mga kahulugan. Ngunit hindi na kailangan ang pagdurugtong ng language para ibukod ang gawain natin sa ibang uri ng translation.

Hindi ko naman silá sinisisi sa pagiging segurista. Si Panganiban kung sakali ang pinag-umpisahan ng pagmamalabis at pagpapababà sa ranggo ng ating trabaho bilang kahulugan ng “salin.” Kung bubuklatin sina Noceda at Sanlucar (1754), matutunghayan sa bokabularyo na apat ang kahulugan nito: (A) trasladar, (B) trasplantar, (C) pasar de una vasija en otra, at (d) metaf. Trocar los oficio. Para kina Noceda at San Lucar, humahabà lámang ang usapan sa pagsasabing “pagsasalang-wika”. Nangungunang kahulugan ng “salin” ang trasladar o paglalapat ng salita para sa salitâng nása ibang wika. Nagamit ko ang “paglalapat” para sa pasar at ang “muling pagtatanim” para sa trasplantar. Ibig ko ring sanang ipaliwanag pa ang kabuluhan ng “paglalapat”, “paglilipat”, at “muling pagtatanim” bilang mga ideolohikong saklaw ng pagsasalin. Ngunit dapat itong ipaghintay ng ibang pagkakataón. Ang mahalaga’y mapawi ang ating alinlangan at inferiority complex upang magtiwala sa “pagsasalin” bilang sapat at malinaw na pangalan ng ating trabaho.

(2) BINUKSAN KO ang talakay sa ganitong paraan sapagkat “estandardisasyon” o “istandardiseysiyon” ang paksa ng ating forum. Ibig nating maging eksakto ang produkto ng ating trabaho. Nangangahulugan ito ng pagkakasundo. At isang di-birong proseso ito. Kung susundin natin ang prosesong demokratiko, bakâ dapat pa nating paraanin sa isang pambansang referendum ang bawat salitâng itumbas natin sa salitâng banyaga. Magreferendum man o hindi, isang batayan ang ganitong konsultasyon upang pag-umpisahan ng pagkakasundo. Noon pang 1990 na magseminar hinggil sa pagsasalin sa Baguio ay naimungkahi ko na ang pagbuo ng isang Akademya sa Pagsasalin. Bukod sa ibang tungkulin, ang Akademyang ito, na bubuuin ng mga iginagálang na tagasalin at eksperto sa wika, ang dapat maging pasimuno sa estandardisasyon.

Alam natin na sa larangan ng pagsasalin, may tinatawag na wikang estandardisado at wikang di-estandardisado. May iisa lámang wastong pantumbas sa wikang estandardisado at kayâ sinasabing ito ang siyensiya ng pagsasalin. Walang iisang wastong pantumbas sa wikang estandardisado sa mga terminolohiya, lalo na sa bokabularyong teknikal at impormasyonal.

(3) KAILANGANG MADALIIN ang estandardisasyon. Ngayon pa lámang at dahil sa tumitinding pangangailangan sa pagsasalin ay nagaganap na ang mabilisan at madalas ay mintis na mga paglalapat ng pantumbas na salita. Isang sikát na manunulat ang pinagsalin ko ng isang artikulo tungkol sa agrikultura sa Gitnang Luzon. Lumitaw sa kanyang salin na pangunahing pananim ng Pampanga ang “asukal at bigas.” Sabi ko sa kaniya, “Mabuti’t hindi nilalanggam ang buong kabukiran ng Pampanga”. Sa salin naman ng Konstitusyong 1987 ay bigla akong napatda sa saling “representatibo” ng mga wikang katutubo para sa Komisyon ng Wikang Filipino. Alam kong “kinatawan” din ang ibig sabihin ng naturang hiram na salita ngunit higit na angkop ang “representante” para sa diwa ng isinaling tadhana ng konstitusyon.

Kaagad, masasabi natin na ang naturang mga insidente ay ilustrasyon ng paglabag sa unang tuntuning kardinal sa pagsasalin: ang kadalubhasaan sa wikang isinalin at wikang pinagsasalinan. Kayâ hindi lahat ng tao ay puwedeng magsalin. Sa tuntuning ito ay isang krimen na ang pagiging dalubhasa lámang sa isa sa dalawang wikang nasasangkot sa wikang pinagsasalinan man o sa wikang isinasalin. Ngunit kung bagá sa krimen ay karumal-dumal ang krimen ng marami nating tagasalin na wido lámang ang kaalaman sa wikang isinasalin at wikang pinagsasalinan. Ang ibig sabihin, puwedeng patawarin ang limitadong kaalaman sa Ingles at Español lalo na kung isinasaalang-alang ang mababàng uri ng edukasyong pinagdadaan ng ating mga kasalukuyang tagasalin ngunit delikadong bigyan ng lisensiya ang mga tagasalang nakapag-aalinlangan ang kadalubhasaan sa Filipino.

(4) DALAWANG ANTAS ang problema ng estandardisasyon. Una at pangunahing antas ang problema sa paglalapat ng salita. Ikalawa at sekundaryo bagama’t napakahalaga sa ngayon ang problema ng ispelang.

Ibig kong ipokus ang usapan hinggil sa pagsasalang Ingles-Filipino. Ito kasi ang napakalaking bahagi ng trabaho ngayon. May tatlo namang nagtutunggaling teorya sa paraan ng pagsasalin. Una, ang teoryang gamitin na lámang nang lansakan ang mga terminohiyang Ingles. Kasalungat nitó ang ikalawa na naglalayong sapilitang lapatan ng pantumbas ang isinasaling Ingles sa pamamagitan ng katutubong

salita, likhang salita, o hiram mulang Español. Ikatlong paraan ng tila pag-angkat ng puwedeng angkatin sa Ingles at paggamit ng ikalawang paraan sa iba pang kaso (lalo na sa kasong tila mas magaan maintindihan ang hiram na Español o ang katutubong salita kaysa orihinal na salitang Ingles).

(5) Anuman ang metodolohiyang sinusunod ay nagdudulot ito ng sumusunod na tanong:

- (A) Kailan dapat hiram na lámang ang orihinal na Ingles?
- (B) Kailan dapat hiram ang katumbas na Español?
- (C) Kailan dapat gamitin ang katumbas na Filipino? Nakapailalim dito bilang (C₁): Kailan dapat gamitin ang Tagalog at kailan dapat ilahok ang ibang wikang pantumbas?
- (D) Kailan dapat lumikha ng salitang pantumbas?

Patalatag o bertikal ang paghahanay ko ng mga naturang tanong at mahahalata sa pagkakasunod ang aking ipinalalagay na namamayaning metodolohiya. Sa ngayon at dahil dominante ang Ingles, unang problema ang tanong A. Isang pagsunod ito sa namamayaning modo sa kumbersasyonal na pagsasalin ng mga edukado o medyo nakaaalam ng Ingles. Praktikal ito, magaan, ngunit delikadong mauwi sa tinatawag na Taglish. Kayâ ang hangganan ng tanong A ay ang problemang: Hanggang saan puwedeng angkatin ang Ingles? Sa bokabularyo? Sa pangungusap?

Dito pumapasok ang tanong B. May nakatutuwa kasing ugali ang mga salin ngayon. May hilig ang mga edukado na isa-Español ang orihinal na Ingles kapag ayaw hiram ang Ingles. Nauuna ang hilig na ito kaysa paghahanap ng pantumbas sa katutubong wika. Malimit ko lámang mapuna na dahil sa malasado ring kaalaman sa Español ay nakalilikha silá ng mga tinatawag kong salitang “siyokoy”—hindi Ingles, hindi rin Español. Bilang halimbawa, pinakapaborito kong siyokoy ang “kontemporaryo” (hindi contemporary, hindi rin contemporaneo),

“aspeto” (hindi aspect, hindi aspecto), at nitóng kainitan ang Desert Storm, “gulpo” (hindi gulf, hindi rin golpo).

(6) LUMILITAW NA PANGUNAHING hilig ngayon ang panghihiram sa pagsasalin. Panghihiram sa Ingles at sa Español. Sabi ko nga, mainam ito at napakapraktikal. Halos natural ito sa pagpapayaman at modernisasyon ng Filipino dahil sa naging kasaysayan natin at dahil sa kasalukuyang ugnayang panlabas natin. Ngunit dahil sa pangyayaring ito kayâ mahalagang problema ngayon ang dapat sana’y sekundaryo lámang sa problema sa ispeling.

Kapag isinulat, ano ang dapat sunding tuntunin sa pagbaybay? Dapat bang panatilihin ang baybay sa orihinal na Ingles at Español o dapat pairalin ang tuntunin sa katutubong wika ng Filipinas?

Siyempre, dapat pairalin ang ating katutubong dila.

Bago ko ito ituloy, nais kong sagutin ang haka-haka ng mga maka-Ingles na dapat panatilihin ang orihinal na ispeling ng Ingles. Gayon daw ang Ingles at kayâ madalîng manghiram at mabilis yumaman ang wikang Ingles. Sa unang tingin ay mukha ngang gayon ang Ingles. Halò-halò ang German, French, Latin, at iba pang salita sa Ingles at kung kayâ halò-halò rin at walang malinaw na tuntunin sa ispeling ang Ingles. (Ito ang kalamangan ng Filipino na hamak madalîng pag-aralan ang sistema ng ispeling.) Ngunit sa totoo lang ay hindi totoong pinananatili ng Ingles ang bigkas at baybay ng hiram na salita. May sarili itong sistema ng pagtawag kahit sa mga bansa, kaya’t ang España ay Spain at ang Filipinas ay Philippines sa mga Americano. May hinihiram itong hindi binabago ang ispeling ngunit may hinihiram din na pinasusunod sa saltik ng dilang Ingles. Halimbawa, ano ang nangyari sa ating “bundok” at “balangay”? Naging boondocks at barangay.

Ngunit problema naman ang ala-Filipinong pagbaybay sa maraming salitang Ingles. May mga salitâng puwedeng manatiling nâsa orihinal dahil sa modernisasyon ng ating alpabeto: jet, exit, janitor, mix, folk, vertigo, quota, zest. May mga salitâng Ingles na madalîng makilâla kahit baybayin sa Filipino: “ispiker” (speaker), “praktis”

(practice), “sampil” (sample), “trapik” (traffic). Ang problema, may mga salitang Ingles na “masakít sa matá” kapag binaybay sa Filipino: “brayt” (bright), “varyeysiyon” (variation), “salveyds” (salvage), “istandardiseysiyon” (standardization). Hindi lámang “masakít sa matá,” sinasabi pang mahirap basáhin at kilalánin. Sa gayon, ayon sa ilang kritik, nadodoble ang pagiging banyaga ng hiniram na salita. Nagkakaroon ng anyo sa Filipino na hindi na rin maintindihan. Anupa’t mas mainam pang panatilihin ang orihinal na ispeling dahil kahit paano’y may masasangguning diksiyonaryong Ingles ang bumabása para maunawaan ang salita.

Dito nagiging isang mabilisang solusyon ang panghihiram naman sa Español. Higit kasing malapit sa Filipino ang anyo ng salitang Español. Kayâ halimbawa’y mas gusto natin ang “estandardisasyon” (estandardizacion) kaysa “istandardiseysiyon” kapag nagsusulat. Mas ginagamit man natin ang painting sa kumbersasyon ay mas kumikiling táyo sa pintura kapag sumusulat. Dahil dito, nagiging pantakip ang panghihiram sa isa pang wikang dayuhan upang pagtakpan ang problema ng ispeling ng panghihiram sa isang wikang dayuhan.

Sa isang bandá, mainam ito dahil yumayaman ang ating bokabularyo. May dalawa agad sinonimo sa pagtukoy ng isang bagay. Sa kabilâng bandá, nakakanal ang pagsasalin sa gawaing manghiram.

Bukod pa, may problema rin sa ispeling kahit ng mga salitang hiram sa Español. Isang kontrobersiyal na suliranin ang pagbaybay sa mga diptonggo. Madalas ko na itong talakayin at ibig kong ihimaton ang muling pagbása sa mga paglilinaw ko ng suliraning ito sa aking librong Filipino ng mga Filipino (Anvil, 1993). (Mahalaga ring banggitin ang tahasang pagharap sa suliraning ito ng Komisyon sa Wikang Filipino at nagbunga ng malinaw sa presentasyon at solusyon sa KWF Ortograpiyang Pambansa, 2013.)

Simple lámang ang tuntunin sa panghihiram. Una, manghiram nang wasto. Sagisag ito ng kadalubhasaan sa wikang hinihiraman. Ikalawa, hangga’t maaari’y ilapit ang anyo ng salitang isinasa-Filipino sa anyo ng orihinal. Ang ibig sabihin, mas mabuti para sa mabilisang

pagkilála (pagbása at pag-intindi) ng salitâng hiniram kung malapit ang bigkas at baybay sa orihinal.

(7) HIGIT NA NASUSUBOK ang kadalubhasaan ng tagasalin sa Filipino sa tanong C. Dito totoong nagaganap ang “paglilipat” na siya lámang sinusunod sa panghihiram mula Ingles o Español.

Sa pagsasalang Ingles-Filipino, ang paglalapat ng katumbas sa Filipino ang higit na makabuluhan at higit na dapat maging pangunahin sa pagsasalin. Kailangan sanang ito ang unang sumaisip ng tagasalin kapag inihuhulog sa Filipino ang isang salitâng Ingles. Iniuna ko lang ang talakay sa mga tanong A at tanong B sapagkat, tulad ng nasabi ko, ang panghihiram ang higit na nakakahiligang gawin ngayon sa pagsasalin.

Mula sa punto ng paglalapat, ang panghihiram ay trabahong tamad.

May mahihiwatigan ding malíng oryentasyon sa kasalukuyang panghihiram. Nakatuon ang panghihiram sa wikang internasyonal. Samantalang kung sisinupin ang diwa ng Konstitusyon, higit na dapat maging batayang bukal sa pagpapayaman ng Filipino ang mga katutubong wika ng bansa na bukod sa makapagpapaunlad sa wikang pambansa ay makapagpapairal sa pagiging pambansa ng Filipino.

Kumuha man ng pantumbas sa Tagalog o sa Ilokano, dito magsisimulang maging wikang siyentipiko at modernisado ang Filipino. Muling nalilitis ang sistema ng Filipino bilang langue upang masusugan at masidlan ng modernisadong sistema at bilang parole upang tubuan ng tiyak na kabuluhang teknikal ang karaniwang salita ng taumbayan.

Nagdadaan sa ganitong proseso ang alinmang wikang ginagamit sa agham at teknolohiya at larangang pang-intelektuwal. Nagdaan sa ganitong paraan ang Ingles at alinmang modernong wika ng mundo.

Sa gawaing ito dapat gumamit ng lalong pag-iingat. Hindi ito basta pagkakasundo na sa mga salitâng A, B, at C ay A ang magiging

katumbas ng 2. Dapat isipin na ang bawat terminolohiyang Ingles na isinasalin ay may kinapapaloobang klaster at sirkulong sistema ng mga salita ng mga salitang magkakamag-anak ang kahulugan. Sa gayon, ang itutumbas na salitang Filipino ay dapat ding makaganap sa gayong tungkulin. Kailangang unang-una'y pag-aralang mabuti ang aplikasyon ng bawat salita at magkasingkahulugang mga salita. Kailangang limiin ang mga limitasyon at posibilidad ng bawat salita.

Dito makabuluhan bilang unang hakbang ng Akademya sa Pagsasalin ang paggawa ng listahan ng mga salita sa bawat sangay ng karunungan kalakip ang pantumbas sa Filipino. Hindi dapat maging malawakan ang listahan. Maaaring mag-umpisa lámang sa pinakamunting sanga ng isang sangay. Upang malitis mabuti ang bokabularyo at sakâ dagdagan at palawakin hábang tumatagal. (Imposible ang malawakang sistematisasyon gaya ng adhika ni Gonzalo del Rosario. Maging sistematiko man, nagiging artipisyal ang bokabularyo at lumilikha ng bagong wika para sa akademya na magiging ibang-iba sa wika ng taumbayan.)

Makabuluhan ang bokabularyo para sa susunod na hakbang. Pagkaraan kasing mapagkasunduan ang mga tiyak na panumbas para sa mga isinaling terminolohiya ay kailangan naman ang konsistensi sa paggamit. Ang ibig sabihin, kung sa lipon A, B, at C ay napagkaisahang A ang katumbas ng 2, kailangang laging gamitin ang A tuwing isasalin ang 2. Napakahalaga samakatwid ng bokabularyo para hindi makalimot at hindi magkani-kaniya ang mga tagasalin.

(8) SA KABILANG DAKO, isang importanteng sangay ng paglalapat ang paglikha. Nilinang sa panahon nina Lope K. Santos bago magdigma ang gawaing ito at isang marikit na bunga ang lumaganap na sistema ng likhang bokabularyo sa Balarila. Ngunit naging ambisyoso ang ibang inhinyero ng wika at lumitaw ang mga lansakang paglikha na gaya ng Maignaying Talasalitaang Pang-agham at Aghimuin ni G. del Rosario. Naging mitsa ito ng kasong “purismo” laban sa Pilipino at nagamit na ebidensiya laban sa pagiging Tagalog lámang ng wikang pambansa.

Kayâ halos kaligtaan ngayon ang paglikha ng salita bilang isang importanteng progreso sa pagpapaunlad ng Filipino. Malinaw ang

prehuwisyong ito sa praymer sa Filipino na ginawa ng ilang akademista ng UP kamakailan. Puro tungkol sa panghihiram sa mga dayuhan at katutubong wika ang tinalakay na paraan ng pagpapayaman sa Filipino. Ni hindi nabanggit ang paglikha sa naturang praymer.

Anupa't bilang pag-alinsunod sa realidad ngayon, sa talatag ko ng mga problema ay kulelat ang tungkol sa paglikha, ang tanong D. Hangga't maaari, tunay namang hindi dapat mag-isip ng likha ang tagasalin bilang pantumbas sa isinasalin. Ngunit hindi ito dapat maging panuntunan sa mga gawaing pangwika. Kahit sa pagsasalin, may mga pagkakataón na makabuluhan ang kakayahang lumikha upang makapagdulot ng higit na angkop at mabisang salin. Ang prehuwisyo laban sa paglikha ngayon ay hadlang sa kalayaan ng tagasalin at sa mabilisang pagyabong ng wika sa kalahatan.

Mangangailangan at mangangailangan ng paglikha dahil sa iba't ibang kadahilanan, mula sa estetika hanggang presisyon, at hindi ito dapat sawatain. Ang totoo, tatak ng tiwala sa sarili at intelektuwalisasyon ng isang wika ang wala-sa-loob na paglikha ng salita. Lumilikha ito sapagkat hindi na sapat ang hiram lámang at sapagkat may sarili nang pag-iisip.

PAGSASALIN BILANG PANANAKOP

VIRGILIO S. ALMARIO

Sa kabilâ ng kapansin-pansing pagkukulang nitó, wika ni Rufino Alejandro noong 1950, “isang San Juan Bautista ng nobelang Tagalog” ang Barlaan at Josaphat. Ang ibig niyang sabihin, ito ang maituturing na tagapagpauna ng mahabàng katha sa Tagalog. At kung tutuusin, hindi lámang sa Tagalog, kundi sa buong Filipinas sapagkat ito ang kauna-unahang limbag na mahabang salaysay sa buong kapuluan.

Ngunit bakit walang nakababása sa makabuluhang aklat na ito?

Ang sagot sa aking pag-uusisa ay sintomas ng malaking problema sa saliksik pampanitikan hanggang sa kasalukuyan. Kulang na kulang táyo sa mananaliksik, lalo na’t ukol sa mga dokumento sa unang dalawang siglo ng kolonyalismong Español. Kayâ tila isang mahabàng sabana kung ilarawan ang naturang panahunan. Kapag binása natin ang mga kasaysayang pampanitikan, mistulang isang ulila’t mapanglaw na lansangan ang ika-17 At ika-18 siglo, wala ni anumang sukat pahalagahan, kahit man lámang isang kubo o munting kapilya, upang biglang masalubong sa bandang ika-19 siglo ang pamayanan ng awit at korido na may matayog na simboryo ni Balagtas.

Salamat at tinuklas ni Dr. Bienvenido Lumbera para sa ating pagpapahalaga ang yamang nakaimbak sa *Vocabulario de la lengua tagala* (1754) nina Fray Noceda at Fray Sanlucar² gayundin ang unang pasyon, ang *Mahal na Passion* (1704) ni Gaspar Aquino de Belen.³ Kamakailan, napag-ukulan ko ng pagsusuri ang mga dalit na nakasudlong sa *Meditaciones* (1645) ni Fray Pedro de Herrera⁴ at malaki ang tiwala ko na isang mahalagang mohon sa panulaang Filipino ang kaniyang pamanang 185 saknong. Ngunit sino na ang masinop sa nag-aral sa mga katha at tula ni Fray Francisco de San Jose? O sa aklat ng ating “Prinsipe ng Limbagan”—si Tomas Pinpin.

Kailangan natin ang mga iskolar at kritiko upang muling buksan ang mga tekstong limbag sa unang panahon ng kolonyalismong Español at upang higit na lumiaw ang larawan ng ating panitikan bago lumitaw ang Florante at Laura. At kailangan ng mga iskolar at kritikong ito ang tiyaga sa pagbuklat ng nagdidikit-dikit na’t marurupok na pahina at higit na mapagkalingang pagsipat sa nanlalabòng limbag, pabagobagong baybay, at sinaunang wika ng mga ito. Napakalaking tulong din tungo sa ganap na pag-unawa ang kaalaman sa wikang Espanyol. (Marahil, ang mga binanggit kong katangian ang siya ring sanhi ng pangyayaring kaunti o walang nangangahas pumasok sa panahunang ito sa hanay ng mga iskolar ngayon.)

Sa abot ng aking saliksik, kay Julian Cruz Balmaseda,⁵ sa kaniyang *Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog* (1938), ang unang kabigha-bighaning banggit sa Barlaan at Josaphat. Binanggit niyang dito nalathala ang tula ni Phelipe (sic) de Jesus at nagbigay ng halimbawang dalawang saknong. Magmula noon hanggang ngayon, at sa kabilâ ng pagtangkilik dito ni R. Alejandro nitóng 1950, ay mahihinuhang walang nagsikap humanap sa Barlaan at Josaphat. Sinundan lámang ng ibang textbook ang sinabi ni J.C. Balmaseda kasâma na ang kaniyang pagkakamalî. May mga manunulat pang nagdagdag ng malî namang haka, kayâ kailangang linawin ni R. Alejandro na “hindi (ito) sinulat nang patula!”⁶

Batay sa nabubúhay pang kopya ng edisyong 1837, ang buong pamagat ng akda ay Aral na tunay na Totoong Pagacay sa Tauo, nang

manga Cabanalang Gaua nang manga Maloualhating Santos na si Barlaan na Josaphat na Ipinalaman sa Sulat ni S. Juan Damaseno. Isinalin ito sa Tagalog ni Fray Antonio de Borja, isang Heswita. Nagdaan ito sa pagsusuri ni Fray Gaspar de San Agustin, kagawad ng Comision del Santa Oficio de la Inquisicion at prior noon ng Convento de San Bartolome sa Tambobong, at inaprobahan niya noong 234 Hulyo 1708. Binigyan ito ng pahintulot o licencia de la religion noong 11 Setyembre 1708 at sinang-ayunang malimbag ng Arsobispo ng Maynila noong 19 Pebrero 1709. Lumabas ang unang edisyon ng aklat noong 1712,⁷ isang taon pagkamatay ni Fray de Borja (na namatay sa Maynila noong 27 Enero 1711 sa gulang na 67 taon).

Binubuo ang aklat ng 553 pahinang may bilang at sumasaklaw sa tatlo't kalahating pahina ng "Pagmumula nitong Aral" at 40 kabanata. Sa unahan ng katha, may 19 pahinang walang bilang na naglalaman ng sumusunod: (a) dokumentasyon ng pagpapahintulot sa paglilimbag at paglalathala ng salin ni Fray de Borja; (b) mahigit tatlong pahinang panawagan ng tagasalin at may pamagat na "Sa manga Capatid Kong Tagalog, na Dating Masonorin sa manga Amang Nag aanduca sa Caloloua Nila"; (c) tulang papuri ni Pelipe de Jesus sa akda, may pamagat na "Dalit na Pamucao sa balang Babasa nitong Libro," at binubuo ng 46 na saknong; (d) mga tulang papuri ni Fray Gaspar de San Agustin, 24 taludtod na nakasulat sa Latin at 30 saknong ng dalit.

Anak ng Panahong Midyibal

Sa panahong midyibal ng daigdig na Kristiyano, walang hihigit sa popularidad ng kuwento ni Barlaan/Barlaam, isang banal na ermitanyo, at ng disipulong ni Prinsipe Josaphat na sinasabing magkatulong na nagpalaganap ng Kristiyanismo sa malaking bahagi ng India. Dahil napakapopular, napagkakamalang totoong búhay ang kuwento kayâ't nangyari pang napasâma sa listahan ng mga santo sina Barlaan at Josaphat.⁸

Pinag-uusapan pa ng mga iskolar at historyador kung saan nagmula ang istorya. May mga palatandaang nagmula mismo ito

sa India, lalo na't malaki ang pagkakahawig ng búhay ni Josaphat sa totoong búhay ni Gautama Buddha. Gayunman, marami ang naniniwala na isang orihinal na salaysay ito mulang Georgia, na nang lumaganap ay nagkaroon ng mga salin sa Griego, Latin, at ibang wika bukod sa nagkaroon ng iba't ibang halaw at elaborasyon.

Isang edisyon ng Barlaan at Josaphat sa wikang Griego ang hinihinalang sinulat si San Juan Damaseno dahil hitik sa mga sipi mula sa mga akda at sermon ng naturang monghe. Gayunman, mangangailangan ng malaking saliksik at hambingang pagsusuri kung tunay na salin mula sa sinulat ni San Juan Damaseno ang kathang isina-Tagalog ni Fray de Borja.

Naganap ang salaysay pagkaran ng pagsisikap ng apostol na si Santo Tomas na palaganapin ang Kristiyanismo hanggang India. Isang hari sa India, si Haring Abenir, ang labis na napoot sa matagumpay na gawain ng mga misyonero't mongheng Kristiyano dahil sa nakikitang panghihinà ng lumang pananampalataya sa kaniyang lupain. Pinalayas niya ang mga paring Kristiyano sa kaniyang kaharian at ang mahuli pagkaraan ng ibinigay niyang taning ng paglayas ay ipinabilanggo, pinatawan ng mabigat na parusa, dili kaya'y ipinabitay.

Nangyaring nagkaanak na lalaki si Abenir. Hinulaan ng mga astrologo na magiging marunong at makapangyarihan ang sanggol na si Josaphat. Ngunit isa ang humula na masasalig ang kaniyang dunong at kapangyarihan sa inuusig na pananampalataya na Haring Abenir. Dahil dito, inisip ng hari na palakihin ang anak nang tiwalag sa katotohanan ng búhay sa daigdig. Nagpagawa siya ng isang maringal na palasyo at doon pinalaki si Josaphat sa piling ng mga katangitanging bantay at tagapagturo. Lumaki ang prinsipe nang walang naranasang kalungkutan at nakitang pangit. Lumitaw naman siyang makisig, matalino, at mapag-usisa. Ngunit dumating din ang panahon na natuklasan niya ang daigdig sa labas ng palasyo at ang sanhi ng tila-bilanggo niyang búhay.

Sa malayòng pook naman ng Senaar, inatasan ng Langit ang ermitanyong si Barlaan upang sadyain at tulungan si Josaphat. Lumabas si Barlaan ng kaniyang yungib, nagbihis mangangalakal, at

naglakbay patungong India. Sa pamamagitan ng isang matalinong pakana, nakapasok siya sa palasyo ni Josaphat at nakausap ang prinsiphe. Ilang araw niyang dinalaw sa palasyo si Josaphat upang isalin ang mga aral at doktrina ng Kristiyanismo hanggang sa tuluyan itong magpabinyag. Nang matiyak na ganap nang naisaloob ng prinsiphe ang pananampalataya, nagpaalam si Barlaan at bumalik sa Senaar.

Samantala, natuklasan ng Haring Abenir ang ginawa ni Barlaan. Naganap ang hula at ang kaniyang kinatatakutan. Sa gayon, ibinuhos niya ang lakas at talino upang sirain si Barlaan sa matá ni Josaphat at muling makuha ang damdamin at pananalig ng anak. Kinonsulta niya ang pinakamagalíng na mga saserdote ng lumang pagsampalataya at pinagtulungan niláng igupo ang kalooban ng prinsiphe.

Walang nangyari sa mga pakana at balak ni Haring Abenir at mga kasapakat. Sa dulo, ipinasiya niyang hatiin ang kaharian at ibinigay kay Josaphat ang kalahati. Tinanggap ito ni Josaphat at pinamunuan ang kaniyang hati sang-ayon sa simulating Kristiyano. Itinakwil niya ang lahat ng yaman at ipinamahagi sa mga dukha. Nagpagawa siya ng isang malaking simbahan at naging sagisag ng Kristiyanismo ang kaniyang pamumunò kahit sa tingin ng ibang mga kaharian sa paligid. Nakita ni Haring Abenir ang tagumpay ng anak kayâ't tuluyan siyang nagsisi. Bago namatay ang hari, nagpabinyag siya kay Josaphat at iniwan ang lahat ng yaman at lupain sa anak.

Matapos ang pagluluksa sa ama, ipinasiya ni Josaphat na hanapin si Barlaan. Iniwan niya ang kaharian sa pamumunò ni Barachias, isinuot ang gusgusing damit-ermitanyo na kaloob na Barlaan, at naglakbay patungong Senaar. Pagkatapos ng mga paghihirap, natunton niya ang lungga ni Barlaan at magkasáma siláng namuhay. Unang namatay si Barlaan kayâ't naranasan ni Josaphat ang mahirap na búhay-ermitanyo kapag nag-iisa bago sumakabilang-búhay.

Nang lumaon, ipinahanap ni Barachias ang puntod nina Barlaan at Josaphat. Nang hukayin, nakita niláng buong-buo pa ang dalawang bangkay. Iniuwi nilá ang mga bangkay at inilagak sa simbhang ipinatayô ni Josaphat. Maraming himalang naganap sa simbahan at dinayo ito ng mga tao mula sa malalayòng lupain.

Bakit pinagsikapang isalin ni Fray de Borja ang Barlaan at Josaphat?

Matapos bansagang “sulang maliunag at maalongning sa manga calolouang nadirimlan” ang katha ni San Juan Damaseno at aminin ang sariling kagarilan sa Tagalog, ipinaliwanag mismo ni Fray de Borja sa kaniyang “Sa Manga Capatid Cong Tagalog” na pinagpilitan niyang tapusin ang pagsasalin upanjg maibahagi sa mga Tagalog ang mga aral ng katha at “nang cun macalat sa inyo ay paquinabangan nang caloloua ninyo, bumuti,t, domiquit cun cayo,i, mangagcabait, para nang nasa co,t, daing sa Amang maalam, at maauain.” Kinikilála ang potensiyal na ito kahit sa pahintulot ng Arsobispo kayâ hayagang pinuri ang salin bilang isang kathang “lubhang magagamit para sa Doktrina at sa pagtuturo ng mga katutubong Tagalog” (muy util para la Doctrina, y enzeñanza de los naturales Tagalos).

Hindi na dapat pag-usapan na naging kasangkapang panrelihiyon ang teknolohiya ng limbagan sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, lalo na sa unang dalawang siglo nitó. Pawang gamit ng mga alagad ng simbahan—para sa pagpapahusay ng kanilang sariling kaalaman o para sa mabisang pangangaral—ang nalathalang mga aklat ng katekismo, bokabularyo, manwal pangwika, pagsasanay pangkaluluwa, at nobena. Subalit ang Barlaan at Josaphat ang unang kathang limbag sa Filipinas. Batid ng mga misyonero ang naging bisà nitó sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa Europa at gawing Asia at ang bisàng ito ang nais din niláng patunayan sa mga Tagalog.

Sang-ayon na rin sa mga iskolar ng Barlaan at Josaphat sa Europa, Russia, at Estados Unidos, kinagiliwan ng madla ang salaysay dahil sa maganda at orihinal nitóng kuwento at dahil sa taglay nitóng “artistikong realismo.”¹⁰

Masigasig ang katha na maituring na totoong pangyayari. Ang istoryang nagsisikap maging historya. Kahit ang salin ay nangangalandakang maging makatunayan, kayâ’t idiniin ni Fray de Borja sa kaniyang “Pagmumula nitong Mistulang Aral” na: “ibinabala at ipinahayag sa aquin nang manga mahal, at banal na Padre sa Caharian nang Etiopia, na pinanganganlang la India, na hinango sa manga sulat,

at libro, na pauang catotohanan, at uala isa mang casalangan sa tunay na casaysayan, (akin ang italiko) na ito nganing masusunod dito.”

Kapansin-pansin din ang makatunayang pagdaloy ng salaysay, isang bagay na ibang-iba sa mga kuwento ng santo at santa na hitik sa kababalaghan. Maliban sa mga milagrosong bangkay sa dulo ng salaysay, tumakbo ang istorya sa paraang realista. Isip at pangangatwiran ang laging ginagamit sa bawat tagpo ng tunggalian at paglutas ng suliranin. Walang mahika ni milagrang ipinamalas si Barlaan upang makapasok sa palasyo at lalo na upang maakit si Josaphat sa pagsampalatayang Kristiyano. Sa kabilâng dako, ang mga saserdote pa ng lumang relihiyon ang gumamit ng mahika upang linlangin si Josaphat at panghinain ang kalooban nitó. Anupa’t kung nagtagumpay si Barlaan sa misyon nitó sa India at kung nanaig si Josaphat laban sa amang hari, bunga ang lahat ng kanilang pambihirang pagsampalataya at ng natamong tayog ng pag-iisip na dulot ng Kristiyanismo. Alinsunod sa mga halimbawang pangyayari sa Barlaan at Josaphat, mistulang isang agimat ang pagsampalatayang Kristiyano—may kapangyarihan magligtas sa anumang panganib, lumutas sa anumang suliraning pantao, at manaig laban sa kamatayan.

Nása mga handog na halimbawa at parabula ang dagdag na alindog ng salaysay. Hitik ang bawat kabanata ng Barlaan at Josaphat sa mga munting kuwento upang ilarawan ang isang aral, sagutin ang isang suliranin o katanungan, at isúlong ang pangkalahatang istorya. Ang nakagugulat, iniwasan ng katha ang mga bantog na parabula at anekdota sa Bibliya. Sa kabilâ ng pangyayaring nilagom ni Barlaan ang nilalaman ng Bibliya at ipinaliwanag sa iba’t ibang bahagi ang iba’t ibang batayang aspekto ng teolohiyang Kristiyano, gumamit ang katha ng mga “orihinal” na kuwento sa mga angkop na pagkakataón. Kung sakali, maituturing ang Barlaan at Josaphat na isang paraan ng pagtatagpo at pagsasanib ng iba’t ibang panitikang-bayan tungo sa mithiing Kristiyano, gaya ng higit na masaklaw na pagtatagpo ng mga ito sa Decameron ni Boccaccio at Canterbury Tales ni Chaucer. Tulad ng nabanggit na, ang pagkamulat mismo ni Josaphat sa realidad ng pagdaralita at karamdaman ng búhay sa mundo ay malinaw na hango sa búhay ni Buddha. Bukod pa, may mga palantandaan ang ilang kuwento ng mga bukal na di-Kristiyano at Silanganin.

Sentral na konsepto sa salaysay ang hindi maiiwasan at dapat paghandaang pagdatal ng kamatayan. Lagi itong ipinagugunita sa bawat kabanata lalo na't kaugnay ng aral sa Kristiyanismo na kailangang gugulin ang buúay tungo sa mabuting hantungan sa kabilâng-búhay. Isang magandang alegorya tungkol sa konseptong ito ang kuwento sa Capitulo XII tungkol sa isang tao na hinabol ng Unicornio. Dahil sa takot at walang-ingat na pagtakbo, nahulog ang tao sa bangin. Mabuti't napakapit siya sa isang ugat ng kahoy sa gilid ng dalawang Daga. May natuntungan din siyang nakausling bato ngunit may apat na Olopong naman sa malapit. Pagtanaw niya sa ibabâ, nakita niyang nakaabang ang isang Halimao. Gayunman nalimot niya ang gipit na katayuan nang makita ang bahay ng Pokyotan sa sanga ng kahoy sa itaas at nawili sa pag-asam ng papatak na tamis sa kaniyang bibig.

Sa paliwanag na rin ni Barlaan, kamatayan ang sagisag ng Unicornio na tumutugis sa tao mulang pagsílang. Ang gipit na kalagayan sa bangin ang tunay na larawan ng kapalarang kinasadlakan ng tao sa daigdig. Ang kahoy ang natitira pa niyang búhay. Unti-unti itong pinuputol ng pagngatngat ng mga Daga ng araw at gabi. Ang apat na Olopong ang apat na elemento sa katawan ng tao. Ang Halimao ang naghihintay na impiyerno sa kabilâng-búhay. Samantala, ang pulut ang tinatawag sa aklat na “lamang buhay”—ang limitado lámang ngunit nakawiwiling mga aliw ng katawan na pinagsisikapan pang matamo ng tao sa halip na ibuhos ang pag-iisip hinggil sa di-maiiwasan at napipintong katapusang ng búhay sa mundo.

Isa pang marikit na pag-uulit ng aral ang parabula ng santaóng hari sa Capitulo XIV. Dito mapapansin na ginamit ng salaysay ang isang sinaunang mito hinggil sa pagpatay sa hari datapwat dinagdagan upang maialinsunod sa mithiing Kristiyano.

Ugali diumano sa isang bayan ang paghúli o pag-akit sa isang tao upang maging hari. Sa loob ng isang taon, idinudulot ng buong bayan ang lahat ng kasiyahan at naisin ng kanilang hari. Subalit pagkaran ng isang taon, hinuhubaran nilá ng mamahaling kasuotan at lahat ng karangyaan ang hari at sakâ itinatápon sa isang ulila at wala ni punongkahoy na pulo upang mamatay doon ng gútom.

Nangyari na isang mabait na tao ang naging hari. Ipinagtaka nitó ang lahat ng idinudulot na layaw sa kaniya kayâ't nagsaliksik. Kinaibigan niya ang isang maginoo at nalaman niya dito ang nagiging kapalaran ng sinumang maging hari. Sa gayon, lihim siyang nagpaimbak ng pagkain at kayamanan sa pinagtatapunang pulo. Sa dulo ng kaniyang pagkahari, itinápon nga siya sa pulo ngunit nakaiwas sa gútom at pagdaralítang dinanaw ng ibang naging hari.

Muli, ipinaliwanag ni Barlaan na ang bayan ang mundo ng layaw. Ang mga haring ulol ang mga tao na nabubulagan dahil sa tinatamang “lamang buhay.” Ang pag-iimbak ng yaman at pagkain ng mabait na hari ang halimbawa ng pagtitipon ng kabanalan hábang nabubúhay upang makaligtas sa pulo ng kabilâng-búhay.

Kabigha-bighani ang mga naturang kuwento at halimbawa kayâ't madaliîg nalamuyot si Josaphat upang maniwala. At tulad ng prinsipe sa salaysay, gayundin ang inaasahang bisà ng salaysay sa sinumang mambabasá.

“Liwanag” sa “Bayan ng Dilim”

Dito kailangang litisin ang Barlaan at Josaphat bilang kasangkapan sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa Filipinas at ang naging tungkulin ng pagsasalin sa loob ng makinaryang kolonyalista. Tulad ng nabanggit na, lantaran namang ipinahayag ni Fray de Borja ang kaniyang motibo sa pagsasalin ng Barlaan at Josaphat. Ibig niyang magdulot ng “liwanag” sa mga Tagalog. At dito pa lámang, kailangang pansinin ang doble-talim na pagpapahayag ng layunin sa pagsasalin.

Sa isang bandá, ipinakikilála ang isinasalin bilang isang bagay na nakatataas at unibersal. Sa wika ng mga fraile, isang “Historya Magistral” ang aklat, isang dakilang teksto, at kayâ may handog na “liwanag.” Sa kabilâng bandá, ipinatatanggap na kailangan ng pinagsasalinang wika at sinasákop na mambabasá ang isinasalin. Sa gayong paraan, napalitaw na hamak at imperyor ang daigdig at pagkatao ng sákop. Kung “liwanag” ang isinasalin, isang “bayan ng dilim” ang daigdig at kaisipan ng pinagsasalinan.

Nabanggit ko na ito sa isang nauna kong pag-aaral¹¹ at doon ko ipinaliwanag kung paanong naisingit ng mga misyonero ang kanilang makabuluhang tungkulin bilang “tagapamagitan” sa loob ng makinaryang Kristiyano at kolonyalita. Bilang tagapagpalaganap ng “liwanag” o bilang pari at tagasalin, silá ang tulay upang maisalin sa sinasákop na wika at lupain ang “katotohanan” at sibilisasyong Europeo.

Masigasig kahit ang dalit ni Pelipe de Jesus upang ipakilála at purihin ang naturang mekanismo sa likod ng pagsasalin sa Barlaan at Josaphat. Tinanggap niya at ipinatanggap sa mga babása ng aklat na isa nga itong “liwanag”:

Sa pag-itan nitong lahat
pagcacalauinging ganap
pinasilang, pinasicat,
isang daquilang banaag

Na ang ningning niyat liuáyuay
madlang baya,y, na campanan;
at ngayon, ay dito naman
dongmapa,t, na napatanghal
(saknong 5 at 6)

Bukod dito, nagpugay din siya sa pagsisikap ni Fray de Borja, na “nahilahil at napagal” upang matupad ang sumusunod na adhika:

Maquilala,t, matalastas
maging arao caliuang,
nang paraparang mamulat
mata nang babasang lahat.

Sa pagal niyang totoo,y,
ualang ibang tinotongo,
cundi ang tayo,y, matoto
aral na di conocono.
(saknong 16 mat 17)

Bilang halimbawa ng tinig ng sákop na Tagalog, may bisà ang tula ni de Jesus na ipatanggap sa mga kapuwa Tagalog na kailangan ang isinaling akda upang “mamulat” silá at “matoto.”

Sa aktuwal na pagsasalin, paano isinagawa ang naturang pagdudulot ng “liwanag”? At ibig kong sabihin, bukod sa pagsisikap na maitanghal ang alindog ng isinasaling akda, ano ang nagaganap na prosesong pangwika upang maisakatuparan ang binanggit kong doble-talim na layunin ng pagsasalin?

Unang natural na proseso ang pagpapasok ng isang sistema ng bokabularyo upang mailatag ang daigdig na Kristiyano at Europeo. Isa itong mapagpalàng anyo ng pananakop bagama’t masisilip ang balakyot na pangmamaliit. Kailangang gawin ito sapagkat “sahol” ang pinagsasalinang wika. Hindi sapat ang wikang Tagalog upang maisalin ang nilalaman ng isasalin. Kayâ hitik sa mga salitang Español ang Barlaan at Josaphat. Nakapaglista ako ng 232 katawagan at pangalang Español. Sa mga ito, 99 ang may gamit na Kristiyano at mula sa Bibliya. Bukod naman sa 46 pangalan mula sa mitolohiyang Egyptian at Griego-Romano, gayundin sa 13 pangalan ng banyagang halaman at hayop, umaabot sa 74 ang katawagang may hibo ng daigdig na feudal sa España.

Pinakamalimit lumitaw sa teksto ang Diyos/diyoses at santo (kasáma ang santos/santa/san). Ngunit hinihingi ng salaysay ang malimit ding paglitaw ng Jesu Christo (Cristo at Jesus), Espiritu Santo, Cruz, apostol/apostoles, penitencia, milagro, padre, martirio/martires, Santisima Trinidad, bendicion, sacripicio, altar, atbp. upang mabuo ang pagpapakilála sa doktrinang Kristiyano. Bukod naman sa principe, bahagi ng paglinang sa daigdig na feudal ang capitán/capitanes, soldado/soldados, palacio, trono, corona, espada, corte, tribunal, monarca, bando, caballero/cavallero, gobernador, polo, trompeta, ley/leyes, planeta, astrologo, criado/criados, atbp. Sa katunayan, marami sa mga ito ang magiging bahagi ng katawagan sa pamahalaang kolonyal at palagiang lilitaw sa teksto ng komedya, metriko romanse, at ibang panitikang nasulat sa panahon ng kolonyalismong Español.

Para sa mga bantay-wika, magandang titigan ang anyo ng mga salitang Español sa aklat. Palabaybayang Español ang ginamit sa limbag ng mga ito. Gayunman, kaagad mapapansin ang halimbawa'y pabago-bagong ispeling ng cavallo/caballo/cavayo. Lumitaw na rin sa teksto ang anyong “pari” ng padre gayundin ang nagsisimula nang magbagong “kandela” para sa orihinal na candela. Posible pang nakatimo na sa nasabing anyo ng dalawang naturang salita ang pagbabago rin ng bigkas ng mga ito tungo sa pa-Tagalog na diing malumi. Mahihwatigan dito ang subersibong reaksiyon ng wikang pinagsasalinan, na posibleng isinagawa sa pamamagitan ng manlilimbag na Tagalog sa imprenta ng korporasyon Heswita.

Ikalawang paraan ang paggamit ng salitang katutubo sa wikang pinagsasalinan ngunit upang sidlan ng bagong kahulugan. Halimbawa ng ganitong pag-angkin ang naging kapalaran ng mga salitang “binyag/binyagan” at “samba/simbahan.”

May mga palatandaan na nangangahulugan ng inisasyon o panimulang hakbang sa isang buong yugto ng búhay ang “binyag.” Halimbawa, ang tuli at pagdanas ng sex ay itinuturing pa hanggang ngayon na pagbibinyag sa isang lalaki. Sa Vocabulario nina Fray Noceda at Fray Sanlucar, pakahulugang Kristiyano na ang nakasunod sa lahoc na “binyag.” Ngunit may paliwanag sa loob ng lahoc na:

Advertase que esta palabra binyag es de
Borney,
Y significa echar agua de alto: para esto
venia de alla aca un ministro
de Mahoma a enseñar a estos su perwea
ley, hacienda esta ceremonia
echando el agua de alto. Ahora lo han
aplicado a la Sagrada ceremonia del Bautismo.
(p. 5).

Napakalakas ng naging pag-ilit sa “binyag” kayâ’t naangkin itong buo para sa gamit na Kristiyano. Sa katunayan, naging kasingkahulugan ng “Kristiyano” ang anyo nitong “binyagan” samantalang nalalansak na “di-binyagan” ang lahat ng nâsa labas ng Santa Iglesia Catolica.

Gayundin ang naganap sa pag-angkin sa salitang “samba.” Posibleng varayti laang ito ng “samba” at may kahulugang mag-alay ng papuri at paggálang. Itinatanghal ito sa harap ng mga dambana at sa loob ng mga pook na itinakdang dalanginan. Sa Barlaan at Josaphat, masikap nang ihiwalay ng teksto ang gamit ng “samba” sa “samba” sa pamamagitan ng bukod na pakahulugang Kristiyano. Naging gusali at pakikinig ng misa dili kayâ’y ang misa mismo ang “simba.” Sa gayon, nagkabatik naman ang “samba” upang tumukoy sa ritwal o seremonyang hindi Kristiyano.

Isang fraile mismo ang tumuligsa sa gawaing ito.

Inireklamo ni Fray Tomas Ortiz, isang Agustinong namalagi sa Filipinas sa mga taóng 1695-1742, na laban sa “sagradong pananampalataya at mabuting ugali” ang pagsasalin ng bautismo at iglesia.¹² Wala naman diumano sa orihinal na kahulugan ng “binyag” at “simbahan” ang naturang konseptong Kristiyano. (Na totoo naman!) Sa gayon, may nagaganap diumanong korupsiyon sa isinasalin upang pumasok sa makitid na kahulugan ng pinagsasalinan. Hindi alam ni Fray Ortiz na isang ordinaryong pangyayari ito sa pagtatapat ng bobabularyo ng dalawang wika kapag nagsasalin. Yumayaman ang salita kapag nasalinan ng bagong kahulugan. Ang higit na masamá, na kabaligtaran ng reklamo ni Fray Ortiz at katulad ng naging kapalaran ng “binyag” at “simba” ay ang pangyayaring nabubura ang orihinal na kahulugan ng sinasalinang salita at nagkakaroon ng eksklusibong pakahulugan alinsunod sa bagong gamit ng tagapagsalin.

Pagbihag sa Kahulugan

Kaugnay ng pag-angkin sa salita ang ikatlong pakana ng pagsasalin bilang kasangkapan sa pananakop. Sa taktikang ito, hindi binabago ang orihinal na kahulugan ng katutubo. Ngunit binibihag ang kahulugan nitó sa pamamagitan ng pagpapailalim sa isinasaling sistema ng pagdalumat. Mainam na halimbawa ang ginawang manyobra sa kahulugan ng “ginhawa” at “bait.”

Sa *Meditaciones* pa lámang, mahihiwatigan na isang mahalagang dalumat na katutubo ang “ginhawa.” Isa itong estado ng dalisay na liwanag at nararamdaman kapag walang “bigat” sa katawan at katauhan ng isang tao. May “ginhawa” kapag maganda ang pakiramdam, magaan ang katawan, walang ulap ang kalooban, walang karamdamang pisikal, maluwag ang dibdib, malaya ang isip, at walang suliranin sa búhay. “Gumiginhawa” halimbawa ang isang tao kapag nakaahon sa sakit. “Maginhawa ang búhay” hindi lámang kapag walang utang at may panggastos para sa anumang pangangailangan kundi kapag wala ring nakikialam sa ginagawa ng tao araw-araw.

Ngunit sinikap bihagin ito ni Fray de Herrera sa pamamagitan ng pagdaragdag sa “ginhawa” ng ukol sa pag-akyat sa langit. Dinagdagan niya ang “bigat” sa katawan at kalooban ng tao sa taludtod na “domi,t, libag kasalanan.” Ipinasok ang konsepto ng “kasalanan” na humihila sa kaluluwa ng tao pabulusok sa impiyerno sa halip na makalipad sa langit.

Idinidiin pa ng Barlaan at Josaphat ang pangangailangan sa “ginhawa ng kaluluwa” na higit na mahalaga kaysa “ginhawa” sa lupa. Ulit-ulit na sisirain ni Barlaan ang “dilang caguinhauahan ng catao-an” at iaaral ang pagtatakwil sa “dilang toua,t, caguinhauahan nang mundo” upang matamo ang “caguinhauahan ualang hangan”—ang kabilâng-búhay sa langit.

Panandalian lámang, ayon sa katha, ang anumang “ginhawa” sa mundo. Kayâ higit na dapat asikasuhin ng tao ang paglilinis ng “lupang katawan,” na nangangahulugan ng pagpapasakit sa halip na pagpapakaligaya. Wika ng ni Barlaan, “Hindi mangyayaring paglingcorang pamisanan ang Dios at ang cayamanan.” (p. 195) Sinipi niya si Kristo sa pagsasabing: “Maralipang mapasoc ang isang Gadya sa maquipot na butas nang carayom, sa pagcapasoc sa Caharian nang Dios nang isang mayamang tauo.” (195)

Alinsunod sa pormula ng “ginhawa” sa Barlaan at Josaphat, hindi matatamo ang “caguinhauahang uwalang catapusan” sa kabilâng-búhay kapag hindi iniukol sa penitensiya at sakripisyo ang

buhay dito sa lupa. Sinipi ni Barlaan si San Pablo sa pagsasabi nitô diumano na: “(I) tong buhay natin sa ibabao ng lupa, ay natotongcol sa pagpapagal; sa pag gaua at paghahasik, at ang buhay na darating, ay sa pag aani at pagpapaguinhaua.”

Higit na mabagsik ang pagpipiit sa kahulugan ng “bait” sa teksto at kontekstong Kristiyano.

Sa Vocabulario de la lengua tagala (1613) ni Fray Pedro de San Buenaventura,¹³ ang lahok na “bait” ay may kahulugang entendimiento (p. 627). Sa Vocabulario nina Fray Noceda at Fray Sanlucar, nadagdagan ang kahulugan sa entendimiento, juicio, prudencia. Ang “bait” ay isang katutubong katangian at kakayahan upang umunawa sa bagay-bagay at sumuri o humatol nang maayos. Kahit sa Barlaan at Josaphat, natalakay kaugnay ng “sariling kalooban” sa Capitulo XV ang “bait” bilang bukal ng pagpapasiya sa magalíng o masamá. Kayâ ipinahayag sa naturang kabanata na isang “capangyarihang” nanggagáling sa bait ang tinatawag na “sariling kalooban” o free will ng tao.

Sa karaniwang gamit, isang táong matalino, mahusay magpasiya, mahirap madaya, at makatarungan ang may “bait.” Kayâ isang baliw at walang kakayahang makakilála ng mabuti o masamá ang “nawalan ng bait.” Kahit sa parabula ng santaóng hari, ang hari na hindi nabulagan ng layaw ay inilarawang isang “taong mabait, marunong at malalim na pagiisip.” Noong hindi pa dumarating si Barlaan, hinahanap-hanap ni Josaphat ang isang pantas na ang katangian ay “marunong at mabait.”

Datapwat dito nagsisimula ang manyobra upang bihagin ang kahulugan ng “bait” tungo sa dalumatang Kristiyano. Sa introduksiyon pa lámang ng Barlaan at Josaphat, binanggit na mistulang pugad ng bait ang katawag lupa. Sa wika ng aklat, ang “cataouang lupa” ang “pinagpapahingalayan nang dilang isip ng may bait na tauo.” Pagkatapos, ipinahayag sa Capitulo III na ang mga “colang nang bait” ay katulad ng mga “bulag na di comiquilala sa totoong gongmagaua nang lahat nang magaling” o mga bulág sa kapangyarihan ng Diyos. Mahahalata na dito ang pagpipiit sa “bait” sa loob ng doktrinang

Kristiyano: Totoong marunong at makatarungan ang táong may “bait” kayâ nakikilála Niya ang kapangyarihan ng Diyos ng Kristiyano. Sa kabilâng dako, “kulang ng bait” at “bulag” ang mga táong hindi maakit sa pananampalatayang Kristiyano.

Sa Capitulo VI, idinagdag na larawan ng “mabait” na si Barlaan ang pagiging “banal na Padre paham, pantas, at marunong nang carunungang tongcol sa manga mahal na sulat.” Isa na ngayong “banal” ang mabait na padre, bukod sa pagdidiin na dalubhasa siya sa nilalaman ng Ebanghelyo. Sa loob din ng naturang kabanata, pinuri ang “calinauan ng bait” ni Josaphat sapagkat kaagad niyang naunawaan ang mga aral ni Barlaan.

Malinaw na ang bitag upang hulihin ang “bait” bilang birtud ng isang Kristiyano.

Pinatunayan ito ng isang parabula sa loob ng Capitulo VI hinggil sa isang haring yumukod sa dalawang pulubi. Ginawa ito ng hari hábang namamasyal kasáma ang ibang maharlika at hindi nagustuhan ng mga ito ang kaniyang pagpupugay sa mga pulubi. Hindi nilá ito sinabi sa hari sapagkat natatakot. Sa halip, dumulog silá sa kapatid ng hari na nagpahayag naman ng pakikiisa sa kanilang suklam sa ginawa ng hari. Nang malaman ng hari ang pagkakaisa ng mga maharlika at ng kaniyang kapatid, nagpakuha siya ng dalawang kaban,. Ipinapunò niya sa ginto, kayamanan, at kamangyang ang una at sakâ binalot sa pangit at dukhang panlabas. Pinalagyan naman niya ang ikalawa ng mga bangkay, bulok, at mababahòng bagay at sakâ pinalamutian ang labas. Pagkatapos, ipinatawag niya ang kapatid at mga maharlika at pinapilì sa dalawang kaban. Tulad ng dapat asahan, pinilì ng kapatid ang kabang may palamuti at hiyas ang labas. Iniaral sa dulo ng hari kung paanong nadaraya ang matá at kung paanong minamahalaga ng tao (katulad ng kapatid niya at mga kabalyero) ang labas sa halip na magsikap suriin ang loob.

Para sa hari, nakita niya sa mga pulubi ang katunayan ng búhay na tigib sa pagdaralita ngunit may nakalaang kaligtasan sa kabilâng-búhay. Hindi siya kapara ng mga maharlika na labis na nahuhumaling lámang sa panlabas na kasaganaan at ganda ng búhay. Anupa’t paano

inilarawan ang kapatid ng hari? Isa siyang “tauong hunghang, ualang bait, at culang sa pag-iisip.”

Pagsapit ng Capitulo VII at tawagin si Abraham na kaisa-isang tao noong sinaunang panahon na “may lobos at ganap na bait” ay tahasan nang ibinilanggo ang kahulugan ng “bait” sa pamantayang Kristiyano. Nasusúkat ang “bait” hindi lúmang sa karunungan at katwiran kundi at higit sa lahat, sa walang pasubaling pagsunod sa Diyos. Sa Capitulo XVI, inilarawan ang tibay ng pananalig ni Josaphat dahil sa kabaitan “na paunang iniaayon sa catacotan at pag ibig sa Dios.”

Nalubos ang pagbihag sa kahulugan ng “bait” sa Capitulo XVII. Tulad ng naipahiwatig na, tinalakay dito kung paanong pinagkalooban lámang ng bait ang tao. Kaya laging ipinagpapauna ng mga Kristiyano ang “monti cong bait,” hindi bilang pagpapakumbaba gaya ng mga katutubong Tagalog kundi bilang pagpupugay sa pinakamataas na bait ng Diyos na “longmalalo sa tanang bait.” Sa ganitong oryentasyon, pinaniniwalaang laging mananaig ang Kristiyano sa anumang tunggalian sapagkat nananalig sa pinakamakapangyarihang bukal ng bait.

Sa loob ng salaysay, pinatutunayan ito ng tagumpay ni Barlaan na mabinyagan si Josaphat. Pinatunayan pa ito ng mga tagumpay ni Josaphat laban sa pananalig ni Haring Abenir at ng kaniyang mga kasapakat na saserdote ng lumang pagsampalataya. Hinarap mismo ni Theudas, ang pinakamarunong na saserdote, si Josaphat at natálo ang una. Inamin ni Theudas ang pagkatálo at pinagsisihan ang dáting pananampalataya. Nagpugay siya sa mataas na karunungan ni Josaphat at sinapantahang “hindi mangyayaring yao,y, nagmumula sa sariling bait nang tauo, cundi sa langit nangagaling.” Lahat diumano ng mga sinabi ni Josaphat ay mistulang kulog na nakapanggigilalas sapagkat hindi maipaliwanag ng isip ng tao.

Sino nga ba naman ang maaaring lumaban sa kapangyarihan ng Diyos?

Pinakamabagsik na paraan ng pananakop pangwika ang tahasang pagtatakda ng masama o negatibong kahulugan sa mga

salita na may orihinal na mataos na pagpapahalaga. Katumbas ito ng tinatawag na demolition job sa Ingles. Ganito ang ginawa ni Fray de Borja nang piliin ang dalawang salita na matalik na kaugnay ng katutubong pagsamba, ang “anito” at “catolonan,” at hirangin ang mga ito bilang pantumbas sa panig ng kontrabida o katawagang nauukol sa “masamá” at matandang pananampalataya ng India. Sa mga pandulong kapitulo, ulit-ulit na itinumbas ang “anito” sa mga likhang larawan ng huwad na Diyos samantalang ginamit ang “catolonan” bilang sinonimo ng mga saserdote ng huwad na pagsampalataya.

May representasyon din ang Kristiyanismo para sa mga santo’t santa ng relihiyon at kahit sa tatlong Persona ng Diyos. Ngunit masigasig ang Barlaan at Josaphat na ibukod at alipustain ang representasyon ng huwad na pagsampalataya na “lichang mahalay, na pauang bingi,t, ualang caloloua.” Ito ang tawag ni Nacor sa mga diyoses ng unang tatlong pagsampalataya ng mga Caldeo, Griego, at Egyptian. Kung hindi katawa-tawa ay pawang nagtataglay ng katangiang pantao ang mga diyoses ng naturang mga relihiyon. Katulad ng mga anitong kahoy ng mga Filipino. Samantala, katulad ng mga saserdote ng mga naturang sinaunang pagsampalataya, “sinongaling” (p.353) ang mga “catolonan,” gumagamit lámang ng mahiya at panlilinlang, at tagapagkalat ng “catipunan nang cariliman.”

Sa ganitong uri ng silohismo, ang pagkatálo ng mga saserdote sa India sa loob ng salaysay ay nagiging kawangki ng nakatakandang pagkatálo rin ng mga katolonan sa Filipinas.

Tungo sa Iba Pang Pagkatha

Marami pang ibang sipat at titig na maaaring isagawa sa teksto ng Barlaan at Josaphat. Unang-una, hindi ito kailangang lagiág kilalanin bilang isang maalindog na teksto na naging kasangkapan sa kolonyalismong Español. Mahalaga ring isaalang-alang ang naturang salaysay bilang reperensiya sa dalisay na saloobin ng mga misyonero na palaganapin ng mga birtud ng Kristiyanismo kayâ’t posibleng nagamit ding pamantayan sa panahon ng repormismo upang suriin at tuligsain

ang naganap na pag-abuso at paglihis sa tungkuling misyonero ng mga fraile.

Maituturing halimbawa ngayong naïf at di-malay ang pagdidiin ng Barlaan at Josaphat sa birtud ng hábang-búhay na pagpapakasakit at pagtatakwil sa “ogaling malupit ng dugo at laman” (p.230). Sentral ito sa dogma ng salaysay bilang produkto ng panahong midyibal at bilang teksto ng búhay-ermitanyo. Subalit ang pamantayan o kahingiang ito ang magiging pulbura sa tuligsa ng mga Propagandista laban sa abuso at patuloy na pagpapayaman ng mga korporasyong relihiyoso noong siglo 19. Ito ba ang sanhi kayâ nahinto ang paglilimbag ng akda noong 1837? Dahil nagpapahayag ito ng mga birtud na mahirap nang isabalikat nitóng siglo 19 ng mga korporasyong relihiyoso?

Mahalaga ring bitling ang Barlaan at Josaphat sa tradisyon ng tunggalian sa panitikang Filipino. Higit sa lahat, kailangang ipaloob ang salaysay sa paraan ng debate o tagisan ng talino bilang paraan ng pagpapadaloy sa salaysay o pagtatanghal. May hiwatig dito ang sinasabing talingdao bilang sagutang dramatiko, bukod sa kailangang suriin ang mga metodolohiya ng pagtataálo upang maiugnay sa balitaw, komposo, duplo, at ibang panitikang popular na gumagamit ng naturang estrukturang panretorika. Mahalaga ring suriin ang mga katibayan o paraan ng pagprepresenta ng katibayan sang-ayon sa naging popular na duplo o balitaw.

Sa ngayon at pansamantala, ipipinid ang pag-uusisang ito kalakip ang panalangin na ipagpatuloy ng iba ang binuksang pagbása sa Barlaan at Josaphat. Naghihintay ang teksto sa higit na matiyaga at masugid na pagsipat.

MGA TALA

¹ Rufino Alejandro sa Ang Ating Panitikan, kasama si Juliana C. Pineda (Maynila: Bookman, Inc., 1959), p.40.

² Vocabulario de la lengua Tagala nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar (Maynila:1754). Ginamit ni Bienvenido Lumbea ang ikatlong edisyon (1860)

sa kaniyang disertasyon na lumabas bilang aklat na *Tagalog Poetry: 1570-1898 Tradition and influences in its Development* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986).

- ³ Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong P. Natin na Tola ni Gaspar Aquino de Belen at nalimbag na kasudlong ng kaniyang salin sa *Recomendacion del Alma* (1613) ni Tomas de Villacastin at may pamagat na Manga panalanging pagtatagobillin sa calolova nang tavong naghihingalo (1704).
- ⁴ *Meditaciones, cun manga mahal na paqgninilay na sadla sa Santong Pageexercicios* (1645) ni Pedro de Herrera. Ginamit ko ang edisyon 1843. Salin ito ng isang manwal sa pagreretiro ni Francisco de Salazar ngunit isinudlong ni Herrera ang isang malaking koleksiyon ng mga dalit upang lagumin ang mga aral ng isinaling aklat.
- ⁵ Julian Cruz Balmaseda. *Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog*, Publication of the Institute of National Language (4 Agosto 1938), p. 16. Binanggit niya ang Barlaan at Josaphat kaugnay ng pagpapakilala sa makatang si Felipe de Jesus bilang isa sa iilang makatang Filipino na nalimbag ang petsa ng pahintulot ng Arsobispo ng Maynila. Sinundan ko ang petsang ibigay ni R. Alejandro -1712 – bagaman hindi ko pa nasasaliksik ang kaniyang pinagbabatayan.
- ⁶ R. Alejandro, op.cit. p. 20. Marahil, nasa isip ni R. Alejandro ang banggit ni Eufronio M. Alip sa kaniyang *Tagalog Literature (A Historico-Critical Study)* (Maynilas: U.S.T. Press, 1930) na nagsasabing: “Barlaan is a popular poem, the argument of which is based on the story of the bible. The story of Barlaan and Josaphat is really an old tale of Budha transferred to Europe, and serves as the justification Budha has been made a Christian saint. It first appeared in Barcelona as “The Prince and the Dewish” had influenced many European writers, and had been immensely popular in Spain from whence the Tagalog version was obtained. This work is regarded as one of the best monuments of the sixteenth, seventeenth, and eighteenth century Tagalog Literature, not excepting the Passion of Gaspar Aquino de Belen. Recognizing its intrinsic literary merit. D. Felipe de Jesus wrote an awit consisting of the forty-six octosyllabic quatrains dedicated to the poem Barlaan.” (p. 43)
- ⁷ Tulad nina R. Alejandro at J.C. Balmaseda, ginamit kong sanggunian sa pag-aaral na ito ang edisyong 1837. Gayunman, kapansin-pansin ang pagkakahidwa nina R. Alejandro at J.C. Balmaseda hinggil sa petsa ng unang edisyon at limbag ng Barlaan at Josaphat. 1708 ang nakalista kay J.C. Balmaseda, na waring imposible sapagkat 19 Pebrero 1909
- ⁸ Basahin ang *Translation Through History* nina Jean Delishe at Judith Qoodsworth (mga editor), UNESCO Publishing (1995).

⁹ Basahin ang introduksiyon ni Iliia V. Abuladze sa *The Balavariani* ni David Marshall Lang, (Berkeley: University of California Press, 1966).

¹⁰ *Ibid.*, mp. 40-41.

¹¹ Tingnan sa sanaysay na “Panitikan ng Pagsampalataya,” Kung Sino ang Kumatha kina Bagongbanta, Osorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp. (Metro Manila: Anvil Publishing, Inc., 1992), mp. 43-58.

¹² Fray Tomas Ortiz. *Practica del Ministerio*, may salin sa Ingles sa Blair at Robertson, *Philippine Islands XLIII*, p. 110.

¹³ Ganito rin ang makikitang pakahulugan sa Fray Francisco de San Jose. *Arte y reglas de la lengua tagala* (1610), p. 837. ang tula noong ika-17 siglo. Sumipi rin siya ng dalawang saknong na may “tatak” aniya ng “isang tunay na tula” at kapansin-pansin ang “kagandahan ng mga talinghagang laman.”

ANG PAGSASALIN BILANG PAGSASÁNAY AT KASANAYÁN

MICHAEL M. COROZA

Tungkol sa pagsasalin ang lekturang ito. Ang pamagat nitó ang mismong paksang ibinigay sa akin ng mga tagapag-organisa ng ating kumperensiya ngayon. Ngunit, ibig kong umpisahan ang pagtalakay sa kahulugan ng dalawang salitang iniuugnay sa pagsasalin: ang kasanayán at pagsasánay. Sangguniin natin ang edisyong 2010 ng UP Diksiyonaryong Filipino.

ka-sa-na-yán png [ka+sanay+an] **1:** isang tiyak na nakukuha o pinagkadalubhasaang kakayahan: CRAFT, EXPERTISE, SKILL **2:** kakayahang gawin ang isang bagay nang mahusay: SKILL.

sá-nay png **pag-sa-sá-nay** [Ilk Pan ST] **1:** paraan ng ulit-ulit na paggawa sa isang bagay upang humusay Cf ENSAYO: BANSAY, EHERSISYO, PASADA, PRAKTIS, TRAINING, TUOD

2: mga leksiyon o gawain na dapat sundin para humusay: BANSAY, EHERSISYO, TUOD.

sa-náy pnr: marunong o mahusay na: ANAD, ENSAYADO, HASÂ, SINATÌ.

Ang pangngalang “sánay,” na may bigkas na malumay, ang salitang-ugat ng “kasanayán” at “pagsasánay.” Isang proseso ang “pagsasánay.” Ito ang pinagdaraan ng sinuman upang magkaroon ng “kasanayán.” Sa kabilâng dako, ang pang-uring “sanáy,” na may bigkas na mabilis, ang siya namang ginagamit upang ilarawan ang sinumang dumaan na sa maraming “pagsasánay” at nagkamit na ng maipagmamalaking “kasanayán.”

Layunin, samakatwid, ng panayam na ito ang malinaw na maipabatid ang mga proseso o pagsasánay na pinagdaraan sa pagsasalin upang makapagkamit ang mga kalahok ng kasanayán sa mahalagang akademikong gawaing ito at nang sa dulo ay maituring siláng sanáy o eksperto (sa pagsasalin).

Hiramin natin ngayon sa aklat na Translation Studies (2014) ni Susan Bassnett, tanyag na teoriko sa larang ng mga araling salin, ang karaniwang kahulugan ng salin o pagsasalin:

What is generally understood as translation involves the rendering of a source language (SL) text into the target language (TL) so as to ensure that (1) the surface meaning of the two will be approximately similar and (2) the structures of the SL will be preserved as closely as possible but not so closely that the TL structures will be seriously distorted. (p.14)

(Ang pangkalahatang nauunawaan bilang pagsasalin ay kinapapalooban ng paglilipat ng teksto sa isang mulaang wika (MW) sa isang tunguhang wika (TW) upang matiyak na (1) magkapareho, humigit-kumulang, ang litaw na kahulugan ng dalawa at (2) hangga’t maaari,

mapananatiling kahawig ang mga estruktura ng MW bagaman hindi gayon kahawig na lubhang makasisira sa mga estruktura ng TW.)

Sa ganitong pagtanaw sa pagsasalin, may dalawang magkaibang wikang sangkot, ang mulaang wika at ang tunguhang wika. Ito rin ang interlingual translation na (ikalawang) uri ng pagsasaling tinukoy ni Roman Jakobson sa kaniyang kanonigong sanaysay na “On Linguistic Aspects of Translation” (1959). Ang unang uri na kinilála ni Jakobson ay ang intralingual translation o ang pagpapalit ng salita sa iisang wika at ang ikatlo naman ay ang intersemiotic translation na isang paglilipat mula sa pasalitâng sagisag tungo sa mga di-pasalitâng sagisag.*

Kapag ginamit natin ang salitang “ginaw” upang ilarawan ang kondisyong may kinalaman sa temperatura ng Lungsod Baguio at may isang batà (estudyante) na napangangá sapagkat hindi bahagi ng kaniyang bokabularyo ang salitâng ito, hahanap táyo ng paraan upang maipaunawa ito. Sa madalîng salita, magsasalin táyo. Intralingguwal na salin ang ating gagawin kung sasabihin nating ang “ginaw” ay katumbas ng “lamig.” Kung nagkataóng medyo Inglesero palá ang ating kausap, mapipilitan táyong sabihin na ang “ginaw” ay katumbas ng “coldness.” O, kung nangangastila palá, ang sasabihin natin ay “frío.” Sa ganitong paraan, nagsagawa na táyo ng interlingguwal na pagsasalin. Kung mangyayaring hindi pa rin maintindihan ng ating kausap ang “ginaw” sa kabilâ ng intralingguwal at interlingguwal na pagsasaling ginawa natin, mapipilitan táyong gumamit ng intersemiyotikong pagsasalin. Maaaring imuwestra natin sa kaniya ang kahulugan ng “ginaw” sa pamamagitan ng paghalukipkip nang mahigpit na mahigpit at masidhing pangangatal ng bibig at pangangaligkig ng buong katawan. Pag hindi pa rin niya táyo naintindihan, marahil may kakulangan sa kaniyang pang-unawa at dapat na natin siyang talikuran.

Sa ganitong ilustrasyon, binibigyang-diin ang katotohanang bahagi ng ating pang-araw-araw na gawain ang pagsasalin. Wika ang sentro o ubod ng kulturang kinabibilangan natin. Nauunawaan at nagpapatuloy ang lahat sa pamamagitan ng wika. At, walang

* Missing footnote

pagkakataóng hindi táyo nagsasalin. Sa sandalîng nagsisikap táyong unawain ang anuman, nagsasagawa táyo ng pagsasalin—intralingguwal man, interlingguwal man, o intersemiyotiko man. Gayundin, lampas sa nakamihasnan natin na ang teksto ay ang mga nakasulat na binabása natin, ang kahit ano ay teksto, nakasulat man, nakaguhit, nakikita, naririnig, naaamoy, nalalalahan, o nahihipo. Binabása o inuunawa natin ang lahat ng ating mga karanasan bilang teksto. Bagaman lagi nating nakikita bilang isang lingguwistikong aktibidad, laging lampas sa pasalitâng wika ang pagsasalin. Wika muli ni Susan Bassnett:

Beyond the notion stressed by the narrowly linguistic approach, that translation involves the transfer of ‘meaning’ contained in one set of language signs into another set of language signs through competent use of the dictionary and grammar, the process involves a whole set of extra-linguistic criteria also. (p. 24)

(Lampas sa paniniwalang binibigyang-diin ng limitadong lingguwistikong pagdulog, na ang pagsasalin ay kinapapalooban ng paglilipat ng ‘kahulugan’ na nása isang kalipunan ng mga sagisag-wika patungo sa ibang kalipunan ng mga sagisag-wika sa pamamagitan ng dalubhasang paggamit ng diksiyonaryo at gramatika, nakapaloob din sa proseso ang isang buong kalipunan ng mga pamantayang labas sa lingguwistika.)

Batayang kahingian sa pagsasalin, kung gayon, ang pagiging lublob sa karanasang naisawika o wika ng karanasan. Hindi sapat ang diksiyonaryo at ang mga batayang aralin sa estruktura ng pangungusap kung magsasalin ng kaisipang may mahigpit na kaugnayan sa karanasang pangkultura. Dito laging pumapalya ang Google Translate na paboritong sangguniin ng mga mag-aaral na nahihirapan diumano sa pagsulat ng kanilang mga akademikong papel sa Filipino.

Isang estudyante ko, halimbawa, ang minsang nag-ulat sa klase tungkol sa epikong Labaw Donggon. Nang sumapit ang pagbubuod niya ng kuwento tungkol sa dalawang anak na lalaki ni Labaw Donggon, sina Asu Mangga at Baranugon, inilarawan niya ang mga ito sa ganitong paraan: “Si Asu Mangga at Baranugon ay hating-kapatid.” Magkaiba kasi ang nanay ng dalawang anak na ito ni Labaw Donggon. Ang problema, salin ng teksto sa Ingles ang nabása ng estudyanteng ito. Tulad ng maraming estudyante sa ngayon, natukso siyang gumamit ng Google Translate. At, ganito ang kaniyang nakitang salin ng pangungusap na Asu Mangga and Baranugon are half-brothers: “Asu manga at Baranugon ang half-kapatid na lalaki.”

Walang lohikang pangkultura ang kasangkapang ito sa internet. May kalipunan lámang ito ng mga salita at batayang estruktura ng pangungusap na Filipino. Kayâ’t hindi nitó naisalin nang wasto ang half-brothers. Nása bokabularyo nito ang brother na katumbas sa Filipino ng “kapatid na lalaki.” Nalito na siguro ito kayâ’t hindi na naisalin ang salitâng half gayong katumbas lámang naman talaga ito ng “hati” o “kalahati.” Walang pantukoy na “si” sa salin ng Google Translate, ngunit minarapat lagyan ng estudyante. Natuto naman palá siya ng kaunting gramatika. Kaso, malî pa rin sapagkat dalawang tao ang tinutukoy kayâ’t “sina” dapat ang ginamit niya.

Dahil hindi naisalin, tiningnan ng estudyante ang salitang “half” sa diksiyonaryo, na marahil online din. Ang nakuha niyang katumbas ay “hati.” Marahil, narinig niya sa isang patalastas na sikát dati ang ekspresyong “hating-kapatid.” At, bunsod ng malaking kagalakan dahil may mina siyang natagpuan, buong pagmamalaki niyang idineklara: “Si Asu Mangga at Baranugon ay hating-kapatid.”

Ang problema, dahil ekspresyong idyomatiko, iba ang kahulugan ng “hating-kapatid.” May kinalaman ito sa paraan ng paghahati ng dalawa o higit pang tao sa isang bagay tulad ng lupain, pagkain, kagamitan, atbp. Pag sinabing “hating-kapatid táyo,” walang lamángan dapat sa paghahatian. Wala itong kinalaman sa pagkakaroon ng iisang ama at magkaibang ina ng dalawang tao. Paano nga ba niya dapat isinalin ang pangungusap?

Kung hindi isasaalang-alang ang konteksto ng istorya ni Labaw Donggon at ng kaniyang mga anak, maaaring may magsabi ng ganito: “Sina Asu Mangga at Baranugon ay magkapatid sa labas.” Ngunit, ang pariralang “sa labas” ay tumutukoy sa pagkakaroon ng anak sa konteksto ng isang kasal Katoliko. Ang mga nanay nina Asu Mangga at Baranugon na sina Ginbitinan at Durunoon ay kapuwa pinakasalan ni Labaw Donggon. Kayâ’t ganito ang pinakamainam na salin ng pangungusap na ito: “Sina Asu Mangga at Baranugon ay magkapatid sa ama.”

Alinsunod dito, dalawang malaking usapin sa pagsasalin ang dapat kilalânin ng sinumang nagsasanay sa gawaing ito: ang equivalence o tumbasan at translatability o pagkanaisasalin. May mga salita o ekspresyong idyomatiko sa mulaang wika na madalas na walang eksaktong katumbas sa tunguhang wika. Gamitin nating halimbawa ngayon itong kasalukuyan kong isinasalin sa Filipino na La Revolucion Filipina ni Apolinario Mabini para sa proyektong Aklat ng Bayan ng Komisyon sa Wikang Filipino. Tunghayan natin ang bahaging dedicatoria o pag-aalay ng akdang ito sa orihinal na Español:

DEDICATORIA

MADRE MÍA:

Cuando, niño aun, te dije que yo quería estudiar, te alegraste sobremanera, porque tu sueño dorado ere tener un hijo sacerdote: ser ministro de Dios era para tí el mayor honor a que podrá aspirar el hombre en este mundo.

Viendo que eras demasiado pobre para sufragar las gastos de mi educación, te esforzaste en trabajar, sin hacer caso del sol ni de la lluvia, hasta contraer la enfermedad que te llevó al sepulcro.

El destino no me ha querido sacerdote; sin embargo, convencido de que el verdadero

ministro de Dios no es el que lleva el hábito talar, sino todo aquel que pregona su gloria, por medio de obras buenas y útiles al mayor número posible de sus criaturas, procuraré ser fiel a tu voluntad, mientras no me falten fuerzas para este fin.

Queriendo depositar sobre tu tumba una corona tejida por mis propias manos, dedico este librito a tu memoria; es pobre e indigno de tí, pero es la mejor corona que hasta ahora han podido tejer las manos inexpertas de tu hijo,

EL AUTOR

Narito ang salin sa Ingles ni Leon Ma. Guerrero:

DEDICATION

To My Mother:

When, still a child, I told you that I wanted to acquire learning, you were overjoyed, because your heart's desire was that a son of yours should be a priest; to be a minister of God was for you the greatest honour that a man could aspire to in this world.

Realizing that you were too poor to meet the expenses of my education, you worked as hard as you could, heedless of sun and rain, until you caught the illness that took you to your grave.

But I was not fated to be a priest. I am, however, convinced that the true minister of God is not one who wears a cassock, but everyone who proclaims His glory by good

works of service to the greatest possible number of His creatures, and I shall endeavour to be faithful to your desires as long as I have the strength to do so.

Now, wishing to place on your grave a wreath woven by my own hands, I dedicate this humble work, to your memory; it is a poor thing, unworthy of you, yet the best so far woven by the artless hands of your son,

THE AUTHOR

Narito naman ang salin ko sa Filipino:

PAG-AALAY

Ina Ko,

Noong paslit pa ako, sa tuwing sinasabi ko sa iyong ibig kong mag-aral, nag-uumapaw ang iyong galak sapagkat marubdob na pangarap mo ang magkaroon ng anak na pari. Para sa iyo, ang pagiging alagad ng Diyos ang pinakamataas na karangalang mahahangad ng tao sa lupa.

Sapagkat malubha ang iyong karalitaan at sa hangad mong matustusan ang aking pag-aaral, ibinuhos mo ang iyong sarili sa paghahanapbuhay, di-pansin ang araw ni ang ulan, hanggang sa dinapuan ka ng karamdamang naghatid sa iyo sa hukay.

Hindi itinulot ng tadhanang maging pari ako. Gayunman, sa paniniwala kong hindi ang nakasuot ng abito ang tunay na alagad

ng Diyos kundi ang lahat ng nagpapahayag ng Kaniyang Kaluwalhatian sa mga gawaing mabuti at kapaki-pakinabang para sa lalong nakararaming nilikha Niya, pagsusumikapan kong maging tapat sa iyong kalooban hangga't may lakas ako sa pagtupad nitó.

Sa hangaring maghandog sa iyong puntod ng koronang likha ng sarili kong mga kamay, iniaalay ko sa iyong gunita ang munting aklat na ito; hamak at hindi karapat-dapat sa iyo, ngunit sa ngayon, ito na ang pinakamainam na koronang malilikha ng mga di-bihasang kamay ng iyong anak,

ANG MAY-AKDA

Titigan natin ngayon ang unang talata ng pag-aalay ni Mabini. Sabi niya:

Cuando, niño aun, te dije que yo quería estudiar, te alegraste sobremanera, porque tu sueño dorado ere tener un hijo sacerdote: ser ministro de Dios era para tí el mayor honor a que podrá aspirar el hombre en este mundo.

Kung susundin ang ayos ng pangungusap nito, ganito ang magiging literal na salin sa Filipino:

Kapag, batà pa, sinasabi ko sa iyo na gusto kong mag-aral, labis kang natutuwa, sapagkat ang pangarap mong ginintuan ay magkaroon ng isang anak na pari: ang maging alagad ng Diyos ang para sa iyo ay ang pinakamarangal na puwedeng hangarin ng isang lalaki sa mundong ito.

Sinikap sundin ni Guerrero ang estruktura ng pangungusap sa orihinal kayâ ganito ang kaniyang naging salin:

When, still a child, I told you that I wanted to acquire learning, you were overjoyed, because your heart's desire was that a son of yours should be a priest; to be a minister of God was for you the greatest honour that a man could aspire to in this world.

Walang tuldik na “cuando” ang ginamit ni Mabini kayâ’t ang mga posibleng kahulugan nitó ay “kapag,” “sa tuwing,” “sa tuwi-tuwi na,” o “sa pana-panahon.” Kapag may tuldik kasi, “cuândo,” katumbas ito ng “kailan” na ginagamit sa pagtatanong. Isinasalaysay ni Mabini na noong batà pa siya, paulit-ulit na sinasabi niya sa nanay niya ang kagustuhan niyang mag-aral. At labis na natutuwa ang nanay niya sa bagay na ito. Sa retorikang Filipino, hindi karaniwang ginagawa ang pag-aayos ng pangungusap na kagaya ng ginawa ni Mabini sa Español. Kayâ minarapat kong isalin ang unang bahagi ng mahabàng pangungusap na ito sa ganitong paraan: “Noong paslit pa ako, sa tuwing sinasabi ko sa iyong ibig kong mag-aral, nag-uumapaw ang iyong galak sapagkat marubdob na pangarap mo ang magkaroon ng anak na pari.”

Pansinin ang paggamit ko ng idyomatikong “nag-uumapaw ang iyong galak” para sa pariralang “te alegraste sobremanera” na tinapatan ni Guerrero ng “you were overjoyed” sa Ingles. Pagpapasiya itong kinailangan kong gawin upang higit na maging mabisà sa Filipino ang pahayag. Napakalamya para sa akin ng “labis kang natutuwa.” Parang hindi talaga natutuwa. May implikasyong “sobra-sobra” ang “sobremanera” sa Español. At, ang sobra-sobrang tuwa sa Filipino ay “nag-uumapaw na tuwa.” Minarapat ko ring gawing “galak” sa halip na “tuwa” lámang ang nadaramá ng nanay ni Mabini sapagkat, sa pagsasabi niya mismo, may kinalaman ang tuwa o galak na ito sa hangaring “ginintuan” o “may maringal na palamuti” (dorado) ng kaniyang nanay. May pahiwatig o lalim ng lugod at luwalhati ang paggamit ng “galak” kaysa “tuwa” at, gayundin, higit na karaniwan o madalas marinig ang “tuwa” kaysa “galak” bagaman kapag tiningnan sa diksiyonaryo, halimbawa’y sa Diksiyonaryo-Tesauro Pilipino-Ingles

(1972) ni Jose Villa Panganiban, nagpapalitan lámang talaga ang kahulugan ng mga salitâng ito.

Pansinin ang pariralang “sueño dorado.” Sa Ingles, tinapatan ito ni Guerrero ng “heart’s desire.” Literal na may kinalaman sa ginto ang “dorado.” Ang anyong pandiwa nitó, “dorar,” ay katumbas ng “paglalagay ng palamuti.” Idyomatiko, samakatwid, ang gamit ng dorado at maaaring unawain ang “sueño dorado” bilang isang pangarap na napakahalaga (tulad ng ginto). Kayâ minarapat na tapatan ito ni Guerrero ng “heart’s desire.” Hangárin naman talaga ito ng puso. Itinitibok-tibok. Ngunit, sa salin ko, pinilì kong tapatan ito ng “marubdob na pangarap.” Taglay ng “rubdob” ang tibok ng puso at nagpapahiwatig ito ng kasidhian.

Pansinin ang pariralang “el mayor honor a que podrá aspirar el hombre” na tinapatan ni Guerrero ng “the greatest honour that a man could aspire to.” Kritikal dito ang salitâng “hombre” na totoo namang “lalaki” ang karaniwang kahulugan sa Español. At, dahil pari ang pinag-uusapan, walang dudang “lalaki” talaga ito kayâ’t walang kaproble-problemang ginamit ni Guerrero ang “man” sa Ingles. Gayunman, bukod sa usaping pangkasarian (nanay ni Mabini, na isang babae, ang nangangarap kayâ’t parang di-makatarungan para sa kababaihan kung gagamitin na lámang nang basta-basta ang “lalaki” bilang panumbas), may ipinahiwatig si Mabini sa susunod na bahagi ng kaniyang pag-aalay na nakahihigit sa pagpapakalalaking ito.

Sa pagsasabi niya ng “por medio de obras buenas y útiles al mayor número posible de sus criaturas” (mga gawaing mabuti at kapaki-pakinabang para sa lalong nakararaming nilikha Niya), kinikilála niya ang lahat ng nilikha na gumagawa at gagawan ng mabuti. Samakatwid, mahihiwatigan dito ang isang napakahalagang prinsipyo ng etikang Filipino: “Madalíng maging tao, mahirap magpakatao.” Kayâ’t lohikong gamitin ang “tao” sa halip na “lalaki” lámang bilang pantumbas sa “hombre.” Ipinahihwatig sa buong pag-aalay ni Mabini ang magálang na pagtutol niya sa paniniwala ng kaniyang ina. Hindi ang pagiging

pari ang huwaran, sukatán, o sukduhan ng pagpapakatao. Lalaki man o babae ay maaaring magpakatao (magpakadakilá).

Tunghayan naman natin ang ikalawang talata ni Mabini:

Viendo que eras demasiado pobre para sufragar las gastos de mi educación, te esforzaste en trabajar, sin hacer caso del sol ni de la lluvia, hasta contraer la enfermedad que te llevó al sepulcro.

Sa Ingles, inihayag ito ni Guerrero sa ganitong paraan:

Realizing that you were too poor to meet the expenses of my education, you worked as hard as you could, heedless of sun and rain, until you caught the illness that took you to your grave.

Ang “viendo” na gáling sa “ver” (makita o makakita), ay ginawang “realizing” ni Guerrero. Totoo naman na kapag may isang bagay táyong nauunawaan, idyomatikong sinasabi natin ang “nakita ko na.” Kapag ibig nating tiyakin sa kausap natin kung naintindihan niya táyo, tinatanong natin siya ng “Nakita mo na?” o kayâ’y “O, e di nakita mo?” Gayunman, kapag tiningnan ang buong pariralang “Viendo que eras demasiado pobre para sufragar las gastos de mi educación” at isasaalang-alang ang kasunod na parirala nito na “te esforzaste en trabajar,” ang naunang parirala ay sanhi at ang bunga ay ang kasunod na parirala.

Literal na maisasa-Filipino ang dalawang magkasunod na pariralang ito sa ganitong paraan: “Nakita mo na masyadong mahirap ka para balikatin ang mga gastos sa aking pag-aaral, pinagod mo ang sarili mo sa pagtatrabaho.” Ngunit, minarapat kong isalin ito sa ganitong paraan: “Sapagkat malubha ang iyong karalitaan at sa hangad mong matustusan ang aking pag-aaral, ibinuhos mo ang iyong sarili sa paghahanapbuhay.”

Bakit? Dahil nga sa bisàng sanhi-bunga ng dalawang magkasunod na parirala. Nilalagom ng “sapagkat” ang “pagkabatid” o “pagkatanto” (“realizing” para kay Guerrero) ng ina niya sa kahirapan at ito ang mabigat na sanhi kung bakit “ibinuhos” (enforzarse) nitó ang sarili sa pagtatrabaho. Sa ganitong paraan, higit na napaikli at naiagapay ang ritmo ng pahayag sa taglay na ritmo ng orihinal na Español. (Alalahanin na karaniwang inihihimutok ng mga kritiko o kumontra sa Filipino na humahabà diumano ang pahayag na Ingles o Español kapag isinasalin sa Filipino.)

Libanan na natin ang ikatlong talata at dumako na táyo sa hulíng talata. Tingnan muli ang orihinal na pahayag ni Mabini:

Queriendo depositar sobre tu tumba una corona tejida por mis propias manos, dedico este librito a tu memoria; es pobre e indigno de tí, pero es la mejor corona que hasta ahora han podido tejer las manos inexpertas de tu hijo,

Ganito isinalin sa Ingles ni Guerrero ang talatang ito:

Now, wishing to place on your grave a wreath woven by my own hands, I dedicate this humble work, to your memory; it is a poor thing, unworthy of you, yet the best so far woven by the artless hands of your son.

Wala ang “now” ni Guerrero sa orihinal na Español na nagsimula sa pandiwang “queriendo depositar” (ginugusto o hinahangad kong maglagak). Marahil, inisip ni Guerrero na kailangang lagyan ng “now” upang bigyang-diin na nagsasalita si Mabini sa panahong wala na o yumao na ang kaniyang ina, isang kasangkapang nagpapatindi sa dramatikong epekto ng buong pahayag.

Kritikal sa bahaging ito ang paggamit sa orihinal ng salitang “tejida” na mula sa “tejer” (“to weave” sa Ingles o “humabi” sa

Filipino). Ang “tejer” na ito ang pinanggalingan ng ating salitang “tahi.” Ngunit, kahit dito pa nanggaling ang ating “tahi,” hindi ito basta magagamit upang isalin ang pariralang “tejida por mis manos” na literal na maisasalin bilang “tinahi ng aking mga kamay.” Hindi táyo tumatahi o humahabi ng korona (ng bulaklak) para sa puntod (ng patay). Kayâ minarapat ko na lámang na gamitin ang mas may pangkalahatang kahulugang “likha.” Likhang-kamay ni Mabini ang korona (na nása anyo ng librong sinulat niya) na alay niya sa kaniyang ina. At ang kamay niya na lumikha nitó, sa pagpapatuloy ng kaniyang metáporá, ay kamay na di-bihasa o di-dalubhasa.

Batay sa masalimuot na proseso ng pagsasalang sinikap kong bigyan ng kongkretong halimbawa dito, ibig kong ibahagi ang isa pang sipi mula muli kay Susan Bassnett:

To attempt to impose the value system of the SL culture onto the TL culture is dangerous ground, and the translator should not be tempted by the school that pretends to determine the original intentions of an author on the basis of a self-contained text. The translator cannot be the author of the SL text, but as the author of the TL text has a clear moral responsibility to the TL readers.

(Mapanganib ang tangkaing ipataw sa sistemang panghálagáhan ng kultura ng Tunguhang Wika ang sistemang panghálagáhan ng Mulaang Wika, at hindi dapat malinlang ang tagasalin ng mga nagsasabing nababatid ang orihinal na intensiyon ng awtor batay sa nakapagsasariling teksto. Hindi maaaring maging awtor ng teksto sa mulaang wika ang awtor, ngunit bilang awtor ng teksto sa tunguhang wika, malinaw na may moral na pananagutan siya sa mga mambabasá sa tunguhang wika.)

Alinsunod dito, binabalikat ng tagasalin ang tungkuling maitawid sa mambabasá ng saling-teksto ang mga kahulugan ng orihinal na teksto. Sa gayon, sakaling may pagkukulang o kalabisang makikita ang mambabasá ng saling-teksto, marahil, hindi sa awtor ng orihinal dapat ibunton ang pag-usig o pag-uusisa kundi sa tagasalin. Mahalagang makilála, kung gayon, ang tagasalin at tingnan ang kaligirang humuhubog sa kaniya bilang awtor ng saling-teksto. Sa gayon, makikitang bagaman may pagsisikap na muling likhain sa tunguhang wika ang orihinal na teksto, hindi naiwasang makalikha ng panibagong teksto kayâ nga iginigiit ni Octavio Paz sa kaniyang “Translation: Literature and Letters” ang ganito:

Each text is unique, yet at the same time it is the translation of another text. No text can be completely original because language itself, in its very essence, is already a translation—first from the nonverbal world, and then, because each sign and each phrase is a translation of another sign, another phrase. However, the inverse of this reasoning is also entirely valid. All texts are originals because each translation has its own distinctive character. Up to a point, each translation is a creation and thus constitutes a unique text. (p. 154)

(Natatangi ang bawat teksto, ngunit isang salin din ito ng ibang teksto. Walang tekstong ganap na orihinal sapagkat mismong ang wika, sa tunay na kahulugan nitó, ay isang salin—una mula sa di-pasalitang daigdig, at pagkatapos, sapagkat bawat sagisag at ang bawat parirala ay isang salin ng ibang sagisag, ibang parirala. Gayunman, katanggap-tanggap din ang kabaligtaran ng ganitong pangangatwiran. Orihinal ang lahat ng teksto sapagkat bawat salin ay may sariling katangiang mapagkakakilanlan. Hindi man

lubusan, isang likha ang salin kayâ't nagiging isang natatanging teksto.)

Kayâ nga kahit sa mga usaping legal at moral, kinikilalang awtor ang tagasalin.

Ibig kong magtapos sa apat na puntong habilin para sa sinumang seseryoso sa pagsasanay at pagpapakadalubhasa sa pagsasalin. Umaasa po akong mauunawaan ninyo ang mga habiling ito batay sa itinanghal ko sa inyong demostrasyon ukol sa proseso ng pagsasalin:

Una, dapat na bihasa ang tagasalin sa wika/kultura/konteksto ng tekstong isinasalin.

Ikalawa, bukod sa pagiging dalubhasa, dapat na may napakataas na kakayahang malikhain sa tunguhang wika ang tagasalin.

Ikatlo, sapagkat pagpapakahulugan ang pagsasalin, sapagkat laging may batayang kultura o konteksto ang pagpapakahulugan, at sapagkat nag-iiba-iba ang kultura o konteksto ng pagpapakahulugan, isang di-maiiwasang realidad ang pagkakaroon ng marami at nagkakaiba-ibang salin.

Ikaapat, tulad ng anumang pagpapakahulugan sa teksto, ang nagiging katanggap-tanggap ay ang kritikal na napangangatwiran o naipaliliwanag.

Magtapos táyo sa isa pa ring sipi mula kay Susan Bassnett tungkol sa halaga ng wika at ng pagtatalaban ng mga wika sa ating búhay: “Language, then, is the heart within the body of culture, and it is the interaction between the two that results in the continuation of life-energy.” (p. 25) (Wika, kung gayon, ang nâsa ubod ng lawas ng kultura,

at ang pagtatalaban ng dalawa ang sanhi ng patuloy na pagdaloy ng enerhiya ng búhay.)*

Patúloy po táyong makipagtalaban sa búhay. Magsikhay sa pagsasanay at nang magtaglay ng mataas na kasanayan. At, isang maluwalhating búhay nawa ng walang maliw na pagsasalin ang sumaaatin.

Sanggunian

- Susan Bassnett, *Translation Studies*, 4th ed. (London at New York: Routledge, 2014).
- Roman Jakobson, “On Linguistic Aspects of Translation,” sa Lawrence Venuti, ed. *Translation Studies Reader*, 3rd ed. (London at New York: Routledge, 2012).
- Octavio Paz, “Translation: Literature and Letters” (salin ni Irene del Corral) sa Rainer Schulte at John Biguenet, mga ed., *Theories of Translation: An Anthology of Essays from Dryden to Derrida* (Chicago at London: The University of Chicago Press, 1992).

* (Lekturang ibinahagi sa “2015 Kumperensiya sa Pagtuturo sa Filipino,” 31 Enero 2015, Ating Tahanan Multipurpose Hall, Lungsod Baguio)

PAGSASALIN NG KAALAMANG PANTEKNOLOHIYA

TEO T. ANTONIO

Malawak ag paksang “Pagsasalin para sa Agham at Teknolohiya” para talakayin ko. Mas itinuon ko ang paksa sa pagsasalin ng kaalamang panteknolohiya bilang isang tagasalin na ang isinasalin ay may kinalaman sa pagpapalaganap at pamamahagi ng kaalamang panteknolohiya sa ating mga kababayan sa wikang Filipino.

Nagtrabaho ako sa Technology Resource Center (TRC), na ngayo’y Technology and Livelihood Resource Center (TLRC) noong Oktubre 1981 bilang manunulat at tagasalin ng mga ipinamamahaging kaalamang panteknolohiya na ang opisina ay nása Sen. Gil Puyat Avenue (dating Kalye Buendia) sa Makati.

Dumating ako sa korporasyong ito ng gobyerno na ang pinag-uusapan ay salin ng isang kinontratang tagasalin tungkol sa kaalamang “Mussel and Oyster Culture.” Isinalin ang pamagat na “Kultura ng Tahong at Talaba.” Naitanong ng isang bihasang tagasalin nang pabiro, “kailan kayâ nagkaroon ng kultura ang tahong at talaba?”

Nang umupô ako at magsimulang magsalin ay napag-ukulan ko ng pansin ang isinalin sa Filipino na isang kaalaman sa pagluluto o isang resipe. Siyempre, paiinitan muna ang kawali o anumang gamit na lutuan at lalagyan ng konting mantika. Pagkaraan ay ilalagay ang sangkap na una-una. Natawa ako sa salin mula sa Ingles na “Bring the ingredients to the pan.” Ganito ang salin: “Dalhin ang mga sangkap sa kawali.” Kung marunong kang magluto ay magtataka ka, dahil ang gagawin mo ay ilalagay mo sa kawali ang mga sangkap matapos painitan ang kawali at lagyan ng mantika. Hindi dadalhin sa harap ng kawali para tumanga ang mga sangkap.

Noo’y hindi pa uso sa mga kolehiyo ang kursong Developmental Communication. At kahit may kursong Mass Communication, ang pagsasalin ng kaalamang panteknolohiya ay hindi pa napag-uukulan ng pansin at isa pa itong birheng larangan sa panahong iyon. Maraming salin ng mga polyeto, lathalain, babasahin, manwal mula sa iba’t ibang ahensiya ng gobyerno na ang salin ay bunga ng lakas ng loob at kapangahasan ng nais maghanapbuhay na mga manunulat.

Marami-rami na rin akong naisalin noong nása kolehiyo pa na mga akdang pampanitikan gaya ng tula mula sa mga makata sa iba’t ibang bansa na nasusulat sa Ingles. Gayundin ang isang talumpati na may pamagat na “The Dignity of Man” ni Albert Luthuli nang tanggapin niya ang Gantimpalang Nobel para sa kapayapaan. Nalathala ito sa pahayagang pangkampus ng University of the East. Ang pagsasalin ko’y bunga rin ng lakas ng loob at kapangahasan noon.

Pero sa araw-araw na ginawa ng Diyos, bilang ang trabaho’y tagasalin at manunulat sa TRC noon, natutuhan ko ang maraming bagay tungkol sa pagsasalin na naging gawain ko sa mahigit na sampung taon.

Mahalaga na ang tagasalin ay bihasa sa paggamit ng wika mula sa wikang isinasalin at wikang pagsasalinan. Kailangan ding kumokonsulta ang isang nagsasalin sa iginagálang na diksiyonaryo ng wikang ginagamit. Upang makatulong ito sa pagpapalinaw sa pag-unawa ng kaalamang isasalin at higit na mapabuti ang pagsasallin.

Ang kaalamang panteknolohiya o pansiyensiya ay may mga terminolohiyang teknikal na puwedeng tapatan ng salin. Pero mayroon ding hindi na dapat tapatan ng salita at panatilihin ang orihinal na terminolohiya. Naranasan ko ito nang isalin ko ang lathalaing “Pag-aalaga ng Rosas” ni Propesor Tomas D. Cadatal ng UP Los Baños. Tinapatan ko ang terminolohiyang “marcotting” ng salitang “pagpapaugat” at ang salitang “budding” ng “pagpapausbong.”

Sa kaalaman naman tungkol sa paggawa ng sabon, may terminong teknikal na “saponification.” Dapat itong panatilihin at ipaliwanag na isang proseso na lumilikha ng langis sa paghahalo ng “alkali” para makagawa ng sabon. Tulad din ng “saturated salt” na dapat ding manatili at ipaliwanag pa na ito’y pagpapakulo ng tubig na may asin at bayaang kumulo ito hanggang mamuo ang asin na gagamitin sa pag-iimbak o pagpepreserba ng karne, gaya ng paggawa ng tosino at longganisa.

Ang terminolohiya namang artificial insemination na ginagamit sa paraan ng pagpaparami ng tilapyang babae ay puwedeng tapatan ng baybay sa wikang Filipino na, “artipisyal na inseminasyon” kung gusto itong maging estilo ng isang nagsasalin. Pero hindi lahat ng terminolohiyang panteknolohiya ay babaybayin na lámang sa wikang Filipino dahil kulang ang kaalaman sa bokabularyo at kadalubhasaan sa wikang ginagamit sa pagsasalin. Hindi magiging mahusay ang salin na namumutiktik sa binaybay lámang sa wikang Filipino mula sa wikang Ingles.

Ang paglalapat ng angkop na salita o pagpapanatili ng orihinal na terminolohiyang teknikal sa orihinal na nilalaman ay bahagi ng matatawag nating “essential translation” o hinahango ang laman ng isinasaling kaalaman sa pagsasalin at hindi literal na salin lámang. Ang pagsasalin ng kaalamang panteknolohiya ay kailangang gamitan ng ganitong paraan upang higit na maunawaan at maituro ang ibinabahaging kaalaman.

Mahalagang simple, maliwanag, at angkop ang mga inilapat na salita sa pagsasalin. Madalíng maunawaan ng pinupuntiryang

mambabasá na kung magkahilig na subukan ang ibinabahaging teknolohiya ay madalíng masapol at matutuhan.

Mabigat ang tungkulin ng tagasalin ng kaalamang panteknolohiya. Halimbawa’y isinalin mula sa Ingles ang paraan ng paggawa ng alak mula sa katutubong prutas, gaya ng niyog at bunga ng sasà, kasuy, bignay, at iba pa. Kapag nagkamali ang tagasalin at sumablay ang kaniyang salin ay bakâ sa halip na paggawa ng alak ay maging paggawa ng sukà ang kaniyang naipamahagi.

Pero isang hamon sa kakayahan ng tagasalin sa teknolohiya na kapag malinaw at naintindihan ang kaniyang isinaling kaalaman at madalíng natutuhan ng pinupuntiryang mambabasá, siya ay nagtagumpay.

Sa aming karanasan sa TLRC, sa pagsasalin ng mga kaalamang panteknolohiya na mula sa mga eksperto at siyentista sa UP Los Baños at iba pang sangay ng gobyerno o pribadong institusyon ay maingat kami sa pagsasalin nitó sa wikang Filipino. Matapos maisalin ang kaalamang panteknolohiya na gagawing babasahín ay ibinabalik muli sa eksperto o siyentista upang mabasa niya ang salin. Mula dito’y mas makikita niya kung may tama o mali sa pagkakaintindi ng nagsalin sa kaniyang isinulat na teknolohiya sa Ingles. Ibinabalik ito sa aming opisina at ang mismong nagsalin ay muling magsasagawa ng pagbabago batay sa mungkahi ng may-akda o kayâ’y matatanggap niya ang pagbati ng may-akda mismo dahil mahusay ang kaniyang pagkakasalin.

Ang ganitong sistema ay naging mabisà para sa aming pagsasalin ng kaalamang panteknolohiya. Pinatunayan ng maraming tagasubaybay na mamamayan na dumadagsa sa pagbili ng mga babasahíng gabay sa kaalamang panteknolohiya na silá ay natuto, nakinabang, at nagamit sa kanilang pag-unlad ang mga babasahíng naisalin.

Isa pang dapat isaalang-alang sa pagsasain ng kaalaman ay ang pagkakaroon ng mahusay na editor ng salin. Kailangang isa rin siyang mahusay na tagasalin. Dahil mas matalas ang kaniyang matá sa anumang sablay na salin o di angkop na salita na ginamit ng nagsalin.

Maaaring masilip ng mga eksperto ang kamalian sa nilalaman ng kaalamang panteknolohiya na isinalin. Pero ang kamalian ng mga angkop na salita at wastong paggamit ng salita ay masisilip ng mahusay na editor ng salin.

Isa ring dapat tandaan ng isang tagasalin na may mga kaalamang panteknolohiya na masyadong teknikal ang pagkakasulat sa Ingles kayâ't tagaakademya o kapuwa eksperto lámang ang makakaintindi. Hindi na ito dapat isalin pa sa wikang Filipino dahil ang pinupuntirya nitóng mambabasá ay komunidad ng mga siyentista.

Sa kasalukuyan ay kakaunti ang mga tagasalin na pinapasok ang larangan ng kaalamang panteknolohiya at siyensiya. Tunay na malaki ang sakripisyo at nangangailangan ng paghahasa upang maging bihasa. Isa pang dahilan ay ang mga salaping matatamo kapalit ng pagsasalin. Kung minsa'y malaki ang bayad sa salin o kung minsa'y mababâ. Pero, puwede itong maging trabahong mapagkakakitahan at permanenteng pagsasalukan ng salapi. Higit sa lahat, makabuluhan ang larangang ito ng pagsasalin dahil mas nakapamamahagi at nakapagtuturo ka ng kaalamang mapapakinabangan sa pag-unlad ng maraming tao.

ANG HAMON NG PAGSASALIN NG MGA TEKNIKAL NA SULATIN

MARIO I. MICLAT PH.D.

Noong Panahon ng tinatawag na Cultural Revolution sa China, na tumagal nang sampung taon hanggang 1975, nasanay sa paulit-ulit na klitse ang mga Chino. Sa mass media, hindi sapat na ireport na may bagong pahayag ang opisyal ng gobyerno, kinakailangang sabihing “Itinuturo sa atin ng pinakamamahal na dakilang lider ng sambayanan, Tagapangulong Mao na...(ganito o ganoon/at ganoon ganito).” Ang mabigat pa rito, hindi ginagamitan ng pronoun ang pagtukoy sa “pinakamamahal na dakilang lider,” at kinakailangang ulit-ulitin ang phrase nang buong-buo. Sa Radyo Peking, na pinagtrabahuhan naming mag-asawa sa loob ng 15 taón, ang ugaling ito’y isinasalin sa 39 na wikang dayuhan, kabilang ang Filipino.

Nang matapos ang Cultural Revolution (na tinatawag nga palá dati sa mahabang phrase na “dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura”), inakala ng mga tao na puWede na silang maging mas malikhain sa pagpapahayag. Sa aming opisina, isang araw, may biglang lumabas na borador ng isang news item sa Filipino tungkol sa isang sports event. Anito, “ang mga abanikong pampalakasan ay dumagsa sa estadyo.”

Bilang editor, matagal kong pinag-isipan ang kahulugan ng pangungusap bago ko iwinasto sa ganitong paraan: “Nagdagsaan sa stadium ang mahiligin sa sports.” Nahinuha ko nang komunsulta sa diskiyonaryong Chinese-English ang nag-translate ng balita mula sa Chino, at pagkatapos ay tiningnan sa diksiyonaryong Ingles-Pilipino ang napiling salita. “Guanzhòng” ang salitang tinutukoy, na nangangahulugang “spectator.” May mga synonym ito tulad ng “aficionado” at, heto ang salarin, “sports fan.” Sa pagkonsulta ng tagasalin kay Panganiban ng pinaghiwalay na bokabularyo, nakita niya na “palakasan” ang katuibas ng “sports” at ang “fan” naman ay “abaniko,” kayâ nakabuo siya ng bagong phrase sa Filipino na “abanikong pampalakasan.”

At hindi pa nagtapos diyan ang pagkamangha ko. Huwag ninyo akong pagbintangang bastos na maginoo dahil hindi ko inimbento ang sumunod pang takbo ng mga pangyayari, o sabihin nang mga pananalita. May isang punto sa laro na inilarawang “tumayo sa dulo ang mga bulbol.” Sa pagkakataóng ito, lumabas na ako ng kuwarto upang sabihin sa tagasalin na kung sa Chino man o Ingles ay iisa ang salitang “hair” (“máo” sa Chinese), may espesipikong tinutukoy ang mga katumbas nitó sa tesaurong Filipinong “buhok,” “balahibo,” at “bulbol”. Pero bakit kinakailangan pa niya itong “patayuin sa dulo”? Heto naman ngayon ang salarin: “exciting” ang kahulugan sa Ingles ng salitang Chinong “jidòng” . May katumbas itong idyomatikong ekspresyon sa Ingles na “make one’s hair stand on end.”

“Pagsasaling Teknikal” ang paksa nitó. Pero hindi ba halimbawa ng malikhain o pampanitikang pagsasalin ang ating inihalimbawa bilang panimula?

Ayon kay K. Bühler, ang tagasalin, kaugnay ng kaniyang materyales, ay naglalaro sa tatlong level (X,Y,Z). Ang (X) ay nakatuon sa reperensiya o sitwasyon, at nagpapahiwatig ng ekstralingguwistikong realidad; ang (Y) ay sa nilalaman (sense) at tinatawag na tekstuwal; at ang (Z) ay suhetibo at nagbibigay ng diin sa lengguwahe bilang code.

Kapag iniuugnay ang pagsasalin sa tatlong function ng lengguwahe (A, B, C): (A) ang expressive function na nagpapahayag

ng sariling ekspresyong suhetibo, at samakatwid ay siyang malikhain; (B) ang informative function para sa obhetibong deskripsiyon, kognisyon, denotasyon, at samakatwid ay representasyonal, intelektuwal at reperensiyal; at (C) ang vocative function na makasosyal, ibig sabihi’y mapanghimok, retorikal, mapangmungkahi, dinamiko, mapanggayuma, connotative, at mapang-utos. Ang (A) ang karaniwang gamit sa tula; (B) sa mga technical report; at (C) sa mga advertisement.

Totoong sa karaniwa’y nása Level (Y) ang pagsasalang teknikal pero naglalabas-masok din ito sa (Z) yayamang ang level na ito ay nakatuon sa mambabasa, o tagatanggap ng mensahe. Sa larangan ng lengguwahe, nása function B ito karaniwan, pero naglalaro rin sa C. Makikitagpo ang BC function sa YZ level sa Pagsasalig Teknikal sa pamamagitan ng paggamit ng espesyalisadong lengguwahe. Espesyalisado ang lengguwaheng nangangailangan ng tumpak na katumbas (correct equivalent). Maibibilang dito ang gaya ng mga isinaad ni M.A.K. Halliday (1973) na weather report, resipe, lengguwahe ng mga laro, at pati company reports at accounts, medical reports, at format ng agenda at katitikan ng mga pulong.

Gayunman, hindi limitado sa mga terminong teknikal ang espesyalisadong lengguwahe at binubuo rin ng mga terminolohiyang itinakda ng lipunan tulad ng mga talinghaga, idyoma, salawikain, patalastas, social phrase, mga expletive, at takdang paraan ng paglalahad ng petsa, oras, mga súkat, at babala. Halimbawa, ang isang katatapos magpintura ay maaaring maglagay ng babala pero dapat naaayon sa kombinasyong level Z/function C. At iba’t iba ito, angkop sa kinamihansa’t kultura sa iba’t ibang lugar. Sa Ingles, ang babala ay “Wet Paint!” (Basâ pa ang pintura); sa Chino, “Youúqi wèigan!” (Pinturang sa darating pang panahon matutuyo); Sa Aleman, ang babala ay magsasabing “freshly painted” (kapapahid pa lámang ng pintura); at sa Frances, sasabihing “mind the paint” (Mag-ingat sa pintura). Ang babalang iyan sa Frances ay maihalalintulad sa babala sa Filipino na “Mag-ingat sa Aso!” Pero sa Frances, ang ganitong babala ay nagsasaad ng “Mabagsik na Aso!” Kung abante sa babalang iyan ang Frances kaysa Filipino, tingnan na lámang ang babalang Aleman: “May asong nangangagat!”

Sa Chino, iyan ay “Dangxingou” na katulad ng sa Filipino. Anupa’t bawat bansa ay may sariling gamit na Z function ng lengguwahe bilang code.

Ipinakikita ng mga halimbawang ito na ang Pagsasaling Teknikal at paggamit ng espesyalisadong lengguwahe ay hindi lámang pumapatungkol sa natural science, kundi maging sa behavioral at iba pang social sciences.

Yayamang maraming nasasangkot na proper names, terminong institusyonal at katawagang kultural sa pagsasaling teknikal, bago táyo pumunta sa pangunahing talakayan ay pasadahan muna natin ang mga paraang kinagawian na sa daigdig kaugnay ng sa pagsasalin ng mga ito:

A. Mga kilaláng tao sa kasaysayan: isinasalin ang pangalang Kristiyano (Halimbawa: Fernao de Magalhaes, Fernando Magallanes, Ferdinand Magellan: Karl Marx, Carlos Marx; at alalahanin ang salin ni Rizal ng dula ni Schiller na Wilhelm Tell na ginawa niyang Guillermo Tell at mas kilalá naman natin mula sa Ingles na William Tell). Ang Papa ang kaisa-isang nabubúhay na tao na laging isinasalin ang pangalan. Karaniwa’y ang pangalang Ingles ang sinusunod sa Filipino.

B. Mga trademark, brand-name at propriety name na kumabit na sa isang bagay bilang katawagan nitó: karaniwan ay hindi na isinasalin ang mga ito. Hal: Xerox. Gayunman, kapag naging eponym na iyon ay nahahalinhan ng katawagang generic tulad ng refrigerator, kamera, toothpaste sa halip na dating unibersal na katawagang Frigidaire, Kodak at Colgate. Ang Roentgen Ray sa Europa ay naging X-ray sa America.

C. Ang mga katawagan ng paggálang ay pinasimple na sa Ginoo, Ginang, Binibini, Mr. Mrs. Ms, sa halip na Herr, Signore, Señor batay sa SL. Isinasalin ang katumbas na mga titulong aristokratiko o propesyonal tulad ng Comte, Marquis, Professeur, Doktor. Ang kakabit na persona ay kinukuhang buo (hal: Don Juan, hindi Gat Suwan). May tendensiyang alisin na ang mga titulong Avvocato, Ingeniere sa simula

ng pangalan, at idinaragdag na lámang ang impormasyon hinggil sa propesyon kung kinakailangan.

D. May sari-saring tawag sa mga pangalang heograpikal — Frances, Kastila, Ingles, Arab o Intsik. Sa mga lugar na bilingual ay karaniwan nang ginagamit ang parehong pangalan (hlbw: Hongkong, Xianggang). Gayunman, bagamat sa mga gumagamit ng letrang Romano/Latino, medyo may tendensiya nang bumalik sa orihinal na spelling. Kung may politikal na implikasyon, lalo na sa mga kapagsasariling mga bansa, iginagalang ang bagong pangalan (Bangla Desh, sa halip na Estadong Bengali). Ang Myanmar, pati na ang kabisera nitong Yangon, ang malabò pa dahil sa politikal na implikasyon.

E. Hindi isinasalin ang pangalan ng mga kompanya, pribadong institusyon, paaralan, unibersidad, ospital na mahigpit na nakaugnay sa kultura ng SL (Hal: Banca Nazionale d’Italia, hindi National Bank of Italy; PKI hindi Communist Party of Indonesia; Harvard University, hindi Universidad Harvardiano; at Oxford, bagamat Niújin, Bakâ Tawid-Ilog, sa Chino na hindi consistent sa Niu Yuè na siyang tawag Mandarin naman sa New York).

F. Kinukuha nang buo at hindi pinapalitan ang pangalan ng peryodiko, journal at lathalain (Le Monde, hindi The World; AFP, hindi Ahensiya sa Pagbabalita ng Francia).

G. Kapag tinutukoy ang mga kilaláng likhang sining at pamagat ng libro, ang takdang salin ang ginagamit. Ang “Mona Lisa” ay tumutukoy sa larawang may magkakaibang titulo sa orihinal—La Gioconda o La Joconde. Kung wala pang salin, kinukuha nang buo ang orihinal na pamagat at inilalagay lámang sa parentesis ang kahulugan kung kinakailangan. Sakâ lámang isinasalin ang pamagat kung nakagawa na ng salin ng buong akda. Kung susundin ito, ang Origin of the Species ni Darwin ay mananatiling ganoon hangga’t wala pang salin sa Filipino ang buong libro. Pero ang dulang “Beijingrén” ni Cao Yu ay puede nang tukuying “Ang Táong Yungib ng Peking” batay sa salin ng inyong lingkod mula sa orihinal na Chino.

H. Sa mga pangalan ng mga institusyong internasyonal, may opisyal na salin sa mga opisyal na wika ng United Nations ang karamihan sa mga termino. Táyo na ang bahalang pumilì ng pinakaangkop sa ating pangangailangan. Kadalasan ay ang Ingles ang ating sinusunod (UN, sa halip na ONU; ILO, imbes na OIT). Ang iba ay talagang internasyonal na acronym, gaya ng Interpol.

Ang mga nabanggit sa itaas ay norms lámang na kinagawian na ng mga tagasalin sa iba't ibang wika sa buong mundo, at hindi búhay at kamatayang batas sa pagsasalin na dapat din nating sundin sa Filipino.

Ganito rin ang gagawing pagtalakay sa ibabâ. Hahango táyo ng aral sa karanasan ng iba, upang, wika nga'y hindi na natin kinakailangang imbentuhing muli ang gulóng, bagama't táyo pa rin ang bahalang gumawa niyon ayon sa sarili nating mga materyales.

Mapunta na táyo sa pangunahin nating paksa sa “Pagsasalang Teknikal.” Ang ginamit kong pagdulog dito ay hiram kay Isadore Pinchuck na ginamit naming exercise sa isang kurso sa pagsasalin sa ilalim ni Dr. Lilia Antonio. Tinangka kong lagumin at isa-Filipino ang dalawang mahahalaga niyang pagtalakay, patungkol sa pagbubuo ng salita at pagbubuo ng pangungusap.

Dalawang level ang lagi kong isinasaisip sa ginawa kong panghihiram. Una'y ang pambubuod ng sinasabi mismo ng may-akda. Pangalawa'y ang paghango ng mga aral na maaaaring gamitin ng nagsasalin sa Filipino, i.e. ang pagtatampok sa mga namumukod na katangian ng Filipino bilang wikang Malayo-Polynesian sa pangunahing estruktura, na naiimpluwensiyahan ng Sanskrit, Chino, Español, at Ingles sa pangunahing corpus ng mga salita. Ang kay Pinchuck ay hango sa kaniyang pagsasalin ng mga wikang Indo-Europeo, sa partikular ay Ingles at Aleman.

Yayamang ang pagbubuo ng pangungusap at ng mga salita ang pinakapangunahing katangian ng kahit na anong nakasulat na wika, malaking trabaho ang maglabas-masok sa dalawang level na tinalakay. Kung magkaminsan ay lumabas na nakalilito, sana'y limiim lámang

nating mabuti at bakâ naman may mga puntong makapag-aambag sa teorya ng pagsasaling teknikal sa Filipino.

Pagbubuo ng Salita

May paraan ang lahat ng wika para magpalawak ng bokabularyo mula sa umiiral na corpus. Mangyari pa'y hindi na alangan ang manghiram sa ibang wika. Ngunit sa mga wika ng Kanlurang Europa, pinalalawak din ang mga katutubong elemento, pangunahin na'y sa dalawang paraan:

Una, makapagbubuo ng bagong salita kung pagsasamahin ang dalawang magkahiwalay na salita na magiging bagong tambalan at gaganap na iisang salita. Magkahiwalay na salita ang Atom at Bombe, ngunit sa Aleman, maaaring pagkabitin ang mga ito upang makalikha ng bagong salita, Atombombe. Maaari rin gawin ang gayon sa Ingles, tulad ng blackboard. Ngunit sa kabuuan, hindi kasindalî sa Ingles na pagkabitin ang mga salita. My tendensiyang manatiling magkahiwalay ang mga ito kahit pa matagal nang pinag-uugnay sa iisang yunit (halimbawa: guinea pig) o pinagdurugtong ng gitling (halimbawa: free-standing).

Sa Filipino, maihalimbawa ang mga salitang (a) anak sa labas, kalapating mababa ang lipad; (b) abot-tanaw, basag-ulo; (c) bahaghari, balikbayan.

Pangalawa, maaaring maglagay ng morpheme sa unahan ng salita (pang-uunlapi) o sa hulihan nitó (panghuhulapi). May dalawang puntong dapat tandaan sa paggamit ng paraang ito sa Aleman at Ingles. a) walang eksaktong paralelismo; b) hindi basta masasabing suma ng mga bahagi nitó ang isang tambalan. Halimbawa, binubuo ang salitang handschuh sa Aleman ng Hand (hand) at Schuh (sapatos), at samakatwid ay dapat na maging hand-shoe sa Ingles; pero sa totoo, glove ang salin dito.

Higit na komplikado ang gawaing ito sa Filipino dahil sa mga panghiiram na ginawa noon pang unang panahon. Halimbawa,

a) mula sa Sanskrit, “laksamana” na nagmula sa laksa at mana, na nangangahulugang (siya na humahawak ng) sanlaksa (sampung libong) tauhan, at samakatwid ay opisyal sa hukbo (nawala na ang kahulugang ito sa Filipino at tumutukoy na lámang sa pangalang pantangi ng tao. Ang “maharlika” naman, na nangangahulugang noble, ay mula sa mahar (mahal) na nangangahulugang great at lika (likha) na nangangahulugang creation;

b) mula sa Chino (subdiyalektong Amoy ng diyalektong Fookien), salitâng monosilabiko at samakatwid ay maikli kahit tambalan, maihahalimbawa

	ang	mga	sumusunod:
bakya	(ba = wood; kya = shoe)		- wooden shoe
goto	(go = cow; to = stomach)		- beef entrails
husi	(hu = good; si = silk)		- material for baro
bilao	(bi = rice; lao = basket)		- bamboo tray for cleaning rice
petsay	(pe = white; tsay = vegetable)		- native cabbage
susi	(su = lock; si = spoon)		- key

c) mula sa Español, mayroon táyong guantes para sa Handschuh ng Aleman, hindi tambalan kundi tuwirang panghihiram; at

d) mula sa Ingles, mayroong “blakbord” na hindi na rin itinuturing na tambalan ngunit iisang salitâng ipinapalit-palit sa pisara ng Español.

May masasabing kahalintulad na obserbasyon kaugnay ng prosesong tinatawag na derivation. Marami sa mga unlapi at hulaping ginagamit sa Aleman at Ingles ang magkakahawig, at magkaminsan ay nagkakapareho pa ng gamit. Subalit kadalasan ay hindi kompleto ang pagkakatulad. Sa katunayan, kahit pa sa iisang wika, walang

pangkalahatang tuntunin hinggil sa kahulugan ng isang panlapi. Aakalaing ang kaugnayan ng salitang jailer sa jail ay tulad ng kaugnayan ng prisoner sa prison, gayong superbisor ng jail ang jailer, samantalang siyang bilanggo naman sa prison ang prisoner.

Maihahalintulad dito ang hulaping Español na hiniram ng Filipino, ang –ero na isinasáma sa mga katutubong elemento, tulad ng “basagulero,” “babaero,” “lasenggero” na tumutukoy sa (táong) mahilig gumawa ng isinasaad ng verb/adjective o mahilig sa isinasaad ng noun. Pansinin na ang unang dalawang salita ay tumutukoy sa hilig sa basag-ulo (noun) at sa babae (noun), ngunit ang pangatlo ay hindi tumutukoy sa hilig sa lasing (noun) bagkus ay sa hilig maglasing (verb).

Mayroon ding katutubong elementong nagpapakita ng ganitong function, bagamat hindi hulapi bagkus ay unlapi: ang mag- at mang-. Itinatambal ito sa salitang-ugat na inuulit ang unang dalawang letra kung nagsisimula sa consonant o ang unang letra kung nagsisimula sa vowel (NB: hindi ang unang syllable ang inuulit). Hal.: mag-ba-baboy = magbababoy (may accent sa hulíng syllable, bagama’t malumay ang salitang-ugat), tumutukoy sa nagtitinda ng baboy; mang-sa-sandata = mananandata (may accent sa hulíng syllable at sumusunod sa batas ng paglalapi sa salitang d-l-r-s-t), tumutukoy sa táong madalas gumamit ng sandata na tulad ng kawal o tulisan; at mang-a-aso = mangangaso (malumay, mula sa malumay ring salitang-ugat), na nangangahulugang hunter na maaaring dáting tumutukoy sa pamamaslang ng aso, o sa laging pagsasáma ng alagang aso kapag nagha-hunting (Hindi na gamitin ang salitang ito at nahahalinhan na ng Ingles na hunter).

Maaaring isiping dapat ay mas konsistent ang pagbubuo ng mga compound sa mga bokabularyong teknikal kaysa ordinaryong mga bokabularyo, pero ekspektasyon itong mahirap tuparin.

Di kukulangin sa dalawang elemento, na dati-rati’y kapuwa dependiyente, ang bumubuo ng isang compound; ang isa’y magiging pangunahing elemento (W) at ang isa nama’y nang-uuri (qualifying) o naniniyak (determinant) na elemento (w), anumang uri ito ng salita. Sa

Atombombe, ang Atom ang nagsisilbing elementong nag-uuri (w), at ang Bombe ang pangunahing elemento (W), samakatwid ay wW.

Sa Filipino, Ww ang sinusunod kung hiram sa Español, e.g. bomba atomika.

May estrukturang heirarchical ang mga compound at maaaring ituring na pampalit sa mas mahahabang parirala o kahit pangungusap. Ang direct current shunt-wound motor ay “electric motor na may field winding na konektado nang pa-shunt pahalang sa armature circuit”* at pinatatakbo nang direct current. Ang shunt-wound ang unang pantiyak, na paukol sa motor na lalo pang tinitiyak rin mismo ng pangalawang pantiyak na direct current. Ang ekspresyon, samakatwid, ay shorthand ng: “motor na shunt-wound na pinatatakbo ng direct current.” *

Maaaring suriin sa ganito ring paraan ang salitang Aleman, tulad ng iba pang ekspresyong sumusunod sa ganito kakomplikadong estruktura. Bilang halimbawa nitó, ang Hochvakuumaufdampfanlage ay sumusunod din sa wwW pattern (na lalo pang mahahati nang wW + wW + W). Ang Anlage (planta, instalasyon) ang pangunahing elemento, hábang aufdampf-(coating) ang unang pantiyak, at ang Hochvakuum (high vacuum) ang pangalawa. Samakatwid, isa itong planta, isang coating plant (w + W + w + W, o dili kayâ’y W + W).

Mula sa mga halimbawang ito, makahuhugot ng pangkalahatang tuntunin. Pinagdurugtong-dugtong ng Aleman ang mga elemento at ginagawang iisang salita, samantalang tendensiya ng Ingles ang paghiwalayin pa rin ang mga elemento na kung pagdurugtongin man ay sa pamamagitan ng paggamit ng gitling.

May tendensiya sa Filipino na ilarawan sa maraming salita ang isang bagong konsepto, bagay na hindi kaayaaya sa lengguaheng teknikal lalo na sa panahong ito ng mabilis na pag-unlad ng siyensiya at teknolohiya. Ang clock, halimbawa, ay maaaring tawaging ‘kagamitang sumusúkat sa habà ng mga sandalí.’ Ngunit “relo,” lámang ang tawag dito ng karaniwang tao, (gáling sa reloj ng Español). May isang panahong ipinalit sa “relo” ang salitang

“orasan,” mula sa salitâng-ugat na “oras” na gáling sa hora, horas ng Español. Naimungkahi rin minsan ang salitâng “salipawpaw” para sa eroplano (mula sa Ingles na aeroplane, na ginawang tunog Tagalog, cf sa salitâng Español avion). Mangyari pa, ang sali- ay gáling sa salitâng salir (to set out), na mapagkukunan ng salitâng “salida” (sortie). Lahat ng ito’y gáling din sa Español.

Sa mga salitâng teknikal, karaniwang gamitin ng mga manggagawa ang mga salitâng Español, tulad ng makina o motor (engine), ehe (axle), krudo (diesel), preno (brake), kambiyó (shift gear), etc. sa mechanics; pahinasyon (paging), klitse (cliché), tipo (type) etc. sa printing. Sa mga nakapag-aral na Filipino, natural na lámang na gamitin ang mga teknikal na salitâng Americano (hindi Ingles Britanico). Halimbawa, flashlight (electric torch sa Ingles), elevator (lift), one billion (a thousand million sa Ingles), at drugstore (chemist o pharmacist sa Ingles, botica sa Español).

Mukhang sa paggamit ng buháy na wika, walang pagtatalo ang mga karaniwang tao sa praktikabilidad ng panghihiram sa ibang wika, gaya ng palasak na rin namang ginagawa ng lahat ng pangunahing wika sa daigdig (hindi lámang ng mga wikang Europeo, kundi maging ng mga wikang Asianong tulad ng Chino, Japonés, Indones, Hindi, Urdu, etc.). Sa ispeling na lámang mukhang nagkakataló, bagama’t sa mga lathalain ng UP Sentro ng Wikang Filipino sa ilalim ng direktor nitóng si Prof. Virgilio S. Almario at sa napagkasunduan ng SANGFIL na isang pederasyon ng mga nagpi-Filipinong unibersidad, higit na nalilinaw na ang usapin ng ispeling. Mukhang pinakakatanggap-tanggap pa rin ngayon ang paggamit ng Finilipinong ispeling ng mga salitâng Español, tila lumalakas ding trend ang tuwirang paglilipat ng orihinal na ispeling ng mga pamilyar nang salitâng teknikal na tinitingnan bilang isang buong yunit. Liban sa pamilyaridad sa orihinal na ispeling, nakatutulong ang trend na ito sa pagbubuklod ng ating bansang may mga rehiyong iba’t iba ang bigkas sa mga letrang Latino/Romano.

Halimbawa na ang salitâng shuttle. Ang vowel sa tle sa orihinal na Ingles ay nása pagitan ng ‘o’ at ‘e’ ng mga Tagalog, at

‘o’ ng mga Bisaya. Ang orihinal na ispelang , sa aking palagay ay mapagbuklod ng iba’t ibang rehiyonal na katangiang pangwika.

Kung sa bagay, problema kung ano ang orihinal. Ang orihinal ba ng Confucius ay Kung Fu-tzu o Confucio? Varsovia ba o Warszawa, o Warsaw? Photometre o photometer? Sa pagsisimula ng papel na ito, nakita nating ang Ingles Americano ang wikang dayuhang itinuturing natin sa ngayon na orihinal dahil siyang pinakakilála ng maraming Filipino. Halimbawa, ang “sasakyang malamunting silid sa loob ng gusali na nagdadalá ng mga tao paitaas at paibabâ” ay simpleng elevator lámang, hindi “lift,” at lalong hindi na ang eponym na “Otis.”

May kadaliang paghiwalayin ang mga elemento kung napananatili ng kombinasyon ang kaulugan ng mga orihinal na bahagi, tulad sa Atombombe, o kung mahihinuha pa rin iyon, tulad sa Handschuh. Pero sa maraming ekspresyon, nalalamon na ng compound ang kahulugan ng mga elemento. Halimbawa, hindi maaarin isaling treelong o treetall ang baumlang. Lanky ang salin sa ekspresyong idyomatikong ito. Kadalasa’y hindi lohikal ang estruktura ng mga ekspresyong idyomatiko, dahil may nakapaloob ditong mga laos nang paniniwala at idea. Imposibleng suriin sa lohikal na paraan ang yunit na gaya ng guinea pig, halimbawa, bagama’t ekspresyon itong laging ginagamit sa teknikal na Ingles. Ang tinutukoy ng konsepto’y hindi isang pig, hindi nagkakahalaga ng isang guinea, ni hindi nanggáling sa lupain ng Guinea.

Sa Tagalog, maibibigay na parehong halimbawa ang salitâng “bahaghari” na hindi tumutukoy sa bahag ni sa hari kundi sa mga kulay ng prism na lumalabas sa papawirin.

Mayroon ding derivation na kakikitahan ng paglipat-lipat ng uri ng salita. Isa ito sa pinakaproduktibong paraan ng pagpapalawak ng bokabularyo. Kadalasa’y naiiba ang kahulugan sa proseso ng pang-uunlapi (wW), samantalang liban pa riyan ay nababago ang uri ng salita kung nagdaragdag ng mga hulapi (Ww). (May mga ganito rin namang epekto ang ilang unlapi.) Sa pagdaragdag ng ilang panlapi, maaaring maging agent ang isang salita (halimbawa’y iyong tipong –tor, gaya ng navigator); o kayâ’y abstrakto (halimbawa’y –ation, gaya navigation); o

may mas malakas na datíng (halimbawa’y ur- sa uralt, na ang matanda ay naging **sinauna**); mas mahinà (-chen sa Bändchen, na ang Band, volume, ay naging small book o booklet; at Teilchen na ang Teil, part, ay naging particle). Maaaring maging inchoactive (na nagpapahayag ng pagsisimula ng isang aksiyon) ang isang verb kung uunlapian ito ng er-, o iterative (nagpapahayag ng paulit-ulit na aksiyon) kung huhulapian iyon ng –eln. **(Tulad ng “mananandata” sa Filipino).**

Napakalaki ng pagkakahawig ng proseso ng derivation sa Aleman at Ingles, bagama’t sa karaniwa’y hindi regular ang function ng morpheme at hindi consistent ang tumbasan. Ihalimbawa na lámang ang –lich. Kung minsan ay nahahawig ang epekto nitó sa Ingles na –like. Maaaring isalin ang kindlich na childlike. Pero feminine ang katumbas ng weiblich, at hindi womanlike, kahima’t posible ring katumbas ang womanly.

Bagama’t ang salitâng “tila” ang maitutumbas na morpheme dito, ang unlaping ma- sa Tagalog ang maihalintulad sa function nitó, i.e. panlaping nagbibigay ng katangiang adjective sa isinasaad ng salitang-ugat. Halimbawa: masipag, matalino.

Maaaring uriin ang mga derivation kaugnay ng pagpapalit ng uri ng salita: (a) tipong nagpapaanyong verb: noun, adjective o verb na nagiging verb (ang hulí’y ang pagpapalit ng verb sa iba pang tipo ng verb) (b) tipong nagpapaanyong noun: verb o adjective na naging noun (c) tipong nagpapaanyong adjective: verb o noun na naging adjective.

Gaya ng sa tipong nagpapaanyong verb, maaaring gawing ibang tipo ng noun ang dati nang noun sa pagdaragdag ng hulapi o unlapi. Maaari ring magbago sa ganitong paraan ang isang adjective, o adjective na nagiging ibang tipo ng adjective.

Mga Elementong Nagpapasaanyong Verb

Sa Aleman, ang –en, -eln, -ern at –ieren ang mga hulaping nagpapaanyong verb. Sa kalahatan ay hindi eksakto ang mga katumbas

nitó sa Ingles, yayamang maaaring mas libheng gumamit ng proseso ng conversion ang Ingles kaysa Aleman. Sa Ingles, posibleng basta magpalipat-lipat ng uri ng salita nang hindi na kinakailangang palitan pa mismo ang salita. Basta binibigyan na lámang ng kaibang function ang salita. Hindi ito magagawa nang ganoon kadalí sa Aleman, na mas karaniwang gumagamit ng morpheme na nagpapalit ng uri.

Sa aspektong ito, nalalapit ang Filipino sa Aleman, yayamang gumagamit ng sari-saring morpheme at/o panlapi ang Filipino para maging verb ang mga salita mula sa ibang uri. Ayon nga kay Rizal, lahat ng salita ay maaaring gawing verb sa Tagalog. Bagama't mukhang eksaherado, ang ilang salitâng tila mahirap sumunod sa obserbasyong ito ay maisasapandiwa pa rin. Tulad halimbawa ng “araw”—“paarawan”; “buwan”—“magsabuwán,” “ipasabuwán”; “kamatis”—“kamatisin.” Simpleng pagtingin pa lámang ang obserbasyong ito sa verb na Filipino. Makikita natin ang higit na komplikasyon sa talakayan sa ibabâng bahagi ng seksiyong ito.

Sa Aleman, dati-rating mga hiram sa wikang dayuhan ang ilan sa mga hulaping nagpapaanyong verb; karamiha'y sa mga wikang klasikal. Sa mga ito'y mas malaki ang posibilidad ng tumbasan, yayamang ginawa rin ang ganoong panghihiram sa ibang wika, kabilang na ang Ingles. Maihalimbawa rito ang hulaping –ieren, na ginagamit upang maging verb ang mga hiram na salita sa ibang wika (at maging ang ilang katutubong salita). Masasabing ito ang katumbas ng –ate ng Ingles:

detonieren detonate (Latin detonare: 'to
thunder')
fabrizieren fabricate simulieren simulate
ventilieren ventilate

Mas importanteng papel ang ginagampanan ng mga unlapi sa paglikha ng mga bagong verb sa Aleman mula sa mga dati nang verb. Halimbawa, maaaring ilarawang nagpapasatransitibong unlapi ang morpheme na be-. May tendensiya itong gawin ang mga verb na nanggáling sa noun na verb na paukol sa isang object.

Ang pormula rito'y wWw. Mula sa noun na Last (load), halimbawa, malilikha ang be + last + en = belasten (to load). Nahahawig ang prosesong ito sa ilang gamit ng unlaping Ingles na be-, tulad ng sa bemoan, befoul, befriend, na pinagsasatransitibo rin, ngunit may pagka-archaic na.

Mahalagang katangian ng pag-uunlapi ng mga verb sa Aleman ang pagbibigay nitó ng espesyal na kahulugang teknikal sa mga pang-araw-araw na salita. Sa pangkalahata'y mas eksakto ang paggamit ng unlapi sa Aleman kaysa sa Ingles (ganito rin sa pagtatambalan), na isa sa mga dahilan kung bakit nagiging mahirap ang pagsasalin.

Dagdag sa mga morpheme, maitatambal din ang verb na Aleman sa marami pang preposisyon na nauuna sa verb, samantalang nahuhulí naman sa Ingles. Kung nalalamon na ng tambalan ang kahulugan ng durch (through) sa pormang durch + V: durchfliessen, to flow through.. Dahil sa dalas ng paggamit sa Ingles ng mga salitang hango sa Latin, lalo na sa teknikal na Ingles, hindi gaanong makikita ang paralelismo, gaya ng sa durchdringen, to penetrate. Maaari ring magkaroon ng bahagi rito ang estilo. Maaaring hindi maging angkop sa pormal na teksto ang katumbas sa Ingles na malapit sa Aleman, kahima't kadalasa'y pormal ang prosang teknikal. Samakatwid, may pagkakataóng maisasaling to cut through ang durchschneiden, na siyang literal na katumbas, bagama't ang to intersect ang malamang na mas magandang salin.

Totoo rin ito sa ibang anyo. Over ang katumbas sa Ingles ng über, kung kayâ maaaring isaling to look over ang überlicken. Ngunit maitutumbas din dito ang to survey. Kung posible ang mas literal na salin, Pp + V = V + Pp ang tumbasan, i.e. baligtad ng sa Ingles ang ayos ng Aleman. Kung hindi, maaaring kabaligtaran ang magiging kahulugan (look over, overlook (ignore, di pansinin); o kayâ nama'y hindi maging gramatikal (to through flow at to through freeze). Gumamit lámang naman ng imahinasyon ay maaari nang humugot ng eksaktong kahulugan sa mga elementong bumubuo ng verb: e.g. umfassen, grasp o seize round; umhüllen, wrap round; unterscheiden, separate among; widersprechen, speak contrary to.

Sa kalahatan, ang maitutulong ng seksiyong ito sa atin ay ang bigyang-diin ang katotohanang tulad din ng Aleman ay may katangian ang Filipino sa pagpapasaanyong verb ng mga salita.

Sa pagtingin sa verb sa Filipino, hindi lámang ang puntong nabanggit na ni Rizal ang dapat isaalang-alang. Ang verb ang pinakakomplikadong uri ng salita sa Tagalog, kundi man sa Filipino.

Sa pinakakaraniwang ayos, ang paturol o indicative mood ng verb sa Tagalog ay may lima nang tinig o pokus.

Kung subjective, o nása aktor o tagaganap ang pokus ng kilos ng verb, magagamit ang mga panlaping –um, mag-, at ma-: bumili, magbili, matulog. Pansinin ang panlaping –um- at ma- ay nagpapahiwatig ng aksiyong internal, samantalang ang mag- ay eksternal. Panloob na kilos ng tagaganap ang pahiwatig ng “bumili,” gaya rin ng “tumakbo” at “bumasa”; samantalang palabas ang kilos na mahihiwatigan sa “magbili,” “magtakno,” at “magbasa” (ng libro).

- Kung objective, o nása layon o tagatanggap ang pokus, kadalasang ginagamit ang hulaping–in. Kayâ, bilihin, basahin, takbuhin (ang libro).
- Sa benefactive/implicative, ang pinaglaanan ng aksiyon ang pokus, na mahihiwatigan sa unlaping i- (kung –um- ang gamit sa indikatibo) at ipag- (kung mag-). Halimbawa, ibili, ipaglabâ (ang bata).
- Sa locative, binibigyang tuon ng –an (sa –um-) o pag–an (sa mag-) ang ganapan ng kilos. Halimbawa, bil(i)han (ang tindahan); paglabhan (ang banyo).
- Sa instrumental/ aptative, ang pangganap o instrumentong ginagamit sa kilos ang siyang pokus. Ginagamitan ito ng unlaping ipang-, gaya ng ipan(g)linis (ang walis), ipan(g)labâ (ang sabon), ipambili (ang salapi).

Marami pang uri ng kilos bukod sa indikatibo na mapaglilima ring porma ayon sa pokus. Makikita ito sa sumusunod na chart:*

Uri ng kilos	aktor	layan	kalaanan	ganapan	panganap
Pamahagi	mang-	pang-in -in Pag (2x 1tr 1+2 -in	ipang- ipag-an	pang-an pag (2x 1 tr 1+2 -an	ipang-
Sosyal	maki-	paki-	i+paki	paki-an	+paki+pang—
Potensiyal	maka- makapag-	ma- ma-an	ma+i ma+i+pag-	ma-an ma+pag-an	ma+i+pang-
Kawsatibo- Potensiyal	maka+pa- maka+	ma+pa” pag+pa-	ma+i+pa ma+i+ pag+pa-	ma+pag+an pa-an	ma+i+pang+pa- “
Kawsatibo	magpa-	ipa- pa-an	ipa- ipag+pa-	pa-an pag+pa-an	Ipa+pag “

Imperatibo (pareho ang ginagamit na panlapi sa indikatibo, iba ang istrukturang gamit sa pagbubuo ng pangungusap)

Reciprocal Ika-; ika + mga panlapi sa ibang uri at pokus)

Dugtungan lámang ng noun na “huli,” halimbawa, ang mga panlapi sa distributibo at mahihinuhang ang “paghuhulihin,” “ipanghuli,” “panghulihan” ay nagpapahayag ng kilos na habitwal, propesyonal o palagian na pamahagi sa maraming tao, bagay o pamamaraan.

Isanib naman halimbawa ang salitâng “tawag” sa mga panlaping sosyal at makikita ang magálang o di-tuwirang paraan ng pakikiusap o paglalarawanng kilos: makitawag, pakitawag, pakitawagan, ipakitantawag.

Ang potensiyal ang nagpapakita ng kakayahan o posibilidad na makagawa ng isang bagay, tulad ng “bili” sa –um- at “tapon” sa mag-: makabili, maibili, mabilhan, maipambili; at makapagtapon, maitapon, matapunan, maipagtapon, magtapunan, maipantapon.

Isinasaad ng kawsatibo ang pagpapahintulot o pagiging dahilang magawa ang kilos sa isinasaad ng salitang-ugat na gaya ng “gamot”: magpagamot, ipagamot, ipagpagamot, pagpagamutan, ipapanggamot..

Ang resiprokal ay nagpapahiwatig ng inversive na kilos. Halimbawa: ikatakot, ikapantakot, ikapakitakot,, ikapakatakot, ikapagtakot, ikapagpatakot.

Lahat ng inihalimbawa sa itaas, di kukulangin sa 25 porma ng bawat verb, ay nása infinitive pa lámang. Maaari pang baguhin ang bawat isa ayon sa panahunang nagaganap, naganap, at magaganap. Samakatwid, may mga 100 anyo ang bawat isang verb sa Tagalog.

Mga Elementong Nagpapasaanyong Noun

Mga noun ang bumubuo ng pinakamalaking uri ng mga salita, at siya ring batayan ng pinakamaraming kombinasyon. Halimbawa, sa mga terminong agrikultural, 46 porsiyento ang tambalang NN. Marami ring deribasyong noun mula sa mga verb, adjective, at iba pang noun.

Ang -ung at -nis ang dalawang hulaping pinakagamitin sa Aleman upang magsa-noun ang verb. Halimbawa ang Kühlung, na naglalarawan ng tuluy-tuloy na aksiyon tulad ng cooling, ngunit tumutukoy rin sa mas matinding refrigeration; ng aktibidad hanggang sa pagtatapos nitó (Prüfung, examination); ng resulta ng isang aktibidad (Zeichnung, drawing); at ng paraan ng aktibidad (Wohnung, residence). May kadalasan ang paggamit ng Latinizadong katumbas na -ation (Magnetisierung, magnetization; Neutralisierung, neutralization; Galvanisierung, galvanization). Lahat ng ito’y mga terminong internasyonal na katangian ng wikang ginagamit.

May tendensiyang magpandalas ang gamit ng mga pangngalang porma ng verb sa wikang teknikal, kompara sa pang-araw-araw na lengguwahe. Halimbawa, mas madalas na ngayong gamitin ang zur Stahl+gewinnung (for the production of steel) sa halip na um Stahl zu gewinnen (to obtain steel). Gayundin, mas karaniwan na ang [tendency] to formation of rust sa halip na [tendency] to form rust. Naaayon ito sa pag-unlad ng teknikal na Ingles at nakatutulong sa pagsasalin, **yayamang mas nailalapit nitó ang Aleman sa Ingles**. Ang epekto’y ang maging impersonal, walang-hanggan, at obhetibo ang salita (wala nang aktor, panahunan, kasarian, mood, o bilang). Desbentaha naman nitó ang pagkakaroon ng sari-saring ekspresyong napaka-subtle ng pagkakaiba.

Maaari ring gamiting noun nang hindi pinapalitan ang mga verb na Aleman kung pangungunahan ng article ang infinitive: das Schweissen (schweissen: to weld) = welding. Bagama’t ang anyong ito ang mas nais gamitin ng mga purista, lumalakas ang tendensiyang gamitin ang anyong -ung (die Schweissung).

May napakalaking pangkat ng mga noun na mahuhugot sa verb kung huhulapian ng -er, dati’y pantukoy ng trabaho ng isang tao ngunit ngayo’y sumasaklaw na rin sa mga kagamitan at kasangkapan). Halimbawa, Heizer, stoker (gáling sa heizen: to heat); Schweisser, welder; Bohrer, borer.

Mangyari pa, mas malapit ang mga terminong Romance-language sa mga terminong Ingles kaysa sa Aleman:

Ingles	Franses	Italyano	Kastila
helicopter	helicoptere	elicottero	helicóptero
projector	projecteur	proiettore	proyector
ventilator	ventilateur	ventilator	ventilador

Pero halos magkatumbas ang mga sumusunod:

Blindheit	blindness
Feinheit	finenes
Festigkeit	Firmness, solidity
Wahrscheinlichkeit	Probability (maaari ring likelihood)

Maraming terminasyon sa Aleman ang WW dahil sa nakagaganap na independiyenteng salita. Halimbawa, ang Stärke (strength) at Fähigkeit, capability, na kung idurugtong sa Leitung (conduction), ay mapalalabas ang Leitungsfähigkeit (conductivity). Iba pang halimbawa ng ganitong terminasyon ang: korper (body, substance) Festkörper (solid); stoff (material) Baustoff (building material), Brennstoff (inflammable material, fuel), Farbstoff (dye-stuff, pigment), Werkstoff (raw material).

Sa Filipino, panlaping ka–an ang pinakakaraniwang morpheme na nagpapasaanyong noun. Halimbawa: ka + likas + an—kalikasan; ka + sangkap + an— kasangkapan.

Pansinin, ang –an ay naging –han kasunod ng mga salitang mabilis at malumay na nagtatapos sa vowel. Bakás ng nagdaan nang iisa ang o at u sa Tagalog, madalas ngayong ginagawang ‘u’ ang ‘o’ kapag hindi na ito final vowel: ka + talino + h + an—katalinuhan; ka + husto + h + an—kahustuhan.

Samantala, kahit nagtatapos sa vowel, kung ang salita ay malumi at maragsa, ang –an ay nananatiling –an. Alalahaning nagaganap ito dahil ang malumi at maragsa ay parehong may

impit na tunog sa hulihan na gumaganap ng consonant. Napanatili ring –an ang –an sa mga salitâng nagtatapos sa consonant: ka + tiwali + an—katiwalian; ka + palalo + an—kapalaluan.

Ang paggamit ng panlaping pag– ang isa pang paraan ng pagsasaanyong noun ng salitâng nagpapahayag ng kilos sa Filipino. Kung paglalaping Tagalog ang magiging gabay natin, isang simpleng panuntunang di-mahirap tandaan ang pag-uugnay ng ganitong anyo ng noun sa verb na um/ma–, at mag–.

Mula sa verb na um/mag–, basta idinurugtong lámang ang pag–sa salitâng- ugat. Halimbawa, pagsagot (mula sa sumagot, to answer), pagbili (mula sa bumili, to buy) at pagtulog (mula sa natulog, to sleep).

Mula naman sa verb na mag– isinusunod sa pag– ang inulit na unang vowel o unang kombinasyon ng konsonant at vowel. Halimbawa, pagtatanong (mula sa magtanong, to ask), pagbibili (mula sa magbili, to sell), at pagtutulóg (mula sa magtulóg, to spend time doing nothing but sleep).

Sa panuntunang itong kinasanayan ng lipunang Tagalog, makikita ang lohika ng pagkakaroon ng dalawang set ng salitâng nagsasaanyong noun sa pag–. Halimbawa ang mga salitang teknikal sa anyong ito: pagtipa (tumipa) pagtatype; paglipad (lumipad) pag-astronaut (mag-astronaut); paggamit (gumamit) pagmemekaniko.

Mga Elementong Nagpapasaanyong Adjective

Nabibilang sa mga deribasyong pang-adjective ang mga sumusunod na malalaking grupo: noun + adjective (WW); adjective (WW); at higit sa lahat , adjective + hulapi (Ww). Napakarami ng tumbasan sa tambalang N + A ng dalawang wika. Halimbawa: feu rfest = fireproof (mula sa Feuer (fire) at fest (firm, enduring); wasserdicht=waterproof, watertight (mula sa Wasser + dicht (tight, impervious).

Napakapopular ng konstruksiyong NA at VA sa sulating teknikal: fahig (capable of) lebensfhig (viable); massig (mode, kung paano isinasayos ang isang bagay) ordnungsmassig (orderly). Regelmassig (regular); reich (rich in) sauerstoffreich (rich in oxygen), wasserreich (abounding in water); arm (poor in) wasserarm (arid).

Samantala, ginagamit ang kombinasyong AA upang maging higit na matindi ang katangiang ipinahihwatig ng pangunahing adjective, o maging mas espesyalisado ang kahulugan nitó (wW). Katumbas ng salitâng grösstmöglich ang greatest possible, ng altmodisch ang old-fashioned. Sabihin pa ay mga anyong wW ito.

Mas mahalagang banggitin dito na napakarami ng mga adjective na Ww. Kabilang sa mga morpheme na pang-adjective sa Aleman ang –bar, -haft, -isch, -lich at –sam. Halimbawa: bewegbar mula sa bewegen (to move) (ugat na beweg-),= movable (can be moved); eksternal ang aksiyon cf: Tagalog mag–; beweglich= movable; nagpapahiwatig ng flexibilidad, ng isang bagay na gumagalaw mismo. Cf: Tag –um–.

Ang pinagmulan at katangian ng bagay ang ipinapahayag ng hulaping –isch, na ginagamit sa mga derivation mula sa mga pangalang pantangi. Maitutumbas rito ang Ingles na –ish (cf. englisch, English); bagama’t maaari rin sa Aleman ang afrikanish, African, o ang mga hiram na salitang historisch, historical; physisch, physical; tragisch, tragic; statisch, static.

Ilang hulaping pang-adjective para sa mga salitâng hiram ang ginagamit din sa Aleman: praktikabel, polar, regulär, kulturell, hybrid, rational (=naaayon sa rason), rationell, (= rasyonalisasyon ng mga prosesong industriyal).

Samantala, kabilang sa mga hulaping nagpapasaanong adverb sa Aleman ang –halb, tulad ng sa ausserhalb (beyond, in addition to); at –warts gaya ng sa aufwärts (upwards).

Sa Filipino, maraming salitâng-ugat ang nagagawang adjective sa pagdaragdag ng panlaping ma-. Halimbawa na ang mga pangalan

ng kalye sa UP Village: Maginhawa, Masipag, Matiyaga, Matalino, at kung ano-ano pa.

Kapansin-pansin ang paralelismo ng nangyayari sa atin at sa Europa kaugnay ng kuwestiyon ng pagbubuo ng salita, at ito’y makikita sa sumusunod na pangunahing komentaryo ni Pinchuck hinggil sa paksang ito:

Tila mayroong di nagbabagong tunguhin na magkaroon ng lohika at consistency sa estruktura ng mga salita, bagama’t may ilang puwersang sumasalungat dito—ang mga puwersa ng tradisyon at konserbatismo. Hindi makokontrol ng mga linguist, o logician, o inhinyero ang mga pagbabago sa wika. Gayunman [at ito ang mahalaga sa kuwestiyon ng pagsasalin], kung hindi natin matatamo ang lubos na pagiging regular ng iisang wika, maliwanag na mas magiging mahirap na matamo ang regular na tumbasan sa dalawang wika.

Kaayusan Ng Pangungusap

Tungkol sa lawak ng syntax ng Aleman at Ingles ang bahaging ito. Layon nitóng pag-aralan ang mga tipo ng pangungusap, basikong patern ng pangungusap, mga alituntunin sa ayos ng mga salita, at mga tipo ng sugnay (clause). Ang pinakapanimulang tuntunin dito ay ang katotohanang hindi lámang mga pinagsáma-sámang salita ang isang pangungusap. Mayroon itong kaayusan at estrukturang hierarchical.

Parirala ang tawag sa grupo ng higit sa isa pang salita na gumaganap na isang klase ng salita (word class, i.e maipapalit ito sa isang uri ng salita sa pangungusap). Pangungusap ang grupo ng mga salita na nakaorganisa sa relasyong simuno (subject) at panaguri (predicate) na nangangailangan ng di kukulangin sa dalawang klase ng salita, N at V. Sugnay ang pangungusap na bahagi ng isa pang pangungusap. Maaaring pumalit sa isang klase ng salita ang sugnay. Sa gayon, maaaring magkaroon ng noun na parirala (NP), verb na parirala (VP), adjective na parirala (AP) at kung ano-ano pa. Gayundin, maaaring magkaroon ng adjective na sugnay, noun na sugnay, at iba pa. Gayunma’y maiuuri rin na mga sugnay sa iba pang katawagan.

Tulad ng pagkakaroon ng pangunahing elemento at determinant sa isang salitang may higit pa sa isang morpheme, binubuo ang parirala ng pangunahing salita (ulong salita) at mga panuring na salita.

Bagama't sa karaniwa'y nangangailangan ng di kukulangin sa dalawang elemento ang isang pangungusap—noun at verb—posible ring magkaroon ng pangungusap na may iisang elemento. Kahit na anong tipo ng salita ay magagamit dito, tulad ng sa panamdang na: Here!

Gayunman, mayroon kahit isa man lang simuno at isang panaguri ang higit na nakararaming pangungusap sa pananalita, lalo na sa pananalitang teknikal. Puwede ring magkaroon ng kaganapang layon (objective complement).

Lagi nang noun o konstruksiyong mala-noun ang simuno, gaya ng infinitivong verb na ginagamit na noun. Sa Aleman lagi nang nâsa kaukulang pang-noun (nominative case) ang simuno.

May iba't ibang tipo ng pangungusap sa Aleman at Ingles: ang deklarativo o pasaysay na pangungusap, ang imperatibo o pautos na pangungusap, ang exclamatory o padamdang na pangungusap, at ang interogativo o pananong na pangungusap.

Madalîng magawang ibang tipo ang kahit na anong pangungusap, kahit na hindi pinapalitan ang mga elemento o ang kanilang ayos, sa paglalagay lámang ng mga angkop na bantas (punctuation mark), o sa pagpapalit ng intonasyon kapag nagsasalita. Halimbawa: Sie kommen doch morgen. (deklarativo: Darating sila bukas.) Sie kommen doch morgen! (exclamatory: Daratng sila bukas!) Sie kommen doch morgen? (interogativo: Darating sila bukas?)

Pansinin sa pagkakataóng ito ay magkapareho ang Filipino at Aleman, ngunit hindi ang Ingles na kinakailangang pagpalitin ang ayos ng verb at noun sa anyong interogativo: 'They are coming tomorrow. Are they coming tomorrow?'

May sinusunod na ilang patern ang pangungusap. NP-VP (simuno-panaguri) ang pinakasimpleng patern: Die Sonne scheint (The sun

shines). Ganito rin ang ayos na siyang pinakalohikal sa ganap nagsasalita ng Ingles, at naaayon sa patern ng proposisyon sa lohika. Gayunman, may iba't ibang ayos ang mga salita sa pangungusap sa Aleman na lalabas na di-lohikal, irregular, at komplikado. Malaking dahilan ng pagkakamalî sa pagsasalin ang pagkakaibang ito.

Nakatalâ sa ibabâ ang pinakamahahalagang patern ng pangungusap:

S-P (NP-VP)

S-P-O (NP-VO-NP)

i) VP na identificatory (ist/is) :

ina-identify ang simuno sa
layon

ii) relasyonal na VP:

kumikilos ang simuno sa layon

S-P-A (NP-VP-AdvP)

S-P-O-Oi (NP-VP-NP-Pp+NP)

S-P-PpO (NP-VP-PpO)

S-P-O-Adv (NP-VP-NP-AdvP)

Makikita ang pangungusap na S-P sa Die Sonne scheint. (The sun shines). Intransitibo ang verb nitô; walang tuwirang layon. (Mangyari pa, maaaring gamiting transitibo ang shine, tulad ng sa He shines his shoes.)

Maraming anyong impersonal na nagsisimula sa es at may tipong es + V (ikalong panauhan, isahan; 3rd person singular) ang nabibilang sa categoryang ito. Sa Aleman, tanging sa anyong ito lámang karaniwang maipapahayag ang lagay ng panahon: es regnet, es schneit (it is raining/snowing). Magagamit din sa Aleman ang anyong ito para magpahayag ng kung ano ang nararamdaman, tulad ng sa es friert mich (na sa literal na salin ay it freezes me), es hungert mich (it hungers me). Ngunit Ich habe Hunger (I have hunger) ang mas karaniwan nang anyo ngayon, katumbas ng I am hungry.

Kung mapapalitan ng mas tuwirang anyo ngayon S-P-O ang mga pangungusap na there is, gayundin naman ang es + V.

Sa Ingles, mukhang mas magandang salin ng the light burns ang the light is burning, at ang it is raining kaysa it rains.

Sa Filipino, makapagbubuo ng ganitong mga pangungusap nang iisang salita lámang ang gamit: Umuulan. Nag-i-snow. Maaari rin ang: Maginaw. Nakakaguton. Pero hindi limitado sa ganitong ayos dahil posible din ang: Ang ginaw! Ginaw na ako.

Mahalagang patern ang tipong relational ng pangungusap na S-P-O, kahit na hindi ito ang pinakakaraniwan. Hans schreibt einen Brief = Hans writes a letter. Sa Aleman, kinakailangang nása kaukulang palayon (accusative case, pantukoy na einen) ang tuwirang layon sa ganitong anyo ng pangungusap. Sa Ingles, dapat itong ilagay kasunod ng verb.

Mas mauunawaan ang relational na pattern sa Filipino kung ihahambing sa tipong identificatory. (Pakitingnan sa ibabâ).

Mas karaniwan ang tipong identificatory ng pangungusap na S-P-O at napakadalas nitóng gamitin sa mga tekstong teknikal: Steroids sind organische Verbindungen. (Steroids are organic compounds.)

Karaniwan nang sein/to be ang verb sa ganitong mga pangungusap, na gumaganap na pangawing (link). May iba pang pangungusap na gumagamit ng verb na sein/to be ngunit kakombinasyon ng salitâng nagtataglay ng idea ng aksiyon. Halimbawa: Lack of these specific active constituents . . . is usually the cause of serious . . . diseases.

Ang is the cause ang elemento ng aksiyon sa pangungusap na ito. Makikita ito kung buong verb ang ipapalit, tulad ng: Lack of these . . . constituents usually causes serious diseases

Sa Aleman, maaaring gawing balintiyak (passive) ang pangungusap nang hindi gaanong nababago ang kahulugan. Sa Ingles, madalas na

hindi man lámang natin maibabaligtad ang posisyon ng S at O: hindi pareho ang kahulugan ng Organic compounds are steroids sa Steroids are organic compounds. [Kung sa Ingles, ang hulíng pangungusap ay nagpapahiwatig na subordinado ang steroids sa organic compounds], sa Aleman, parehong tama ang Einen brief schreibt Hans at Hans schreibt einen Brief. Walang ibig sabihin sa Ingles ang a letter writes Hans, kahima't tama ang Hans writes a letter.

Mas komplikado ang pangungusap sa Filipino na maaaring pagpalit-palitin ang ayos batay sa pokus. Tama ang P-O-S (predicate-object-subject), kung paanong tama rin ang P-S-O at ang S-P-O: Nagsusulat ng kuwento si Hans. Kuwento ang isinusulat ni Hans. Si Hans ang nagsusulat ng kuwento.

May mga pagkakataong maibabaligtad ang pangungusap sa Ingles nanag hindi naapektuhan ang kahulugan. Halimbawa: Karl is my friend = My friend is Karl. Halos matematikal ang equation ng dalawang bahagi ng pangungusap, walang subordinaduhan: Karl = my friend. Kung ipa-paraphrase ito, My friend Karl.

Mukhang mahirap makakita nang ganito kamatematikal na tumbasan ng mga bahagi ng pangungusap sa Filipino. May dalawang posibleng salin ang pangungusap sa itaas: Kaibigan ko si Carlos. Si Carlos ang kaibigan ko. Ang una'y maipa-paraphrase nang "si Carlos na kaibigan ko," o "ang kaibigan kong si Carlos" samantalang ang pangalawa'y "si Carlos na (tanging) kaibigan ko."

Identificatory ring pangungusap sa uring S-P-A ang Karl ist gut (Karl is good). Hindi ito nangangahulugang Karl = good kundi may katangiang good si Karl. Sa paraphrase na the good Karl, ang Karl ang ulong salita, at subordinado ang good. Narito ang halimbawa ng tipong ito ng pangungusap sa lengguwaheng teknikal: The lower gas layers ... are richer in oxygen and poorer in CO₂ than the actual combustion gases

Sa ehemplong ito, mas nalalapit ang Filipino. Lamang, tila suhetibo ang batayan ng pagkakaiba ng 'good' at 'friend.' at

tantiyahan lámang kung equal o subordinado ang papel ng A. Higit na naitatakda ng patern ng pangungusap sa Filipino ang kahulugan:

Mabait (A/adj.) ang bata (PS N/noun. / Ang bata ay mabait. (P-S, S-ay-P, equal).

Bata ang mabait. / Ang mabait ay bata. (S-P, P-ay S, subordinado ang N sa A)

Ang bata ang mabait. (Ang +S-P, nasa S ang pokus bagamat N=A)

Ang mabait ang bata. (Ang+P-S, nasa P ang pokus, A=N bagamat binibigyang-diin na ang N [hindi ~N] ang A.

Sa pangungusap na S-P-Adv, nagbibigay ng impormasyon ang elementong adverb tungkol sa dahilan, lokasyon o panahon ng simuno:

The concepts of atoms and molecules originated in chemistry.

Munich lies on the Isar.

The consultation lasted two hours.

Mas malaki pa ang pagkakaiba kung darako táyo sa patern na S-P-O-OI. Ang posisyon lámang sa pangungusap ang nagpapahiwatig ng tuwiran at di-tuwirang layon sa Ingles. He gave the boy the book [which] he saw. Samantalang sa Aleman, maipahihawatig ng hulaping pangkaukulan ang ugnayan ng mga salita. Maliwanag na Er gab dem Jungen das Buch ang katayuan ng iba't ibang yunit: ang dem Jungen ay dative, maskulino, singular, at samakatwid ay 'to the boy' ; ang das Buch ay accusative, neuter, singular, at samakatwid ay 'the book' na siyang layon ng kilos. Mahihiwatigan lámang ng mga case ending ang di-tuwirang layon sa Ingles kung pronoun iyon, gaya sa He gave him the book.

Sa Filipino, laging mas maliwanag ang ugnayan ng mga salita, gaya ng makikita sa mga sumusunod na salin ng parehong pangungusap:

Ibinigay niya ang libro sa bata.
Sa bata niya ibinigay ang libro.
Libro ang ibinigay niya sa bata.
Ang libro ang ibinigay niya sa bata.
Binigyan niya ang bata ng libro (ng libro ang bata).
May libro siyang ibinigay sa bata.
May bata siyang binigyan ng libro, etc.

Gayunman, dahil sa maliwanag na ugnayang ito na nagbibigay ng napakaespesipikong pokus, dapat limiin nang husto ang mga implikasyong teknikal ng isinasaling pangungusap. Makatutulong kung ang alalahanin ang pagbubuo ng pangungusap sa pang-araw-araw na búhay. Halimbawa, ang pangungusap na “Either A or B is true.” Sa biglang tingin, parang maisasalin ito nang “Alinman sa A o B ay totoo.” Pero mali ito, dahil lumalabas na parehong totoo ang A at B sa loob ng isang takdang panahon. Isa pang rendisyon ang mukhang mas tama, pero hindi rin gaanong malinaw: “Ang A o B ang totoo,”

Sa ganitong pagkakataón ay mainam na lumabas muna ng pilosopiya at tingnan ang karaniwang pangungusap na nagsasaad ng parehong sitwasyon. Ipagpalagay na may magkaribal sa iisang pinipintuhong dalaga. Maaaring sabihin ng isa sa dalawang manliligaw, “Isa sa aming dalawa ang pangit at hindi karapat-dapat sa inyong pag-ibig. Pumili ka!” Dito, ang pangunahing punto ay ang konstruksiyong “isa sa dalawa.” Samakatwid, puedeng ang sumusunod ang maging salin:

“Isa sa A o B ang totoo.”

O kayâ’y “Totoo ang isa sa A o B.” Puwedeng baligtarin ang hulí sa di-karaniwang ayos, tulad ng: “Ang isa sa A o B ay totoo.”

May isa pang kuwestiyon sa Ingles: ituturing ba ang isang konstruksiyon na verbal (verb + preposition) na itatambal sa direct object (gaya ng sa walk up + the hill sa to walk up the hill) o kung verbal (verb lámang) na may object na prepositional phrase (tulad ng sa walk + up the hill)?

Bilang halimbawa, maipapalit natin ang kahawig na verb na ‘walk’ sa ‘run’: He walked up the hill, o ang preposisyong ‘down’ (na nagkakahawig din naman ng kahulugan at nagpapakita ng direksiyon) sa ‘up’: He walked/run up/down the hill. Hindi ito magagawa sa He ran up a bill, dahil nag-iisang yunit ng kahulugan dito ang ran up. Walang ibig sabihin ang He walked/ran up/down a bill. Pareho rin sa He ran down his enemy na hindi puwedeng gawing He ran up his enemy. Mga yunit na verb ang ‘run up’ at ‘run down’ sa mga hulíng halimbawa. Subalit sa una, ang mga ito’y verb + bahagi ng unit na preposisyon (‘up the hill’, ‘down the hill’). Ang patnubay sa pagtiyak ng katangian ng mga pariralang ito ay kung maaaring palitan ng nagsosolong verb ang yunit na verb. Halimbawa, give away—‘he gave his books away (bigay pa rin ang kahulugan nitó, samakatwid ay ipinamigay), ngunit sa he gave away the secret (bahagi na ng give ang away, samakatwid ay isiniwalat na ang katumbas).

Sa patern na S-P-O-Adv, may pagkakataóng maaaring palitan, gaya ng sa itaas, ang modipikasyon ng adverb, na ang ipapalit ay nagsosolong verb na nása uring nagpapahayag ng espesyal na paraan ng pagkilos (cautiation, initiation, intensification, reiteration, at iba pa). Maaaring magkaroon ng konotasyon ng espasyo, panahon, o paraan ang pariralang adverb.

Mga Pautos na Pangungusap

Ang pautos na pangungusap sa karaniwang pananalita ay maaaring magtaglay ng sari-saring konotasyong emosyonal. Sa gamit na teknikal, mas kakaunti ang elementong patungkol sa emosyonal. Sa gamit na teknikal, mas kakaunti ang elementong patungkol sa emosyon. Madalas na ginagamit ang anyong pautos sa mga instruksiyon, gaya

ng sa mga manwal at handbook, sa paglalarawan ng prosidimyento ng isang eksperimento, sa mga batas na lehislatibo. Maaari rin namang magkaroon ng konotasyong emosyonal, gaya ng sa mga warning na pangkaligtasan sa mga aparato at sa mga instruksiyon.

Makikita ito sa mga footnote na gaya ng sumusunod: Siehe auch DIN 18 031 (see also DIN 18 031)

Popular din sa Aleman ang anyong infinitive: (~ Please request the extensive dialogue) Write in for our extensive list. (~Turn you yourself to your bookseller or write to us) Ask your bookseller or write to us. Mula SL patungong TL, ganito ang gramatikal na transpormasyon: Vi=V o Bitte + Vi (Pn (personal, pangalawang panauhan, anyong magalang) = Please + V o Bitte + Vif+Pn = V. Posible ang mga sumusunod na anyo:

	Aleman	Ingles
noun	Vorsicht! Achtung	Watch out! V+Pp, V Caution! N
adjective	Schneller!	Faster! A
adverb	Vorwärts!	Forward! Adv
past participle	Aufgepasst!	Attention! N
patanong	Kkommst Du bald? Pn+V+Adv	Are you coming (soon)? V+Pn+V (part) (Adv)
pandamdám	Du gehst jetzt! Pn+V+Adv	You're going now! Pn+V+Adv
pasibong impersonal	Jetzt wird geschlafen! Adv+sein+V (past part)	Now go to sleep! (Adv+V+Pp+N) Adv+VP
Infinitive w/ zu+haben or zu+sein	Die Tur is sofort zu schliessen! NP+sein+Adv+zu+Vi	The door is to be closed instantly! NP+be+to+to+ be+V(past part)+Adv

Mapapansin na mas maraming klase ng anyong pautos sa Aleman kaysa Ingles. May magalang na anyong pautos sa Ingles, bagay na

hindi matatagpuan sa Aleman. May one-to-one correspondence sa sumusunod na pagbabawal: Prägebånd nicht nach vorn ziehen. (Be sure not to pull tape forward by hand).

Hindi puwede sa Ingles ang:~Tape not to pull forward, bagkus ay Do not pull tape forward ang maitutumbas. Isa sa mga ginagampanan ng do, na walang katumbas sa Aleman, ang pagbubuo ng negatibong pautos (pagbabawal) sa ganitong paraan: Pull tape forward: Do not pull tape forward (~Pull not tape forward).

Pandamdám na Pangungusap

Bibihira sa tekstong teknikal ang pandamdám na pangungusap. Pero mahalaga din naman ito, lalo't pangkuha ng atensiyon sa mga advertisement. Ang pinakasimpleng anyo nitó'y iyong nag-iisang salita tulad ng Feuer! Fire!

Mga Pangungusap na Patanong

Sa pagkakaayos ng salita naiiba ang interogatibo sa deklarativo. Kung minsan, napapaiba rin ito sa paggamit ng mga natatanging katagang patanong. Hindi ito madalas gamitin sa mga sulating siyentipiko at teknikal, na makiling sa mga pahayag na pangungusap. Gayunman, ginagamit ito sa mga questionnaire at check list.

Sa Filipino, makikilála ang mahahabàng pangungusap na patanong sa pagkakaroon ng katagang pananong (ba/kayâ) at tandang pananong (?) sa pangungusap. Sa sulating teknikal, posibleng mas gamitin ang katagang 'ba' kaysa 'kayâ.' Neutral ang 'ba' at maaaring sagutin ng basta oo o hindi. Samantala, tila mas malalim ang damdamin sa sagot na hinihingi ng 'kayâ.'

Mahalaga ang pagkakaiba ng pokus sa tanong lalo't questionnaire ang kasangkot sa sulating teknikal. Halimbawa, magkaiba ang sumusunod na tanong bagama't maaaring pareho ang mga salita sa pangungusap:

May tanda ba ang lahat ng trabahuhan?
Trabahuhan ba ang lahat ng may tanda?
Ang lahat ba ng trabahuhan ang may tanda?
Ang lahat ba ng may tanda ang trabahuhan? etc.

Sa Ingles, maaaring S-P o S-P-O ang patern ng basikong pangungusap na deklarativo. Babaligtarin naman ng basikong interogativo ang kaayusang ito at gagawing P-S o kayâ'y P-S-O. Ngunit puwede ring gawing patanong ang pangungusap sa pamamagitan lámang ng paglalagay ng tandang pananong (question mark) sa dulo nitó. Sa kalahata'y mayroong emosyonal na konotasyon ang ganoong mga pangungusap, kung kayâ hindi karaniwan sa mga uri ng tekstong nais nating pag-aralan ngayon. Hindi rin ito karaniwan maging sa Ingles. Ang sumusunod ang mas karaniwan: Are all work places clearly marked?

Pero magkaiba ang sumusunod na halimbawa: Erfolgt regelmässig Ausbildung der Lehrlinge durch eigen geeigneten Meister? (~Follows regular training of the apprentice by a qualified master?) Do the apprentices receive regular training from a qualified master?

Hugnayang Pangngusap

Ang hugnayang pangungusap (complex sentence) ay binubuo ng mas higit sa isang sugnay. Maaaring nagsasarili ang dalawa o higit pang sugnay, na samakatwid ay may relasyon ng koordinasyon. Karaniwan na, nagkakaugnayan ang mga ito sa pamamagitan ng salitâng pangawing (linking word) na tulad ng und (and), oder (or), entweder...oder (either... or), aber (but) at iba pang ekspresyon. Napakalapit ng tumbasan ng dalawang wika at bihirang magkaroon dito ng problema. Gayunman, malamang na hindi susulpot ang ganitong mga pangungusap. Mas karaniwan ang mga subordinate na sugnay, lalo na sa wikang teknikal na mahilig tumakbo ang isip sa konteksto ng conditionality, cause and effect, resulta at kung ano-ano pa.

Lagi na halos kaiba sa Aleman ang ayos ng mga salit ng subordinadong sugnay sa Ingles. Unang-una na, nakalagay sa hulihán

ang verb sa Aleman: S-P Comp+Cn-S- Comp-P. Sa Ingles naman ay ganito ang maaaring maging katumbas niyan: S-P-Comp+Cn+S-P-Comp. Mga halimbawa: (a) Die Gesetzmässigkeiten der Röntgenspektren sind es ja gewesen, die das obige Bild vom Atom am deutlichsten nahegelegt haben (b) The laws governing the X-ray spectra gave the clearest indications for the described picture of the atom (c) The laws of the X-ray spectra were those which most clearly suggested the above picture of the atom

Puwedeng magpalitang bersiyon ng a ang mga pangungusap na b at c. Sumusunod ang c sa pangkalahatang alituntunin. Masasabi nating eleganteng bersiyon ang b. Ang subordinadong sugnay sa ganitong tipo ay mapapalitan ng ibang estruktura, na kakikitahan ng pagkakapasok ng verb ng sugnay sa pariralang verb ng pangunahing pangungusap (gave ...indications sa halip ng gumagampang verb na sien/be ng orihinal, sakâ ng pagpasok ng konsepto ng lexical na verb na suggest/nahelegen).

Mahalagang grupo ang mga sugnay na siyang gumaganap na simuno, object, at iba pa. Sa mga ito, sugnay na object ang pinakakaraniwan. Gayunman, hindi sindalas ng relatibong sugnay ang mga nása grupong ito. May anyo itong S-P-O (dass+s-o-p), na may katumbas na S-P-O (that+S-P-O) sa Ingles. Das internationale Entwicklungstempo ... fordert, dass die ... Fragen sehr schnell beantwortet werden müssen. (The rate of development internationally... requires that the question...should be answered without delay)

Muli, maaaring palitan ng parirala ang sugnay: *The rate of development internationally requires the questions ...to be answered without delay ay puwedeng The rate of development internationally requires a swift answer to the questions.*

Kinakailangang bigyan ng natatanging pansin ang mga sugnay na kondisyonal, yayamang may partikular na kahalagahan ang mga ito, tulad din ng sugnay na casual, sa literaturang teknikal. Maraming pangungusap sa siyensiya ang may tipong wenn...dann, if...then, kahima't hindi gamitín ang mga katagang ito mismo. Ang patern sa Aleman ay enn + S – (A) – P + dann + P – S. Sa ingles, if+S-P-A, then+S-P.

Nakapagbubuo rin ng kondisyonal na pahayag sa Aleman kung nagsisimula sa verb ang pangunahing sugnay, sa halip na sa wenn: P-S-O+P-S-O (A). Hindi iyon puwede sa Ingles. Kaugnay ng mga kondisyonal na pangungusap iyong mga nagsisimula sa ~Suppose that', 'Assume that' atbp. na sa Aleman ay maaaring magsimula sa Es sei.

Mga Negatibong Pangungusap

Maaaring gawing negatibo ang kahit na anong apirmatibong sugnay sa Aleman sa pagdaragdag lámang ng nicht. Malapit na katumbas ng kann + nicht ang magkadikit na cannot. Sa Aleman, maaaring makapagsingit ng isang grupo ng mga salita sa pagitan ng kann at nicht, pero hindi ito mangyayari sa Ingles:

- a. Energie kann also von diesen System nicht kontinuierlich aufgenommen oder abgegeben werden, sondern . . .
- b. The system cannot take up or give up energy continuously, but . . .
- c. Energy cannot be taken up or given up from this system continuously, but . . .
- d. ~Energy can from this system not be taken up or given up continuously, but . . .

Salamat na lámang at nása dulo ng pangungusap ang elementong gamit sa negation kung kayâ napagiging negatibo nitó ang buong pangungusap: ichkomme (I am coming); ich komme nicht (I am not coming, I come not). Kung ang negator ang simuno, tulad ng sa niemand kam, pareho pa rin ang patern sa Ingles, nobody came. Ngunit lung ito ang object, at binubuo ng auxiliary at infinitive o participle ang panaguri, hindi magkatumbas ang ayos ng mga salita: ich habe nichts gefunden: I found nothing or I did not find anything (I have nothing found). Walang katumbas sa Aleman ang paggamit ng Ingles ng do sa negation.

Sa Filipino, dapat pag-iba-ibahin ang mga sumusunod na negatibong pangungusap: “Hindi siya kumakanta.” “Hindi siya ang kumakanta.” “Siya ang hindi kumakanta.”

Malalawig na Parirala (Extended Phrases)

Isa sa mga nakakasakit ng ulo sa pagsasalin mula sa Aleman ay ang hilig nitoóg gumamit ng malalawig na konstruksiyong adjective na hindi ginagawa sa Ingles. Normal na normal lámang sa Aleman ang pariralang *Der der Theorie des Compton-Effektes zugrunde liegend einfache Stoss-mechanismus*. Ang literal na kahulugan nitó ay: *The the theory of the Comptor Effect underlying simple impact mechanism on which the theory of the Compton Effect is based*. Sa sandalíng maunawaan na natin ang katangian ng konstruksiyon, maisasalin na angnparirala nang ganito: *The simple impact mechanism on which the theory of the Compton Effect is based*.

Makahuhugot ng alituntunin dito: sa pagsasalin sa Ingles ng malalawig na pariralang may participial adjective sa Aleman—gumamit ng relatibong sugnay, o binabago ang ayos ng mga salita. Ang mahalagang tingnan sa ayos ng salita ay ang puwesto ng article kaugnay ng mga elementong noun at verb na dapat pagbabaligtarin sa parirala. Sa Ingles, may tendensiyang lumapit ang article sa noun hangga’t maaari. Sa teorya, posibleng magsingit ng walang hanggang bilang na mga adjective sa pagitan ng article at noun sa modelong ‘the big, dark, tall, elderly...man’. Pero bihira itong mangyari sa praktika, kahit pa sa sulating teknikal. (Pero pansinin na sa aspektong ito ay mas ma-Aleman ang mga sulating teknikal kaysa karaniwang pananalita, katanggap-tanggap dito ang mga pinaglaso-lasong salitâng tulad ng *Pulse Time Constant of Fall*).

Maikokongklusyon sa lahat ng ito na may katangian ang bawat wika na dapat laging isaisip sa pagbubuo ng teorya ng pagsasalin. Ang Filipino, bagama’t madalíng manghiram ng mga salita sa ibang wika, ay nananatiling independiyenteng wika dahil napananatili nitó ang haligi nitó, i.e.,ang basikong batas sa pagbubuo ng salita (lalo na ng

verb), at ang basikong ayos ng pangungusap na nakatuon sa pokus at uri ng kilos.

Anumang salita ang ipasok nitó sa bokabularyo, mananatili itong Filipino dahil sa sariling katangiang iyan. Hindi Español ang ‘Guwapa siya/ Siya ang guwapa.’ Hindi Ingles ang pangungusap na ‘Siya ang pinakaendomorphic’ o ang ‘Magcomputer tayo’ o ang ‘I-divide mo ng 2 ang 50’ dahil sinusunod pa rin nitó ang basikong alituntunin sa pagbubuo ng salita at ang basikong estruktura ng pangungusap.

Ilang ulit na itong napatunayan sa ating kasaysayan. Hindi nabuwag ang wikang Filipino nang manghiram ito ng mga salitang Sanskrit at Chino, sa halip ay yumaman pa nga. Hindi nanghinà ang nasyong Filipino nang mapasok sa wika ang kung ano-anong salitâng hiram tulad ng makikita sa sumusunod: “Ang paghahari ng Dios ay katulad ng levadura na inihalo ng isang babae sa tatlong takal na harina, at umalsa ang buong masa.” (Mateo 13.33). Bagama’t dati-rati’y hiram ang mga salitâng Dios, levadura, harina, at masa, ang mga ito ngayon ay bahagi na ng sariling wika.

Ganito rin ang ipinakita ng pinakadakilang makatang Filipino sa sumusunod na mga linya:

Sa isang madilim, gubat na mapanglaw,
dawag na matinik ay walang pagitan,
halos naghihirap ang kay Febong silang
dumalaw sa loob na lubhang masukal...
Ang mga hayop pang dito’y gumagala,
karamiha’y sierpe’t basilico’y madla
Hiena’t tigreng ganid na nagsisila
ng buhay ng tao at daiging kapuwa.

Ngayong panahon ng literaturang teknikal, tiyak na mas yayaman pa ang wikang Filipino, at kasabay niyon ay ang bansang Filipinas kung lalo táyong makababása ng mga pangungusap na gaya ng sumusunod:

Ang pagbabago ng elliptic orbit ng isang planeta kaugnay ng mga di gumagalaw na mga bituin ang tinatawag na kilos perihelion. Matagal nang alam ang discrepancy ng teorya ni Newton at ng aktuwal na obserbasyon ng kilos perihelion ng Mercury. Ang deviation na ito, na maipaliliwanag batay sa epekto na malakas na gravitational field ng araw sa planeta, ang isa sa mga pangunahing patunay sa pangkalahatang teorya ni Einstein.

Ngayon, pagsasalin; búkas, orihinal nang mga obserbasyong siyentipiko. Ganitong mga pangungusap sa Filipino ang magdadalá sa atin, hindi lámang sa kaloob-looban ng ating kabansaan, kundi maging sa buwan, sa mga planeta, at sa mga bituin.

(Binása sa “Seminar/Workshop sa Pagsasalin ng mga Sulating Akademiko” na itinaguyod ng Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños, IFC Training Hall, Setyembre 8, 1995.)

MULING-TULA BILANG HAMON SA PAGSASALIN NG TULA

VIRGILIO S. ALMARIO

MAY ISANG MATANDANG pamahiin hinggil sa pagsasalin at lumaganap ito o pinalaganap ng sawikaing Italiano na: Traduttore, traditore. Noon ngang 1989, isinalin ko itong: Tagasalin, salarin.¹ May tila pandaigdigang paniwala na hindi maaaring tapatan ng salin ang orihinal. Kayâ ang bawat salin ay isang pagtataksil, ayon sa mga Italiano; na tinapatan ko ng paglalaro sa salin bilang laging “sála rin” (dahil hindi maaaring maging lubos na wasto) at sa tagasalin bilang “salarín” (kriminal, dahil may nagagawa laging paglabag sa isinasalin).

Nakasalig ang pamahiing ito sa simulain ng pagsasalin bilang isang uri ng katapatan. Mahihiwatigan din na nakabantay ang mga apostoles ng katapatan sa larangan ng bokabularyo at idyoma. Na totoong isang imposibleng mithiin dahil na rin sa pangyayaring bawat wika ay nagmula sa isang kaligiran, kasaysayan, at kulturang iba sa kahit aling wika sa daigdig kayâ’t mahirap mangyari na may dalawang wika na tila kambal at duplikado ng isa’t isa.

Ngunit hindi naman katapatan lámang ang simulain ng pagsasalin. O kayâ, maaari namang ipahayag ang katapatan sa mga

paraang hindi nangangahulugan ng salita-sa-salitang pagtatapatan ng wikang orihinal at wikang pinagsasalinan. Kung ang paglilipat ng kahulugan ang halimbawa’y pangunahing layunin ng pagsasalin, may mga taktika ng pagpapaliwanag—sa mahabà o maikling pangungusap—upang mailahad nang walang bawas ang isang dalumat/damdamin mula sa isang akda. Magkagayon pa man, lalo’t akdang pampanitikan ang nasasangkot, maraming dapat sikaping isalin ang tagasalin bukod sa kahulugan. Ang totoo, ang wastong pagsasaalang-alang sa ibang mga sangkap at katangiang pampanitikan, bukod sa kahulugan, ang malimit maging pamantayan sa tagumpay ng salin. Malimit kasing makumunoy sa tinatawag na “literal” na salin ang labis na pagpapahalaga sa kahulugan ng orihinal at kayâ nalilimot hubugin ang salin bilang isang tula, katha, o dula. Minsan nga’y waring naimungkahi ni Matthew Arnold na higit na mahalagang mailipat ng tagasalin ang katangian ng isang makata o mangangatha sa pamamagitan ng salin sa halip na ilipat lámang sa kaniyang wika ang wika ng isinasalin.

Sa pagsasalin ng tula, ang paglilipat ng mga pangunahing katangian ng tula ang tinatawag kong “muling-tula.” Nagsisimula ito sa masusing pag-aaral sa masalimuot na katangian ng isasaling tula, sa panloob na mekanika nitó bilang talinghaga, tayutay, sayusay, at anyong tradisyonal/makabago gayundin sa katangian nitó bilang halimbawa ng paraan ng pahayag ng sumulat na makata at sa kabuluhan nitó sa kasaysayan at lipunang kinalathalaan. Mula dito, naipaplano ng tagasalin ang isasagawang muling pagsasatula ng tula upang maging muling-tula. Ang ibig kong sabihin, tinatapatan ng tagasalin ng kaukulang mga katangiang maaari niyang madukal sa kaniyang sariling wika ang mga katangiang napag-aralan niya sa isinasaling tula upang maidulot sa madla ng kaniyang wika ang aliw at alindog ng tula sa mulaan nitóng wika’t kasaysayan. Ang salin bilang muling-tula ay maaaring basâhin at pahalagahan bilang tula—isang bagong tula—na may kakayahang ipakilála ang kakayahan at birtud ng orihinal na tula at ng sumulat nitó sa mambabasâng hindi maalam sa wika ng orihinal.

Paborito kong halimbawa ng muling-tula ang Rubaiyat ni Edward FitzGerald. Sinasabing natuklasan ang librong ito nina Swinburne at Rosetti sa isang tindahan ng aklat. Labis siláng nasiyahan sa libro,

kahit hindi nila kilalá kung sino si FitzGerald at hindi rin nilá nababása si Omar Khayyam. Ano kayâ't alam niláng nakapagsalin na si FitzGerald ng ibang akda at hindi napansin? Ano kayâ't nabása rin nina Swinburne at Rosetti si Omar Khayyam? Bakâ minaliit nilá ang salin ni FitzGerald lalo't nakita niláng hindi ito matapat sa mga orihinal na paraan ng pahayag ni Omar Khayyam. Ngunit hanggang ngayon, hinahangaan ng milyon-milyong mambabásá si Omar Khayyam dahil sa muling-tula ni FitzGerald, at marahil, mga iskolar lámang ang nag-iisip basáhin ang Persian ni Omar Khayyam para lámang masuri ang katapatan ng salin ni FitzGerald.

Nakasasapat ang muling-tula ni FitzGerald para sa orihinal na tula ni Omar Khayyam. Bukod sa waring naipapahayag ng mga saknong ni FitzGerald ang nais sabihin ni Omar Khayyam, nasisiyahan ang mga mambabásá sa aliw at alindog ng salin bilang tula na inaasahan niláng kapantay ng orihinal na aliw at alindog ng tula ni Omar Khayyam.

IPAGPATAWAD NINYONG gamitin ko bilang dagdag na mga halimbawa ang aking sariling mga salin upang linawin pa ang ilang pamamaraang kaugnay ng muling-salin. Uunahin ko ang “Dilaw na Tagsibol”:

Dumating ang Abril, tigib
sa mga talulot na dilaw;
dilaw ang batis,
dilaw ang moog, ang gulod,
ang sementeryo ng mga musmos,
ang tumanang iyon na tahanan ng pag-ibig.

Nagbasbas ang araw ng dilaw sa mundo,
ng kaniyang nangalaglag na sinag;
ay! sa mga maningning na liryo,
sa tubig na ginto't maligamgam;
sa mga dilaw na paruparo
sa mga rosas na dilaw!

Mga dilaw na tirintas at nakayakap
sa mga punongkahoy; maghapon
ang biyayang may samyo ng ginto,

sa isang ginintuang pagmulat ng buhay.
Sa gitna ng kalansay ng mga patay,
binuksan ng Diyos ang kamay na dilaw.

Salin ito ng “Primavera Amarilla” ni Juan Ramon Jimenez:

Abril venia, lleno
todo de flores amarillas:
amarilla el arroyo,
amarillo el vallado, la colina,
el cementerio de los ninos,
el huerto aquel donde el amor vivia.

El sol unjia de amarillo el mundo,
con sus luces caidas;
ay, por los lirios aureos,
el agua de oro, tibia;
las amarillas mariposas
sobre las rosas amarillas!

Guiraldas amarillas escalaban
los arboles; el dia
era una gracia perfumada de oro,
en un dorado despertar de vida.
Entre los huesos de los muertos,
Abria Dios sus manos amarillas.

Higit sa lahat, isang tula ng pandamá ang tula ni Juan Ramon Jimenez. Isang tula ito ng paningin, ng paninging may iisang kulay na nakikita—ang kulay na amarillo o dilaw. Parang may suot na espesyal at monokromatikong antipara ang nagsasalita sa tula, ang persona, kayâ’t dilaw lámang ang nakikita sa paligid. Totoo, may mga bagay namang maaaring tunay na dilaw, gaya ng sinag ng araw, paruparo, at rosas sa ikalawang saknong. Ngunit nagiging kakaiba at kakatwa ang daigdig ng tula dahil natigib ito sa kulay na dilaw. Naging dagdag pang hiwaga ang pahayag sa pamagat na hinggil ito sa “tagsibol” (primavera) at naganap sa buwan ng Abril kayâ’t dapat sanang asahan ang ordinaryong silakbo at bahaghari ng kulay ng kalikâsan pagkatapos ng taglamig.

Sa kabilâng dako, maaaring higit na nais itanghal ni Jimenez ang luwalhati ng pag-ahon mula sa taglamig sa unang araw ng tagsibol. Kayâ may mga palatandaan ng Kristiyanong sagisag ng resureksiyon at redensiyon na nakatudling sa bawat saknong. Kayâ tumataas ang kalidad ng tula mula sa payak na paglalarawan o impresyon tungo sa isang pahayag na mapanagisag kapag isinaalang-alang ang naturang mga sangkap na mitiko't Kristiyano. Tumitingkad pa ito kapag inilahad sa paraang tumbasan, gaya ng libingan ng mga paslit at ng halamanan ng pag-ibig sa unang saknong o kayâ'y ng matinding tunggalian ng kamatayan at ng búhay, ng wakas at ng pag-asa, sa imahen ng kalansay ng mga patay at ng kamay ng Diyos sa hulíng saknong.

Ang paghúli sa dalawang nabanggit na katangian ang pangunahing tungkulin ng muling-pagtula sa “Primavera Amarilla” ni Jimenez.

Sa aking pagsasalin, sinikap kong itapat ang “dilaw” sa *amarilla/amarillo* ni Jimenez. Maingat ko ring ipinuwesto ang “dilaw” kung saan ito matatagpuan sa orihinal, gaya sa “mga dilaw na paruparo” para sa *amarillas mariposas* ngunit “mga rosas na dilaw” para sa *rosas amarillas*. Hindi gaanong mahirap ang gayong pagtatapat. Kahit ang pagsasalin sa Kristiyanong pananagisag ay hindi ko gaanong ikinabahala. Malaking tulong sa bagay na ito ang wikang Kristiyano na malaon nang naitatag sa ating katutubong wika sa pamamagitan ng pasyon. Isang linya lamang—ang ikalawang taludtod ng ikalawang saknong—ang tatlong ulit kong binago dahil sa ipinalalagay kong laro sa *luces caidas*. Sa wikang Kristiyano, may dalawang sitwasyon ang *caida*. Una, ang pagiging makasalanan ng tao pagkaraan ng pagpapalayas sa Paraiso; at ikalawa, ang pagbababâ sa bangkay ni Hesus mula sa krus bilang pagtubos sa orihinal na kasalanan ng tao. Dapat kong sangguniin ang ating pasyon tungkol sa problemang ito. Ngunit walang tiyak na salita ang wika ng pasyon upang saklawin ang naturang dalawang sitwasyon. Kayâ, para sa akin, isang pansamantala't eksperimental na pagtatapat ang aking “nangalaglag” sa orihinal ni Jimenez, lalo't sinipat ito sa loob ng buong ikalawang saknong.

Gayunman, hindi ganoon kahirap ang muling-pagtula sa orihinal na Jimenez dahil hindi mahigpit ang kahingian ng anyo nitó. Bagaman,

may sinusunod na padron ang bilang ng mga taludtod sa bawat saknong, wala itong malinaw na tradisyonal na anyo. Ang musika, halimbawa, ng aliterasyon sa hulóng pareado (huesos, muertos, Dios, manos) ay sinikap kong tapatan ng naiiba ngunit nahahawig na tayutay sa “kalansay,” “patay,” “binuksan,” “kamay,” at “dilaw.” At palagay ko’y nagtagumpay ako. Higit na mahirap ang trabaho ng tagasalin kapag may kailangang muling-isatulang tradisyonal na anyo ang orihinal.

UPANG MAITANGHAL PA ang higit na mabigat na hamon sa paglikha ng muling-tula ay narito ang tulang “Stopping by the Woods on a Snowy Evening” ni Robert Frost:

Whose woods these are I think I know,
His home is in the village though;
He will not see me stopping here
To watch his woods fill up with snow.

My little horse must think it queer
To stop without a farmhouse near
Between the woods and frozen lake
The darkest evening of the year.

He gives his harness bells a shake
To ask if there is some mistake.
The only other sound’s the sweep
Of easy wind and downy flake.

The woods are lovely, dark and deep,
But I have promises to keep,
And miles to go before I sleep,
And miles to go before I sleep.

Isinalin ko itong “Paghinto sa Kakahuyan Isang Gabi ng Taglamig” at narito ang pagsisikap kong isatulang muli ang tula ni Frost:

Kung kaninong lupa ito palagay ko’y aking alam.
Ngunit siya’y nakatira sa bahay sa kabayanan;

Hindi niya makikita ang hinto kong ito rito
Upang masdang nahihitik sa n'yebe ang kakahuyan.

Maging munting kabayo ko marahil ay nalilito
Sa paghinto gayong wala sa malapit kahit kubo
Ngayong gabing anung sungit ng karimlan at panahon
Sa pagitan ng dawagan at ng lawang naging yelo.

Iniliglig ng kabayo ang kuliling ng gurnasyon
Upang waring kung kami nga'y namamalî ay itanong.
Walang ibang naging sagot kundi ugong ng dumating
Na simoy na bugso-bugso at bubog na umaambon.

Kakahuyan ay marilag, sakdal-dilim, sakdal-lalim,
Ngunit ako'y marami pang mga sumpang dapat tupdin,
Marami pang lalakbayin bago ako mapahimbing,
Marami pang lalakbayin bago ako mapahimbing.

Kaagad dapat mapansin ang tradisyonal na anyo ng “Stopping by the Woods on a Snowy Evening” ni Robert Frost. May takdang súkat ang unang taludtod, na binubuo ng apat na iambs, at sinunod ang padrong ito hanggang sa hulíng taludtod. Bawat saknong naman ay may apat taludtod at may tugmang isahan na nasisingitan ng naiibang dulong tugma sa ikatlong taludtod. Ang naiibang dulong tunog sa ikatlong taludtod ang siyang nagiging pangunahing tugma sa sumusunod na saknong, hanggang dumating sa ikaapat na saknong na naging purong tugmang isahan. Kayâ't kung babasáhin ay ganito ang kabuuang padron ng tugma: **aababbcbccdcdddd**.

Sinikap kong lapatan ng katulad na tradisyonal na anyo ang aking salin. Una, ginamitan ko ang aking salin ng súkat na lalabing-animin upang makabuo ng ritmong 4/4//4/4 upang itapat sa set ng apat na iambs ni Frost. Ikalawa, sinunod ko ang padrong **aababbcbccdcdddd** ng orihinal. Ang mga pagtatapat na ito ng tradisyonal na anyo sa Ingles at sa Filipino ang pinakamahirap na yugto sa aking muling-salin.

Isa pang naging problema ko ang pagsasalin ng ilang katawagang katutubo sa mga Americano at sa Kanluran ngunit wala sa ating wika.

Kailangan kong gamitin ang Español na “niyebe” (nieve) para itapat sa snow. Samantala, kailangang iwasan ko ang downy flake at ipandaya ang “bubog na umaambon.” Kung magiging makulit, maaaring sabihin na hindi magkatulad ang farmhouse at ang “kubo.” At lalo namang hindi “kabayanan” ang village. Kapansin-pansin ang pagkakapalitan ng puwesto ng ikatlo at ikaapat na taludtod sa ikalawang saknong dahil sa dikta ng padron ng tugma.

Subalit may nawala ba sa ibig sabihin ni Frost? Maliligaw ba ng pag-unawa ang isang mambabasá kung ang salin lámang sa Filipino ang kaniyang mababása? Kailangan pa ba niya ang orihinal na Frost pagkatapos mabása ang salin sa Filipino? Ang sagot sa mga tanong na ito ang pamantayan, sa wakas, kung nagtagumpay o hindi ang muling-salin.

Ferndale Homes
7 Oktubre 2005

Talâ

¹Tingnan sa Virgilio S. Almario, editor, “Makabagong Tinig ng Siglo,” Mithi 21/22, opisyal na journal pampanitikan ng Unyong ng mga Manunulat sa Pilipinas, 1989. Ang binanggit kong pagsasalin ng sawikaing Italiano ay titulo mismo ng introduksiyon sa naturang koleksiyon ng mga salin ng tula at maikling katha ng mga bantog na makata ng ika-20 siglo sa buong mundo. Ang aking halimbawa ng dalawang tulang salin, una, ang saling “Dilaw na Tagsibol” ng tula ni Juan Ramon Jimenez at ikalawa ng saling “Paghinto sa Kakahuyan Isang Gabi ng Taglamig” ng tula ni Robert Frost, ay kapuwa matatagpuan sa naturang isyu ng publikasyon ng UMPIL. Ipinagugunita ko lámang sa mga mananaliksik ang isinagawa ko ngayong ilang pagbabago sa nalathala nang salin ng dalawang tula.

ANG PITONG “HALIK” NI JUDAS

Mga mungkahing hakbang sa pagsasalin ng dula

JERRY C. RESPETO

Traduttore traditore

—Salawikaing Italiano

Maipapalagay na higit na mabusisi at masaklaw ang pagsasalin ng dula kaysa anumang larangan ng pagsasalin, pansining man o pang-agham. Mabusisi ito dahil hindi lámang isa o makalawang beses nirerebisa ang iskrip ng isang dulangsalin. Sa katunayan, hanggang hindi pa naitatanghal o nagtatapos ang pagtatanghal ng dula ay hindi pa rin natatapos ang gawain ng isang tagasalin ng dula. Masasabing isa itong patuloy na proseso hábang nakikipagbuno ang mga borador ng iskrip sa mga aspekto ng dula gaya ng disenyo ng produksiyon, konsepto ng direksiyon, at kaluguran ng mga aktor. Kayâ nga minsan, sadyang nagiging isang work-in-progress ang isang saling dula hábang patuloy itong itinatanghal ng isang pihikan at matalinong direktor.

Masaklaw rin ang pagsasalin ng isang dula dahil isinasangkot ng gawaing ito ang iba pang kaugnay na sining panteatro, partikular na ang larangan ng tula lalo na kapag nása berso ang diyalogo. Mahirap ang pagsasalin ng mga dulang taludturan dahil kailangang isalang-alang din ng mandudula ang mahigpit na pagtutumbas ng wika batay sa pamantayan ng mainam na pagtula. At madalas, kapag nása tula ang dula, hitik ito sa mga talinghagang iniluluwal ng mga tiyak na


kontekstong kultural, kayâ higit na nangangailangan ng kaukulang ingat sa pagsasalin. Dahil dito, tunay na kahingian ang isang mainam na pananaliksik para sa isang pagsasalin, hindi lámang ng dula, ngunit maging ng iba pang larangan. Gayundin, nagiging masaklaw ang larangang ito dahil nararapat isaalang-alang ng tagasalin ang mahahalagang aspekto ng pagtatanghal gaya ng musika, kasuotan, at disenyo ng tanghalan upang mabigyang kaganapan ang mis-en-scene ng isang dula.

Nagiging mabusisi at masaklaw ang pagsasalin ng dula dahil namamaybay ito sa tatlong moda o pamamaraan —ang pasulat, pabigkas, at paggalaw. Para sa aspekto ng pagsulat, mahalagang napaghahandaan ng isang tagasalin ng dula ang paglikha ng isang mainam na iskrip. Ibig sabihin, sa simula pa lámang ay buo na ang konsepto niya ayon sa kasalukuyang kalakaran ng pagsasalin—mahigpit, malaya, o nása pagitan ng dalawang hanggahang ito. Dahil ang dula ay hindi lámang nagtatapos sa iskrip, nararapat ding pakinggan ng mandudula ang tinig ng kaniyang salin bilang pagpapahalaga naman sa moda ng pabigkas. Mainam ba ng naging pagpili ng salita at pagbubuo ng pangungusap nang may pagsasaalang-alang sa paraan kung paano ito bibigkasin ng aktor? May ritmo ba ng pagsasagutan ng mga tauhan batay sa diyalogong binibigkas nilá? Sa madalíng salita, madulas ba ang paggamit ng wika? At higit pa rito, patuloy bang umaayon ang mga pinilíng salita at binuong pangungusap ayon sa direksiyon at galaw ng aktor sa tanghalan?

Batay sa ganitong mga katangian at kahingian ng pagsasalin ng dula, may mga matutukoy na tiyak na hakbang para sa pagtutumbas ng wika at diyalogo mula sa mulaang wika (MW) tungo sa saling wika (SW) nitó, at ito ay ang sumusunod: (1) pag-aaral sa teksto (Pananaliksik), (2) pagsulat ng panimulang salin (Borador), (3) panimulang pagpapakinis sa borador (Pagpunô), (4) pakikinig sa mungkahi ng direktor (Direksiyon), (5) pakikinig sa pagbigkas ng aktor (Tinig), (6) pagsasaentablado sa diyalogo (Galaw), at (7) pagsulat ng isang makinis na bersiyon (Kaganapan). Mapapansin na ang Pananaliksik, Borador, Pagpunô, at Kaganapan ay karaniwang gawain ng tagasalin ng anumang larangan. Samantala, ang Direksiyon, Tinig at Galaw ay mga

tiyak at natatanging hakbang para sa pagsasalin ng dula. (Tingnan ang flowchart.)

Mga Hakbang sa Pagsasalin ng Dula



Naaangkop lámang ang ganitong hakbang sa pagsasalin ng dula kapag may mahigpit na ugnayan ang tagasalin at direktor para sa produksiyon ng isang dulangsalin. Nangangahulugan ang ugnayang ito ng mabungang kolaborasyon ng tagasalin at direktor hinggil sa konsepto ng pagtatanghal mula sa pagsulat ng iskrip hanggang sa panahon ng pagtatanghal. Sa kabilâng bandá, hindi naman magiging angkop ang mungkahing hakbang kapag walang komunikasyong namamagitan sa tagasalin at direktor. Halimbawa, hindi matitiyak sa proseso ng pagsasalin ang pagsasagawa ng ilang mga hakbang gaya ng Direksiyon, Tinig, at Galaw kapag ipinaubaya na lámang ng tagasalin sa direktor at aktor ang pagpapaunlad (o pagpapasamá) ng salin. O higit na malubha, kapag hindi pinahintulutan ng isang tagasalin na baguhin ng direktor, aktor o ninuman ang kaniyang obra. Gayunman, magkaroon man o hindi ng partisipasyon ang direktor sa pagsasalin, sisimulan pa rin ng isang tagasalin ang kaniyang proyekto sa pamamagitan ng pananaliksik kaugnay sa materyal na kaniyang isasalin.

Pananaliksik

Mahalaga ang pagtiyak ng tagasalin sa paksa ng dulang kaniyang isinasalin at naisasagawa agad ito sa paulit-ulit na pagbása sa akda. Sa bahaging ito ng pagsasalin higit na nakikilatis ng tagasalin ang layunin ng dula. Ano nga ba ang gustong ipahayag ng dula? Ano-anong konsepto ang pinahahalagahan nitó? Halimbawa, tinatalakay ba ng dula ang konsepto ng tunay na pag-ibig (Mariposa), katapatan (Kanjincho), o katotohanan (Yun na nga!)? O itinatampok ba nitó ang idea ng kahibangan (Pagdating ng Daluyong), pagpapaimbabaw (Divinas Palabras), o paghihiganti (Pagbabalik ng Madam)? Binabatikos ba nitó ang kasamaan ng modernisasyon (Ningning sa Silangan), kapangyarihan (Romulus) o digmaan (Lysistrata)? Ang pagtiyak sa mga ganitong konsepto at layuning taglay ng dula ang nagsisilbing salalayan ng isasagawang pagsasalin. Bukod pa rito, itinatakda rin ng ilang ulit na pagbása at pag-unawa ang samot-saring salik o elemento ng dula, gaya ng tono at punto-de-bista.

Sa makailang ulit ding pagbása natutuklasan ng tagasalin kung alin pang bagay ang kinakailangan niyang saliksikin bago niya simulan ang pagsasalin. Halimbawa ay ang pananaliksik tungkol sa (1) iba pang akda at paksain ng mandudula, (2) búhay at karanasan ng mandudula kaugnay sa kinawiwilihan niyang paksa, (3) kontekstong panlipunan ng akda, at (4) mga naisagawang pagsasalin ng akda.

Halimbawa, nang isalin ko ang *The Butterfly's Evil Spell* ni Federico Garcia Lorca, kinailangan kong saliksikin ang talambuhay ni Lorca, at alamin ang iba pang akda nitó upang higit kong maunawaan ang dula na naglalaman ng mga eksenang may patungkol sa iba pa niyang akda. Nang isalin ko naman ang *The Iceman Cometh* ni Eugene O'Neill, sinubukan kong galugarin ang búhay ng mga palaboy at pilosopo sa America noong dekada 1920 upang maunawan ko ang paggamit nilá ng partikular na wika at talinghaga.

Sinubukan ko ring saliksikin ang wika ng naunang salin sa Filipino ng komedya ni Aristophanes na *Lysistrata* upang maisakatuparan ang tagubilin ng direktor sa akin na dapat kong itampok sa salin

ang kasamaan ng giyera at hindi ang idea ng seks. Tunay naman na kinailangan kong pag-aralan ang tradisyon ng paggamit ng wika at diyologo ng Kabuki nang ipagkatiwala sa akin ng Dulaang U.P. ang pagsasalin sa Filipino ng dulang hapon na Kanjincho upang higit kong mapanghawakan ang pinagmumulan kong teksto. Natutuhan ko halimbawa ang tradisyon ng Engo at Watarizerifu sa pagbuo ng diyologo para sa Kabuki.

Tradisyon ng Kabuki

Engo paglalaro ng mga salitang iisa ang kahulugan

Watarizerifu diyalogong dugtungan

Tsurane masidhing estilo ng pagbigkas (Brandon 1992,36-40)

Halimbawa ng Salin

PINUNO NG KORO

At ngayon, ang mga kuwento ng
nakaraan....

Laking kahihiyan,
ang sa puso ko'y
minsan nasabat.

Minsan nasabat,
Isang babae

na dulot, agam-agam.

Sa landas ng agam-agam,
pilit inigpawan

harang sa daraanan.

Nang igpawan ang una

Isinunod ang ikalawa

pilit pa rin lalampasan.

Ay! Mahirap lampasan,

mga matang nainipat,

ng usiserong taumbayan.

CHORUS LEADER

And now for tales of the past....

What embarrassment
my heart

once met

Once met

a woman

and confusion.

Along the road of confusion.

this barrier

Once was crossed.

Being crossed,

yet another, now,

with difficulty passed.

Ah, to pass the barrier

of people's eyes

is difficult to bear.

Samantala, patuloy akong nagbasá ng mga aklat tungkol sa pagsasalin, partikular na ang pagsasalin ng dula, at sinubukan kong maiangkop ang mga banyagang teorya sa lokal na kalakaran. Dito ko nakilóla sina Nida at Chomsky kaugnay sa kanilang ginagamit na pamantayan sa pagsasalin.

Sadyang mahalaga ang larangan ng pananaliksik bilang paghahanda sa anumang pagsasalin. Batayang kahingian ito ng mga nagsasagawa ng pagtutumbas ng wika at diwa dahil hindi maisusulong ng isang tagasalin ang kaniyang dunong sa dalawa o higit pang wika kung dahop siya sa batayang datos tungkol sa dula.

Borador

Matapos ang makailang ulit na pagbása at malalim na pag-unawa sa teksto, makatutulong para sa isang tagasalin ang pagsulat muna ng panimulang salin o borador. Bilang panimulang salin, nakatutulong ang isang huwisyong na tila ba kinokopya mo laáang ang bawat salita, pangungusap, at diyalogo sa pamamagitan ng dagliang pagsasalin nitó sa wikang Ingles. Nangangahulugan ito ng tuloy-tuloy na pagkopya at pagsasalin ng teksto hábang pansamantalang iniwan sa wikang Ingles ang mga salitâng hindi pa maihanap ng katumbas na wika lalo na't isang matapat na salin ang hinihingi ng produksiyon. Tingnan ang panimulang salin ko ng Konjincho na ang produksiyon ay humihingi ng isang matapat na salin:

Maghunos-dili tayo! (Reluctantly the three retainers return to their kneeling positions.) A crisis is no time for rash action. Kung lalaban tayo at sakaling manalo, mababalita iyan. At tiyak mahihirapan tayong makapuslit sa mga barriers. (very respectfully to YOSHITSUNE.) Kaya nga po Panginoon, nang ipagkatiwala ninyo sa akin ang pagpapalano, naisip kong ipahubad ang inyong priest's vestments at magpanggap na isang mountain porter. Kaya ngayon, Panginoon, kung mamarapatin po

ninyo, maaari po bang pakibaba pa nang kaunti ang suot ninyong salakot para lalo pang matakpan ang mga mata at magkunwaring pagud na pagod. At kung hindi po naman kalabisan, sumunod lamang kayo sa hulihan doon po sa pinakadulo, at siguradong walang sinuman ang maghihinala na kayo ang Panginoon namin. (Respeto, Kanjinko)

Mainam ang ganitong teknik dahil nahahagod ng pandamá at pang-unawa ang daloy ng bawat eksena, at nakalilikha agad ng ritmo ang pagpapalitan ng diyalogo. Sa gayon, nagkakaroon ng pansamantalang larawan ang pagtatanghal ng mga eksena at tuloy nakapaglalaro ang tagasalin kung hanggang saan siya magiging makata at kailan siya magiging mandudula. Gaya nga ng sabi ni Schlegel sa kaniyang “Lectures on Dramatic Art and Literature”:

Since we have already shown, visible representation is essential to the very form of drama, a dramatic work may always be regarded from a double point of view – how far it is poetical and how far it is theatrical. The two are by no means inseparable. (Clark 1965, 285)

Dagdag rito, dahil nakapagsaliksik na ang tagasalin tungkol sa dulang isinasalin, magiging kawili-wili rin ang dagliang salin kung agad niyang magagamit ang mga nakalap na datos upang magagad niya ang intensiyon, pananalita, at kilos ng awtor hábang isinusulat nitó ang dula.

Pagpunô

Ang pagpunô sa mga naiwang salitang Ingles sa dagliang pagsasalin sa Filipino ng dula ang maituturing na unang rebisyon ng borador ayon sa pagtayà ng tagasalin. Ito rin ang unang pagkakataón ng pagpapakinis ng mga diyalogo alinsunod sa itatakdang pamantayan ng pagsasalin. Dito sa pagpunô nagiging tiyak ang estratehiya sa pagsasalin. Kaugnay rito, may mga mungkahing ibinigay si Roger T. Bell, at ito ay ang mga

sumusunod: “(a) to reproduce either the forms or the ideas of the original; (b) to retain the style of the original or adopt a different style; (c) to retain the historical stylistic dimension of the original or to render it in contemporary form; (d) to produce a text which reads like an original or one which reads like a translation; (e) to add or omit words, phrases, clauses.... or to attempt to transfer everything from source to target text.” Samantala, naghanay naman si Catford ng mga katawagan sa pagsasalin na binigyan niya ng kaukulang paliwanag: malayang pagsasalin (free translation), salita-sa-salita (word for word), at literal na pagsasalin (literal translation).

Subalit may mga pagkakataóng mahirap tumbasan ng Filipino ang ilang mga salitâng Ingles dahil (1) tiyak ang salita sa partikular na kultura kayâ mahirap isalin, (2) wala talagang katumbas na salita, (3) walang isang salitâng katumbas at kailangan ang mahabàng paliwanag para maisalin, o (4) salitâng hiram ang mismong isinasalin. Sa ganitong mga pagkakataón maaaring gawin ang mga sumusunod: (1) itumbas o gamitin ang salitâng karaniwan, (2) gamitin ang salitâng “ligtas,” (3) itumbas ang katapat na diwa sa lokal na kultura, (4) panatiliin ang salitang hiram at dagdagan ng maikling paliwanag, (5) isalin o ipaliwanag sa pamamagitan ng sariling pagkaunawa, (6) isalin nang may kaukulang bawas. Tingnan ang mga halimbawang pagsasalin na ginawa ko para sa *Light in the Village*, at *Kanjicho*.

Light in the Village / Ningning sa Silangan, John Clifford

Pagsasalin ng salitang *Light*:

Ilaw (karaniwan)

Liwanag (abstrakto ang rehistro)

Tinghoy (luma)

Liyab (marahas ang tono)

Ningning (angkop dahil nakuha ang mapangrahuyong kahulugan)

Kanjicho, Namiki Gohei

Japones

Tokin

Suzukake

Oi

Kanjicho

Ingles

Hat

vestment

Bag

Subscription List

Filipino

Salakot

abitong suzukake

Oi

Kanjicho

Isa sa mga kinakaharap na problema ng tagasalin ng dula ay ang paggamit ng idyoma, dayalek, o idyolek ng mga tauhang nagsasalita sa dula na sadyang mahirap isalin dahil kundi man mahirap unawain ay may dalawa o higit pang kahulugan. May mga pagkakataón ding wala talagang katumbas ang mga talinhagang ito sa pinagsasalinang wika o kung may katumbas naman ay magkaiba ang konteksto. Dito tunay na kinakailangan ang masusing pag-unawa sa wika para ito maisalin lalo na kung ang isang dula ay nása tiyak na panahon at tagpuan gaya ng *The Iceman Cometh* na gumagamit ng wikang Ingles sa America noong dekada 1920:

<p><i>The Iceman Cometh/</i> Eugene O’Neill</p>	<p><i>Pagdating ng Daluyong</i></p>
<p><u>Ingles (MW)</u> LARRY Unless you can call what Heine write in his poem to morphine an answer ‘Lo sleep is good, better is death; in sooth, The best of all were never to be born</p>	<p><u>Filipino (SW)</u> LARRY P’wera na lang kung tatanggapin mo ang morpina bilang sagot, gaya ng sinasabi sa tula ni Heine: Tunay na mainam nga ang pagtulog. Pero, mas mainam ang payapang kamatayan. Subalit ang hindi na lang maisilang angpinakamainam sa lahat</p>

Sa pagpupunô ng mga salita, mahalagang isinasaalang-alang ang tinatawag na “konteksto” ni Baker:

The context in which an utterance occurs determines the range of implicatures that may sensibly be derived from it....Apart from the actual setting and the participants involved in an exchange, the context also includes the co-text and the linguistic conventions of a community in general. (Baker 1992, 238)

Direksiyon

Ang direksiyon ang pang-apat na hakbang ng pagsasalin. Isinasaalang-alang nitô ang pagrerebisa ng pinakinis na salin batay sa mungkahing

direktor. Sa bahaging ito natutunghayan ang kolaborasyon ng direktor at tagasalin, partikular na ang tungkol sa pagtatakda ng magiging lapit o estilo ng dula. At alinsunod dito, muling iniaangkop ng tagasalin ang kaniyang wika sa kabuuang konsepto ng dula. Halimbawa, sa pagsasalin ko ng dulang *Romulus: The Great*, kinailangan kong baguhin ang ilang konsepto dahil sa pagbabago ng kaligiran ayon sa konsepto ng direktor. Pagtatangkaan ng PETA na gawing moderno ang rehistro ng dulang ang tagpuan ay 476 AD. Isa pang halimbawa, sa dulang *Mariposa*, kinailangan kong gumawa ng ilang rebisyon dahil may mga tagpo sa dula na isinayaw at ginamitan ng galaw, bukod pa sa mga diyalogong inawit. May mga kaukulang rebisyon din akong isinagawa para sa katapusan ng dula bunga ng pagbabago sa direksiyon. Kailangan kong muling gumawa ng panibagong diyalogo dahil binago ng direktor ang (1) paraan kung paano mamamatay ang bidang lalaki sa dula at (2) ano ang mangyayari sa kapalaran ng *Mariposa*.

Gayundin, dahil tinangka ng produksiyon ng *Mariposa* na isa-Filipino ang kabuuang diwa ng dula kaya isinalin ko rin sa Filipino ang mga pangalan ng tanghalan. Halimbawa:

The Butterfly's Evil Spell / Ang Malupit na Encanto ng Mariposa
 Federico Garcia Lorca

<u>INGLES (MW)</u>	<u>FILIPINO (SW)</u>
Boybeetle	Salaginto
Butterfly	Mariposa
Witch Beetle	Uwang Salagubang
Madam Beetle	Donya Salagubang
Granny Beetle	Lola Salagubang
Auntie Beetle	Tiya Salagubang
Scorpy	Alak-dan
Sylvia Beetle	Ibyang Salagubang
Saint Beetle	Santa Salagubang
Field Beetles	Mga Salagubang-Bukid
Fireflies	Mga Alitaptap

Ginamit kong inspirasyon ang pagsasalin ni Rolando Tinio sa kaniyang Santa Juana ni George Bernard Shaw:

St. Joan / Sta. Juana
George Bernard Shaw

INGLES (MW)	FILIPINO (SW)
Poly	Pule
Jack	Juaning
John of Honecourt	Juan Bulwagan
John Godsave	Juan Habag-Diyos
Dick the Archer	Carding Mamaril
Old Gruff-and-Grum	Tandang Kunot-noo
Foul Mouthed Frank	Franking Masama ang Bunganga
Bluebird	Balbasul

Sa bahaging ito nagaganap ang isa pang antas ng pagsasalin na maituturing na mahalagang tungkulin ng isang direktor ng dulangsalin—ang pagsasalin ng nakasulat na teksto sa tanghalan. Sabi nga ni Anna Ubersfeld:

The task of the director, therefore, is to translate into another language, a text to which he has a prime duty to remain faithful. This position is based on the concept of semantic equivalence between the written text and its performance; only the mode of expression will be altered, the form and content of the expression will remain identical when transferred from a system of less-signs to a system of performance-signs. (Bassnet-McGuire 1988, 120-121)

Kapansin-pansin sa pahayag na ito ni McGuire na sadyang kakambal ng direksiyon ang tinig ng mga aktor dahil kapag nabago ang estilo at rehistro ng dula, nagbabago rin ang tinig o wika ng aktor.

Tinig

Tumutukoy ang tinig sa wikang binibigkas ng aktor sa dula. Kung tutuusin, ang tinig ang pinakautak ng dulangsalin dahil sa mga tinig na ito nagkakaroon ng diwa at saysay ang isang pagtatanghal. Sa mga wika o diyalogong nililikha ng tagasalin nabubuo at nakikilála ang mga tauhan ng dula. Dito rin sa mga tinig na ito natitiyak ang layunin at kakintalan ng akda. At higit sa lahat, ang tinig na ito ang nagtatakda ng kabuuang tono at kayarian ng wika.

Karaniwan, muling nirerebisa ng isang tagasalin ang dula matapos mapakinggan itong bigkasin ng mga aktor sa isang reading o pagbása dahil minsan, hindi madulas ang pagkakaayos ng diyalogo kapag binibigkas na ng aktor; o kayâ naman, maaaring hindi lohikal ang kayarian ng diyalogo batay sa pandinig; o may pagkakataóng sadyang mahabà ang pagkakabuo ng pangungusap at hindi mákapâ ng aktor ang tamang caesura o paghinga.

May ilan akong hakbang na isinasagawa upang matugunan ang pangangailangan ng mga aktor at mapagbuti ang tinig ng dula. Upang maging madulas ang daloy ng diyalogo, muli kong kinukuha ang diwa ng dula, at sinasabi ko ito sa isang “di-pilit” o “aral” na pamamaraan—ibig sabihin, sa karaniwang ayos kung paano rin ito karaniwang ipinapahayag. Nakatutulong din sa pagpapadulas ng wika ang pagtatangka na isakonteksto ang wika sa tiyak nitóng tagpuan, at maging maláy kung paano maaaring magsalita o mag-usap ang mga tauhan sa partikular na situwasyon at kaligiran. Tingnan kung paano ko isinalin ang isang maigting na eksena sa Divina Palabras:

MARICA DEL REINO
Sister-in-law! How dare you call
me sister-in-law. It chokes me to
hear it!

MARI GAILA
Go on, speak up! I've nothing to
be afraid of!

MARICA DEL REINO
Whore!

MARICA DEL REINO
Hipag! Leche ka! Wag na wag
mo akong matatawag na hipag!
Bumabaligtad ang sikmura ko?

MARI GAILA
Anuman ang sabihin mo, hindi
ako natatakot!

MARICA DEL REINO
Patotot!

PEDRO GAILO

Show some respect for the dead by keeping that mouth of yours firmly shut! I would have thought that the presence of death would have prevented such a foul outburst!

ROSA LA TATULA

You're frightening me.

PEDRO GAILO

It's that corpse out there crying out for a decent burial that's responsible!

MARICA DEL REINO

Well, go on and arrange it then. He didn't die in my care so the burial's not my problem!

MARI GAILA

Witch!

MARICA DEL REINO

Whore!

PEDRO GAILO

Ipreno mo yang bunganga mo. Igalang mo ang patay. Akala ko pa naman, tatahimik ka, dahil may patay.

ROSA LA TATULA

Tinatakot n'yo ko.

PEDRO GAILO

Kawawa kasi ang patay. Kailangan n'ya ng disenteng libing.

MARICA DEL REINO Aba'y di lumarga ka! Ipalibing mo! Wala akong kinalaman sa pagkamatay n'yan, kaya hindi ko problema yan!

MARI GAILA

Hukluban!

MARICA DEL REINO

Burikak!

Nakatutulong din ang pagbigkas nang malakas sa diyologo at pagbabawas ng salita. Gamit ang ideang nais ipahayag ng mga tauhan sa dula, muli kong binibigkas nang malakas ang diyologo batay sa karaniwang pag-unawa hábang kinakausap ang sarili. Gaya nga ng sabi ni McGuire: “at all times the translator must hear the voice that speaks and take into account the gesture of the language, the cadence, rhythm, and pauses that occur when the text is spoken.” (Bassnet-McGuire 1988, 122)

Hindi maiiwasan ang magbawas ng mga linya lalo na sa mga diyalogong maligoy upang makamit lámang ang katiyakan ng diwa. Dahil sa ganitong mga pangangailangang pantinig, hindi lámang ang panuntunan ng retorika at balarila ang nalalabag ng ganitong solusyon kundi pati na rin ang ideal na konsepto ng pagsasalin ng diyologo—na dapat magsinghabà ang diyologo ng mulaang wika at salingwika upang maging magkasukât din ang oras ng pagbigkas nitó sa tanghalan.

Gayunaman, dahil mahalaga ang pagsasaalang-alang sa aspekto ng tinig sa larangan ng dula kayâ nararapat lámang na umayon ang salin sa kaluguran ng mga aktor. Gaya nga sabi ni Baker, “the words of a language often reflect not so much the reality of the world, but the interests of the people who speak it [Palmer 1976, 21].” (Baker 1992, 18)

Galaw

Panahon pa raw ni Cicero ay isyu na kung anong paraan ng pagsasalin ang nararapat. Ang literal ba na pagsasalin, na ang ibig sabihin ay ang pagsasaalang-alang sa bawat salita (word-for-word)? O ang malayang pagsasalin, na ang ibig sabihin ay ang pagsasaalang-alang sa kahulugan (meaning-for-meaning)? Ayon kay Roger T. Bell, mapupulaan ang sinumang tagasalin alinman ang piliin niyang pamamaraan. Kapag ginamit niya ang literal na salin, pipintasan ang kaniyang gawa at sasabihing pangit ang matapat na salin. At kapag ang malayang salin naman ang kaniyang pinili, pipintasan pa rin ang kaniyang gawa at sasabihing hindi wasto ang isang mainam na salin (Bell 1991, 7). Subalit may pasubali si Bell hinggil dito. Sabi niya, hindi ang likás na katangian ng mismong teksto ang tampok sa isang salin, sa halip ay ang layunin kung bakit isinasalin ang akda (Bell 1991,7). At sa kaso ng dula, maaaring ipalagay na ang tinutukoy na ito ni Bell ay ang konsepto ng galaw na maituturing na tiyak na layunin kung bakit isinasalin ang isang dula. At higit pa itong magkakaroon ng kabuluhan kung idudugtong pa rito ang isa pang pahayag ni McGuire na sadyang mahirap ihiwalay ang teksto sa pagtatanghal, dahil binubuo raw ang teatro ng tambalan ng dalawang ito (Bassnet-McGuire 1988, 120).

Higit pa sa pagtutumbasan ng wika at pagsasaalang-alang sa konteksto, ang pagsasalin ng dula ay pagsasaalang-alang din sa teksto ng galaw (TG) o gestural text. Ito ang tekstong nagtatakda ng galaw ng isang actor hábang binibigkas niya ang diyalogo. Nakatutulong ang teksto ng galaw na ito sa pagsasalin dahil higit na nagagawang tumpak ng tagasalin ang pagpili ng angkop na salita sa hanay ng magkakasingkahulugang salita. Sa pamamagitan ng teksto ng galaw, naisasalarawan ang distansiya ng mga aktor sa tanghalan at kung paano siya gumagalaw sa espasyo ng entablado; ang postura niya

kung nakatayô ba siya o nakaupô, o nakahiga, susugod ba siya o hihimpil. Gaya ng taguri—teatro ng galaw—hindi ito naririnig subalit naipahihawatig ito sa pamamagitan ng tono at punto-de-bista ng nagsasalita.

Pansinin kung paano ko malayang isinalin ang mga diyalogo buhat sa dulang *Lysistrata* nang may pagpapahalaga sa teksto ng galaw:

WOMAN 2

(she has been grabbed by one of the old men) Help! Leave me! Go! You dog!

WOMAN 1

Leave her alone, you simpering corpse!

MAN 1

I wouldn't have believed it – an army of women in the Acropolis!

WOMAN 1

You scum, you lowest of the low. Male hags, rag bags

MAN 2

This is a sight I never thought to see. A swarm of women buzzing around the Acropolis!

WOMAN 2

You're so scared, you'll dirty your pants. But you ain't seen nothing yet.

MAN 3

(stamps his foot) I will not be talked about to by a woman! (indicating man to next to him) Pick up a log, Phaedrias, and crown in her cranium.

BABAE 2

(she has been grabbed by one of the old men) Saklolo! Walanghiya ka! Bitiwan mo ako! Ulol!

BABAE 1

Hoy! Bitiwan mo siya! Namamagang bangkay!

LALAKE 1

Tama ba itong nakikita ko? Bata-batalyong babae sa Akropolis!

BABAE 1

Hoy panget! Ikaw ang pinakapanget sa lahat ng mga panget!

LALAKE 2

Aba! Iba na ito! Sandamakmak na babae. Hindi magkamayaw. Parang pinutakte ang Akropolis!

BABAE 2

O e di nagkakandatae ka ngayon sa takot! Humanda ka at di mo pa nakikita ang hanap mo! Isa ka pang panget!

LALAKE 3

(stamps his foot) Di pa ipinanganganak ang babaeng lalapastangan sa aking pagkalalake! (indicating man to next to him) Sugod mga kasama! Sindihan ang bumbunan ng mga lapastangan!

Kaganapan

Ang kaganapan ang inaasahang hulíng bahagi ng pagsasalin ng dula. Matapos ang makaapat o higit pang rebisyon ng iskríp, masasabi nating ganap na ang isang dulangsalin. Nangangahulugan ito ng pagiging handa ng dulangsalin para itanghal sa publiko matapos ang mga rebisyong pinagdaanan nitó buhat sa direktor, aktor, at mismong tagasalin. Subalit may mga pagkakataóng patuloy pa rin ang pagsasagawa ng kaukulang rebisyon sa panahon ng pagtatanghal nitó bunga ng mungkahi ng direktor at ilan pang kasapi ng pangkat pansining ng organisasyong panteatro. Dito karaniwang nagaganap ang pagpuputol ng mga linya kapag mahabà pa rin ang mga diyalogo ng mismong dula sa pananaw ng mga manonood at inimbitang kritiko.

Nakakamit lámang ang tunay na kaganapan ng isang dulangsalin matapos makamit ang positibong reaksiyon ng manonood, na nangangahulugan na mainam ang pagkakasalin ng dula. Makakamit ito kung ang mga mainam na katangian ng mulaang teksto ng dula ay naiangkop ng tagasalin sa pinatutunguhan nitóng konteksto nang hindi nawawala ang intensiyon ng orihinal na dula. At dahil sa ganitong katangian ng pagsasalin ng dula kayâ kadalasan, bahagi na lámang ng orihinal ang naiiwan sa isang dulangsalin. Sadyang may mawawaglit o madadagdag na anumang bagay sa pagsasalin ng dula, partikular na kung susundan ang nailatag na modelo ng pagsasalin. Bunga ng ganitong pakikialam ng tagasalin sa orihinal na akda, o panghihimasok ng tagasalin sa tunay na layon ng awtor, kayâ napaparatangan ang tagasalin ng isang “traydor.”

Sanggunian

- Baker, Mona. 1992. *In other words*. New York: Routledge.
- Bell, Roger T. 1991. *Translation and translating*. London: Longman Group Ltd.
- Catford, J.C. 1965. *A linguistic theory of translation*. London: Oxford University Press.
- Gentzler, Edwin. 2001. *Contemporary translation theories*, rev. 2nd ed. Clevedon: Multilingual Matters Ltd.

- McGuire, Susan Bassnet. 1988. *Translation studies*. New York: Routledge.
- Neubert, Albrecht and Gregory M. Shreve. 1992. *Translation as text*. Kent: Kent University Press.
- Nida, Eugene. 1964. *Towards a science of translating*. Netherlands: E.J. Brill.
- Shaw, George Bernard. 1924. *Bernard Shaw's Saint Joan, Major Barbara, tandrocles and the lion*. New York: Modern Library.

MGA HAMON SA PAGSASALIN SA *Nanyang Piaoliuji* NI BAI REN

JOAQUIN SY

Marami-raming akdang Chino na rin ang naisalin ko sa Filipino mula nang simulan ang gawaing ito mga tatlumpung taon ang nakaraan. Kabílang sa mga ito ang mga sanaysay, manwal, teksbuk, maikling kuwento, awit at tula, isang nobela, at kung ano-anong dokumento. Pinakamarami ang tula, na karamiha’y tula ng mga makatang Tsino, kasama na ang mga tula nina James Natengchoon, Bartolome Chua, Benito Tan, Sze Manchi at Grace Lee, na nagsipagtamo ng Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas mula sa Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL).

Higit sa lahat, ang pagsasalin mula Chino patungong Filipino ay itinuturing kong instrumento sa pagpapabuti sa ugnayan ng mga Filipino at Chino. Munting ambag din sa pagpapayaman sa kulturang Filipino.

Sa mga naisalin, itinuturing kong pinakamahalaga ang nobelang *Nanyang Piaoliuji* ni Bai Ren, kilalang manunulat na Chino. Bagama’t nakabase sa Fujian at Beijing ang may-akda, ang nobela ang itinuturing na kauna-unahan at isa sa pinakamahalaga, kundi man

pinakamahalagang nobela tungkol sa mga Chino sa Filipinas. [Nanyang ang tawag ng mga Chino sa rehiyon sa gawing timog-silangan ng China. Kabilang sa rehiyong ito ang Filipinas.] Ang salin ng nobela rin, na inilimbag ng UP Press sa ilalim ng pamagat na *Lagalag sa Nanyang*, ang pinag-ukulan ko ng pinakamaraming panahon, bukod pa sa nanalo ito ng National Book Award mula sa Manila Critics Circle noong 2008.

Dito’y nais kong ibahagi ang mga naging karanasan, lalo na ang mga naging hámon, sa pagsasalin sa nobela ni Bai Ren.

Si Bai Ren at ang kaniyang nobela

Una muna, sino si Bai Ren at bakit mahalaga ang kaniyang nobela?

Bai Ren ang pen name ni Wang Nian Song, nobelista at dramatista, na isinilang sa Jinjiang, Fujian – ang pinagmulan ng karamihan ng Chino sa Filipinas – noong Oktubre 12, 1918. Nagpunta siya sa Filipinas noong 1933 para tumulong sa tindahan ng isang kamag-anak. Tumira siya sa Iloilo, Negros Occidental, at Cebu, hanggang pumirme sa Maynila.

Sa Maynila, nag-aral siya sa Tiong Se Academy, ang kauna-unahang paaralang Chino sa bansa. Lumipat siya sa Philippine Chinese High School (ngayo’y Philippine Cultural College) at sinuportahan ang pag-aaral hábang nagtatrabaho bílang newsboy. Bumalik siya sa China noong 1937, bago ito sakupin ng Japan, at ipinagpatuloy ang pag-aaral sa Jimei High School sa Fujian. Nang makatapos ng pag-aaral, nagtungo siya sa Yen’an at lumahok sa pakikibaka laban sa mga Japanese sa loob ng walong taon, hanggang maging aktibong kalahok siya sa giyera sibil.

Nagsulat si Bai Ren mula 1936 hanggang 1996, at nakasulat siya ng tatlung libro. Isa sa mga ito ang *Nanyang Piaoliuji*, na ibinatay niya sa mga naging karanasan niya sa tatlo hanggang apat na taóng pamumuhay sa Filipinas noong panahon ng kaniyang kabataan.

Bago inilimbag bílang libro, inilathala ang *Nanyang Piaoliuji* noong 1983 bílang serye sa *Wenjiang Bao*, isang pahayagan sa Hong

Kong. Pagkuwa’y inilimbag ito sa Guangzhou nang taón ding iyon. Nang sumunod na taon, inilathala ito bilang serye sa *World News*, ang pangunahing pahayagang Chino sa Maynila.

Bagama’t naging tanyag sa China ang makabayang dulang *Bing Lin Cheng Xia (Enemy Troops at the City Gate)* ni Bai Ren, na unang itinanghal noong 1962 at tatlong beses pinanood at pinuri ng mismong Premier Zhou Enlai, hindi siya nakaligtas sa Cultural Revolution na pinangunahan nina Jiang Qing at Lin Biao. Binansagan siyang reaksiyonaryo at pinarusahan ng sampung taóng *hard labor* sa Gansu at Hunan.

Sa ganitong konteksto tinitingnan ang nobelang *Nanyang Piaoliuji*, kung kayâ naman sinasabing isa itong mahalagang akda ni Bai Ren. Kung gayo’y mahalaga rin ang salin nito sa Filipino.

Problema at Hámon

Pangunahing hámon ang malaking kaibhan ng dalawang wika.

Bagama’t mga wika ng dalawang bansang bukod sa kapuwa Asyano ay magkalapit o magkapitbahay, at mahigit sanlibong taón nang may mahigpit na ugnayan sa isa’t isa, totoong banyaga sa isa’t isa ang wikang Chino at wikang Filipino. Banyaga sa lahat ng aspekto ng wika, pabigkas man o pasulat. At ito ay batid ng sinumang estudyante ng dalawang wika.

Kaugnay nitó’y pangangahasan kong sabihin na mabibílang sa daliri ang mga táong tunay na may kasanayan sa dalawang wika. At kaugnay pa rin nitó kung bakit kakaunti, o bihirang-bihira ang salin sa Filipino ng mga akdang Chino. Kung may nababása mang mga salin sa Filipino ng mga akdang Chino, malamang na ang mga ito’y isinalin mula sa saling Ingles.

Kayâ naman walang direktang salin sa Filipino mulang Tsino na maaaring maging modelo sa ginawang pagsasalín sa nobela ni Bai Ren.

Mga bentaha

Ngunit may bentaha rin ang kawalan o kakulangan ng modelo. Nang dahil dito’y wala ring nakasasakal o nakalilimitahang mga alituntunin o pamantayan. Mas malayang makapag-eksperimento ang tagasalin. Mas malayang makapaglagalag sa pagitan ng dalawang wika.

At kahit paano’y nakahugot ng mumunting modelo sa mga naging karanasan ko sa pagsasalin sa Filipino mulang Chino, ng marami-rami na ring mga tula, sanaysay, at kuwento.

Tiyak na naging bentaha rin ang pagiging Tsinoy, ang paging mestisong Filipino-Chino. Nakatulong ang pangyayaring mula pagkabatà’y nagkaroon ako ng pagkakátaóng mapag-aralan ang wika, kultura, at kasaysayan ng dalawang bansa.

At bílang Tsinoy pa rin na isinilang at lumaki sa Filipinas, hindi banyaga sa akin ang marami sa mga naging karanasan ni A Song, ang pangunahing tauhan sa nobela.

Gaya ni A Song na nagpalipat-lipat sa ilang lalawigan bago tumira sa Maynila, ako’y laki sa probinsiya, kung kayâ’t gaya ni A Song, naging bahagi ng búhay-batà ko ang mga tindahang sari-sari, ang pakikisalamuha sa mga kababatàng Filipino, ang pamamaril ng mga manok at ibon, ang paliligo at panghuhúli ng isda sa ilog, ang pag-igib ng tubig, at pagsibak ng panggatong.

Gaya ni A Song, nang maghay-iskul sa eskuwelahang Chino sa Maynila ay naranasan kong mag-edit ng *student paper* at magrebelde laban sa mga gurong itinuring na reaksiyonaryo at hindi kanais-nais. Naranasan kong sumigaw ng mga islogang anti-Japanese at gumuhit ng mga poster na anti-Japanese nang tangkaing sakupin ng mga “militaristang Japanese” ang isla ng Diaoyutai sa pagpasok ng dekada 70 ng nagdaang siglo, at ipagsigawan kasáma ng mga kaeskuwela, na ang munting isla’y “sagradong bahagi ng lupaing Chino na hindi maaaring sakupin ninuman”.

Gaya pa rin ni A Song, naranasan kong magtrabaho para suportahan ang pag-aaral. Hindi man nakaranas maging *newsboy* at ahente ng katol gaya niya, gaya niya’y naranasan kong mamasukan sa pahayagang Chino at magsalin ng mga balita mulang Ingles patungong Chino. At gaya pa rin ni A Song, sa panahon ng aking kabataan, kahit paano’y nakapagsulat ako ng ilang artikulo at kuwento para sa *literary page* ng mga pahayagang Chino.

Idagdag pa rito, ang aking ama ay isang migranteng Chinong dumating sa kapuluang ito sa panahon ng kaniyang kabataan. Naging bahagi ng aking kabataan ang pakikinig sa kaniyang mga kuwento tungkol sa bayan niyang iniwan at sa mga karanasan niya bílang migrante sa bayang kumupkop sa kaniya at maraming-marami pang migranteng Chino. At mula sa kaniyang mga kuwento’y nalaman kong naranasan niya ang ilang pinagdaanan ni A Song at iba pang mga tauhan sa nobela ni Bai Ren.

Anupa’t ang lahat ng pinagsáma-sámang mumunti at hiwa-hiwalay na karanasang ito, na tulong-tulong na bumuo at humubog sa tatawagin kong sensibilidad ng Tsinoy, ay tiyak na nakatulong nang malaki upang ma-*internalize* ko ang nobela ni Bai Ren.

Bayang Mapulo

Kailangang banggitin na hindi man binanggit ang Filipinas bilang lunan ng nobela ni Bai Ren, at tinukoy lámang ito bílang “bayang mapulo,” isinalaysay niya sa artikulong pinamagatang Biyahe Patungong Yenan, na nalathala noong Agosto ng 1981, ang mga naging karanasan niya sa Filipinas noong dekada 30 ng nagdaang siglo, na malinaw na siyang pinaghanguan ng mga pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan sa Nanyang Piaoliuji, na inumpisahang sulatin sa tag-init ng 1979 at natapos sa tagsibol ng 1982.

Kayâ naman bagama’t umikot sa pakikipagsapalaran ni A Song at iba pang pangunahing tauhan, mahigpit na nakaugnay ang nobela ni

Bai Ren sa naging karanasan ng mga Chino sa Filipinas. Ito’y pagsulyap sa kasaysayan, pagsilip sa búhay-Chino sa Filipinas.

Ito, para sa akin, ang pangunahing kabuluhan ng salin. May kabuluhan ito hindi lang para sa mga Tsinoy, lalo na sa mga kabataang Tsinoy na hindi na nakababása ng Chino, kundi maging sa iba pang Filipinong may interes at malasakit sa mga kapatid na Tsinoy.

Mandarin o Hokkien?

Ngayo’y magagawi ako sa isa pang pangunahing problema o hámong nakaharap sa proseso ng pagsasalin sa nobela.

Ano ang dapat gamitin sa mga pangngalang sa halip isalin ay ginamitan ng transkripsiyon sa wikang Chino? Mandarin o Putonghua ba, na siyang pambansang wika ng China, o Hokkien, na siyang wika sa Fujian, ang lalawigang pinanggalingan ng maraming Chino sa Nanyang?

Ipinasiya kong gamitin ang Hokkien, na siyang *lingua franca* sa komunidad na Chino sa Filipinas, para sa mga pangngalang natatangi sa Fujian sa timog China. Kabílang dito ang *Tengsua*, *huankhe*, *tuadi*, *tuadikuan*, *huanna*, *huanpo*, *taoke*, *tsutsiya*, at iba pa.

Hokkien din ang ginamit sa mga pangalan at palayaw ng mga pangunahing tauhan: A Song, Ting Giokhong o A Hong, A Chuan, Tan Sua, Dy Koyi, Lim Kui, Ang Yaohua, Ang Yaocho, Ping Naibun, Ong Sian, at iba pa.

At Hokkien pa rin ang ginamit sa *kinship terms* o katawagan sa mga kamag-anak: *ahia*, *sioti*, *siobe*, *papa*, *mama*, *achiak*, *apeh*, *aku*, *achim*, *angkong*, *ammah*. Ang totoo, marami sa mga *kinship terms* na Hokkien ang malaon nang nagbagong-anyo at naging bahagi ng wikang Filipino.

Sa pangkalahata’y natural sa mga Chino sa Filipinas na Hokkien ang gamitin para sa mga pangngalang nabanggit sa itaas. Ang mga ito ang gamit sa pang-araw-araw na usapan.

Mandarin o Putonghua naman ang ginamit sa mga pangngalang hindi natatangi sa Fujian, halimbawa’y pangalan ng mga lugar sa Tsina: Beijing, Nanjing, Guangdong, Guangzhou, Tianjin, Hubei, Wuhan, at iba pa.

Mandarin ang pinilì para sa mga pormal na pangngalan gaya ng pamagat ng mga publikasyon at akdang pampanitikan (*Qiaoshang Ribao, Jiuwang Yuekan, Jiuguo Shibao, Zhongshan Congshu, Dongfang Zazhi, Si Shu, Hong Lou Meng*), pangalan ng mga eskuwelalan (Nanyang Zhongxue, Huaqiao Xiaoxue, Qiaoshang Zhongxue), at pangalan ng mga tauhan o personalidad sa kasaysayang Chino (Zhang Xueliang, Yang Hucheng, Zhu Yuanzhang, Hong Xiuquan, Wang Ansi, Wang Jingwei).

Huaqiao o Huakiao?

Pinakamatagal kong pinag-isipan, o binuno, kung ano ang gagamitin para sa “Chino sa ibayong dagat.” Huaqiao ba o huakiao? Ito ang pangngalang Chinong pinakamadalas ang gamit sa nobela. Pagkatapos ng matagal-tagal ding pag-uurong-sulong ay ipinasiya kong gamitin ang huaqiao, ang terminong Mandarin, dahil popular na popular na ito sa loob at labas ng China. Ito ang istandard na termino para sa “Chino sa ibayong dagat” o “Overseas Chinese,” lalo na sa mga pag-aaral tungkol sa Chinese diaspora.

Isa pa’y ito ang ginamit sa pangalan ng mga paaralan at publikasyon. Kayâ minarapat na ito na rin ang gamitin bílang pangkalahatang tawag sa mga Chino sa ibayong dagat. Makagugulo lang sa mambabasá kung gagamitin ang *huaqiao* sa mga pormal na pangngalan, at *huakiao* naman sa iba pang pagkakátaón.

Gaya ito ng pangyayaring makagugulo lámang sa mga mambabasá kung gagamitin ang pangngalang Hokkien na Lamyu sa halip na ang nakagawiang Nanyang, na siya na ring istandard na termino para nga sa rehiyong nása gawing timog at timog-silangan ng China.

Nang maimbitang magsalita sa nakaraang *Ambagan* para magpanukala ng mga salitang Chinong maaari nang isâma sa *UP Diksiyonaryong Filipino*, ganito rin ang ginawa kong batayan o konsiderasyon kung babaybayin batay sa tunog-Mandarin o tunog-Hokkien ang mga iminungkahing salitâng Chino.

Kailangang aminin ko na madalas na naging batayan sa pagpapasiya kung Mandarin o Hokkien ang gagamitin sa iba't ibang pagkakataón ang tinawag nga nating sensibilidad ng Tsinoy, o tawagin na nating *wido* ng Tsinoy, na nabuo sa limang dekada ng búhay-Tsinoy mula Isabela hanggang Binondo, at ang maraming taóng iniukol, kung minsa'y aktibo at kung minsa'y pasibo, bílang mag-aaral ng wikang Chino at wikang Filipino.

Sa aking palagay, higit na mahalaga at maaasahang gabay kaysa mga alituntunin ang sensibilidad o *wido* sa búhay na gamit ng alinmang wika.

Kaunting Lasang Chino

Sa pangkalahata'y sinikap kong gumawa ng semantikong salin ng nobela. Ngunit, hangga't ipinahihintulot ng pagkakataón, at hangga't posibleng gawin batay sa katangian ng dalawang wika, sinadya kong gawing literal ang salin sa ilang idyoma at parirala: parang langgam na nahulog sa mainit na kawali (hindi mapakali), may kunehong tumatalon-talon sa dibdib (labis na kinakabahan), tumakas mula sa bunganga ng tigre (tumakas mula sa kapahamakan), sumulpot na parang labóng pagkatapos ng ulan (katumbas ng “sumulpot na parang kabute”).

Literal din ang salin sa ilang kasabihan: Ang táo na kayâng magtiyaga, nagiging angat sa iba. Ang mabisâng gamot, mapait sa bibig. Kung magkapatid ay iisa ang puso, lupa ma'y nagiging ginto. Kung ngayo'y may alak ngayo'y maglasing, huwag isipin kung búkas ano'ng darating. Kung sa pundò'y mahalaga ang balát, sa tao'y mahalaga ang mukha. Ang luad na hindi hinubog, hindi naghuhugis mangkok. Gaano man kasiksik ang balát ng itlog, lalabas at lalabas ang nása loob.

Ginawa ito para mapanatili ang kaunting *Chinese flavor* o lasang Chino ng nobela. Bahagi pa rin ito ng pagtatangka at pagsisikap na makapagpasok ng mga elementong Chino sa wikang Filipino. Kung natanggap bílang bahagi ng wikang Filipino ang idyomang Ingles na “sumulpot na parang kabute”, bakit hindi matatanggap ang idyomang Tsinong “sumulpot na parang labóng pagkatapos ng ulan”? Gaya ng kabute, malapit din ang labóng sa búhay at karanasan ng mga Filipino.

Kasiya-siyang ehersisyo

Bago tapusin ang artikulong ito, minsan pang sasabihin na ang nobelang Nanyang Piaoliuji ni Bai Ren ang pinakamahabang akdang Chinong sinikap kong isalin. Ang pinag-ukulan ng pinakamaraming panahon. At sa proseso ng pagsasalin sa nobela, tiyak na naisapraktika ang mga naging karanasan sa hiwa-hiwalay na pagsasalin ng mga tula, sanaysay, maikling kuwento, awit, mga dokumento at kung ano-ano pa.

Gayundin, ang mga nakalap na bago at mas marami pang karanasan at mga teknik na natutunan at nabuo sa pagsasalin sa nobela ay naging instrumento sa mga sumunod pang pagsasalin, pati na sa pagsasalin ng mga akdang Filipino patungong Chino.

Karapat-dapat ding banggitin na ang pagsasalin sa nobela, na inumpisahan ko bílang trabaho, bílang hámong dapat harapin, ay nauwi at natapos sa pagiging isang kalugod-lugod na ehersisyo, isang hitik sa bungang proseso ng pag-aaral at pagkatuto. Isang kasiya-siyang paglalagalag sa pagitan ng dalawang wika.

MIGRASYON AT PAGSASALIN: PAGSASA-INGLES NG APAT NA TULANG MIGRANTE SA FILIPINO

ROMULO P. BAQUIRAN JR.

Layunin kong masipat ang pamamaraang ginagamit ng mga tagasalin para mabuong-muli ang karanasang migrante sa mga piling tulang Filipino. Gumagamit ng natatanging wika ang tula, at nagbubukás ng natatangi ring hámon sa tagasalin na kailangang makagawa ng katumbas na tula mula sa mulaang wika (MT) patungo sa tunguhang wika (TW). Sa praktika, lumalahok ang tagasalin sa dalawang karanasan sa migrasyon—ang pagbása sa aktuwal na migranteng tula at ang paraan ng pagtatawid ng paksang ito patungo sa panibagong wika. Isinasakatawan ng gawain ng pagsasalin ang mismong makabagbag-damdaming danas ng pakikipagsapalaran ng migranteng Filipino.

Pumasok sa daigdig ng Indio ang karanasan ng sapilitang migrasyon at kaugnay na dalumat ng destiyero nang marahas na ipatupad ng rehimeng Español ang paglilingkod–pagiging alipin–ng maraming katutubo bílang sundalo o polista. Sa ilalim nitóng proyektong imperyal, nawalay ang maraming Indio sa kanilang mag-anak at komunidad. Doon na nagsimula ang pagkalikha ng bagong danas ng pangungulila para sa kaniya. Matatawag itong isang uri ng

“pang-uulila” o ang sapilitang pagbubukod sa mga indibidwal palayô sa mga mahal sa búhay, at lalo na mula sa sumisibol na dalumat ng tinubuang lupa. Sa panahon ng pagkabuo ng ng dalumat ng bansa, tatawagin itong Inang Bayan at tunay na mauunawan ang hirap at sakit ng lubos na “pangungulila.” Kalapit nitó ang dalumat ng mga Griego na tinatawag na nostalgia, ang matindi at malalim na pagkadamá ng kalungkutang málayô sa minamahal na tahanan. Mawawari ang pangungulila ng mga Indio na pawang naging tripulante sa mga barkong Español at nadestiyero sa Mexico at iba pang teritoryo o kinaugnay na teritoryo ng imperyo. Pagkaraan, sa ilalim ng isang bagong kapangyarihang kolonyal, mawawari din ang pangungulila ng mga nadestiyerong Filipino tulad nina Apolinario Mabini, Artemio Ricarte, at Tandang Sora sa Guam sa panahon ng mga Americano. Sa susunod na mga dekada, magpapatuloy ang migranteng danas sa Hawaii at mainland na Estados Unidos na bukod sa aktuwal at mga historikong mamamayan ay kakatawanin din ng mga tauhan sa mga akda nina Carlos Bulosan, Bienvenido Santos, Jose Y. Dalisay, at iba pang manunulat.

Sa kontemporaneong panahon, nakakatulad na karanasan ng pangungulila ng migrante ang mga danas ng overseas contract workers o OCWs sa loob ng isang diasporang nagsimula noong dekada setenta. Mula sa libong bílang, naging daang libo ito, at pagkaraa’y umabot at lumagpas sa milyon. Maaaring karaniwan na ang mga kuwento, parepareho na, pamilyar at gasgas para sa marami ngunit namumukod sa katotohanan ang salaysay ng bawat isa. Kung ipinataw ng dahas ang naunang kondisyon sa mga sundalo at polista, itong sa mga bagong bida ay naitutulak ng pagtataguyod ng kabuhayan ng pamilya at ninananais pa nga ang pagkakataong makapangibang-bansa kahit maraming hirap at pagsasamantala ang malamang na danasin.

Dahil nalimbag sa wikang Filipino, inaasahang para sa Filipinong mambabasá lámang ang marami sa literaturang migrante. Ngunit nagiging opsiyon na rin sa matagal-tagal nang panahon na mailimbag ito sa bersiyong naisalin sa wikang dayuhan. Maaaring hindi tungkol sa migrante ang paksa ngunit naging popular sa ibayong-dagat na publiko ang mga akdang tulad ng Sa Kuko ng Liwanag na naisalin sa Nihongo at Russian. Ilang antolohiyang ASEAN

ang nagtampok na sa literaturang Filipino, naisalin sa Ingles tulad ng sa epiko, metriko romanse, dula, at tula, na pawang nalimbag noong mga húling dekada ng siglo 20. May ilang indibidwal na awtor din ang naglathala ng mga bilingguwal na edisyon ng kanilang mga akda tulad nina Virgilio S. Almario, Joi Barrios, at Nicolas Pichay. Lumilikha ang mga akda ng mga bagong mambabasa na sa simula ay nakabase sa akademya, may tendensiyang kosmopolitano, at nakahandang kilalanin ang mga bagong idea at karanasan mula sa ibang rehiyon at ibang uri ng pag-iisip. Binabása rin ng mga Filipino ang literatura mula sa kanilang mga kalapit-bansang ASEAN sa bersiyong Ingles at unti-unting namumulat sa pagkakataóng mapahalagahan ang mga akdang nása orihinal na Ingles.

Malawak kung gayon itong merkado ng bagong literatura at malaki ang papel ng pagsasalin upang higit pa itong mapalaganap. Bílang pagtutuon at paglalata ng delimitasyon, ang mga akdang Filipinong nása anyong tula lámang na naisa-Ingles ang mabibigyang-pansin dito sa papel. Magpopokus sa apat na kontemporaneong makatang Filipinong sina Virgilio S. Almario alyas Rio Alma (1944–), Ariel Dim. Borlongan (1960–), Louie Jon Sanchez (1980–), at Phillip Yerro Kimpo (1985–). Nasaksihan niláng lahat ang penomeno ng diasporang Filipino, ang pagkadestiyero ng mga kasambahay, manggagawa, at magdaragat na Filipino, at sa pagkakataóng ito, inakda sa kanilang mga tula na siya namang sisipatin dito sa papel.

Tagapagsalin bilang magdaragat

Tinatanggap na isang malinaw na dalumat sa larangan ng pagsasalin na maipapahayag ng isang wika ang mga naipahayag sa ibang wika. May matatagpuang katumbas na pamamaraan upang mailipat ang mga kahulugan mula sa isang wika patungo sa iba pang wika, matatawag na principles of correspondence, sang-ayon sa teoretisyan sa pagsasaling si Eugene Nida. Ito ang buod ng wika-sa-wikang pagsasalin. Mahirap na gawain ito at kailangang may propesyonal na pagsasanay ang magtatangkang magsagawa. Manyari ay kailangang itawid ng tagasalin ang kaniyang kargo sa malawak at mapanganib na tubigan sa pagitan ng dalawang wika.

Sa pagsasagawa ng pagtawid, marami ang pagbabagong inaasahang mangyayari sa kargo o sa ST. Ito ang proseso ng pagsasalin. Nagiging palagiang usapin ito at malaki ang papel na ginagampanan dito ng tagasalin. Maituturing na tagumpay ang pagsasalin kapag naipahayag ng bersiyon ang mga konsepto mula sa orihinal na teksto. Inilalabas ng tagasalin ang taglay na bulto ng kargo at isa-isang binubuo muli upang mailantad ang TT sa panibagong pinagdaungang pook-wika. Ang wika ang instrumento upang magawa itong proseso hábang ang tagasalin naman ang instrumento ng wika upang maisakatuparan ang pagsasalin.⁶ Kung kayâ napakahalaga ng husay ng tagasalin (translation competence) upang magtagumpay ang isang proyekto ng pagsasaling pampanitikan. Nása kamay ng tagasalin ang tuon ng buong makinarya ng pagsisikap na makapagsalin; tunay ngang nakakatagpo ng katawan ang proyektong pagsasalin sa isang mahusay na tagasalin.

Nagmumula ang materyales ng literaturang migrante sa karanasan ng maraming mamamayang Filipinong dumanas at dumaranas nitó. Palagian nating nababasa ito sa diyaryo at iba pang lathalain. Mababása natin ito sa mga website at istatus sa social networking media ng mga aktuwal na OCW. Naririnig natin ito sa mga kamag-anak na nangibang bansa at mga abrodistang kapitbahay kundi mismo sa ating mga mahal sa búhay at sariling karanasan. Sa papel na ito, hindi itong mga pangunahing batis ng danas migrante ang pagtutuunan kundi ang pagsasapanitikan at pagsasalin ng ilang danas alinsunod sa akda ng mga pinilìng makata. Kung gayon, itatawid pa nang isang beses ang paksa sang-ayon sa pag-akda ng tagasalin mula sa MT patungong TT sa proseso ng pagsasalin. Ginawa na ito ng mga tagasalin at siya nating susundan dito sa papel. Nása pusod nitóng proseso ang husay ng tagasalin (translator competence) na siyang gumagaod, sa isang pagtuturing, upang mabuo ang migrasyon ng tekstong pampanitikan mula sa orihinal na wika tungo sa panibagong wika. Matutunghayan ang tagumpay ng migrasyon sa tekstong TT o bersiyong Ingles ng orihinal na tulang Filipino o MT.

Bílang bahagi ng higit na malawak na winawaring mambabasá (imagined readers), sinisipat at inuunawa sa umpisa ng mambabasá ang tekstong salin bílang lokal na mambabasá. Ibig sabihin binabása

niya ang salin nang hindi hinuhusgahan bílang tekstong salin. Binabása niya ang salin bílang teksto ng tulang Ingles at hindi inaalala ang orihinal. Nasisiyahan ang mambabasá sa madulas na pagkakasalin at hindi pinagkakaabalahan ang pagkakasalin nitó. Ibang usapin naman kapag naging malay ang mambabasá sa proseso ng pagsasalin at tinutunghayan ang binabása bilang isang tekstong binuo-muli mula sa isang tekstong orihinal. Sa ganitong kondisyon, ituturing niya ang tagasalin bilang isang aktuwal at umiiral na kamalayan sa kabilâ ng binabásang teksto o salin. Kinikilála niya ang tagasalin bílang isang propesyonal na nagsasagawa ng kaniyang propesyon. Lalabas muna ang hindi mapanghusgang mambabasá. Hahanapin ng mapanuring mambabasá ang pinagmulan ng kaniyang kasiyahan sa pagbasa. Hahanapin niya ang paliwanag sa kasiyahang dulot sa pagbása ng mukhang likás na madulas na orihinal. Ito ang sisikapang maihayag dito sa papel, ang pagbibida sa pagkaliteratura ng teksto at halaga ng pagsasalin sa pagsasaliteraturang ito.

Mula sa Mulaang Text Patungo sa Tunguhang Text

May dalawang uri ng tagasaling matutukoy dito sa papel--ang mga malayang tagasalin at ang mga nagsasalin-ng-sariling akda. Itinuturing ng unang uri ang mga sarili bilang propesyonal na tagasalin samantalang ang pangalawa ay tulak ng sitwasyon ng manunulat na namumuhay sa isang multilingguwal na lipunan na kailangang gampanan ang papel hindi lámang bílang tagaakda kundi tagasalin din ng mga teksto, kasáma na ang sariling likha. Sa madalíng sabi, kailangan ng manunulat sa Filipino na isa-Ingles ang sariling akda kapag hiningi ng pagkakataón.

Sa mga kabataang manunulat, dalawa sa pinakamahuhusay sina Louie Jon Sanchez at Phillip Yerro Kimpo. Kapuwa silá magalíng na mga bilingguwal, sa Filipino at Ingles. Nang hingian silá ng piyesa, wala pang saling Ingles ang mga ito--ang “Postkard Mulang Saudi” at “Walang Daglat Ang Dagat.” Nagboluntaryo siláng isa-Ingles ang sariling mga akda. Sila ang mga tagasaling nagsasalin-ng-sariling akda.

Ang “Poskard Mula sa Saudi”

Unang susuriing akda dito ang tula ni Louie Jon Sanchez na “Postkard Mula sa Saudi” na hinggil sa matinding kalungkutang nâdamâ ng Muslim na ina nang mabasa ang mensahe ng anak na babae sa isang postkard. Matipid sa pagsisiwalat ng impormasyon ang tula, at malalaman lámang ang buod ng kuwento mula sa ilang detalyeng isinisiwalat ng isang tagapagsalaysay na limitado ang punto-de-bista. Nakakabatâng kapatid siya ng nakatatandang kapatid na pinangalanang Ate at mahihinuhang pawang mga anak silá ng nagluluksang magulang.

Hindi naibubunyag ang kabuuan ng mensahe ni Ate bagama’t naipapahiwatig na hindi ito kanais-nais batay sa epekto nitó kay Mamang na nababatid nating nâsa kondisyon ng pagkatigalgal sanhi ng kaniyang mga hikbi at luha. Hindi mapatahan ang pagluluksa ni Mamang maging ng magsisimulang panrelihiyong ritwal, at walang magawa para sa kaniya maging ang teksto ng banal na aklat. Sa piguratibong paraan, magbabagong anyo ang sulat-kamay na nâsa postkard tungo sa pagiging bulaklak, isang ironiya sapagkat simbolo ito ng malungkot na pangyayari sa ibayong dagat. Hindi magbubukás ang mga pinto ng masjid para sa panalangin, kung kayâ mananatiling madilim ang lugar, isang talinghaga para sa panloob na kalagayan ng ina.

Walang problema sa rendisyon ng tula sa Ingles na makikita sa TT at nailipat naman ng awtor-tagasalin ang dramatikong sitwasyon sa bagong wika at sa mabisàng paraan. May ilang kakulangan lámang na matutukoy sa mga pantunog at semantikong elemento sa salin. Halimbawa, may litaw na pagkakaiba sa mga sugnay na

nakakapanatag sana
could console

at

walang lamang mosque
empty mosque.

Mas mayaman ang testura ng wikang Filipino at pinaaalingangaw ng tunog ang pakahulugan. Sa katotohanan, tumpak ang rendisyon ng MT sa Ingles na sahol sa pandamdaming bahaging makikita sa mismong tunog ng orihinal na wika.

Ang “Walang Daglat ang Dagat”

May salaysay sa likod ng tula ni Phillip Yerro Kimpo na maituturing na melodramatiko. Nagpunta ng Norte America ang kaniyang ina noong sanggol pa lámang si Kimpo upang magtrabaho doon at sumailalim sa paggamot ng karamdamang kanser at iniwan ang anak sa piling ng amáng abogadong si Kimpo Sr. Lumipas na ang dalawang dekada bago nakipagtalastasan sa ina ang anak, at labis siyang apektado ng pakikipagkita kung kayâ naging paksa ng kaniyang tula ang karanasan, “Walang Daglat Ang Dagat,” na isinaingles niya bílang “The Sea Holds No Brevity.”

Pinagtuunan ng pagdidili ng makata ang retrato niláng mag-ina hábang kandong siya ng magulang sa pader at nása pasyalan sa Look Maynila. Isang di-malimot na larawan at nakakabagbag-damdamin para sa manunulat itong imahen.

*The sea holds no brevity, and you
Are fortunate to know this, for I*

*Am late to the news. As always.
I was last to savor the mildewed*

*Gossip on why mother left
Our home. I was last to discover*

*The photo in the chest--mother and child
On the seawall of Manila Bay, beside*

*The freshwater before it was salted
By her emigration. Bugtong na anak,*

*Dagat na bugtong. And I was late to the news
Of her cancer....*

(Walang daglat ang dagat, at mapalad
Ka kung batid mo na ito, sapagkat

Náhulí ako sa balita. Lagi naman.
Hulí akong nakatikim sa inaamag

Na tsismis kung bakit nilisan ni ina
Ang aming tahanan. Hulí akong nakatuklas

Sa retratong ibinaul--ang musmos at ina
Sa pader ng Look Maynila, sa tabi

Ng tabáng, bago ito umalat
Sa kaniyang paglipatbayan. Bugtong na anak

Dagat na bugtong. At nahulí ako sa balitang
kanser na siya....)

Nakapuwesto ang persona ng tula sa panahong nakakatulad sa búhay ng isang kabataang lalaki, sa gúlang nina Emilio Jacinto at Jose Rizal, mga kilaláng bayani, tulad ng nalikhang alusyon sa maraming bahagi ng teksto. Sa madalíng sabi, maláy na maláy sa sarili ang kabataan, at itinuturing ang sariling nása isang kondisyong katulad ng kaniyang mga kababayang bayani. Binubuo ang tula ng 60 dalawahang linya at limang-linyang laktaw bago ang pangwakas na dalawahan muli upang magsumatotal na 127 linyang tuloy-tuloy (walang súkat at tugma). Isang natatanging pagdidili ang tula sa karanasan ng persona bílang anak na lalaking naiwan ng kaniyang ina at kabataang kailangang tanggapin ang mapait na karanasan tungo sa higit na pagkilála sa ina at pag-angat sa pagiging tigulang. Kabit-kabit na kawing ang mga linya ng tula, hindi mapaghihiwalay, masalimuot na daloy ng meditasyon hinggil sa kaniyang naging búhay na nakatagpo ng angkop na simbolo sa hanggahan ng lupa at dagat, na tinatawag ng makata bilang hanggitna. Hindi isina-Ingles ang

pangunahing termino at pinanatili bilang neolohismo nabuo mula sa “hanggahan” at “gitna,” hanggang sa pinakamahalagang bahagi ng tula.

Madulas ang bersiyong Ingles na ginawa ng mismong awtor sa kaniyang tula. Mahigpit na sinusundan ng salin ang orihinal at nakukuha naman sa kalahatan ang ibig na ipakahulugan, kung minsan sa paraang halos literal. Maraming laro sa salita ang tula na siyang pinagmumulan ng namumukod na mga pahiwatig. Nagawa ring mailipat ng awtor ang mga katangian sa tunog ng orihinal at mahahalatang pinagsikapan niyang gawin talaga ito. Nagsimula na ito sa unang linya pa lamang na “Walang daglat ang dagat,” na sa katotohanan ay isang pahayag sa paksa ng tula.

Walang daglat ang dagat

The sea holds no brevity

Nakukuha ng TT ang kahulugan ngunit naiwaglit nito ang pang-estilong elemento na natatangni sa MT—ang salitang “daglat” o abbreviation. Naroon pa naman sa parehong larang-semantiko ang brevity ngunit medyo ligwak nang kaunti. Hindi na abbreviation kundi brevity o kaiklian na lámang.

Nilutas ng tagasalin ang kasunod na hámon sa pagtutumbas hindi sa pamamagitan ng pagsasalin kundi ng pagpapanatili sa orihinal na Ingles, at paglalagay ng talababa upang maipaliwanag ang mga konseptong ipinapahayag ng mga salitang

Bugtong na anak, anak na bugtong

Ipinaliwanag ito ng talababang

Bugtong: “only,” as in the Biblical “Only begotten son,” as well as the Filipino form of the riddle.

Isang linyang napakahalaga sa disenyo ng tula ang hindi naisalin nang mabuti, ang linyang

Estuwaryong duwal-luwad

na ganito ang naging rendisyon:

Estuary where river reaches the sea.

Marami ang naiwaglit dito dahil ang pares na “duwal-lawud” ay imahensa-salamin ng isa’t isa at halos imposibleng maisalin at magagawa nga lámang sa paraang sinubok ng awtor. Isa pang katawagan itong duwal-lawud sa “hanggitna” o hanggahan, ang pangunahing imahen ng tula. Magpapatuoy itong katangian ng hindi maisaling pangunahing bahagi ng MT:

Ang agham ng gahum! Balighong bahag-
Hari. Maaari ngang mababaw ang tubig

na isinalin bilang

*The science of power! The skewed rainbow.
Yes the waters might be shallow*

Ang mga natatanging laro sa salita, aliterasyon, mga anagram, at pagpuputol ng linya ay hindi binigyang-pansin ng tagasalin sapagkat napakahirap kundi man imposibleng tumbasan sa Ingles. Pinakamabuti nang gawin ang bigyan ito ng prosaikong bersiyon tulad ng ginawa niya. Hindi naman kamalian ang mga ito kundi pumupusyaw lamang ang dáting makulay at matulaing mga salita ng MT. Sa hulíng bahagi ng TT, para bang sumuko na ang tagasalin sa kawalang kakayahang matumbasan ang orihinal na pangunahing salita ng tula kung kayâ ginawang threshold na lámang ang hanggitna.

“Seaman” ni Rio Alma

Kilaláng makata si Rio Alma, ang nom-de-plume ni Virgilio S. Almario. Manunulat siyang prolipiko at nakapagsulat na ng halos lahat ng paksang maiisip para sa tulang Filipino. Isa ang overseas contract workers sa kaniyang mga paksa sa pagtula, kabilang na ang mga non-

land based na sektor na malaking bahagi ay binubuo ng mga seaman. Maikli lámang ang tulang “Seaman” na binubuo ng tatlong saknong. Punto-de-bista nitó ang isang beteranong seaman na kinakausap ang isang bagong akyat na seaman kaugnay ng malungkot na búhay sa barko.

Bagama’t tila isang panig na kumbersasyon ito, malalámang may pakikiisang-loob ang beterano sa bagito. Dumaan na siya sa ganitong karanasan at nasaksihan kung paano naging mahinà ang marami sa pagtatrabaho sa barko sa gitna ng dagat. Maraming gustong sabihin ang datihang seaman na maibubuod sa ganito—kailangang magkaroon ng matibay na tiyaga at kakayahang tanggapin ang lahat ng hirap upang malampasan itong búhay-bapor. Nagpakahirap na at lahat upang makarating dito at hindi dapat sumuko sa simpleng lungkot lámang, sa malupit na dagat, o sa mga panganib na likha ng tao tulad ng terorismo at digmaan.

Matulain ang wika ni Rio Alma gayong parang prosa sa unang basa; timplado ang wikang literaryo. Matagal nang nagsasalin ang kaniyang tagasalin—si Marne Kilates—ng mga tula pa-Ingles ng mga nagsusulat sa Fiipino at maging ng prosa at iba pang anyo. Maituturing na mataas ang kahusayan ni Kilates sa larang ng pagsasa-Ingles ng mga tekstong nása Filipino.

Titingnan sa bahaging ito ang paraan ng pagkakasalin ni Kilates sa isang tula ni Rio Alma, ang “Seaman.” Tulad ng ginawa sa naunang dalawang tula, bibigyan ng pagtutuon ang mga bahaging makabuluhan upang masuri ang prosesong ginagamit ng tagasalin, partikular ang mga pagdaragdag, pagbabawas, at pagbabago na makikita sa TT.

*Quietly it rises, splendid, faded,
But you’ll glimpse in its face rice paddies
And a boy with a stem of amorseko at his lips,
Or you might trace a nipa hut
Weighed by the vines of dampalit,
On its knees in fetid, indolent silt.
(Sumusungaw itong maaliwalas at pagas
Ngunit maaaninawan mo ng pilapil*

At isang batàng may amoreseko sa bibig
O kayâ'y maguguhitan mo ng kubo,
Dinudukwang ng dampalit,
Nakalugmok sa lansa ng tamad na burak.)

Maayos ang rendisyon ng unang linya at naroon ang tatlong pangunahing nilálamang nabigyan naman ng tamang katumbas—ang pagsungaw ng buwan at dalawa nitóng katangian, “maaliwalas” splendid at “pagas” faded. Sa ibang pagkakataón ay maaaring tumukoy ang maaliwalas sa pagiging maluwa at maayos ng isang espasyo ngunit dito sa tula ay tamang-tama ang dating ng splendid para sa bersiyong Ingles. Sa unang tingin, tamang-tama muli ang salin sa ikalawang linya, ngunit kung sisipatin pa, hindi rice paddies ang pilapil kundi ang nakaangat na pagitan ng mga ito. Pagpapakita ito ng kabuuan kaysa bahagi lámang, isang binaligtad na metonimiya. Wala namang mabigat na sála dito; maliit na bagay at hindi nalalayô sa kabuuang larawan. Sa ikatlong linya, ang neutral na kasarian ng “batà” (child) ay ginawang boy (batàng lalaki), isang opsiyong pinili ng tagasalin o maaaring munting pagkaligta lámang. Isang pagkatapilok kung gayon? Sa ikatlong linya pa rin, kung bubuuin sa isip ang imahen batay sa paglalarawan ng MT, hindi sinasabing binubuo ang amoreseko ng buto lámang o ng buto at tangkay, ngunit pinili ng tagasalin ang ikalawang opsiyon. Isa itong lohikong opsiyon ngunit nanlilimita rin sa malilikhang pakahulugan dahil binubura ang posibilidad na walang tangkay ang amoreseko at binubuo lámang ng mga buto, at nása loob mismo ng bibig ng batà, na maaaring hindi naman ngunit kapag naisáma sa larang ng pakahulugan ay lilikha ng dramatiko kahit surreal na imahen ng kabataang ginigipit ng pasakit. Matinik ang bunga ng amoreseko, isipin na lámang na gasgasin nitó ang bibig at lalo na kapag nakasubò pa ito. Ang ikalimang linya, dinudukwang ng dampalit, ay may aktibong antropomorpikong kalidad na binago, o ibinalik lámang sa aksiyong panghalaman *Weighed by the vines of dampalit*, at kinailangan namang tukuyin ang uri nitó upang magabayan ang mambabasá sa Ingles. Nakukuha kahit paano ng TT ang ikaanim na linya ang lugáming lagay ng dampa “Nakalugmok” ng *On its knees* at sa kabuuan, maayos na natutumbasan ang pakahulugan at tunog ng orihinal. Ang pangalawa sa huling linya ng saknong ay magtatapos sa “kung di ka mabuwang” na isina-Ingles na *who won't go crazy*. Hindi natumbasan nang maayos ang

orihinal kayâ nasayang dito ang isang elementong retoriko, semantiko, tipograpiko, semiyotiko, at imahenista; higit na lilitaw ito sapagkat hindi natapatan ang koneksiyong “buwan-buwang” na malinaw na maiuugnay ng orihinal na mambabasá ng MT.

“From Saudi With Love” ni Ariel Dim. Borlongan

Kung may ikonikong tulang migrante sa Filipino, wala nang dili iba ito kundi ang “From Saudi With Love” ni Ariel Dim. Borlongan. Hinahámon nito ang husay ng sinumang tagasalin sa aspekto ng bersipikasyon, tugma at súkat, kahulugang pangkultura, at tsansiyong pantula.

Tingnan natin ang paraan ni Meredith Ramirez Talusan sa pagsasa-Ingles nitong tula. Nag-aral ng panitikan itong tagasalin sa Harvard at kasalukuyang nagtatapos ng PhD sa Cornell University sa larang din ng Humanidades. Tila nakatagpo siya ng akmang pagtatapat ng dalawang popular na bersipikasyon sa Tagalog at Ingles, ang mga anyong batay sa “awit” at ang iambic pentameter.

*Good day my love, my dear, my other half
I hope our children get good grades and laugh.
My Junior’s still the king of basketball?
And Anna? She must be the queen of all,
The one admired at Flower Festival.
And how is Sir Serapio, poor old pal?*

(Kumusta na minamahal kong kabiyak,
Okey ba ang grades ng ating mga anak?
Ang aking Junior, nagba-basketball pa ba?
Si Anna, tiyak na siya ang Reyna Elena
At hinangaan noong Flores de Mayo,
Kumusta na si Kumpareng Serapio?)

Bagama’t isiningit ni Talusan sa maraming pagkakataón ang tuwirang pagdaragdag upang magawa ang regularidad ng berso, gayundin ang mga pagbabago para sa tugma, walang pagmamalabis na nangyayari. Sapat na sana ang Good day, my love, my other half bilang

katumbas ng orihinal ngunit hindi pa ito masasabing sakop ng iambic pentameter kaya kailangang maisingit ang *my dear*. Tama lang ang *I hope our children get good grades* ngunit hindi kasintama ng *idinagdag na and laugh*. Sa dalawang pagkakataóng ito, walang nangyayaring kalabisan at mukhang mainam na solusyon ang mga ito, at gayon na nga. Sa linya 3–4, haming sa mga pagbabago sa mga linya 1–2, medyo lumalayô ang mga pagbabago sa orihinal ngunit hindi naman malayòng-malayò para maligaw ang kahulugan. Isinalin ang “Nagba-basketball pa ba?” na still the king of basketball? samantalang tinumbasan ang “Reyna Elena” bilang queen of all. Sa orihinal, naglalaro lamang ng basketbol ang anak na lalaki ngunit sa TT, naging hari na ito ng larong pangkomunidad. Tunay na reyna ng lahat ang Reyna Elena kapag Flores de Mayo na isinalin namang Flower Festival. Sa mga pagkakataóng ito, ginagamit ng tagasalin ang kenning o ang piguratibong ekspresyong humahalili sa mga katawagan o pangngalan. Dalawang tendensiya ang ginagamit ng tagasalin--nagiging espesipiko siya sa laro at heneriko pagdatíng sa reyna ng kagandahan at sa piyesta sa buwan ng Mayo.

Pinakamalaking hámon ang isalin ang idyomatikong gamit ng wika dahil karaniwang nakaugat ito sa karanasan at kasaysayan ng mga tao sa loob ng isang kultura. Maaaring walang katumbas ang TT sa makulay at nakakatuwang bersiyon ng orihinal. Tingnan na lámang ang kaso ng “tinotoyo” o ng “pagtuwad” na nása dakong hulíng mga taludtod ng tula. Isinalin ito ni Talusan bilang *go off the rails at couldn’t wake*. Sapat na ito sa katotohanan, ngunit nawawala ang siste at katatawanan ng orihinal. Marahil kapag wala ang pagtatakda at presyon ng pagpapanatili ng tugma at súkat, maaaring matumbasan ng tagasalin ng higit na píno at higit na malapit na katapat ang mga idyomatikong ekspresyon. Sa ngayon, sapat na muna itong bersiyon para sa pagpapakilala sa yaman ng kontemporaneong panulaang Filipino.

Kongklusyon

Bahagi ang migrasyon at pagkadestiyero sa búhay ng maraming Filipino, sa antas na historiko at personal. Nagiging materyal at paksa ito ng mga akda ng manunulat at makata. Nagiging mahalagang

aspekto ang pagsasa-Ingles nitóng mga tekstong panitikan na isinasagawa ng mga tagasaling malaya at nagsasalin-ng-sariling akda. Maraming panganib, sakripisyo, gayundin ang ganansiya at kasiyahan sa pagsasagawa ng salin. Mahalagang sipatin ang ginagawang pamamaraan ng mga tagasalin sa pagtatawid ng teksto mula Filipino patungong Ingles. Mababatid na hindi maibubukod ang MT at TT sa dinamikang panlipunan na hindi naman maihihiwalay sa larang at sining ng pagsasalin.

SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio S. *Dust Devils*. Bilingual ed. Edited and translated by Marne L. Kilates. Quezon City: Adarna House, 2005.
- . *Selected Poems, 1968–1985*. Bilingual ed. Edited and translated by Alfredo Navarro Salanga, Marne L. Kilates, and Mike L. Bigornia. Quezon City: Maya Books, 1987.
- Baquiran, Romulo P. Jr. et al, eds. *ASEANO: An Anthology of Poems from Southeast Asia*. Manila: ASEAN Committee on Culture & Information, 1995.
- Barrios, Joi. *Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma (To Be Woman is to Live at a Time of War)*. Manila: Babaylan Women’s Publication Collective, 1990.
- . *Minatamis at Iba Pang Tula ng Pag-ibig*. Pasig City: Anvil Publishing, 1998.
- Jovita V. Castro et al. *Antolohiya ng Panitikang ASEAN: Philippine metrical romances*. Manila: ASEAN Committee on Culture and Information, 1985.
- Jeremy Munday. *The Routledge Companion to Translation Studies*. London: Routledge, 2009.
- Eugene A. Nida. *Toward a science of translating*. Leiden: E.J. Brill, 1964.
- Nicolas Pichay. *Ang Lunes na Mahirap Bunuin*. Quezon City: Publikasyong SIPAT, 1993.
- Nicanor G. Tiongson and Doreen G. Fernandez, editors. *Modern ASEAN plays: Philippines*. Manila: ASEAN Committee on Culture and Information, 1992–1994.
- Pramoedya Ananta Toer. *This earth of mankind*, Max Lane, translator. New York: Avon Books, 1991.

ANG PAGSASALIN BÍLANG MULING-PAGTATANIM

VIRGILIO S. ALMARIO

“Our translators have a far greater reverence for the usage of their own language than for the spirit of the foreign works... The basic error of the translator is that he preserves the state in which his own language happens to be instead of allowing language to be powerfully affected by the foreign tongue.”

— Rudolf Panwittz

May isang maliwanag na limitasyon ang sining at agham ng pagsasalin. Kung walang dalawang tao na siyento porsiyentong magkamukha, imposibleng maganap ang siyento porsiyentong pagsasalin sa alinmang dalawang wika sa mundo. Ang paglikha ng duplikadong wala kahit isang guhit o balahibong naiiba sa orihinal ay kawangis ng pangarap sa tinatawag ni Mallarme na “la supreme”—ang pinakatugatog at nag-iisang wika ng katotohanan. Hindi ito pagmaliit sa lunggati ng agham sa **cloning** ngunit sadyang hindi gayon ang mithi at sigasig ng pagsasalin.

Ano nga ba ang motibo sa pagsasalin?

Pinakamababà, ayon sa pahiwatig ni Walter Benjamin, ang pagsasalin ukol sa mga mambabasá. Para kanino? Para sa isang madla na hindi nakaiintindi sa wika ng orihinal? Sa unang malas, waring ito ang pinakamagandang dahilan “upang ulitin ang sinabi o sinulat na.” Ngunit ito rin ang sangkalan ng maraming komersiyante at tersera klaseng tagasalin sa mga halaw at hango nilá ng mga orihinal na klasika

túngo sa mga “gamit pampaaralan” at upang “madalîng maunawaan” at “magaan basáhin.”

Kaugnay nitó ang pagtitiwala sa pagsasalin bílang isang kasangkapan sa komunikasyon. Kailangan ang kadalubhasaan sa wika ng orihinal at sa wikang pagsasalinan upang matapat na maipahayag ang nása una túngo sa ikalawa. Sa ngalan ng katapatan o pagiging matapat, may mga aklat nang naisulat sa mga paraan ng pagsusuri sa salimuot at konteksto ng salita, gaya ng pag-aaral sa kaugnayan ng isang salita sa loob ng pangungusap, ng salita sa loob ng akda, ng salita sa pinagmulan nitóng wika, ng salita sa panahon at kaligiran nitóng pangkultura at pangkasaysayan, at ng iba pang sitwasyong súkat makaapekto sa ibig nitóng sabihin. Na kung tutuusin ay dapat ding tumbasan ng gayunding pag-aaral sa itatapat o ipansasáling salita. Sa ngalan ng komunikasyon, lalo na ng matapat at mabisàng komunikasyon, ay isinasaloob natin ang mga tuntuning ito bagaman lagi nating inaamin ang imposibleng tumbasan kahit ng dalawang magkamag-anak na wika.

Isang mukha lámang ng pagsasalin ukol sa mga mambabasá ang pagsasalin sa ngalan ng komunikasyon. Kailangan ang matapat at mabisàng pagsasalin upang maintindihan ng isang target na madla. Trabaho ito at propesyon ng mga interpreter, ng mga tagasalin sa diyaryo at estasyon ng radyo’t telebisyon, at kahit ng mga bagong apostol ng isang pinalalaganap na ideolohiya o produkto. Kailangan nilá ang mga binanggit kong pamantayan ng katapatan sa orihinal upang mahusay na magampanan ang kanilang trabaho. Upang maintindihan silá ng bisitang banyaga, ng mga lumalahok sa isang pandaigdigang kumperensiya, ng mga nakikinig ng balita mula sa ibang bansa, ng mga bagitong ahente at mga kostumer, at iba pang uri ng nagbabayad o pagkakakitahang target na madla.

Ang makitid na layuning ito ng pagsasalin ay mahigpit na kabuhol ng paglikha bílang komunikasyon. Kinakatas ang lahat ng proseso ng paglikha o pagsulat sa butil na nilalamán—sa impormasyong nais ihatid ng manlilikha o manunulat sa inaasahang madla sa pamamagitan ng isang estatwa o tula. Inaalisan nitó ang akda ng maaaring tawaging “di kailangan”—ang mga borloloy pang-uri, ang pagbabakasakali,

ang pagsasangang-diwa, ang himig ng parikala, ang siste, at iba pang maaaring gumulo sa establisadong kodigo ng komunikasyon. Mithi ng paglikha bílang komunikasyon ang matipid at episyenteng akda na tulad ng telegrama ay hindi nagdudulot ng ikalawang interpretasyon at walang puwang para sa paghahaka.

Pinapatay nitó ang mga tayutay at nilulumpo ang haraya. Tulad ng pangyayaring nais ng mga komunikanistang ipabahala sa kompiyuter ang pagsasalin.

Kung hindi komunikasyon, ano ba ang silbi ng pagsasalin? Ano ang higit na matayog na mithi ang nakalaan sa pagsasalin kaysa paglilingkod para sa isang inaakalang madla?

May kaugnayan ang sagot ko sa malayang ugnayan at palítan ng mga wika sa mundo sa loob ng isang kairalang demokratiko. Kung sakali mang may iba't ibang sinapupunang nagsílang sa mga wika ng daigdig ngayon, pinagtatagpo ito ng sari-saring pagkakataón sa iba't ibang panahon ng migrasyon, kalakalan, pananakop, digmaan, poot, at pag-ibig. Nagkakahiraman. Sa gayon yumaman at yumayaman ang bokabularyo't karanasan ng lahat ng wika. Ang nabubúhay nang lingid ay naglalahò kasabay ng hulíng miyembro ng lipi. Ang sarado'y nanghihinà, napapalitan, at nalilimutan.

Sa kalakalang pangwika, kahit ang lansakang panghihiram kapag kailangan ay nagdudulot ng transpormasyon sa nanghiram—ng pagbabagong malimit kaysa hindi'y kailangan ng sarili nitóng kalusugan. Ito rin ang pangwakas na layunin ng pagsasalin. Maaaring ginanyak lámang ang isang tagasalin ng kaniyang dalisay na paghanga sa isang banyagang nobela; ngunit sa pangwakas na pagtatáya, kapag naging matagumpay ang pagsasalin niya, nakikinabang sa salin ang sarili niyang wika at panitikan. Nabubúhay ang isinalin bílang naturalisadong akda sa lupain ng pinagsalinan.

Sa ganitong hakang layunin, ang pagsasalin ay hindi paghahanap lámang ng tumbasan at hambingan. Sa halip, ang pagsasalin ay kawangis ng muling-pagtatanim sa agrikultura. Ang isang halaman ay inililipat sa ibang taniman na maaaring may naiibang komposisyon ng

lupa at naiibang klima. Ngunit sa tulong ng mahusay at rnatiyagang pag-aalaga, napag-uugat ang halaman sa naiibang lupa upang tumubò at yumamungmong sa kabilâ ng naiibang klima. Nabubúhay ang inilipat na halaman sapagkat nagiging bahagi ng mga katutubong halaman sa kaligirang pinaglipatan at nagdudulot ng pagbabago kahit man lámang sa bílang ng mga halaman sa bago nitóng kinalalagyan.

Maraming implikasyon ito sa kasalukuyang pagtanaw sa pagsasalin sa Filipino. Unang-unang sasalungatin nitó ang adhikang “isa-Filipino” ang isang banyagang akda, na ang ibig sabihin sa “isa-Filipino” ay hindi lámang isalin sa wikang Filipino kundi gawing Filipino ang anino’t anyo ng isinasalin. Malimit na katulad lámang ng halaw at hango ang gawaing ito at nakatali sa layuning ipaunawa ang orihinal. Ipinapanukala rin ng adhikang ito ang marangal ngunit idealistang pagtingin sa Filipino bílang isang wikang transnasyonal at may katangiang tumbasan ang bokabularyong Ingles, French, German, o Español.

Kayâ nakatak dang mapatda kungdi man mabigo ang kasalukuyang “pagsasa-Filipino” sa mga akda ni Shakespeare, Cervantes, o Goethe. Noon ngang isinasalin ni Rizal ang Wilhelm Tell ni Schiller ay naihimutok niya kay Paciano ang limitasyon ng Tagalog kahit sa katumbas lámang ng libertad. Ayaw niyang gamitin ang “matimawa” o “mahadlika” gaya ng gamit nitó sa pasyon sapagkat naniniwala siyang may ibang kahulugan ang libertad sang-ayon sa pormulasyon ni Rousseau at iba pang ideologo ng liberalismo sa Europa. Mabuti’t naalaala niya ang ginagamit na “layà” o “malaya” ni Marcelo H. Del Pilar sa pagsasalin ng sanaysay niyang “Amor Patrio.” Ginamit niya ang naturang salin ni Plaridel para sa Wilhelm Tell at naging isang karaniwang salita ito ngayon sa Filipino. Ngunit hanggang ngayon, wala pa akong nakikítang dokumentong magpapatunay na isang katutubong salita ang “layà” at hindi inimbento sa panahon ni Plaridel upang tumbasan ang libertad.

Ang problema, hindi laging may imbentor ng neolohismo para sa bawat dumating na banyagang dalumat. At bawat likhang salita ay nangangailangan ng panahon bago maisaloob at pumaloob sa wika ng madla. Kahit sa tulong ngayon ng mass media, napakaraming

ipinanganganak na salita na hindi tumatagal nang santaon. Wala ring ngipin ang kasalukuyang Komisyon sa Wikang Filipino upang magpalaganap ng listahan ng mga bagong likhang salita sa panapanahon.

Ipinapanukala ng pagsasalin bílang muling-pagtatanim ang higit na demokratiko't marangal na pagsasagawa ng panghihiram sa anyo at salita. Hinihiram ang isang akda (bílang isang kabuuan ng anyo nitó't salita) ngunit upang itudling sa píling ng lahat ng kahingian at katangian ng lupain at wikang Filipino. Kung isang akdang French ito, hindi mawawala ang orihinal na anyo nitó, hindi pipiliting palitan ang kahulugan ng mga salita upang umangkop lámang sa pang-unawa ng mambabasá sa Filipino, lalong hindi ihanap ng kawangis na tagpuan at panahunan sa kasaysayan ng Filipinas (tulad ng mga pagsisikap sa hango at halaw), subalit kailangang mabúhay ito sa loob ng wika't panitikang Filipino at pakinabangan ng muling-pinagtaniman.

Ang pakikinabang ng mambabasá sa wikang pinagsalinan (o lupaing muling-pinagtaniman) ang tagumpay ng pagsasalin, bukod sa ito ang magbibigay ng tinatawag na “bagong búhay” sa orihinal na akda. Ang ibig sabihin, mabubúhay ang akda sa ibang wika kahit hindi alám ng mga mambabasá ang wikang orihinal nitó. Wika nga ni Walter Benjamin:

A real translation is transparent; it does not cover the original, does not block it's light, but allows the pure language, as though reinforced by its own medium, to shine upon the original all the more fully.

Higit pa marahil sa panukala ni Benjamin, ang pagsasalin bílang muling-pagtatanim ay tumatanaw sa pagsasalin nang may paggálang sa konstitusyon ng orihinal. Bílang isang naturalisadong akda, nananatili ang katutubo nitóng dugong banyaga at ipinalalagay na magiging ambag sa katutubong dugo ng pinagsalinan. Kaiba ito sa “pagsasa-Filipino” na sumisikil sa kaakuhan ng orihinal bago ito ibílang sa lawas ng katutubo. At lalo nang may matayog na adhika kaysa hango at halaw na nais lagumin ang orihinal, ngayin at muling ipakilála—kung maaari—bílang isang katutubong akda. Ganito ang kapalaran ng

mga panitikang-bayan sa daigdig na totoong itinuturing na pandaigdig ngunit nawalan ng tatak ng pinagmulan at hanggang uriin lámang sang-ayon sa pandaigdigang **motif** o arketipo at pangkalahatang funsiyon ng mga folklorista't antropologo.

Hindi natin ito ibig mangyari kina Tolstoy at Tu Fu. Gaya rin naman ng pangyayaring ayaw nating maglahò sina Balagtas at Rizal sa sáling Ruso o Tsino. Sa pagsasalin bílang muling-pagtatanim, isang haka't panukalang mithi ang pagpapabása sa Anna Karenina bílang akdang Ruso ni Tolstoy, gaya din ng pagpapabása sa Ruso ng Florante at Laura ni Balagtas bílang akdang Filipino. At hindi ito imposible.

Ferndale Homes

5 Agosto 2002